# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**March 2024**

*Ang pahayagang* ***Ang Bayan*** *ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng* ***Ang Bayan Ngayon****.*

Table of Contents

Epekto ng oil spill sa Mindoro, iniinda pa rin, isang taon paglipas....................................17

[English Translation] Mindoro oil spill impact, remains a year after....................................19

Pagmasaker ng Israel sa mga Palestinong nakapila para sa ayudang pagkain, kinundena 20

[English Translation] World condemns Israel for massacre of Palestinians queuing for food aid 22

“Palabas” na paghuhulog ng pagkain ng US sa Gaza, kinutya.............................................24

[English Translation] Humanitarian groups deride “hypocritical” US food drops in Gaza…26

Buwan ng Kababaihan, sinalubong ng mga protesta.................................................27

[English Translation] Gabriela welcomes Women’s Month with protests.......................29

Pagpondo ng Japan sa LNG at maruming enerhiya sa Pilipinas, binatikos......................30

[English Translation] Groups denounce Japan for financing LNG, dirty energy in the Philippines..............................................33

Philippine Mining Act, muling ipinanawagang ibasura...................................................35

[English Translation] Environmental groups reiterate demand for Philippine Mining Act repeal....................................................37

Unyon ng mga manggagawa sa FCF Manufacturing, nagkaisang magwewelga.......38

[English Translation] FCF Manufacturing workers, vote to strike....................................40

Walang patumanggang pambobomba at panganganyon ng 10th ID sa Bukidnon...........42

[English Translation] 10th ID indiscriminately bombs and shells Bukidnon.............................44

Bilar 5, pinarangalan ng mga grupo sa Central Visayas.......................................................46

[English Translation] Central Visayas groups pay tribute to Bilar 5......................................47

Magsasaka, at di Pulang mandirigma, ang isang pinatay ng 79th IB sa Escalante.......................48

[English Translation] 79th IB killed a farmer, not a Red fighter, at Escalante........................50

Mamahaling pasilidad pang-enerhiya, itatayo ng Metro Pacific sa Iloilo....................................52

[English Translation] Metro Pacific to build expensive energy facility in Iloilo.....................55

Mga boluntir ng Bayan Muna na papuntang Quezon, hinaras at ibinimbin ng 85th IB.........58

[English Translation] 85th IB harasses and detains Bayan Muna volunteers in Quezon......59

Mga protesta kontra ASEAN Summit at pagdating ni Marcos sa Australia, inilunsad....61

[English Translation] Migrants protest against the ASEAN Summit and Marcos' arrival in Australia........................................................63

58 katao, pinatay sa "gera kontra-droga" ng rehimeng Marcos sa 2024................................64

[English Translation] Marcos' "war on drugs" kills 58 people in 2024...................................66

"Rice inflation," sumirit tungong 23.7% noong Pebrero.......................................................67

[English Translation] Rice inflation soars to 23.7% in February...........................................69

CNA sa pagitan ng mga guro at DepEd sa NCR, napirmahan na; ratipikasyon, gumugulong.....71

[English Translation] Teachers sign CNA with DepEd in NCR, ratification ongoing.................72

Pagtatayo ng San Miguel Corporation ng "biodiversity offset site," kinutya ng mga syentista........................................................73

[English Translation] Scientists scoff at San Miguel Corporation's "biodiversity offset site" 74

Araw ng Kababaihan laban sa charter change 76

[English Translation] Women's Day against charter change................................................78

Ikatlong anibersaryo ng masaker sa Southern Tagalog, ginunita...........................................80

[English Translation] Human rights groups mark third anniversary of the Bloody Sunday massacre....................................................82

Marcos Jr, napahiya, nagkalat ng kasinungalingan sa Australia..........................83

[English Translation] Marcos Jr humiliated for telling lies in Australia....................................84

Kawalang aksyon ng rehimeng Marcos sa epekto ng El Niño, binatikos ng kababaihang magsasaka....................................................86

[English Translation] Peasant women denounce Marcos regime’s inaction amid El Niño...........88

Pagpapalaya sa Mabinay 6, muling iginiit sa ika-6 taon ng pagkakakulong...............................89

[English Translation] Groups demand anew for Mabinay 6 release, on 6th year of detention. . .91

Tangkang pangangamkam ng lupa ni Rep. Wilbert Lee, hinarang ng kababaihan ng Save Gubat Bay Movement.............................92

[English Translation] Save Gubat Bay Movement women block Rep. Wilbert Lee land grabbing attempt.........................................93

Bilanggong pulitikal sa Negros, nakalaya matapos ang higit 4 taon................................95

[English Translation] Negros political prisoner, released after 4 years....................................96

Nagpepetisyong mga manggagawa ng Dong-In sa Bataan, sinuspinde ng kumpanya................97

[English Translation] Company suspends Dong-In workers in Bataan......................................99

10th ID, walang patumanggang nanganyon sa Bukidnon..................................................101

[English Translation] 10th ID indiscriminately shells Bukidnon.............................................102

Deportasyon sa aktibista mula Netherlands, kinundena.................................................103

[English Translation] Groups condemn deportation of activist from Netherlands.......105

Kasong arson laban sa direktor at 3 pa, ibinasura..................................................107

[English Translation] Court dismisses arson case against director and 3 others.................109

Naaksidenteng manggagawa ng Profood sa Mandaue City, hindi tinulungan ng kumpanya ..............................................................110

[English Translation] Profood refused help to injured worker in Mandaue City....................112

Pito, nasugatan sa demolisyon sa Sityo Balubad ..............................................................114

[English Translation] Police injures seven in violent Pampanga demolition........................117

Serye ng sunog sa Cavite, pinaiimbestigahan ng mga mamalakaya at maralitang-lunsod.........119

[English Translation] Fisherfolk and urban poor demand investigation on series of fires in Cavite ..........................................................................120

2 tropa ng AFP sa Abra, napatay sa mga engkwentro laban sa BHB..............................121

[English Translation] 2 AFP troops in Abra, killed in clashes with NPA..............................122

Mga komunidad sa Abra, walang patumanggang binomba ng AFP..............................................122

[English Translation] AFP indiscriminately bombs Abra communities..............................124

Ahenteng paniktik ng AFP, pinalalabas na naarestong Pulang mandirigma sa Negros Occidental..................................................126

[English Translation] State forces falsely claim AFP intelligence agent arrested in Negros Occidental is a Red fighter............................128

Mga Pilipino, nagprotesta sa pagbisita ni Marcos sa Germany.......................................130

[English Translation] Filipinos protest Marcos' visit to Germany..........................................131

Mga upisyal ng US sa ekonomya at militar, dumagsa sa bansa para itulak ang Indo-Pacific Security Strategy..........................................133

[English Translation] US economic and military officials swarm the country to push the Indo-Pacific Security Strategy..............................135

Pagtanggi ng AFP-PNP na makipagtulungan sa CHR-Negros, pagtatago sa katotohanan........137

[English Translation] AFP-PNP hiding the truth by refusing to cooperate with CHR-Negros...139

Pinaghirapang sahod ng mga OFW sinisante noong 2016 sa Saudi Arabia, ibigay na!.........140

[English Translation] OFWs in Saudi Arabia demand for their hard earned wages in 2016142

Araw kontra malalaking dam, ginunita sa protesta sa DENR..........................................144

[English Translation] Indigenous and environmental groups mark day against big dams with DENR protest...............................147

Bangkay ng nawawalang Pulang mandirigma sa Batangas, natagpuan na...............................149

[English Translation] Groups find remains of missing Batangas Red fighter.......................151

Diskriminasyon sa mga transwoman sa EARIST, nilabanan..................................................152

[English Translation] LGBTQIA+ students and groups oppose transwomen discrimination in EARIST.....................................................155

Kasong ‘graft and corruption’ laban sa mga upisyal ng DOTr at LTFRB, pinamamadali.....157

[English Translation] Transport sector demands expedition of ‘graft and corruption’ case against DOTr and LTFRB officials..............................160

Mga mangingisda sa Navotas, tumutol sa pagbaklas sa kanilang mga tahungan at baklad ...............................................................162

[English Translation] Navotas fisherfolk object to the dismantling of their clam pens and crab traps........................................................164

Pagmamanman sa lider-unyon sa Technol Eight Philippines, kinundena..................................165

[English Translation] Workers condemn surveillance on Technol Eight Philippines union leader......................................................166

Hustisya sa pagkamatay ng estudyanteng si Kristel Tejada, muling ipinanawagan.............168

[English Translation] Students reiterate call for justice for Kristel Tejada...............................169

Mga manggagagawang tinanggal ng Toyota noong 2001, naggigiit ng hustisya.................171

[English Translation] Toyota workers fired in 2001 demand justice....................................172

Pamilya ng Bilar 5, tinatakot ng militar para iatras ang planong awtopsiya.......................173

[English Translation] Military threatens Bilar 5 families to withdraw autopsy plans................175

Pekeng engkwentro sa Masbate, layong itaboy ang mga magsasaka sa kanilang lupa............177

[English Translation] 2nd IB stages fake encounter in Masbate to drive farmers off their land........................................................................178

Labis na naantalang Covid-19 alawans para sa mga manggagawang pangkalusugan, nakamtan na.............................................................................180

[English Translation] Health workers win long-delayed Covid-19 allowance..........................182

Naantalang mga benepisyo ng mga dyanitor sa PUP, iginiit...................................................183

[English Translation] PUP janitors demand delayed benefits..........................................186

Panibagong serye ng tanggalan sa Nexperia, kinundena ng unyon.....................................188

[English Translation] Union condemns another series of layoffs at Nexperia..........................190

Imprastrukturang pangmilitar, itatayo ng US sa Batanes...................................................192

[English Translation] US builds military infrastructure in Batanes.............................193

Higit 100 manggagawa ng Dream Builders Pro Inc, nagwelga.............................................195

[English Translation] Over 100 Dream Builders Pro Inc workers go on strike........................196

Mapangwasak na pagmimina sa Surigao del Norte, minamadaling simulan ng Philex........198

[English Translation] Philex rushing to open destructive mining in Surigao del Norte........204

Mga manggagawa ng Robinsons Retail Holdings, Inc, wagi sa laban sa regularisasyon ..............................................................210

[English Translation] Workers of Robinsons Retail Holdings, Inc, win battle for regularization..............................................212

Mga migranteng manggagawa, nagprotesta sa Department of Migrant Workers...................213

[English Translation] Migrant workers protest before Department of Migrant Workers........215

Pambubugbog ng mga heneral sa kanilang asawa't anak, kinundena ng Makibaka..........216

[English Translation] Makibaka condemns generals who beat wives and children..........219

Batas laban sa patakarang "no permit, no exam," naigiit ng kabataang Pilipino.............221

[English Translation] Filipino youth wins law against the "no permit, no exam" policy........223

Kumpanyang Dutch, pinananagot sa pinsalang dala ng papel nito sa proyektong reklamasyon ..............................................................225

[English Translation] Protesters demand accountability of Dutch company for environmental damages................................227

Pagpasa ng RBH7 sa House of Representatives, binatikos..................................................229

[English Translation] Anti-Chacha groups denounce passage of RBH7 in the House of Representatives...........................................231

Panukalang bawiin ang prangkisa ng maka-Duterteng SMNI, ipinasa ng Kongreso..........232

[English Translation] Congress passes proposal to revoke franchise of the pro-Duterte SMNI 234

Lider-unyonista ng mga kawani sa MMDA, ginigipit....................................................235

[English Translation] MMDA harasses employees union leader...............................237

Mga nananaliksik kaugnay ng epekto ng El Niño sa Batangas, hinaras ng mga pwersa ng estado ...............................................................239

[English Translation] State forces harass El Niño researchers in Batangas.......................241

Sundalong nagnanakaw sa mga katutubo, binigyang babala ng BHB-Mindoro................243

[English Translation] NPA-Mindoro warns soldier stealing from national minority communities..............................................244

2 aktibistang pangkalikasan sa Pangasinan, dinukot....................................................246

[English Translation] Suspected state forces abduct 2 environmental activists in Pangasinan ....................................................................248

Paggunita sa anibersaryo ng BHB, sinimulan sa mga eskwelahan.............................................250

[English Translation] Students start commemorating NPA anniversary in schools 251

2 tropa ng 3rd SFB, napatay sa operasyong haras ng BHB-Agusan del Sur........................252

[English Translation] NPA-Agusan del Sur harassment operations kill 2 3rd SFB troopers ....................................................................253

85th IB, inambus ng BHB-Quezon.................254

[English Translation] NPA-Quezon mounts ambush against 85th IB...............................256

Kalbaryo ng Masang Anakpawis, isinagawa ng mga maralita sa Metro Manila......................258

[English Translation] Toiling masses launch Kalbaryo ng Masang Anakpawis in Metro Manila......................................................260

Mga magsasaka, kinundena ang kawalang-ayuda sa panahon ng El Niño.......................262

[English Translation] Farmers condemn government for zero support during El Niño.264

Mga manggagawa sa Nexperia, nagprotesta laban sa bagong serye ng tanggalan..............265

[English Translation] Nexperia workers protest against the new series of layoffs....................267

Raling iglap para sa ika-55 anibersaryo ng BHB, isinagawa sa Maynila..................................268

[English Translation] Revolutionary organizations stage lightning rally in Manila for NPA 55th anniversary..................................270

100% pag-aari ng dayuhan sa mga eskwelahan at taas-matrikula, binatikos ng kabataan.......272

[English Translation] Youths denounce 100% foreign ownership of schools and tuition fee increase.................................................274

Deklaradong “gera kontra-droga” ng mga Duterte sa Davao City, iimbestigahan............275

[English Translation] CHR to investigate Duterte’s declared “war on drugs” in Davao City .................................................................277

Suspensyon sa 139 kawani ng NFA, hindi makatarungan—unyon................................278

[English Translation] Union denounces unfair suspension of 139 NFA employees................280

2 dinukot na mga aktibistang pangkalikasan sa Pangasinan, inilitaw na................................282

[English Translation] State forces surface 2 abducted environmental activists in Pangasinan

..............................................................284

Ikatlong taon ng pagkamatay ng lider-unyonista sa Southern Tagalog, ginunita.......................286

[English Translation] Workers commemorate third death anniversary of unionist leader in Southern Tagalog..........................................287

Karapatan-Southern Tagalog, nag-aalam sa kalagayan ng “sumuko” sa 85th IB sa Quezon ..............................................................289

[English Translation] Karapatan-Southern Tagalog, investigating the condition of “surrenderers” to the 85th IB in Quezon.......290

Mga estudyante at organisasyon ng UST, nagkaisa kontra represyon sa kampus...........291

[English Translation] UST students and organizations unite against campus repression ..............................................................294

Seguridad sa trabaho at benepisyo, giit ng mga manggagawa ng Universal Weavers Corporation ..............................................................296

[English Translation] Universal Weavers Corporation workers demand job security and benefits..................................................298

NDF-Rizal, namahagi ng polyeto para sa ika-55 anibersaryo ng BHB....................................301

[English Translation] NDF-Rizal distributes pamphlets for the NPA’s 55th anniversary....302

Mamamatay-tao at intel ng 62nd IB, napatay sa armadong aksyon ng BHB-Central Negros....304

[English Translation] NPA-Central Negros kills murderer and 62nd IB intelligence agent in armed action....305

Oplan Sabit, inilunsad ng NDF-Rizal sa Taytay para sa ika-55 anibersaryo ng BHB....306

[English Translation] NDF-Rizal launches Oplan Sabit in Taytay for the 55th anniversary of the NPA....307

Mga martir ng Rosario, Batangas, pinarangalan ....308

[English Translation] CPP honors martyrs of Rosario, Batangas....311

Panibagong pakete ng libu-libong bomba at mga eroplanong pambomba, ipinadala ng US sa Israel para sa kampanyang henosidyo sa Gaza ....313

[English Translation] US sends thousands of bombs, as well as bomber planes, to Israel for its genocidal campaign in Gaza....315

Pekeng engkwentro at karahasang militar, pasakit sa mamamayan ng Negros Oriental. .316

[English Translation] Fake encounters and military violence, a bane to the people of Negros Oriental....317

Tuluy-tuloy na panggigipit sa kaanak at pamilya ng mga namartir sa Quezon, binatikos..........318

[English Translation] Rights groups denounce continuous pressure on the relatives and families of the martyrs in Quezon..................321

2 bata, inabuso ng lasing na sundalo ng 59th IB ..............................................................324

[English Translation] 59th IB drunken soldier abuses 2 minors..........................................325

## Epekto ng oil spill sa Mindoro, iniinda pa rin, isang taon paglipas

Marso 2, 2024

Iniinda pa rin ng mga komunidad ng mangingisda sa Mindoro at Batangas ang epekto ng oil spill (pagtapon ng langis sa karagatan) ng barkong kinontrata ng San Miguel Corporation (SMC), isang taon mula nang maganap ang sakuna noong Pebrero 28, 2023. Sa isang pag-aaral na isinapubliko ng Center for Energy, Ecology and Development (CEED) nitong Pebrero 26, umabot sa ₱41.5 bilyon ang halaga ng pinsalang dulot ng oil spill, kung saan ₱40.1 bilyon ang halagang sinira sa kapiligaran at ₱1.1 bilyon sa kabuhayan ng mamamamamayan. Ang tayang ito ay 800% na mas malaki kumpara sa mga inilabas na taya ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang naturang barko, na pagmamay-ari ng RDC Reield Marine Services, ay kinontra ng SL Harbor Bulk Terminal Corporation, isang subsidyaryo ng

San Miguel Shipping and Lighterage Corporation. Ang 900,000 litrong industrial fuel oil na tumagas mula rito ay nakakontrata para sa Petron.

Ni minsan ay hindi pinanagutan ng SMC, at pinuno nitong si Ramon Ang ang laki ng pinsalang idinulot ng operasyon nito. Sa halip, nagpakitang-tao lamang ang SMC at si Ang na isang beses namahagi ng ayuda, at hanggang ngayon ay tumatangging may kinalaman ang kumpanya sa oil spill.

Ayon sa pag-aaral ng CEED, bumagsak ang kita ng mga mangingisda laluna mula Hulyo hanggang Nobyembre, matapos tanggalin ang fishing ban na ipinataw dahil sa oil spill. Anito, hanggang sangkatlo na lamang sa dating huli ang naiiuwi ng mga mangingisda. Ito ay dahil mataas pa rin ang antas ng langis at grasa sa dagat, kahit isang taon na ang nakalipas at sa kabila ng pagtatangka ng estado na linisin ito.

Samantala, umabot sa Verde Island Passage (VIP) ang langis at nagdulot ng pinsala sa ekosistema rito. Sa taya ng mga syentista, apektado nito ang 20,000 ektarya ng bahura (coraf reefs), 9,900 ektarya ng mga bakawan (mangrove) at 6,000 ektarya ng seagrass sa apat na prubinsya. Labas sa VIP, inabot ng tagas ang Caluya Island sa Antique kung saan 16,400 ng langis ang napadpad sa limang kilometrong baybay.

Dahil sa lala ng tagas, nagdeklara ng state of calamity ang 15 syudad at bayan noong nakaraang taon. Umabot sa 200,000 ang naiulat na apektado ng kalamidad.

[English Translation]
# Mindoro oil spill impact, remains a year after

Marso 2, 2024

Fishing communities in Mindoro and Batangas still suffer the effects of the oil spill by a San Miguel Corporation (SMC)-contracted vessel, one year since the disaster last February 28, 2023. In a study released on February 26, the Center for Energy, Ecology and Development (CEED) estimated the damage caused by the oil spill at ₱41.5 billion, of which ₱40.1 billion was to the environment, while ₱1.1 billion to livelihood of people. This estimate is 800% higher than that issued of the reactionary government.

The vessel owned by RDC Reield Marine Services was contracted by SL Harbor Bulk Terminal Corporation, a subsidiary of San Miguel Shipping and Lighterage Corporation. Its cargo of 900,000 liters of industrial fuel oil that spilled was contracted for Petron.

SMC, and its owner Ramon Ang have never been held accountable for the extent of the damage caused by their operations. They showed up once to distribute aid, but continues to deny responsibility for the oil spill.

According to the CEED study, the income of fishermen dropped especially between July and November, after the lifting of the fishing ban following the oil spill. According to fishermen, they bring home only up to a third of their

previous catch. This is because the level of oil and grease in the sea remains high, despite the fact that a year has passed and despite the state's attempts to clean it up.

Meanwhile, the oil spill reached the Verde Island Passage (VIP) and caused damage to its ecosystem. According to scientists' estimates, it affected 20,000 hectares of coral reefs, 9,900 hectares of mangroves and 6,000 hectares of seagrass in four provinces. Outside the VIP, the leak reached Caluya Island in Antique where 16,400 tons of oil washed up on a five-kilometer coastline.

Due to the severity of the leak, 15 cities and towns declared a state of calamity last year. Up to 200,000 people were reported affected by the disaster.

## Pagmasaker ng Israel sa mga Palestinong nakapila para sa ayudang pagkain, kinundena

Marso 2, 2024

Kinundena ng mga mamamayan sa buong mundo ang panibagong pagmasaker ng Israel sa 112 Palestino na nakapila para sa ayudang harina sa North Gaza noong Marso 1. Dagdag na 750 pa ang sugatan nang paulanan ng bala ng Israel ang mga taong nakatipon sa komboy ng mga trak ng United Nations na naghahatid ng ayuda.

Ang tinaguriang "flour massacre" ay huli sa libu-libo nang masaker na isinagawa ng mga pwersa

ng Israel sa Gaza mula lamang Oktubre 7, 2023. Malinaw ang layunin nitong patayin ang mga Palestino, kung hindi direkta sa mga bomba at bala, ay sa pamamagitan ng dahan-dahang nilang pagkamatay sa gutom.

“Malinaw na ipinakikita ng masaker na ito ang walang hangganang kasamaan ng Zionistang Israel,” pahayag ng International League of Peoples’ Struggle. Kinundena rin ng grupo ang mga imperyalistang bansa, laluna ang US, na susi sa pagsuporta sa henosidyo ng Israel sa Gaza. Kamakailan lamang, inaprubahan ng gubyerno ng US ang dagdag pang armas, bomba at ayudang militar para sa Zionistang kampanya.

“Walang anumang pagpapakitang-taong pag-aalala mula kay (US Pres) Biden ang makatatago sa direktang pagkakasangkot nito sa mga krimen ng digma sa Israel,” ayon sa grupo. Ang Zionistang estado ng Israel ang “mukha ng imperyalismong US” sa Middle East. Ang barbarismo nito ay sinasang-ayunan at pinalalakas ng walang pag-aalinlangang suporta mula sa US. Kabilang dito ay pagharang ng US sa resolusyon para sa tigil putukan sa Gaza sa pangatlong pagkakataon noong nakaraang buwan.

Liban sa US, kinundena rin ng ILPS ang iba pang “enabler” o sumusuporta ng henosidyo. Isa rito ang gubyerno ng The Netherlands na sumang-ayon kamakailan na magpadala ng mga pyesa para sa mga F-16. Ang mga eroplanong pagdigmang ito ang ginagamit ng Israel sa pambobomba nito sa mga sibilyang imprastruktura at komunidad sa Gaza. Isa pa ang

Germany, na nagpadala ng $328 milyong ayudang pansuporta sa kampanyang henosidyo.

Panawagan ng ILPS ang patuloy na paglaban ng mamamayan sa buong mundo. Tungkulin natin ang lumaban, anito, laluna ngayong naghahanda ang Israel na lusubin ang Rafah sa simula ng Ramadan.

Ayon sa grupo, napatunayan na ng mamamayan na ang lakas nito ay nasa kolektibong aksyon, pagkakaisa ng mga komunidad at kilusan para ilantad at labanan ag US at Israel pareho sa loob ng ating mga bansa at labas nito.

“Ang makinang pandigma ng US-Israel ang kalaban,” anito. “Habang lumilitaw ang mga internal na pagkakahati-hati at lumalakas ang presyur laban sa Israel at US, kailangan nating lumaban nang mas malakas, at paigtingin ang ating mga pagsisikap.”

**[English Translation]**

## World condemns Israel for massacre of Palestinians queuing for food aid

Marso 2, 2024

People worldwide condemned Israeli for another massacre, this time involving the deaths of 112 Palestinians queuing for flour aid in North Gaza on March 1. An additional 750 were wounded when Israeli bullets rained down on people gathered in a convoy of United Nations aid trucks delivering aid. The so-called “flour massacre” is the latest of the thousands of massacres carried

out by Israeli forces in Gaza since October 7, 2023. It clearly aims to kill Palestinians, either directly with bombs and bullets, or by slow death through starvation.

“The massacre has made it clear to everyone that the depravity of Zionist Israel knows no bounds,” the International League of Peoples’ Struggle said. The group also condemned the imperialist countries, especially the US, which are key to sustaining Israel’s genocide in Gaza. Recently, the US government approved more weapons, bombs and military aid for the Zionist campaign.

“No amount of insincere display of concern from (US Pres) Biden can cover up their direct involvement in the war crimes of Israel,” according to the group. The Zionist state of Israel is the “face of US imperialism” in the Middle East. Its barbarism is condoned and fueled by US unquestioning support. This includes the US blocking a resolution for a ceasefire in Gaza for the third time in the past month.

Apart from the US, ILPS also condemned other “enablers” of genocide. One of them is the government of The Netherlands, which recently agreed to send parts for the F-16s. These warplanes are used by Israel in its bombing of civilian infrastructure and communities in Gaza. Another is Germany, which sent $328 million in aid to support the genocidal campaign.

ILPS calls for the continued resistance of people around the world. “It remains our duty to resist,”

it said, especially now that Israel prepares to invade Rafah at the start of Ramadan.

According to the group, the people have proven that their strength lies in collective action, uniting communities and movements to expose and oppose the US and Israel both domestically and globaly.

“The US-Israel war machine is the enemy,” it said. “As internal divisions grow and political pressure mounts on Israel and the United States, we must push back harder and intensify our efforts further.”

## “Palabas” na paghuhulog ng pagkain ng US sa Gaza, kinutya

Marso 4, 2024

Kinutya ng mga grupong makatao ang isinagawa ng US na paghuhulog ng pagkain mula sa ere o food drops sa Gaza noong Marso 2. Katuwang ang estado ng Jordan, ipinag-utos ng rehimen ni Joseph Biden ang paghuhulog ng kakarampot na 66 na kulumpon ng pagkain na naglalaman ng 38,000 lutong pagkain sa mga komunidad sa baybay ng Gaza.

Isinagawa ang food drop isang araw matapos ang “flour masaccre” kung saan 112 Palestino ang napatay nang paulanan ng bala ng mga pwersang Israeli ang mga residente ng North Gaza habang nakapila para sa ayudang harina. Dumaranas ang mamamayan ng Gaza ng walang kapantay na brutalidad at gutom dulot ng henosidyo ng

Zionistang Israel na sinusuportahan, pinopondohan at inaarmasan ng US.

“Ang mga airdrop ay simboliko at para lamang pakalmahin ang baseng lokal (ng estadong Amerikano,)” ayon sa isang dating upisyal ng USAID sa West Bank. Aniya, ang kailangan ng Gaza ay buksan ang mga hangganan nito na isinara ng Israel at payagan ang pagpasok ng mga trak na nagdadala ng pagkain.

“Hindi nakatutulong” at “nakakawalang-respeto (deeply degrading) lamang sa mga Palestino,” ang pagtingin ng Oxfam sa kakarampot na ayuda na parang itinapon lamang ng US mula sa ere nang walang malinaw na sistema ng distribusyon sa baba. Ang aksyong ito ay “nagsisilbi lamang para pagaanin konsyensya ng mga upisyal ng US na sila ring nagtutulak ng mga patakaran na nagpapalala sa nagaganap na mga atrosidad at banta ng gutom sa Gaza,” ayon sa grupo.

“Hindi solusyon ang mga airdrop para bigyang alwan ang paghihirap (sa Gaza), at umaagaw lamang ito ng oras at rekurso mula sa mga solusyong napatunayan nang epektibo at sa mas masaklaw na paraan,” ayon naman sa International Rescue Committee. Lahat ng pagsisikap ay dapat nakatuon sa pagtatapos ng pang-aatake ng Israel sa Gaza, anito.

Sadyang nakaiinsulto ang food drop sa harap ng pagharang ng US sa lahat ng mga pagsisikap para itulak ang Israel na pumasok sa tigil-putukan at papasukin ang mga trak na nagdadala ng pagkain at gamot na hinarang ng mga pwersang Israeli. Sa

kasalukuyan, di bababa sa 2,000 ang naghihintay na gayong mga trak sa mga hangganan ng Gaza.

Ayon sa United Nations, 570,000 mamamayan sa Gaza ang nasa bingit ng matinding gutom.

### [English Translation]

## Humanitarian groups deride "hypocritical" US food drops in Gaza

Marso 4, 2024

Humanitarian groups derided the March 2 US airdrop of food in Gaza. In cooperation with the state of Jordan, Joseph Biden's regime ordered the dropping of a meager 66 food containers with 38,000 cooked meals in communities along the Gaza Strip.

The food drop was conducted a day after the "flour massacre" by Israeli forces who opened fire killing 112 North Gaza Palestinians queuing for flour. The people of Gaza have suffered unparalleled brutality and starvation caused by the Zionist Israel's genocide which is supported, funded and armed by the US.

"The airdrops are symbolic and only aim to appease the local base (of the American state,)" according to a former USAID official in the West Bank. He said what Gaza needs is for Isreal to open the borders it closed and allow the entry of trucks carrying food.

"Unhelpful" and "deeply degrading" to the Palestinians, was how Oxfam described the meager aid which the US seeme to just threw

from the air without proper plans for distribution. This action “only serves to ease the conscience of US officials who themselves push policies that exacerbate ongoing atrocities and the threat of starvation in Gaza,” according to the group.

“Airdrops do not help alleviate the suffering (in Gaza), and they only take time and resources away from solutions that have been proven effective and more comprehensive,” according to the International Rescue Committee. All efforts must be focused on ending Israel’s attack on Gaza, it said.

The food drop is a deliberate insult amid the US obstructing all efforts to push Israel to enter into a ceasefire and to let in trucks carrying food and medicine that have been blocked by Israeli forces. Currently, at least 2,000 such trucks are waiting at the borders of Gaza.

According to the United Nations, 570,000 people in Gaza are on the brink of starvation.

## Buwan ng Kababaihan, sinalubong ng mga protesta

Marso 4, 2024

Magkakasabay na kilos protesta ang isinagawa ng kababaihan sa ilalim ng Gabriela noong Marso 1 sa pagsisimula ng Buwan ng Kababaihan. Panawagan nila: Kabuhayan, Karapatan, Kasarinlan, hindi chacha ng dayuhan at iilan!

Sa araw na ito, nagtungo ang mga myembro ng Gabriela Youth, kasama ang iba pang grupo ng

kabataan, sa Mendiola sa Maynila para ipahayag ang kanilang pagtutol sa charter change ng rehimeng Marcos.

Binatikos nila ang planong pagpapahintulot sa 100% pagmamay-ari sa mga institusyong pang-edukasyon ng mga dayuhan, na anila'y lalong magpapahina sa integridad at awtonomiya ng mga paaralan.

"Hindi kami papayag na lalamunin ng mga dayuhang korporasyon ang sistema ng edukasyon," ayon sa Gabriela Youth.

Nagkaroon ng katulad na pagkilos sa loob ng University of the Philippines-Los Baños na pinangunahan ng Gabriela Youth-UPLB. Ayon sa grupo, ang pagkilos ay pakikiisa sa itinakdang Purple Day of Action.

Kasabay nito, naglunsad ng sayaw-protesta ang kababaihang manggagawa sa ilalim ng Women Workers United at Kilusang Mayo Uno para sa sahod, trabaho, karapatan at pagwawakas sa karahasan sa paggawa.

Nagprotesta naman ang mga myembro ng Gabriela Womens' Party (GWP) laban sa sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng mga pampublikong yutilidad. Binatikos nila ang rehimeng Marcos sa pag-atupag sa chacha imbes na tugunan ang mga usaping ito na nagpapahirap di lamang sa kababaihan kundi sa buong mamamayan.

"Mahaba ang naging karanasan ng bansa kaugnay sa foreign direct investment at puro matatamis ngunit nakapakong pangako ang mga sinabing

gagawin nito. Mahal pa rin ang bilihin, serbisyo at utilities gaya ng kuryente at tubig. Dumapa pa nga, kundiman nawala nang tuluyan, ang mga lokal na industriya," ayon kay GWP Rep. Arlene Brosas.

### [English Translation]

## Gabriela welcomes Women's Month with protests

Marso 4, 2024

Simultaneous protest actions were carried out by women under Gabriela on March 1 at the beginning of Women's Month. Their call: Livelihood, Human Rights, Sovereignty, not chacha for foreigners and the few!

That day, Gabriela Youth members, together with other youth groups, went to Mendiola in Manila to express their opposition to the Marcos regime's charter change scheme.

They denounced the plan to allow 100% foreign ownership of educational institutions, which they said would further undermine the integrity and autonomy of schools.

"We will not allow foreign corporations to take over the education system," according to Gabriela Youth.

A similar action within the University of the Philippines-Los Baños was led by Gabriela Youth-UPLB. According to the group, the action is in solidarity with the slated Purple Day of Action.

Women workers also launched a dance-protest under Women Workers United and Kilusang Mayo Uno for wages, jobs, human rights and an end to violence at work.

Members of the Gabriela Womens’ Party (GWP) protested against the successive price increases of public utilities. They condemned the Marcos regime for prioritizing chacha instead of addressing these issues that afflict not only women but the entire people.

“The country has had long experience in relation to foreign direct investment, and its promises are sweet but they all failed. Goods, services and utilities such as electricity and water are still expensive. Local industries have gone bankrupt, if not wiped out entirely,” GWP Rep. Arlene Brosas says.

## Pagpondo ng Japan sa LNG at maruming enerhiya sa Pilipinas, binatikos

Marso 4, 2024

Mariing binatikos ng mga grupong maka-kalikasan ang Japan sa papel nito sa pagtatayo ng terminal o daungan para sa liquified natural gas sa Ilijan, Batangas na saklaw ng Verde Island Passage (VIP). Direktang pinopondohan ng Japan Bank for International Cooperation (JBIC) ang terminal (daungan) na itinayo ng Atlantic Gulf & Pacific Company (AG&P), sa pamamagitan ng lokal na subsidyaryo nitong Linseed Field Power Corp. Natapos ang pagtatayo ng terminal noong

2023 sa kabila ng protesta at nakasampang mga kaso laban dito.

Noong Abril 2023, tumanggap na ang terminal ng unang shipment ng mamahaling LNG mula sa US. Ang shipment na ito at mga kasunod pa ay mapupunta sa mga plantang pang-enerhiya ng South Premiere Power Corporation at Excellent Energy Resources, na parehong pagmamay-ari ng San Miguel Corporation.

Inilulusot ang paggamit ng imported na LNG sa mga plantang pang-enerhiya bilang "solusyon sa krisis sa enerhiya" ng bansa, sa kabila ng nagbubuga din ito ng methane, sumasagka sa transisyon tungo sa mas malinis na enerhiya, at nagtutulak sa mga bansa na mas matagal pang sumandig sa fossil fuel.

Apat pang planta ang balak itayo ng reaksyunaryong gubyerno para sumalo sa LNG imports na ipinagpilitan ng US sa bansa.

"Ang mga proyekto at imprastruktura nito ay banta sa buhay sa ilalim at paligid ng VIP," pahayag ni Fr. Edwin Gariguez ng grupong Protect VIP. Nangangamba ang grupo at mga residente sa Ilijan na mauulit ang oil spill katulad ng naganap nang sa pagtagas ng industrial fuel mula sa MT Princess Empress noong nakaraang taon. Malaking sakuna at malawakang pinsala ang idinudulot ng gayong mga oil spill sa ekosistema ng VIP. (Sangkot sa oil spill na ito ang mga kumpanya ng San Miguel Corporation, na may mga planta sa baybay ng VIP.)

Liban sa pinsala sa karagatan, nahaharap din ang AG&P ng kaso ng iligal na pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural sa mga barangay ng Ilijan at De La Paz. May mga kaso rin itong iligal na pagputol ng mga puno ng niyog sa lugar. Katunayan, naglabas ng “cease and desist order” ang Department of Agriculture laban sa kumpanya noong nakaraang taon dahil sa kawalan nito ng permit ng pagpapalit-gamit gn lupa. Binalewala ito ng kumpanya.

Panawagan ng Protect VIP ang kagyat na pag-atras ng JBIC sa kapital nito mula sa proyekto at bigyan-kompensasyon ang napinsala LNG terminal sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan sa Batangas.

Panawagan naman ni Bishop Gerry Alminaza, convenor ng grupong Wag Gas at pinuno ng National Laudato Si Program ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines na dapat itigil ng estado ang mga plano para palawakin ang importasyon at gamit ng LNG.

Japan ang nangungunang tagapondo ng maruming enerhiya sa Asia.

Sa likod ng pagbabalat-kayo ng Japan na ito ay “maka-kalikasan” at “tumutulong” sa pag-apula ng climate change, nangunguna ito sa pagpopondo ng imprastruktura at iba pang proyekto na nagtutulak ng paggamit ng langis, LNG at karbon.

Alinsunod sa mga pananaliksik, tatlo sa pinakamalalaking bangko na pumopondo sa gayong mga proyekto ay Japanese. Ang mga ito

ang Mitsubishi UFJ Financial Group (MUFG), Mizuho Financial Group (Mizuho), and Sumitomo Mitsui Financial Group (SMBC).

Isa ang Japan sa mayor na mga bansang nag-iimport at nangangalakal (top importer and trader) ng LNG sa buong mundo. Bago ang pamumuhunan nito sa larangang ito, nangunguna ito sa pagpopondo para sa pagtatayo ng mga coal-fired power plant.

## [English Translation]
## Groups denounce Japan for financing LNG, dirty energy in the Philippines

Marso 4, 2024

Environmental groups denounced Japan for its role in the construction of a terminal or port for liquefied natural gas in Ilijan, Batangas that form part of the Verde Island Passage (VIP). The Japan Bank for International Cooperation (JBIC) directly funds the terminal built by the Atlantic Gulf & Pacific Company (AG&P), through its local subsidiary Linseed Field Power Corp. The terminal’s construction was completed last year despite protests and lawsuits filed against it.

In April 2023, the terminal received the first shipment of expensive LNG from the US. This shipment and subsequent ones will go to the energy plants of South Premiere Power Corporation and Excellent Energy Resources, both owned by San Miguel Corporation.

The use of imported LNG in power plants is being touted as the country's "solution to the energy crisis," despite also emitting methane, spurring the transition to cleaner energy, and pushing countries to continue relying on fossil fuels.

The reactionary government plans to build four more plants to receive the LNG imports forced by the US in the country.

"Its projects and infrastructure threatens life under and around VIP," said Fr. Edwin Gariguez of the Protect VIP group. The group and Ilijan residents fear another oil spill similar to the MT Princess Empress accident last year. This was a major disaster and caused widespread damage to the VIP ecosystem. (The companies of the San Miguel Corporation, which has plants along the VIP coast, were involved in this oil spill.)

Ocean damage aside, AG&P also faces a case of illegal agricultural land conversion in the barangays of Ilijan and De La Paz. There are also cases of illegal cutting of coconut trees in the area. In fact, the Department of Agriculture issued a "cease and desist order" against the company last year for having no land conversion permit. The company ignored it.

Protect VIP calls for JBIC's immediate divestment from the project and compensation for the LNG terminal damage to the environment and the livelihood of the people in Batangas.

Bishop Gerry Alminaza, convener of the Wag Gas group and head of the National Laudato Si

Program of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines, called for the state to stop plans to expand the importation and use of LNG.

Japan is the leading financier of dirty energy in Asia

Behind Japan's facade of being "environmentally friendly" and it is "helping" to combat climate change, it is leading the way in financing infrastructure and other projects that drive the use of oil, LNG and coal.

Research show that three of the largest banks that finance such projects are Japanese. These are Mitsubishi UFJ Financial Group (MUFG), Mizuho Financial Group (Mizuho), and Sumitomo Mitsui Financial Group (SMBC).

Japan is one of the top LNG importers and trader countries in the world. Prior to its investment in this field, it was a leader in financing the construction of coal-fired power plants.

## Philippine Mining Act, muling ipinanawagang ibasura

Marso 4, 2024

Naglunsad ng protesta ang Katribu, Kalikasan PNE at iba pang demokratikong grupo sa harap ng Department of Environment and Natural Resources ngayong araw, Marso 4, para ipanawagan ang pagbabasura sa Philippine Mining Act ng 1995. Sa 29 taong umiral ang batas na ito, naghatid ito ng walang kapantay na pinsala

sa kalikasan at mga komunidad ng mga katutubo at magsasaka.

Ayon sa Katribu, walang idinulot na positibong epekto ang batas na ito para sa bansa at mamamayang Pilipino. Sa halip, pinadali nito ang pagsuko ng pambansang patrimonya sa mga dayuhang kumpanya. Anito, kahit ipinagbawal ang buong pag-aari ng dayuhan sa mga lupa at rekurso, binigyan naman ang mga ito ng karapatang mandambong nang minimun na 50 taon.

"Pinakapininsala ng mga kumpanyang mina ang mga komunidad ng katutubo at Moro, kung saan protektado at mayaman ang kalupaan," ayon sa grupo. Ginamit ng reaksyunaryong estado ang mga ahensya nito, tulad ng National Commission on Indigenous Peoples para padulasin ang pagpasok ng mga kumpanya sa mga lupang ninuno. "Madalas itong may katambal na militarisasyon sa mga komunidad, na suportado ng NTF-Elcac at mga pwersang panseguridad ng estado," anito.

Iginiit din ng mga grupo ang hustisya sa lahat ng mga namatay dahil sa mina at iba pang sakuna na idinudulot nito. Pinakahuli sa mga sakunang ito ang pagguho ng lupa sa Maco, Davao de Oro, na kumitil sa halos 100 manggagawa at residente sa lugar. Ang pagguho ay sanhi ng deka-dekada nang pagkalbo at pagmimina ng Apex Mining sa lugar.

Hindi dapat pinapayagan ang mga multinasyunal na kumpanya at rehimeng Marcos na iwasan

lamang ang kanilang pananagutan sa pagdambong sa kalikasan, ayon sa Kalikasan PNE.

**[English Translation]**

## Environmental groups reiterate demand for Philippine Mining Act repeal

Marso 4, 2024

Katribu, Kalikasan PNE and other democratic groups launched a protest today, March 4, before the Department of Environment and Natural Resources to demand the repeal of the 1995 Philippine Mining Act. In the 29 years of its existence, this law has brought unparalleled damage to the environment and indigenous communities and farmers.

According to Katribu, this law brought no positive effects for the country and the Filipino people. Instead, it facilitated the surrender of national patrimony to foreign companies. It said even though foreigners were banned from owning lands and resources, they were given the right to plunder for a minimum of 50 years.

“Mining companies did most damage to indigenous and Moro communities, where land is protected and rich,” the group says. The reactionary state used its agencies, such as the National Commission on Indigenous Peoples to facilitate the intrusion of companies into ancestral lands. “This is often accompanied by the militarization of communities, supported by the NTF-Elcac and state security forces,” he said.

The groups also demanded justice for all those who died due to mining and other disasters it causes. The latest of these disasters was the landslide in Maco, Davao de Oro, which killed nearly 100 workers and residents in the area. The landslide was caused by Apex Mining's decades of deforestation and mining in the area.

Multinational companies and the Marcos regime should not be allowed to escape their responsibility for plundering the environment, Kalikasan PNE says.

## Unyon ng mga manggagawa sa FCF Manufacturing, nagkaisang magwewelga

Marso 4, 2024

Bumoto pabor sa welga ang mga kasapi ng Buklod ng Manggagawa ng FCF Manufacturing (BMFCFM) sa FCF Manufacturing Corporation dahil sa labis na barat at insultong ₱2 dagdag-sahod na alok ng kumpanya sa binubuo nitong Collective Bargaining Agreement (CBA). Isinagawa ng unyon ang "strike vote" mula Pebrero 29 hanggang Marso 3.

Mayorya ng mga myembro ng unyong BMFCFM ang bumoto pabor sa welga (1,040 boto) habang 100 lamang ang bumoto kontra dito. Nasa 3,000 ang manggagawa sa naturang kumpanya kasama ang mga kontraktwal. Matatagpuan ang pabrika nito sa Freeport Area of Bataan (FAB) sa Mariveles, Bataan. Gumagawa ito ng mamahaling mga produkto tulad ng leather bag at wallet na

may tatak Coach at Kate Spade. Nakapailalim ang FCF sa Fashion Focus Ltd, isang kumpanya na nakabase sa China.

Binati ng Nagkakaisang Manggagawa sa FAB (NMFAB) ang BMFCFM sa matagumpay na botohan. “Napakahusay ng ipinakitang pagkakaisa ng mga manggagawa ng FCF upang ipaglaban ang kanilang mga kahilingan para sa taas sahod at benepisyo,” ayon sa mga ito.

Ang pagboto pabor sa welga ng mga manggagawa ay pagbigo sa lantarang pananakot at panunupil ng pamunuan ng kumpanya sa kanila. Matatandaang sikretong pinulong ng maneydsment ng FCF at kapatid nitong kumpanya na FPF ang mga manggagawa noong Pebrero 26 upang sindakin at ikampanya na huwag suportahan ang “strike vote.” Pinapalipat din ang mga maggagawa sa FPF at pinagreresayn nang walang matatanggap na bayad sa serbisyo sa kadahilanang wala umanong produksyon.

“Ipinakita lang nito na hindi nagpapadala sa takot ang mga manggagawa ng FCF at handang ipaglaban ang kanilang karapatan sa isang nakabubuhay na sahod at benepisyo,” pahayag ng NMFAB. Giit ng grupo, bagamat isa itong malaking tagumpay, simula pa lamang ito ng laban para sa taas-sahod at benepisyo.

Dapat umanong magsilbing senyal ito sa maneydsment ng FCF. Nanawagan ang unyon, na kung wala pa ring pakialam ang kumpanya sa hinaing ng mga manggagawa, at hindi tutugunan ang kanilang makatwirang kahingian, dapat

“ituloy at paghandaan nang mabuti ang welga habang patuloy na iminumulat ang kapwa mga manggagawa sa pamamagitan ng pag-aaral sa ating kalagayan at himukin sila na makiisa sa ating laban.”

Ang pagwewelga ay makapangyarihang sandata ng mga manggagawa na nagpapakita na ang mga manggagawa ang lumilikha ng yaman sa pabrika, ayon sa NMFAB. “Sa pamamagitan din ng welga, maipapakita natin sa kapitalista na tayo ay tao rin na dapat mabuhay nang matiwasay at hindi isang kagamitan na kayang-kaya nilang itapon pagkatapos gamitin.”

### [English Translation]

## FCF Manufacturing workers, vote to strike

Marso 4, 2024

Buklod ng Manggagawa ng FCF Manufacturing (BMFCFM) members voted in favor of staging a strike at FCF Manufacturing Corporation due to the company’s extremely stingy and insulting ₱2 wage increase offer in its Collective Bargaining Agreement (CBA) negotiatins. The union held a strike vote from February 29 to March 3.

Majority of the BMFCFM union members voted in favor of the strike (1,040 votes) while only 100 voted against it. The said company employs about 3,000 workers including contractuals. Its factory is located in the Freeport Area of Bataan (FAB) in Mariveles, Bataan. It produces luxury products such as leather bags and wallets under the Coach

and Kate Spade brands. The FCF is a subsidiary of Fashion Focus Ltd, a China-based company.

The Nagkakaisang Manggagawa sa FAB (NMFAB) congratulated the BMFCFM on the successful poll. “The solidarity shown by the FCF workers to fight for their demands for higher wages and benefits is excellent,” according to them.

By voting to strike, the workers defeated the company management’s blatant acts of intimidation and repression. It can be recalled that the management of FCF and its sister company FPF secretly gathered the workers on February 26 to intimidate and campaign not to support the strike vote. Workers were also asked to transfer to the FPF and to voluntarily resign without wages purportedly due to lack of production.

“This just shows that FCF workers are not cowed and are determined to fight for their right to a living wage and benefits,” NMFAB said. Although this is a major victory, the group insists it is just the beginning of the fight for higher wages and benefits.

They say this sends a message to the FCF management. If the company continues to refuse to recognize the workers’ grievances, and not meet their reasonable demands, the union said workers should “continue and prepare well for the strike while continuing to educate fellow workers to study our conditions and mobilizing them to join our fight.”

The strike is a powerful weapon of workers showing how it is them who create wealth in the factory, said the NMFAB. "Also through the strike, we can show the capitalists that we are also people who should live in comfort and not a tool they can discard after use."

## Walang patumanggang pambobomba at panganganyon ng 10th ID sa Bukidnon

Marso 4, 2024

Gamit ang mga pwersa ng 89th IB, 48th IB, 72nd DRC at mga pulis, walang patumangga ang pambobomba at panganganyon ng 10th ID ng AFP sa mga bayan ng Bukidnon.

Sa ulat na ipinasa kamakailan ni Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan sa North Central Mindanao Region, naitala ang di bababa sa apat na insidente ng pambobomba mula Disyembre 2023 hanggang nitong Pebrero.

Pinakahuli rito ang 13 na ulit ng panganganyon nang walang klarong direksyon sa bulubunduking lugar sa hangganan ng mga bayan ng San Fernando, Quezon at Valencia City noong Pebrero 23, mula alas-2 hanggang alas-5 ng hapon. Bago nito, 13 na ulit ring kinanyon ng AFP ang parehong lugar, mula alas-3 ng madaling araw hanggang ala-7 ng umaga noong Pebrero 21.

Nagdulot ang panganganyon ng malawak na ligalig at pinsala sa kabuhayan ng mga magsasaka na nakatira sa paligid at paanan ng mga bundok.

Dahil sa takot na tamaan ng mga bomba o maakusahang myembro o tagasuporta ng BHB, di sila tumungo sa kanilang mga sakahan para anihin ang kanilang mga produktong saging, mais, abaka at iba pang pananim.

“Walang engkwentro sa pagitan ng BHB at teroristang AFP sa lugar sa panahong iyon,” paglilinaw ni Ka Malem. “Layunin lamang ng pasista na takutin ang mamamayan na pinagdududahan nilang sumusuporta pa rin sa BHB hanggang sa ngayon.”

May natanggap na ulat ang yunit ng hukbong bayan na apat na sibilyang residente ng Purok 3, Kauswagan, Little Baguio sa bayan ng San Fernando ang sapilitang pinaggiya para hanapin ang “kampo” ng BHB na malapit sa kanilang mga sakahan. Apat na araw silang hinawakan ng AFP bago sila pinauwi sa kanilang mga bahay.

“Ang mga insidenteng ito ay karugtong ng tuluy-tuloy na focused military operation o FMO na nagsimula pa noong Disyembre 2023 kung saan nagkaroon ng tatlong magkasunod na engkwentro sa pagitan ng BHB at AFP sa Barangay Lipa, Quezon at sa Sityo Minalong, Kahusayan, sa bayan ng Kitaotao,” ayon kay Ka Malem.

Noong Enero 6, nagsagawa ang militar ng mga aerial bombing gamit ang eroplanong pandigmang Super Tucano at mga helikopter na MD520 sa magkanugnog na mga barangay ng Minongan, Kawayan at Sta. Filomena, lahat sa bayan ng Quezon. Kinanyon din nito ang lugar gamit ang mga 105 howitzer.

Walang tinamaan ng Pulang mandirigma sa panganganyong ito, at ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB na nasa lugar sa panahong iyon. Sa kabilang panig, dumanas ng matinding troma ang mga residente ng nabanggit na mga barangay dahil tumama ang mga bomba malapit sa kanilang komunidad.

**[English Translation]**

## 10th ID indiscriminately bombs and shells Bukidnon

Marso 4, 2024

Employing the forces of the 89th IB, 48th IB, 72nd DRC and police, the AFP's 10th ID has indiscriminately bombed and shelled several Bukidnon towns.

In a recent report, Ka Malem Mabini, spokesperson of the New People's Army in the North Central Mindanao Region, said at least four bombing incidents were recorded from December 2023 to February.

The latest was the 13 rounds of indiscriminate shelling of the mountainous areas bordering San Fernando, Quezon and Valencia City on February 23 from 2-5 pm. Earlier, the AFP also shelled the same area 13 times, from 3 to 7 am on February 21.

The shelling resulted in widespread unrest and damage to the livelihood of farmers living around and at the foot of the mountains. Afraid of being hit by bombs or accused by the military as being

members or supporters of the NPA, they did not go to harvest their bananas, corn, hemp and other products from their farms.

“There was no encounter between the NPA and the terrorist AFP in the area at that time,” Ka Malem clarified. “The fascists aim only to terrorize the people whom they suspect are still supporting the NPA.”

The people’s army unit also received a report that four civilian residents of Purok 3, Kauswagan, Little Baguio in the town of San Fernando were forcibly used as guides to find the NPA “camp” near their farms. The AFP detained them for four days before releasing them.

“These incidents form part of the relentless focused military operation or FMO that started in December 2023 where there were three consecutive encounters between the NPA and the AFP in Barangay Lipa, Quezon and Sityo Minalong, Kahusayan, in town of Kitaotao,” according to Ka Malem.

On January 6, the military dropped bombs using Super Tucano warplanes and MD520 helicopters at the adjacent barangays of Minongan, Kawayan and Santa Filomena, all in Quezon town. It also shelled the area with 105mm howitzers.

No Red fighter was hit in this shelling, and the NPA unit in the area at the time retreated safely. On the other hand, the residents of the aforementioned barangays suffered severe trauma

because the bombs exploded near their community.

## Bilar 5, pinarangalan ng mga grupo sa Central Visayas

Marso 5, 2024

Nagtipun-tipon ang kabataan at mga progresibong organisasyon ng Central Visayas sa University of the Philippines (UP)-Cebu Ampitheater noong Marso 3 para bigyang-pugay at parangalan ang Bilar 5, ang limang Pulang mandirigma na minasaker ng mga pwersa ng estado matapos sila dakpin noong Pebrero 23 sa Bilar, Bohol.

Nanawagan din ang mga grupo ng hustisya para sa mga biktima at pagpapanagot sa mga sundalo at pulis na lumabag sa internasyunal na makataong batas. Kabilang sa Bilar 5 ang kabataang abugada na si Hannah Cesista, na nagtapos sa University of the Philippines-Cebu bago nag-aral ng abogasya sa University of San Carlos.

Inorganisa ang gabi ng pagpaparangal ng National Union of People’s Lawyers (NUPL)-Cebu, Karapatan-Central Visayas, at ng UP Cebu University Student Council. Napuno ng mga testimonya, pagpupugay at pagkilala ang gabi ng parangal.

Dumalo sa parangal ang mga katrabaho, propesor, kapwa aktibista at dating kaklase ni Cesista para ibahagi ang kanilang mga alaala sa namartir na mandirigma. Ipinahayag nila kung paanong

tinalikuran ni Cesista ang kanyang maalwan na buhay, nanatiling mapagkumbaba at determinado sa kanyang pagtulong at pakikiisa sa mahihirap. Ito rin ang dahilan kung bakit niya pinili ang landas ng armadong pakikibaka at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Samantala, naglunsad ng isang candle light protest ang mga kabataan ng UP Cebu noong Pebrero 29. Dumalo sa protesta ang higit 60 kabataang iskolar ng bayan. Inorganisa ang aktibidad ng UP Cebu University Student Council.

Giit din ng mga grupo ang pagsasagawa ng isang independyenteng imbestigasyon para mapalalim ang detalye ng naganap na masaker at matukoy ang pangunahing mga sangkot sa karumal-dumal na krimen sa digma.

**[English Translation]**

## Central Visayas groups pay tribute to Bilar 5

Marso 5, 2024

Central Visayas youth and progressive organizations gathered at the University of the Philippines (UP)-Cebu Ampitheater last March 3 to pay tribute and honor the Bilar 5, the five Red fighters who were massacred by state forces after their capture on February 23 in Bilar, Bohol.

The groups also called for justice for the victims and accountability for soldiers and police who violated international humanitarian law. Among the Bilar 5 was young lawyer Hannah Cesista, who

graduated from the University of the Philippines-Cebu before studying law at the University of San Carlos.

The tribute night was organized by the National Union of People's Lawyers (NUPL)-Cebu, Karapatan-Central Visayas, and the UP Cebu University Student Council. The night was filled with testimonials, tributes and recognition.

Cesista's co-workers, professors, fellow activists and former classmates attended the tribute to share their memories of the martyred fighter. They expressed how Cesista gave up her life of comfort, remained humble and determined in her support of and solidarity with the poor. This is also the reason why she chose the path of armed struggle and joined the New People's Army (NPA).

Meanwhile, UP Cebu youth launched a candle light protest on February 29. More than 60 UP youth-students attended the protest. The activity was organized by the UP Cebu University Student Council.

The groups also demanded for an independent investigation to deepen the details surrounding the massacre and pinpoint the main parties involved in the heinous war crimes.

## Magsasaka, at di Pulang mandirigma, ang isang pinatay ng 79th IB sa Escalante

Marso 5, 2024

Pinabulaanan ng pamilya ni Jose Caramihan na siya ay myembro ng Bagong Hukbong Bayan, taliwas sa ipinalabas ng 79th IB noong Pebrero 24. Si Caramihan ay isang magsasaka na pinatay ng mga sundalo ng 79th IB sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City noong Pebrero 21.

"Magsasaka ang tatay ko," sabi ni Charlene Caramihan, isang estudyante ng kursong edukasyon. "Kung rebelde siya, paano niya kami mapagpapa-aral sa pribadong eskwelahan?" Labis ang paghihinagpis ni Charlene na nangako sa kanyang ama na isasama sa entablado sa kanyang pagtatapos sa Mayo.

Kinumpirma rin ni Jonathan Pabalate, kagawad ng Barangay Pinapugasan, na rehistradong residente sa barangay si Caramihan. Myembro ang mag-asawang Caramihan ng United Sagay, Escalante, Toboso Planters Association, Inc. Orihinal na taga-Calatrava ang kanilang pamilya. Liban kay Charlene, may anim pang anak ang mag-asawa.

Huling nakita ng kanyang pamilya si Jose noong umaga ng Pebrero 21. Nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng isang yunit ng hukbong bayan sa naturang barangay bandang alas-11 ng umaga, na sinundan ng walang patumanggang pambobomba na isinagawa ng militar noong Pebrero 22.

Sa ikatlong araw matapos ang engkwentro, laking gulat na lamang ng pamilya nang iprisinta ng 79th IB, sa pamumuno ng kumander nitong si Col. Arnel Calaoagan, kasama ang SOCO, PNP-Escalante at mga upisyal ng barangay, si Jose

bilang alyas “Joe.” Ayon kay 1st Lt. Dan Carlos Zamosa ng 79th IB, si “Joe” ang pangatlong mandirigma na napatay nila sa “serye” ng mga engkwentro.

Nasa abanteng pagkabulok na ang bangkay ni Caramihan nang makuha ito ng pamilya. May mga tama ito ng bala sa paa, ulo, binti at braso.

Samantala, kinumpirma ng BHB-North Negros na may dalawang nasawi sa una, at tanging, engkwentro na naganap sa Barangay Pinapugasan noong Pebrero 21. Pinarangalan nito sina Emarie Pastidio (Ka Jandy) at Joshua Sultan (Ka Jorge). Pinabulaanan din ng yunit na myembro ng BHB si Caramihan, at na nagkaroon pa ng “serye” ng mga engkwentro na tumagal hanggang Pebrero 22.

## [English Translation]
## 79th IB killed a farmer, not a Red fighter, at Escalante

Marso 5, 2024

The family of Jose Caramihan refuted claims that he was a member of the New People’s Army, contrary to what the 79th IB said last February 24. Caramihan was a farmer killed by 79th IB soldiers in Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City on February 21.

“My father was a farmer,” said Charlene Caramihan, an education student. “If he was a rebel, how could he have sent us to a private school?” Charlene is devastated over the death of

her father whom she promised to bring to stage during her May graduation.

Jonathan Pabalate, councilor of Barangay Pinapugasan, also confirmed that Caramihan is a registered resident of the barangay. The Caramihan couple is a member of the United Sagay, Escalante, Toboso Planters Association, Inc. Their family is originally from Calatrava. Besides Charlene, the couple has six other children.

Jose was last seen by his family on the morning of February 21. There was an encounter between a unit of the people's army in the said barangay around 11 a.m. , followed by the military's indiscriminate bombing on February 22.

On the third day after the encounter, the family was shocked when the 79th IB, led by its commander, Col. Arnel Calaoagan, along with SOCO, PNP-Escalante and barangay officials, presented Jose as alias "Joe." According to 1st Lt. Dan Carlos Zamosa of the 79th IB, "Joe" was the third fighter they killed in the "series" of encounters.

Caramihan's body was in advanced stage of decomposition when the family retrieved it. He had bullet wounds in his leg, head, leg and arm.

Meanwhile, NPA-North Negros confirmed that there were two casualties in the first, and only, encounter that took place in Barangay Pinapugasan on February 21. It paid tribute to Emarie Pastidio (Ka Jandy) and Joshua Sultan (Ka

Jorge). The unit also denied that Caramihan was a member of the NPA, and that there was a “series” of encounters that lasted until February 22.

## Mamahaling pasilidad pang-enerhiya, itatayo ng Metro Pacific sa Iloilo

Marso 5, 2024

Nakuha ng grupo ni Manuel Pangilinan, isa sa pinakamalaking burges kumprador sa Pilipinas, ang kontrata para sa pagtatayo ng isang mamahaling pasilidad pang-enerhiya sa Iloilo City. Ibinalita noong Marso 1 ang pirmahan sa pagitan ng lokal na gubyerno ng Iloilo City at ng Metro Pacific Water (MPW) ng Metro Pacific Water Investments Corp. (MPWIC) para sa pagtatayo ng huli ng proyektong waste-to-energy (WTE).

Mismong ang MWPIC ang nagsumite ng panukala sa konseho ng syudad noong 2022 para itayo ang proyektong Iloilo City Integrated Solid Waste Management Facility (ISWMF). Ipinangangalandakan ito bilang solusyon hindi lamang sa problema ng basura, kundi pati sa krisis ng enerhiya ng syudad. Isinagawa ang seremonyal na pagpapalitan ng kontrata sa gitna ng paulit-ulit na brown-out sa isla ng Panay.

Nagkakahalaga nang ₱2.3 bilyon ang proyekto na itatayo sa 3-ektaryang lupa sa Barangay Ingore, La Paz. Nakapailalim ito sa programang public-private partnership ng reaksyunaryong estado. Para mabawi ng MPWIC ang ipinuhunang kapital, tiyak na abot-langit ang sisingilin nito sa magiging mga konsyumer ng pasilidad.

Ang MPWIC ay buong subsidyaryo ng Metro Pacific Investments Corporation na pag-aari ng pamilyang Salim ng Indonesia. Ang kumpanya ay pinatatakbo ni Pangilinan. Ang MPWIC ang isa sa pinakamalaking kumpanyang nakinabang sa patakaran ng pribatisasyon mula noong dekada 1990 na nagpapatakbo ng mga negosyo sa mga pampublikong yutilidad tulad ng Manila Electric Company, Maynilad Water Services, Metro Pacific Tollways at iba pa.

Ipinagmamalaki ng MPW na makabago ang itatayong pasilidad na “katulad sa mga pasilidad sa US at Europe.” Kaiba sa mga karaniwang incinerator na sinusunog ang basura, ang basura ay pabubulukin lamang sa pasilidad upang lumikha ng biogas para gawing kuryente. Ang prosesong ito ay tinawag na anaerobic digestion, o pagbubulok ng biodegrable na basura nang hindi gumagamit ng oxygen, hindi katulad ng natural na proseso ng pagpapabulok sa basurang biodegradable tirang pagkain, dumi ng hayop, mga basurang damo at iba pa) na karaniwang proseso sa paglikha ng organikong pataba.

Sustenable at sulit nga ba?

Ayon sa MPW, makalilikha ang ISWMF ng 3.5 megawatt na kuryente para sa syudad. Pero para magawa ito, kakailanganin ng pasilidad ng 450 toneladang ng nabubulok na basura kada araw. Ayon sa estadistika ng syudad noong 2022, 350 toneladang basura ang nakukulekta mula sa mga negosyo at kabahayan, at 50%-60% lamang ang nabubulok. Sa gayon, maliit ang posibilidad na

malilikha ng pasilidad ang sinasabi nitong dami ng enerhiya.

Isa sa pinakamalaking problema ng mga anaerobic digestor tulad ng balak na ISWMF ay ang presyo ng pagtatayo ng mga pasilidad nito. Ayon sa International Energy Agency, kailangang nagpuproseso ang isang pasilidad nang mas mataas sa 5,000 m3 (kubiko metro) biogas para maging sulit ang operasyon. Ang 3.5 megawatt na target ng ISWMF ay katumbas lamang ng 36.925 m3. Hindi malayong ipapasa rin sa mga konsyumer ang malaking gastos na ito sa produksyon ng enerhiya.

Kailangan din ng ganitong mga pasilidad ang espesyalisadong biodegradable na basura para maabot ang target na produksyon ng biogas. Ayon sa International Energy Policy (IEP), mababa at kapos ang enerhiyang nalilikha mula sa basurang pagkain lamang, at kahit dumi ng hayop. Pinakamataas ang enerhiyang nalilikha mula sa crop o forest residue, na kailangang bilhin ng mga pasilidad. Dagdag gastos ito sa gayong mga pasilidad.

Ipinagmamalaki ng MPW at konseho ng Iloilo na makakasuplay ang pasilidad ng kuryente sa 5,000 bahay, na 5.2% lamang ng kabuuang 95,100 kabahayan sa syudad.

Nagbubuga rin ng maruming hangin (carbon dioxide) ang mga mga pasilidad tulad ng ISWMF, bagamat mas mababa kumpara sa WTE na incinerator. Naglalabas din ang mga ito ng matinding baho, na magiging salot sa malalapit na

komunidad. Gayundin, palagian itong may banta ng toxic spill o pagtagas ng dumi o nakalalasong kemikal na delikado kung katabi ito ng pinagkukunan ng maiinom na tubig (katulad sa kaso ng ISWMF) at iba pang katubigan (ilog at dagat).

**[English Translation]**

## Metro Pacific to build expensive energy facility in Iloilo

Marso 5, 2024

The group of Manuel Pangilinan, one of the Philippines' biggest bourgeois compradors, clinched the contract for the construction of an expensive energy facility in Iloilo City. The signing between the local government of Iloilo City and Metro Pacific Water (MPW) of the Metro Pacific Water Investments Corp. (MPWIC) for the construction of the latter's waste-to-energy (WTE) project was announced on March 1.

MWPIC itself submitted the proposal to the city council in 2022 to build the Iloilo City Integrated Solid Waste Management Facility (ISWMF) project. It is being touted as a solution not only to the waste problem, but also to the city's energy crisis. The ceremonial contract exchange was held amid persistent brown-outs on the island of Panay.

The ₱2.3 billion project will be built on a 3-hectare plot of land in Barangay Ingore, La Paz. It is under the the reactionary state's public-private partnership program. To recoup its invested

capital, the MPWIC will surely charge high rates on the facility's future consumers.

MPWIC is a wholly owned subsidiary of Metro Pacific Investments Corporation owned by the Salim family of Indonesia. Pangilinan runs the company. MPWIC is one of the biggest companies that benefited from the privatization policy since the 1990s that operates public utility businesses such as Manila Electric Company, Maynilad Water Services, Metro Pacific Tollways and others.

MPW boasts that the facility will be state-of-the-art "similar to US and Europe facilities." Unlike conventional incinerators that burn waste, the facility will only decompose waste to create biogas for electricity. This process is called anaerobic digestion, or decomposition of biodegradable waste without the use of oxygen, unlike the natural process of decomposition of biodegradable waste (food waste, animal waste, grass waste and others) which is the common process in producing organic fertilizer.

Is it sustainable and really worth it?

According to MPW, ISWMF will generate 3.5 megawatts of electricity for the city. But to achieve this, the facility will need 450 tons of biodegradable waste per day. According to city statistics in 2022, 350 tons of waste is collected from businesses and households, and only 50%-60% is biodegradable. Thus, it is unlikely that the facility will be able produce the promised amount of energy.

One of the biggest problems of anaerobic digesters like the ISWMF plan is the cost of building their facilities. According to the International Energy Agency, a facility must process more than 5,000 m3 (cubic meters) of biogas to make the operation cost-efficient. ISWMF's 3.5 megawatt target is equivalent to only 36.925 m3. This huge cost of energy production will also likely be passed on to consumers.

Such facilities also need specialized biodegradable waste to reach the biogas production target. According to the International Energy Policy (IEP), the energy produced from food waste alone, and even animal waste, is low and insufficient. Energy generated from crop or forest residue, which facilities have to purchase, is highest. This is an additional cost to such facilities.

The MPW and Iloilo council brags that the facility will be able to supply electricity to 5,000 homes, which is only 5.2% of the total 95,100 homes in the city.

Facilities such as ISWMF also produce air pollutants (carbon dioxide), although to a lesser extent than WTE incinerators. They also emit a strong stench, which will plague nearby communities. There is also the constant threat of a toxic spill or leakage of sewage or poisonous chemicals that are dangerous if it is adjacent to a source of potable water (similar to the case of ISWMF) and other bodies of water (rivers and seas).

## Mga boluntir ng Bayan Muna na papuntang Quezon, hinaras at ibinimbin ng 85th IB

Marso 5, 2024

Tinutukan ng baril, tinakot at ibinimbin ng 20 pwersa ng 85th IB, Philippine National Police (PNP)-Gumaca at Special Action Force (SAF)-Gumaca ang koordineytor ng Bayan Muna-Southern Tagalog na si Emmanuel Numeron at kasama niyang mga boluntir sa isang tsekpoynt sa Barangay Panikihan, Gumaca, Quezon kahapon, Marso 4. Ang delegasyon ay nasa prubinsya para mag-imbestiga sa kalagayan ng mga magsasaka na apektado ng El Niño. Ibinimbin sila ng tatlong oras bago tuluyang pinatuloy sa byahe.

Ayon sa mga biktima, pinalalabas ng mga pulis at militar na hinarang sila para maghahain umano ng mandamyento de aresto sa mga boluntir. Nagpalusot pa ang mga pulis na wala pa sa mga boluntir ang kanilang hinahanap. Kasunod nito, nagdahilan naman ang mga pulis na pinahinto ang van dahil mayroon silang hinahanap na suspek sa "hit and run." Nang lumaganap ang impormasyon sa social media kaugnay sa iligal na panghaharang, sinabi ng mga pulis na nagkamali lamang sila ng sasakyang hinarang.

"Mahigit tatlong oras na kami nakapiit dito, wala kaming ibang hangarin kundi tumulong sa mga magsasakang Quezonin na apektado ng mapaminsalang El Niño," paskil ni Elloy Mart, isang boluntir, nang pahintuin sila ng mga pulis.

Nanawagan din siya sa publiko noong panahong iyon na “kung anuman ang masamang mangyari sa akin at sa aking mga kasama, walang ibang pagbibintangan kundi ang mga armadong kapulisan at kasundaluhan na humarang sa amin.” Binitiwan niya ang mga salitang ito kasunod ng modus ng mga pwersa ng esatado nang pagdakip at sadyang pagmasaker sa mga progresibo at aktibista sa nagdaang mga taon.

Kinundena ng Karapatan-Southern Tagalog ang taktikang ito ng panghaharas at paninindak ng mga pwersa ng estado. Anila, “Naninindigan ang Karapatan Southern Tagalog na malinaw itong paglabag sa karapatang pantao ng mga peasant advocate na nagsusulong ng kagalingan ng mga magsasaka.”

Ang Quezon ay kabilang sa makararanas ng “dry condition” dulot ng El Niño. Sa huling ulat ng El Niño task force, ipinagpapalagay nitong umaabot sa 80 ang bilang ng mga prubinsyang maaapektuhan ng El Niño sa darating na Abril hanggang Mayo. Sa ulat ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) noong Pebrero 29, umabot na sa ₱941.7 milyon ang halaga ng mga nasira at nawala dulot dito at puminsala na sa 14,854.86 ektarya ng lupang agrikultural sa bansa.

### [English Translation]

## 85th IB harasses and detains Bayan Muna volunteers in Quezon

Marso 5, 2024

Twenty troops of the 85th IB, Philippine National Police (PNP)-Gumaca and Special Action Force (SAF)-Gumaca pointed guns, threatened and detained Bayan Muna-Southern Tagalog coordinator Emmanuel Numeron and volunteers in a checkpoint in Barangay Panikihan, Gumaca, Quezon yesterday, March 4. The delegation was in the province to investigate the condition of farmers affected by El Niño. They were held for three hours before allowed to continue their journey.

The victims said the police and military falsely claimed that they were accosted to serve an arrest warrant against the volunteers. The police even gave the lame excuse that the target of their search was not yet among the volunteers. Later, the police claimed to be after a "hit and run" suspect. When information about the illegal apprehension spread on social media, the police said they intercepted the wrong vehicle.

"We have been stuck here for more than three hours, we have no other objective but to help the Quezon farmers affected by the disastrous El Niño," posted Elloy Mart, a volunteer, when the police stopped them.

He then called on the public "if anything bad happens to me and my companions, there are no other culprit but the armed police and military who blocked us." He uttered these words following the state forces' recent modus operandi of arresting and deliberately massacring progressives and activists.

Karapatan-Southern Tagalog condemned this tactic of harassment and terror by state forces. They said, “Karapatan Southern Tagalog stands firm that this is a clear violation of the human rights of peasant advocates who promote the well-being of farmers.”

Quezon is among the provinces set to experience El Niño “dry conditions”. In the last report of the El Niño task force, it is presumed that the climate phenomenon will affect up to 80 provinces in the coming April to May. In the February 29 report of the National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), damages and losses has reached ₱941.7 million and has devastated 14,854.86 hectares of agricultural land nationwide.

## Mga protesta kontra ASEAN Summit at pagdating ni Marcos sa Australia, inilunsad

Marso 5, 2024

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mga migranteng Pilipino at progresibong grupo sa Melbourne, Australia kahapon, Marso 4, kasabay ng pagdating ni Ferdinand Marcos Jr para sa isinasagawang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)-Australia Special Summit mula Marso 4 hanggang Marso 6. Sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Australia, hinalihaw ng mga protesta ang ASEAN Summit at ang mga aktibidad ni Marcos.

Nagsagawa ng programa ang mga grupo sa Melbourne Convention and Exhibition Centre kung saan inilulunsad ang ASEAN Summit. Binatikos ng mga grupong Pilipino ang ayuda at suportang militar ng imperyalistang US at ng Australia sa rehimeng Marcos na nagdudulot ng patung-patong na paglabag sa karapatang-tao sa bansa. Liban dito, nagbigay din ng talumpati ang mga mamamayan mula sa Palestine, West Papua, Hong Kong, at Myanmar. Itinurol nila ang galit sa mga lider ng ASEAN sa tinatawag nilang "complicity" o pagiging kasangkot sa mga krimen sa digma at mga gerang inudyukan ng US.

Sa programa, nagtanghal ang mga kabataang kasapi ng Anakbayan-Melbourne. Bitbit nila ang isang itim na kabaong na gawa sa karton na may nakasulat na "RIP Democracy" na simbolo ng pagkamatay ng demokrasya sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Nagdala rin sila ng isang effigy ng ulo ni Marcos na mayroong mahabang dila na pinintahan ng bandila ng US. Pinagpapalo ito ng mga kabataan sa pagtatapos ng kanilang kultural na pagtatanghal.

Kasabay nito, isang protesta rin ang inilunsad ng mga Pilipino sa State Library sa Melbourne CBD kung saan nagsagawa ng press conference si Marcos. Hinarang sila ng mga pulis para makatakas si Marcos sa kabilang labasan ng gusali.

Ang dalawang delegasyon ay kasunod na nagmartsa at tumungo sa Melbourne Town Hall kung saan nakipagsosyalan si Marcos at kumain ng grandyosong hapunan. Sinugod ng mga tauhan

ni Marcos at pribadong mga pwersang panseguridad na Australian ang mga nagrarali. Dalawa sa mga nagpoprotesta ang nagkaroon ng pasa dahil sa pakikipaggitgitan.

“Kinukundena namin ang paggamit ng pasismo ng pribadong seguridad ni Marcos at ang taktika ng intimidasyon ng pulis ng Victoria,” ayon sa Bayan-Australia.

**[English Translation]**

## Migrants protest against the ASEAN Summit and Marcos’ arrival in Australia

Marso 5, 2024

Filipino migrants and progressive groups launched a series of protests in Melbourne, Australia yesterday, March 4, as Ferdinand Marcos Jr arrived to attend the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)-Australia Special Summit from March 4 to March 6. Led by the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) - Australia, protests disrupted the ASEAN Summit and Marcos’ activities.

The groups held a program at the Melbourne Convention and Exhibition Center where the ASEAN Summit is being held. Filipino groups denounced the aid and military support of the imperialist US and Australia to the Marcos regime, which results in wanton human rights violations in the country. In addition, citizens from Palestine, West Papua, Hong Kong, and Myanmar also gave speeches. They directed their anger at

ASEAN leaders for what they called “complicity” in war crimes and US-instigated wars.

In the program, members of youth group Anakbayan-Melbourne performed. They carried a black coffin made of cardboard inscribed with “RIP Democracy” symbolizing the death of democracy under the US-Marcos regime. They also brought an effigy of Marcos’ head with a long tongue painted with the US flag. Young people beat it at the end of their cultural performance.

At the same time, Filipinos also launched a protest at the State Library in Melbourne CBD where Marcos held a press conference. The police blocked them so that Marcos could escape through the other exit of the building.

The two delegations then marched to the Melbourne Town Hall where Marcos mingled and had an extravagant dinner. Marcos’ men and private Australian security forces dispersed the rally. Two of the protesters suffered bruises from the altercation.

“We condemn the use of fascism by Marcos’ private security and the intimidation tactics of the Victorian police,” said Bayan-Australia.

## 58 katao, pinatay sa “gera kontra-droga” ng rehimeng Marcos sa 2024

Marso 6, 2024

Pumapasok na sa ikasiyam na taon ang huwad na gera kontra droga ng reaksyunaryong estado na sinimulan ng rehimeng Duterte at ipinagpatuloy

ng rehimeng Marcos. Sa unang dalawang buwan ng 2024, nakapagtala na ng 58 “drug-related” killing ang Dahas PH, ang proyektong pinangungunahan ng University of the Philippines Third World Studies Center para idokumento ang mga biktima ng gerang ito.

Itinuturing ng proyekto na “drug-related” ang pamamaslang kung napatay ang biktima sa operasyong “kontra-droga” ng pulis, ibinalitang sangkot sa iligal na pagbebenta ng droga, ibinalitang nakuhanan ng iligal na droga, sinabing may kaugnayan sa ibang inbinididwal na sangkot sa pagbebenta ng iligal na droga, o pinatay ng mga personalidad o indibidwal na sangkot sa pagbebenta ng iligal na droga.

Alinsunod sa pananaliksik nito, muling bumwelo ang mga pamamaslang na “drug-related” mula nang maupo si Ferdinand Marcos Jr. Bagamat mataas ang bilang sa panahon ng rehimeng Duterte, pababa na ang padron ng pamamaslang mula sa kasagsagan nito noong 2017 sa ilalim ng pamumuno ni Ronald “Bato” de la Rosa. Noong 2022, halimbawa, nakapagtala ang Dahas PH ng 175 pamamaslang sa unang anim na buwan ni Marcos (Hulyo-Disyembre), mas mataas nang 26 kumpara sa 149 pamamaslang sa huling anim na buwan ng rehimeng Duterte (Enero-Hunyo 2022). Sa sumunod na taon, tumaas pa ang bilang ng mga biktima, mula 324 noong 2022 tungong 331 para sa 2023.

Pinakamarami sa mga insidente ng pamamaslang ay naganap sa Davao City, ang syudad na pinamumugaran ng dinastiyang Duterte.

Kasalukuyang meyor ng syudad si Sebastian Duterte, pangatlo sa kilalang anak ni Rodrigo Duterte.

Sa unang taon ng mas batang Duterte sa poder (Hulyo 2022-Hulyo 2023), umabot sa 53 ang drug-related na pamamaslang sa syudad, o isa kada linggo. (Kasunod ang Cebu kung saan 44 ang pinaslang at Metro Manila na may 41 na kaso.) Mga pwersa ng pulis ang salarin sa lahat ng mga insidente, liban sa isang kaso, sa Davao City. Pinakamarami sa mga pamamaslang ay ginawa sa sa Poblacion District, na nakapailalim naman sa kongresistang panganay na si Paolo Duterte.

### [English Translation]

## Marcos' "war on drugs" kills 58 people in 2024

Marso 7, 2024

The reactionary state's bogus war on drugs started by the Duterte regime and perpetuated by the Marcos regime is entering its ninth year. In the first two months of 2024 alone, 58 "drug-related" killings were recorded by Dahas PH, the documentation project led by the University of the Philippines Third World Studies Center.

The project considers a homicide as "drug-related" if the victim was killed in an "anti-drug" operation by the police, was reported involved in illegal drug sales, was reported in possession of illegal drugs, said to be linked to another individual involved in illegal drug sales, or killed

by personalities or individuals involved in illegal drug sales.

According to its research, “drug-related” killings have increased again since Ferdinand Marcos Jr. took office. Although number were high during the Duterte regime, the pattern of killings show a downtrend since its 2017 peak under the leadership of Ronald “Bato” de la Rosa. In 2022, for example, Dahas PH recorded 175 murders in the first six months of Marcos (July-December), higher by 26 than the 149 murders in the last six months of the Duterte regime (January-June 2022). In the following year, the number of victims increased further, from 324 in 2022 to 331 for 2023.

Most of the killing incidents happened in Davao City, the city ruled by the Duterte dynasty. The current city mayor is Sebastian Duterte, third of Rodrigo Duterte’s children.

In the younger Duterte’s first year in power (July 2022-July 2023), drug-related murders in the city reached 53, or one per week. (Cebu came next with 44 murders and Metro Manila with 41 cases.) Police forces were the perpetrators in all the incidents, except for one case in Davao City. Most of the killings were done in the Poblacion District, which is under Congressman Paolo Duterte.

## “Rice inflation,” sumirit tungong 23.7% noong Pebrero

Marso 6, 2024

Walang awat ang pagtaas ng presyo ng bigas, ang pinakabatayang pagkain sa Pilipinas, noong Pebrero. Umabot sa 23.7% ang abereyds na “rice inflation” at 26.3% para sa 30% pinakanaghihirap na pamilyang Pilipino. Mas mataas ang implasyon ng bigas sa bahaging ito ng lipunan dahil mas mataas na porsyento ang nailalaan nila sa pagkain dahil sa liit ng kanilang kita. Huling nagkaroon ng mas mataas na rice inflation noong 2009.

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), 8.87% ang abereyds na bahagi ng bigas sa gastos ng mga pamilyang Pilipino. Pero para sa nakabababang 30% na pinakamahihirap ng pamilya, umaabot ito sa 17.87%.

Sa monitoring ng PSA, tumaas nang 27.1% kada kilo ang presyo ng bigas, o mula sa abereyds na ₱43.99 noong Pebrero 2023, tungong ₱55.93 noong nakaraang buwan. Bago maupo sa pwesto si Ferdinand Marcos Jr noong 2022, nasa ₱38/kilo pa lamang ito. Imbes na bumaba tungong ₱20 tulad ng kanyang ipinangako, tumaas ito nang higit ₱17/kilo.

Bigas ang pangunahing dahilan kung bakit muling tumaas ang tantos ng implasyon mula 2.8% noong Enero tungong 3.4% noong Pebrero, pag-amin ng PSA. Anito, tataas pa ang mga presyosa susunod na limang buwan, habang iniinda ng maraming magsasaka ang epekto ng El Niño.

Binatikos ng mga grupong magsasaka ang patakarang importasyon ng bigas ng estado, na inilulusot bilang “tugon” sa pagtaas ng presyo ng bigas. Noong Enero, umabot na sa 3.6 milyong

metriko toneladang bigas ang inangkat ng bansa. Dinagdagan pa ito ni Marcos nang kinontrata niya ang Vietnam sa pagsusuplay ng bigas nang hanggang dalawang milyong metriko tonelada kada taon sa susunod na limang taon.

Ayon sa Bantay Bigas, kahit naging numero unong bansa na ang Pilipinas sa buong mundo sa pag-aangkat ng bigas, hindi bumaba ang presyo o kahit bumagal man lamang ang pagsirit nito. Panawagan nito, itigil ang importasyon ng bigas at ibasura ang Rice Liberalization Law na nagpahintulot sa walang sagkang importasyon nito.

"Nagresulta lamang ang Rice Liberalization Law sa monopolyong kontrol ng malalaking trader, hoarder, importer kartel at mga ismagler sa suplay at distribusyon ng bigas," anito.

**[English Translation]**

## Rice inflation soars to 23.7% in February

Marso 6, 2024

February saw relentless increases in the price of rice, the staple food of Filipinos. Average "rice inflation" reached 23.7% and 26.3% for the poorest 30% of Filipino families. Rice inflation is higher for this sector because food constitutes a higher percentage of their small income. The last time rice inflation soared higher was in 2009.

According to the Philippine Statistics Authority (PSA), the average share of rice in the expenses of

Filipino families is 8.87%. But it reaches 17.87% for the poorest bottom 30% of families.

Based on PSA monitoring, the price of rice rose by 27.1% per kilo, or from an average of ₱43.99 in February 2023, to ₱55.93 last month. Before Ferdinand Marcos Jr took office in 2022, it was only ₱38/kilo. Instead of going down to ₱20, as he promised, rice prices increased by more than ₱17/kilo.

Rice price increases was the main reason why inflation rate rose again from 2.8% in January to 3.4% in February, admitted the PSA. It says prices will increase in the next five months, as many farmers suffer the effects of El Niño.

Farmer groups have denounced the state's rice importation policy, which is touted as a "response" to rising rice prices. In January, the country imported 3.6 million metric tons of rice. Marcos order a further increase when he contracted Vietnam to supply up to two million metric tons of rice per year for the next five years.

According to Bantay Bigas, despite the Philippines becoming the world's number one rice importer, rice prices in the country have not decreased or even slowed down. Its demands: stop the importation of rice and repeal the Rice Liberalization Law that allowed unrestricted importation.

"The Rice Liberalization Law only resulted in the monopoly control of big traders, hoarders,

importer cartels and smugglers in the supply and distribution of rice," it said.

## CNA sa pagitan ng mga guro at DepEd sa NCR, napirmahan na; ratipikasyon, gumugulong

Marso 6, 2024

Pinirmahan ng Alliance of Concerned Teachers-National Capital Region (ACT-NCR) Union at Department of Education (DepEd)-NCR ang isang collective negotiating agreement (CNA) noong Pebrero 21 matapos magkasundo sa karagdagang mga benepisyo, insentiba at mga karapatang ipagkakaloob sa mga guro sa rehiyon.

Naipagtagumpay ng unyon sa negosasyon ang CNA Incentive, pagkatawan sa mga guro, pribilehiyo sa pagliban, benepisyo sa kalusugan, programang pang-isports at edukasyon, bayad sa obertaym, at marami pang iba. Kasalukuyang gumugulong ang pagpapapirma sa mga guro sa NCR para sa ratipikasyon ng CNA.

Nag-iikot ngayon ang mga lider-unyonista at guro ng ACT-NCR Union sa iba't ibang mga pampublikong eskwelahan sa rehiyon para kumalap ng sapat na pirma para mapagtibay ang naturang CNA. Kabi-kabilang mga pagpupulong ng mga samahan ng guro sa antas-distrito at syudad ang isinasagawa nito.

Ang ACT-NCR Union ang Sole and Exclusive Negotiating Agent o natatanging kinatawan ng mga guro sa buong NCR sa pakikipagnegosasyon

para sa kanilang mga karapatan at benepisyo. Kinakatawan nila ang 80,000 guro sa mga pampublikong paaralan.

### [English Translation]

## Teachers sign CNA with DepEd in NCR, ratification ongoing

Marso 6, 2024

The Alliance of Concerned Teachers-National Capital Region (ACT-NCR) Union and Department of Education (DepEd)-NCR signed a collective negotiating agreement (CNA) on February 21 after agreeing on granting additional benefits, incentives and rights to teachers in the region.

In the CNA, the union successfully negotiated for incentives, teacher representation, leave privileges, health benefits, sports and education programs, overtime pay, and much more. A signature drive to ratify the CNA is currently being conducted in the NCR.

Union leaders and officers of ACT-NCR are now going around public schools in the region to gather enough signatures to approve said CNA. They are holding a number of meetings of teachers' associations at the district and city levels.

The ACT-NCR Union is the Sole and Exclusive Negotiating Agent of public school teachers throughout the NCR to defend their rights and benefits. They represent 80,000 teachers in public schools.

## Pagtatayo ng San Miguel Corporation ng “biodiversity offset site,” kinutya ng mga syentista

Marso 6, 2024

Kinutya ng mga syentista ang inianunsyo ng San Miguel Corporation na pagtatayo ng biodiversity offset site sa Barangay Pamarawan, Malolos City sa Bulacan. Ayon sa Agham, isang grupo ng mga syentista, wala itong iba kundi “greenwashing” o pagtatakip sa malawakang paninira ng kumpanya sa kalikasan.

Sasaklawin ng tinaguriang Saribuhay sa Dampalit ang 40 ektarya bakawan para maging “feeding ground” ng mga dayong ibon. Tinagurian itong isang “biodiversity offset site” para diumano bawasan ang malalaking pinsala na idinudulot ng isang proyekto, na ang tunay na kahulugan ay pagtakpan ang proyektong Aerotropolis (New Manila International Airport) sa pangwawasak nito sa sa kalikasan at kabuhayan. Itinayo ito ng SMC sa hilagang baybayan ng Bulacan na pawang mga bakawan at pangisdaan.

“Saribuhay sa Dampalit? Saribuhay ang pinampalit!” kutya ng Agham sa proyekto. Ayon sa grupo, bahagi ito ng pagtatangka ng SMC na palabasing “sustenable” at di nakasisira sa kalikasan ang Aerotropolis habang binabalewala ang pagtutol dito ng mga syentista at komunidad dahil sa pinsalang dala nito sa biodiversity at natural na ekolohiya ng lugar.

“(H)indi dapat ipinampapalit ang mga biodiversity site tulad ng Saribuhay sa Dampalit sa negatibong mga epekto ng mga proyekto,” ayon sa grupo. “Ang dapat na pokus ay ang pagbabawas ng pinsala sa pamamagitan ng pagtigil ng lahat ng reklamasyon sa Manila Bay at pagpapataw ng moratoryum sa bagong mga proyekto.”

Ayon sa grupo, wawasakin ng Aerotropolis ang mayamang biodiversity sa lugar na sasaklawin nito at lampas pa. Nasa inisyal na dregding at reklamasyon pa lamang proyekto pero sinira na ito ang 2,300 ektarya ng mga bakawan, na nagdulot ng pagbagsak ng bilang ng mga ibon sa katubigan at nagwasak sa natural na lugar paitlugan ng mga isda. “Kakailanganin ng di bababa sa 25,000 ektarya ng bagong mga bakawan para matumbasan ang napinsala,” anito.

**[English Translation]**

## Scientists scoff at San Miguel Corporation’s “biodiversity offset site”

Marso 6, 2024

Scientists expressed disdain over the San Miguel Corporation’s announcement to build a biodiversity offset site in Barangay Pamarawan, Malolos City in Bulacan. Agham, a group of scientists, said this is nothing more than “greenwashing” to mask over the company’s widespread environmental destruction.

The so-called Saribuhay sa Dampalit will cover 40 hectares of mangroves to become a “feeding ground” for migrating birds. It has been called a

“biodiversity offset site” to supposedly reduce the major damages caused by a project, but which only aims to cover up the destruction caused by the Aerotropolis (New Manila International Airport) project on the environment and people’s livelihoods. SMC built this along the northern coast of Bulacan where mangroves and fishing grounds are found.

“Saribuhay in Dampalit? Saribuhay as trade-off!” Agham mocked the project. The group says this is part of SMC’s attempt to pass off the Aerotropolis as “sustainable” and not evironementally damaging while disregarding the opposition of scientists and communities due to its adverse impacts to the biodiversity and natural ecology of the area.

“Biodiversity parks like Saribuhay sa Dampalit… should not be a trade-off for the negative impacts of… projects,” according to the group. “The focus should be on minimizing on-going harm by stopping all reclamation in Manila Bay and implementing a moratorium on new developments.”

The group says Aerotropolis will destroy the rich biodiversity in the area it will cover and beyond. Even at the initial dredging and reclamation stage, the project has already destroyed 2,300 hectares of wetlands, have caused water birds to decrease and natural breeding grounds for fish to be destroyed. “It would take 25,000 hectares of new mangrove forests and wetlands to compensate for these damages,” it said.

## Araw ng Kababaihan laban sa charter change

Marso 8, 2024

Nagmartsa ngayong Araw ng Kababaihan, Marso 8, ang mga grupo ng kababaihan sa pangunguna ng Gabriela, at iba't ibang demokratikong organisasyon, para ipahayag ang kanilang pagtutol laban sa charter change (chacha) ng rehimeng Marcos Jr, at para sa karapatan, kabuhayan at kasarinlan. Nagmartsa sila mula sa España Avenue patungo sana sa Mendiola ngunit hinarang ng mga pulis sa kalyeng Morayta pa lamang. Nagsagawa na lamang sila ng programa sa harap ng Far Eastern University sa Morayta.

Sa programa, ipinrisinta ng Gabriela ang isang obra na kumakatawan sa "regalo" ng rehimeng Marcos Jr sa kababaihan na may tatak na chacha. Sa loob ng kahon ay mga ahas na nagsisimbolo ng 100% pag-aari ng dayuhan, dagdag na mga base militar ng US sa bansa, at pagpapalawig ng panunungkulan (term extension) para sa mga upisyal ng estado. Ang kahon ay binalot ng bandila ng US.

"Ang paggawad sa mga dayuhan ng 100% pag-aari sa bansa ay hindi sagot sa maiinit na usaping kinakaharap ng ating bansa," ayon kay Clarice Palce, pangkalahatang kalihim ng Gabriela. Sa gitna ng malawak na pagtutol, ipinasa na noong Marso 6 sa antas komite ng Mababang Kapulungan ang Resolution of Both Houses No. 7, ang panukalang nagtutulak para sa "economic chacha."

“Ang panawagan ng kababaihan ay kabuhayan, karapatan, at kasarinlan, hindi Charter Change para sa dayuhan at iilan,” ani Palce. “Hindi kami mananahimik sa harap ng lantarang pagbabalewala sa pambansang soberanya at kagalingan ng mamamayan.”

Nakirali at nakiindak ang mga kababaihang manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno at Women Workers United. Panawagan nila sa kanilang mga kapwa kababaihang manggagawa na tumindig laban sa chacha at ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan.

Dumalo sa rali ang mga magsasakang kababaihan sa ilalim ng Amihan, gayundin mula sa grupong Bantay Bigas at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Panawagan nila ang lupa, at hindi chacha na magbubuyangyang sa lahat ng klaseng lupa sa pag-aari ng mga dayuhan.

Nakiisa at nakisayaw rin ang Alliance of Concerned Teachers, at ACT Teachers Partylist sa pagkilos. “Sigaw ng mga guro, na mayorya ay kababaihan, na imbis na pagbabago sa Konstitusyon ay dapat asikasuhin ang tumitinding problema sa mababang sahod, kakulangan sa trabaho at lumalalang implasyon,” ayon sa grupo.

Nasa pagkilos rin ang Piston-Women, na ang panawagan ay pagbabalik sa 5-taong prangkisa (at hindi ang pwersahang konsolidasyon sa ilalim ng huwad na programang jeepney modernization), hindi ang chacha.

Samantala, nananawagan ang grupong Kapatid na palayain na ang mga bilanggong pulitikal, kabilang ang mga babaeng detenidong pulitikal. Anito, 164 sa 799 mga bilanggong pulitikal noong Disyembre 31, 2023 ay mga babae.

"Ang matatapang na kababaihang ito ay di makatarungang idiniditine, pinatatahimik sa pamamagitan ng gawa-gawang mga kaso, tanim na mga ebidensya at sinungaling na mga testimonya," ayon sa Kapatid. Kabilang sa kanila ay di makatarungang hinatulang nagkasala, tulad nina Cleofe Magtapon, istap ng National Democratic Front of the Philippines, at Alexandrea Pacalda, dating mamamahayag sa kampus.

Nasa pagkilos rin ang mga myembro ng Kalikasan PNE, Bayan Muna, Migrante, Salinlahi, International League of People's Struggles at marami pang iba.

**[English Translation]**

## Women's Day against charter change

Marso 8, 2024

On Women's Day, March 8, women's groups led by Gabriela, and various democratic organizations, marched to express their opposition against the charter change (chacha) of the Marcos Jr regime, and for the human rights, livelihood and sovereignty. From España Avenue, they planned to march to Mendiola but were stopped by the police at Morayta Street. They held a program in front of the Far Eastern University in Morayta.

In the program, Gabriela presented a protest art representing the “gift” of the Marcos regime to women with the chacha brand. Inside the box are snakes symbolizing 100% foreign ownership, more US military bases in the country, and term extensions for state officials. The box is wrapped in a US flag.

“Awarding foreigners 100% ownership in the country does not answer the hot issues facing our country,” said Clarice Palce, secretary general of Gabriela. Resolution of Both Houses No. 7, the proposal for “economic chacha”, was passed on March 6 at the committee level of the lower house despite widespread opposition.

“Women are demanding livelihood, rights, and independence, not charter change for foreigners and the few,” said Palce. “We will not remain silent in the face of blatant disregard for national sovereignty and the people’s welfare.”

Workers under the Kilusang Mayo Uno and Women Workers United joined the rally and danced. They call on their fellow women workers to stand up against chacha and fight for their rights and welfare.

Peasant women under Amihan, as well as from the Bantay Bigas group and Kilusang Magbubukid ng Pilipinas also attended. They demanded land and rejected chacha which they said will open up all types of land to foreign ownership.

The Alliance of Concerned Teachers, and ACT Teachers Partylist also joined and danced during

the march. “Teachers, the majority of whom are women, are demanding that instead of changing the Constitution, the widespread problem of low wages, unemployment and worsening inflation should be first addressed,” the group said.

The Piston-Women also attended the rally, clamoring for the return of the 5-year franchise (instead of forced consolidation under the bogus jeepney modernization program), not the chacha.

Meanwhile, Kapatid is calling for the release of political prisoners, including female political detainees. It said 164 of the 799 political prisoners as of December 31, 2023 are women.

“These brave women are unjustly detained, silenced through fabricated charges, planted with evidence and false testimonies,” according to Kapatid. Among them are wrongfully convicted prisoners such as Cleofe Magtapon, staff of the National Democratic Front of the Philippines, and Alexandrea Pacalda, former campus journalist.

Members of Kalikasan PNE, Bayan Muna, Migrante, Salinlahi, International League of People’s Struggles and many others were also in the rally.

## Ikatlong anibersaryo ng masaker sa Southern Tagalog, ginunita

Marso 8, 2024

Nagmartsa tungong Department of Justice (DOJ) ang mga grupo sa karapatang-tao at demokratikong organisasyon mula sa Southern

Tagalog noong Marso 7 para iprotesta ang kawalang-hustisya para sa mga biktima ng tinaguriang Bloody Sunday Massacre ng 2021. Tatlong taon na ang nakararaan mula nang koordinadong patayin ng mga sundalo at pulis ang siyam na mga aktibista sa rehiyon.

Ang mga biktima ay sina Emmanuel Asuncion, koordineytor ng Bayan-Cavite; mag-asawang Chai Lemita-Evangelista at Ariel Evangelista ng UMALPAS KA (Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan) sa Batangas; ang dalawang minoryang Dumagat na sina Puroy at Randy dela Cruz; mga aktibista mula sa maralitang komunidad na sina Abner at Edward Esto; at sina Michael Dasigao at Mark Bacasno. Kasabay ng masaker, walong aktibista ang iligal na inaresto.

Noong Enero 2023, ibinasura ng DOJ ang kaso laban sa 17 pulis na nagsagawa ng reyd at pumatay sa walang kalaban-laban na si Asuncion. Noong Marso ng taong iyon, ibinasura rin ng DOJ ang kaso laban sa 17 pulis na pumatay sa mag-asawang Evangelista.

Hindi lamang walang hustisya sa mga biktima, nagpapatuloy rin ang "red-tagging, iligal na pang-aaresto, at ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos, pagbibigay-diin ng mga raliyista.

## [English Translation]

# Human rights groups mark third anniversary of the Bloody Sunday massacre

Marso 8, 2024

Human rights groups and democratic organizations from Southern Tagalog marched to the Department of Justice (DOJ) on March 7 to protest the injustice to the victims of what is known as the Bloody Sunday Massacre of 2021. It has been three years since the coordinated killing of nine activists in the region by soldiers and police.

The victims are Emmanuel Asuncion, Bayan-Cavite coordinator; couple Chai Lemita-Evangelista and Ariel Evangelista of UMALPAS KA (Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan) in Batangas; the two Dumagat minorities, Puroy and Randy dela Cruz; urban poor community activists Abner and Edward Esto; and Michael Dasigao and Mark Bacasno. During the time of the massacre, eight activists were illegally arrested.

In January 2023, the DOJ dismissed the case against the 17 policemen who raided and killed defenseless Asuncion. In March of the same year, the DOJ also dismissed the case against the 17 policemen charged for killing the Evangelista couple.

Not only is there no justice for the victims, “red-tagging, illegal arrests, and extrajudicial killings

persist under the Marcos regime," the rallyists stressed.

## Marcos Jr, napahiya, nagkalat ng kasinungalingan sa Australia

Marso 8, 2024

Napahiya si Ferdinand Marcos Jr sa isang interbyu ni Sarah Ferguson, isang batikang mamamahayag sa Australia, noong Marso 4. Sa naturang interbyu, tinanong siya ni Ferguson kaugnay sa pandarambong ng kanyang pamilya at laganap na paglabag sa mga karapatang-tao sa panahon ng kanyang diktador na ama.

Tinangkang maliitin ni Marcos ang tanong sa pamamagitan ng pagtawa. Dahil dito, tinanong siya ni Ferguson kung "ano ang nakakatawa" sa tanong. Bilang sagot, binaluktot ni Marcos Jr ng kasaysayan sa pagsabing hindi totoo ang mga kaso ng pandarambong laban sa kanilang pamilya, na wala silang dinala nang napalayas sila sa Malacañang noong 1986, at na marami sa mga kasong laban sa kanyang pamilya ay naibasura na.

"Sa Pilipinas, nagagawa ni Marcos Jr na iwasan ang matatalim na tanong kaugnay sa malalalang paglabag sa karapatang-tao at pandarambong sa kaban ng bayan sa ilalim ng brutal na batas militar ng kanyang ama. Ginagamit niya ang kanyang mga utusan sa NTF-Elcac para i-Red-tag, i-terrorist-tag, pagbantaan, iharas at takutin ang kanyang mga kritiko, o di kayay pinapatay, dinidesaparesido o ipinaiilalim niya sa iligal na

pag-aresto at detensyon ang mga ito,” reaksyon ng grupong Karapatan sa naturang interbyu.

Madali lamang pabulaanan ang mga pambabaluktot ni Marcos Jr gamit ang pampublikong dokumento. Kabilang sa mga ito ang mga ulat kaugnay sa tinangay ng kanyang pamilya nang lumipad sila tungong Hawaii sa gitna ng pag-aalsang EDSA. Kabilang dito ang 22 kahon ng cash na nagkakahalaga ng ₱27 milyon, 24 piraso ng ginto, 400 piraso ng alahas, at marami pang iba. Kalakhan ng mga ito ay nabawi na ng estado ng Pilipinas.

“Habang totoong may natalong mga kaso dahil sa kainutilan at korapsyon ng PCGG (Philippine Commission on Good Governance, ang ahensyang binuo para bawiin ang mga ninakaw ng mga Marcos), may mga naipanalo na itong mga kaso (na bumawi) ng pera at ari-arian na nagkakahalaga ng ₱256 bilyon,” ayon sa Karapatan. Mayroon pang mga kasong nakasampa para mabawi ang mga nakaw na yamang nagkakahalaga ng $6 bilyon.

Ayon sa grupo, mahihinuha sa naturang panayam na bigo ang pamilyang Marcos na burahin ang mga bakas ng tiraniko at mapandambong na paghahari ng kanyang ama sa internasyunal na komunidad.

### [English Translation]

## Marcos Jr humiliated for telling lies in Australia

Marso 8, 2024

In an interview conducted by Sarah Ferguson, an veteral journalist in Australia, Ferdinand Marcos Jr was caught telling brazen lies on March 4. In the interview, Ferguson asked him about his family’s plunder and widespread human rights violations during his father’s dictatorship.

Marcos tried to laugh off the questions. In response, Ferguson asked him “what’s so funny” about the question. In response, Marcos Jr distorted history by saying that the plunder charges against their family were false, that they brought nothing with them when they were thrown out of Malacañang in 1986, and that many of the charges against his family had been dismissed.

“In the Philippines, Marcos Jr. is able to avoid sharp questions regarding gross human rights violations and plunder of public coffers under his father’s brutal martial law. He uses his NTF-Elcac minions to red-tag, to tag as terrorists, threaten, harass and intimidate his critics, or else he kills, abducts or subjects them to illegal arrest and detention,” reacted the rights group’s to said interview.

Marcos Jr’s distortions are easily refuted using public documents. These include the reports of the stash their family took when they flew to Hawaii in the middle of the EDSA uprising. Among these are 22 cash boxes containing ₱27 million, 24 pieces of gold, 400 pieces of jewelry, and many others. Most of them have been recovered by the Philippine state.

“While it is true that some cases were lost due to the inefficiency and corruption of the PCGG (Philippine Commission on Good Governance, the agency created to recover what was stolen by the Marcoses), other were won (recovering) money and property worth ₱256 billion,” according to Karapatan. Lawsuits filed are still pending to recover stolen assets worth $6 billion.

According to the group, this interview shows that the Marcos family has failed to erase the traces of his father’s tyrannical and plunderous reign in the international community.

## Kawalang aksyon ng rehimeng Marcos sa epekto ng El Niño, binatikos ng kababaihang magsasaka

Marso 9, 2024

Nagpiket ang Amihan, pambansang pederasyon ng kababaihang magbubukid, sa upisina ng Department of Agriculture sa Quezon City noong Marso 7 para kalampagin ang rehimeng Marcos sa kawalang aksyon nito sa epekto ng El Niño sa masang magsasaka. Giit nila kay Marcos at mga ahensya nito na bigyan sila ng kagyat na alibyo at tulong, laluna ang mga nasiraan ng tanim dahil sa tagtuyot. Binatikos din ng mga magsasaka ang napakataas na tantos ng implasyon sa bansa sa higit na umaagnas sa kanilang kakarampot na kita.

Anang grupo, ilang taon nang panawagan ng mga magsasaka sa buong bansa ang libre at epektibong serbisyong irigasyon sa mga sakahan

ngunit nananatiling walang signipikanteng repormang ipinatupad ang nagdaang mga rehimen. Higit na iindahin ng masang magsasaka ngayong panahon ng tagtuyot ang kapabayaang ito.

“Tanging 67% lamang ng target [ng gubyerno] na paunlaring mga irigasyon ang napatupad nito, maraming mga kanal ang hindi napakikinabangan, iniiba ang gamit at nasira na nang tuluyan,” pagbabahagi ng Amihan.

Higit na ikinadismaya ng grupo ang pakana ng rehimen na sistematikong ginagamit sa industriya at serbisyong pangkuryente ang tubig, at dahil dito ay nababawasan ang para sana sa irigasyon. “Patunay dito ang paulit-ulit na ulat ng lokal na mga masasaka na ang mga kanal ng National Irrigation Agency ay walang dumadaloy na tubig, kaya napipilitan silang gumamit ng mga motor pump at balikatin ang gastos sa petrolyo,” ayon pa sa Amihan.

Sa taya ng National Disaster Risk Reduction and Management Council noong Marso 6, umabot na sa ₱1.05 bilyon ang kabuuang pinsalang idinulot ng tagtuyot dahil sa El Niño. Apektado nito ang may 17,718 ektaryang sakahan na may katumbas na 32,844 metriko toneladang produksyon.

“Sa paggunita sa araw ng kababaihan, dapat panagutin ng kababaihang magsasaka at iba pang mahihirap na sektor ang gubyernong Marcos sa kabiguan nitong paglingkuran ang interes ng bayan, sa mga kontra-mamamayang programa at patakaran nito,” ayon sa grupo. Ginunita noong

Marso 8 ng mga grupo ng kababaihan ang Internasyunal na Araw ng Kababaihang Manggagawa.

### [English Translation]

## Peasant women denounce Marcos regime's inaction amid El Niño

Marso 9, 2024

Amihan, the national federation of agricultural women, picketed before the Department of Agriculture office in Quezon City on March 7 to condemn the Marcos regime for its lack of action on the impact of El Niño on the peasant masses. They demand Marcos and his agencies to provide immediate relief and aid, especially those whose crops were damaged by the drought. Farmers also denounced the country's very high inflation rate which has further eroded their meager income.

The group says, for years, farmers across the country have been demanding for free and effective farm irrigation but previous regimes have failed to implement any significant reform. The masses of farmers will continue to suffer from this neglect during this drought season.

"It has implemented only 67% of the development irrigation target, many canals are inoperable, have been repurposed or permanently damaged," shared Amihan.

The group is more frustrated with the regime's plan to systematically use water for industry and electricity services, resulting in less water supply

for irrigation. “Proof of this is the repeated reports of local farmers that the National Irrigation Agency canals have no flowing water, forcing them to use water pumps and shoulder petrol costs,” according to Amihan.

According to the March 6 estimate of the National Disaster Risk Reduction and Management Council, the total damage caused by the El Niño drought has reached ₱1.05 billion. It affected 17,718 hectares of farms with an equivalent of 32,844 metric tons of production.

“In marking women’s day, peasant women and other poor sectors must hold the Marcos government accountable for failing to serve the people’s interests, its anti-people programs and policies,” according to the group. Women’s groups observed International Working Women’s Day on March 8.

## Pagpapalaya sa Mabinay 6, muling iginiit sa ika-6 taon ng pagkakakulong

Marso 9, 2024

Nanawagan ang Karapatan-Central Visayas at iba pang mga grupo sa karapatang-tao sa rehimeng Marcos na palayain ang Mabinay 6 na ikinulong noong Marso 3, 2018 sa mga kasong kriminal na illegal possession of firearms and explosives. Giit ng Karapatan-Central Visayas, ang mga kasong ito ay pawang panggigipit at gawa-gawa kaya dapat na silang palayain.

Ang Mabinay ay binubuo nina Myles Albasin, Carlo Ybañez, Randel Hermino, Bernard Guillen, Joey Vailoces at Joemar Indico na dinakip sa Mabinay, Negros Oriental.

“Kabilang ang Mabinay 6 sa pinakamatatagal nang nakakulong matapos ang walang mandamyentong pagkakaaresto nila noong 2018. At ang anim na taon ay napakatagal nang panahon para pagkaitan sila ng kanilang kalayaan at batayang mga karapatang-tao,” pahayag ni Dennis Abarientos, tagapagsalita ng Karapatan-Central Visayas.

Naniniwala si Abarientos na napakahalaga na mamayani ang hustisya at dapat kagyat na palayain ang Mabinay 6. “Ang pinatatagal na detensyon sa mga indibidwal na ito nang walang matibay na ebidensya ay malinaw na paglabag sa kanilang mga karapatan,” ayon pa sa kanya.

Pinalalabas ng 62nd IB, yunit na dumampot sa kanila, na naaresto ang mga biktima sa isang armadong engkwentro ng yunit nito sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 2018. Malaon nang pinasubalian at iginigiit ng mga saksi na wala itong katotohanan.

Ang Mabinay 6 ay kabilang sa 154 bilanggong pulitikal sa isla ng Negros, Cebu at Bohol na binubuo ng pawang mga aktibista, magsasaka, mga lider-simbahan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao na sinasampahan ng mga kasong kriminal. Taktika ito ng estado para patahimikin at sindakin ang sinumang naninindigan laban sa mga

paglabag sa karapatan ng mga armadong pwersa ng estado.

## [English Translation]
## Groups demand anew for Mabinay 6 release, on 6th year of detention

Marso 9, 2024

Karapatan-Central Visayas and other human rights groups demanded the Marcos regime to release the Mabinay 6 who were detained on March 3, 2018 on criminal charges of illegal possession of firearms and explosives. Karapatan-Central Visayas said these cases are trumped up and meant to harass, and they should be released.

The Mabinay 6 are Myles Albasin, Carlo Ybañez, Randel Hermino, Bernard Guillen, Joey Vailoces and Joemar Indico who were arrested in Mabinay, Negros Oriental.

“The Mabinay 6 are among those who have been detained the longest after their warrantless arrests in 2018. And six years is a long time to deprive them of their freedom and basic human rights,” said Dennis Abarientos, spokesperson for Karapatan-Central Visayas.

Abarientos believes that it is very important for justice to prevail and that the Mabinay 6 to be released immediately. “The prolonged detention of these individuals without solid evidence is a clear violation of their rights,” he said.

The 62nd IB falsely claimed that they arrested the victims during an armed encounter with the New

People’s Army (NPA) in March 2018. Witnesses contradicted these claims and insisted that it was false.

The Mabinay 6 are among the 154 political prisoners in the islands of Negros, Cebu and Bohol, all of whom are activists, farmers, church leaders and human rights defenders facing criminal charges. This is a tactic used by the state to silence and terrorize anyone who opposes rights abuses by the state’s armed forces.

## Tangkang pangangamkam ng lupa ni Rep. Wilbert Lee, hinarang ng kababaihan ng Save Gubat Bay Movement

Marso 9, 2024

Tinangkang bakuran ng mga tauhan ng LKY Group of Corporations ang komunal na taniman ng mga residente ng Barangay Cota na Daco, Gubat, Sorsogon noong Marso 7, alas-7:00 ng umaga. Ang LKY ay kumpanyang pag-aari ni Wilbert Lee, isang malaking construction contractor at kinatawan ng Agri Partylist sa reaksyunaryong kongreso.

Sa Facebook page ng Save Gubat Bay Movement, inilahad ng organisasyon ang panghaharas sa kanila ng mga tauhan ng LKY habang nagpupumilit na magtayo ng bakod. Iginiit ng mga residente na hintayin muna ang desisyon ng korte bago sila palayasin sa nasabing lugar.

Anang mga residente, kabilang sa mga namilit ang isang Rico Pugnit, isang gwardya ng kumpanya, isang alyas Kwatog, at isa pang lalaking may dalang mga itak at materyales na pambakod.

Kinabukasan, Marso 8, binakuran ng grupo ng kababaihang myembro ng Save Gubat Bay Movement ang parsela ng lupa para harangin ang pangangamkam pero winasak ito ng mga tauhan ng LKY. Pinagbantaan at pinagsisigawan pa ng mga salarin ang kababaihan. Sa takot sa paninindak ng mga maton ni Lee, nahilo si Asuncion Rosal, isang senior citizen.

Ang pinag-aagawang lupa ay bahagi ng baybaying gagawan sana ng kalsada ngunit matagumpay na naharang ng Save Gubat Bay Movement noong 2022. Mahigit dalawandaang pamilya o mahigit isanlibong indibidwal ang nakatira sa naturang lugar. Kasalukuyang dinidinig sa hukuman ang disposisyon ng nasabing lupa.

Anang Save Gubat Bay Movement noong Araw ng Kababaihan, ipinakikita ng pangyayari ang patuloy na panggigipit ng mga nasa kapangyarihan sa mga nanay na ang tanging hangad ay disenteng buhay para sa kanilang pamilya. (***Radyo Bulusan***)

**[English Translation]**

## Save Gubat Bay Movement women block Rep. Wilbert Lee land grabbing attempt

Marso 9, 2024

LKY Group of Corporations personnel attempted to fence the communal garden of the residents of Barangay Cota, Daco, Gubat, Sorsogon on March 7, at 7:00 am. LKY is a company owned by Wilbert Lee, a large construction contractor and representative of the Agri Partylist in the reactionary congress.

The Save Gubat Bay Movement’s Facebook page reported that LKY personnel harassed them while struggling to build a fence. The residents demanded to wait for the court’s decision before evicting them from the said area.

Residents say among those who insisted were one Rico Pugnit, a company guard, one alias Kwatog, and another man who was carrying a machete and fencing materials.

The next day, March 8, a group of women members of the Save Gubat Bay Movement fenced the parcel of land to block the landgrabbing but LKY men destroyed it. The assailants even threatened and shouted at the women. Asuncion Rosal, a senior citizen, fainted in fear of Lee’s thugs.

The contested land is part of the coast where road was supposed to be built but was successfully blocked by the Save Gubat Bay Movement in 2022. More than two hundred families or more than a thousand individuals live in that area. Court currently hear the disposition of said land.

According to the Save Gubat Bay Movement on Women’s Day, the incident shows the continued

pressure of those in power on mothers whose only desire is decent living for their family.

## Bilanggong pulitikal sa Negros, nakalaya matapos ang higit 4 taon

Marso 10, 2024

Higit apat na taon ang makalipas, nakalaya na si Ma. Lindy Perocho sa pagkakapiit sa Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)-Escalante City noong Marso 6 matapos ibasura ang kasong kriminal na isinampa laban sa kanya. Si Perocho, kasapi ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), ay inaresto sa Escalante City noong Nobyembre 1, 2019, isang araw matapos ang magkakasabay na reyd sa mga upisina ng progresibong organisasyon sa Bacolod City. Hindi bababa sa 57 aktibista at organisador ang arbitraryong inaresto sa sabayang reyd na ito na tinaguriang “Negros crackdown.”

Si Perocho ay sinampahan ng mga kasong kriminal kasunod ng paghahalughog ng mga pulis sa kanilang upisina sa bisa ng walang-basehang mandamyento de aresto na inilabas ni Judge Cecilyn Burgos-Villavert ng Regional Trial Court Branch 89 sa Quezon City.

Mayroon siyang sakit sa bato nang maaresto at lumala ito dahil sa pagkakapiit sa kanya. Inaresto kasama niya noon si Imelda Sultan, kasapi rin ng NFSW, na nakakulong pa hanggang sa kasalukuyan.

"Ikinagagalak ng NFSW ang ganitong tagumpay laban sa mga pang-aatake ng estado sa mamamayang nag-oorganisa at lumaban lalo na sa hanay ng mga manggagawa sa tubuhan," ayon sa NFSW-Negros. Ngunit ayon sa grupo, sa kabila ng paunang tagumpay na ito ay higit na nararapat na kundenahin ang iligal na pag-aresto sa dalawang magbubukid at sa iba pang mga bilanggong pulitikal.

"Patuloy din nating ipanawagan ang pagpapalaya kay Sultan at sa iba pang bilanggong pulitikal. Gayundin, dapat na itigil na ang lahat ng porma ng pang-aatake ng estado," dagdag pa nito.

### [English Translation]
## Negros political prisoner, released after 4 years

Marso 10, 2024

After more than four years in detention, Ma. Lindy Perocho was released from the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)-Escalante City last March 6 after criminal charges against her was dismissed. Perocho, a National Federation of Sugar Workers (NFSW) member, was arrested in Escalante City on November 1, 2019, a day after the simultaneous raid on the offices of progressive organizations in Bacolod City. At least 57 activists and organizers were arbitrarily arrested during this simultaneous raid dubbed the "Negros crackdown."

Perocho was charged after the police raided their office using a defective arrest warrant issued by

Judge Cecilyn Burgos-Villavert of the Regional Trial Court Branch 89 in Quezon City.

She was suffering from kidney disease when arrested and detention aggravated her conditions. Arrested with her was Imelda Sultan, also an NFSW member, who is still in prison.

“The NFSW celebrates this victory against the state’s attacks on the people who organize and struggle especially the sugarcane workers,” said the NFSW-Negros. But the group said that despite this initial victory, they must condemn the illegal arrest of two farmers and other political prisoners.

“Let us also continue to call for the release of Sultan and other political prisoners. Likewise, all forms of state aggression must be stopped,” it added.

## Nagpepetisyong mga manggagawa ng Dong-In sa Bataan, sinuspinde ng kumpanya

Marso 10, 2024

Sinuspinde nang 15-30 araw ang mga manggagawa ng Dong-In Scout Manufacturing Industrial Incorporated (SMII), pagawaan sa Freeport Area of Bataan sa Mariveles, Bataan, noong nakaraang Pebrero matapos silang magpapirma at magpaikot ng isang papel na naglalaman ng kanilang mga kahingian.

Laman ng petisyon ng mga manggagawa ang mungkahi sa Labor Management Committee (LMC) na magsagawa ng isang pangkalahatang

asembliya at pag-usapan ang eleksyon ng mga upisyal, pagtutulungan, at kalagayang pampinansya (transparency) ng mga kasapi ng LMC. Sa halip na dinggin ng kumpanya ang kanilang mga karaingan, pinatawan sila ng arbitraryong suspensyon.

Ang Dong-In Scout Manufacturing Industrial Incorporated ay isa sa siyam na kumpanya ng Dong-In Entech Korea sa Pilipinas na gumagawa ng bag at tent na iniluluwas sa iba't ibang panig ng daigdig.

Nagpaabot ng pakikiisa ang Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) sa hanay ng mga manggagawa ng SMII noong Marso 5. Anang grupo sa kanilang pahayag, "iligal at mapanupil ang ganting-salakay ng SMII sa mga manggagawa."

Naninindigan ang NMFAB na hindi mali ang kagustuhan ng mga manggagawa para sa isang pangkalahatang pulong laluna at noong Hunyo 2022 pa ito huling inilunsad. "Makatwiran din ito dahil sangkot sa pag-uusapan ang ilang mga paglilinaw sa pondo na pinagpagurang bunuin ng mga manggagawa. Karapatan ng sinuman ang usisain ang lahat ng bagay na nakakaapekto sa kanyang arawang pamumuhay," giit nito.

Inilantad din umano ng naturang insidente na hindi makatao at kontra-manggagawa ang ipinagmamalaking LMC sa Dong-In Group of Companies. Ang LMC ang tumatayong "daluyan ng dayalogo" sa pagitan ng mga manggagawa at

ng kapitalista dahil sa pagbabawal nitong magtayo ng unyon.

"Walang dapat asahan ang mga manggagawa ng Dong-In na ipagtatanggol tayo ng LMC sapagkat ang komiteng ito ay itinayo para pangalagaan ang interes ng kapitalista. Wala silang ibang iniisip kundi ang tubo na malilikha sa bawat paghihirap at pagsasakripisyo natin sa paggawa," ayon sa NMFAB.

Naniniwala ang NMFAB na pinagtitibay ng ganitong mga panggigipit at pagsasamantala sa mga manggagawa ang mahalagang pangangailangan na magtayo ng unyon bilang tunay na kakatawan at maninindigan para sa kapakanan ng mga manggagwa. "Kung wala ito, hindi kailanman magagawa ng manggagawa na umalpas sa pagsasamantala ng mga kapitalista," pagdidiin ng NMFAB.

### [English Translation]
## Company suspends Dong-In workers in Bataan

Marso 10, 2024

Workers of Dong-In Scout Manufacturing Industrial Incorporated (SMII), a factory located at the Freeport Area of Bataan in Mariveles, Bataan, were suspended for 15-30 days last February after they signed and circulated a petition with their demands.

The workers' petition include a proposal to the Labor Management Committee (LMC) to hold a

general assembly and discuss the election of officers, cooperation, and financial status (transparency) of LMC members. Instead of addressing their grievances, the company arbitrarily suspended them.

Dong-In Scout Manufacturing Industrial Incorporated is one of the nine companies of Dong-In Entech Korea in the Philippines which produces bags and tents for export to various parts of the world.

The Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) extended solidarity with the SMII workers on March 5. In its statement, the group said, “SMII’s retaliatory attack on workers is illegal and repressive.”

The NMFAB asserts that the workers’ desire for a general meeting is not wrong when it was last launched in June 2022. “It is also reasonable because it is about clarifying about the funds which workers have struggled for. It is everyone’s right to inquire about everything that affects their daily lives,” he stressed.

The incident also exposed the inhumane and anti-worker nature of the LMC, an initiative which the Dong-In Group of Companies boasts of. With the ban against unions, the LMC supposedly serves as a “dialogue channel” between the workers and capitalist.

“Dong-In workers should not expect the LMC will defend us as this committee was set up to protect the capitalist interests. They think of nothing but

how to make profit from every hardship and sacrifice we make as laborers," the NMFAB said.

NMFAB believes that this repression and exploitation of workers stresses the importance of building a union as genuine representatives of workers who will stand for their welfare. "Without it, workers will never effectively fight capitalist exploitation," NMFAB stressed.

## 10th ID, walang patumanggang nanganyon sa Bukidnon

Marso 11, 2024

Muling nanganyon ang mga tropa ng 10th ID sa Valencia City, Bukidnon kahapon, Marso 10, alas-10 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon. Hindi bababa sa 18 beses nagpakawala ng bomba ang mga pwersa ng AFP gamit ang mga 105 howitzer na nakapwesto sa Sityo Bulakaw, Barangay Concepcion sa naturang syudad.

Inilinaw ng Bagong Hukbong Bayan sa prubinsya na walang naganap na engkwentro sa pagitan ng mga yunit nito at ng AFP sa lugar sa panahong iyon.

"Walang malinaw na direksyon ang panganganyon," pahayag ni Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB sa North Central Mindanao. Aniya, tulad sa nakaraang mga panganganyon at pambobomba, layunin lamang nito na takutin ang mamamayan na patuloy na sumusuporta sa hukbong bayan.

“Karugtong pa ang mga teroristang pang-aatake na ito ng mga pasista sa kanilang focused military operation sa mga larangang gerilya sa Bukidnon upang hawanin ang daan para sa mga minahan at ekspansyon ng mga plantasyon ng mga multinasyunal sa San Fernando, Quezon at Valencia City sa Bukidnon at kanugnog nitong mga prubinsya,” ani Ka Malem.

Nitong Marso, muling nag-anunsyo ang AFP ng “dedlayn” para gapiin ang mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya sa katapusan ng Marso, ang lahat ng “bertikal na yunit” ng hukbo sa katapusan ng Hunyo at ang buong BHB sa katapusan ng 2024. Inianunsyo ang bagong taning na dalawang buwan matapos ang huling “dedlayn” ng paggapi sa rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2023, at halos taun-taon bago nito.

### [English Translation]
## 10th ID indiscriminately shells Bukidnon

Marso 11, 2024

Troops of the 10th ID again fired artillery bombs in Valencia City, Bukidnon yesterday, March 10, from 10 a.m. to 2 p.m. The AFP fired at least 18 bombs using 105 howitzers stationed in Sityo Bulakaw, Barangay Concepcion in the said city.

The New People’s Army in the province said there was no encounter between the AFP in the area during that time.

“The AFP fired at all directions,” said Ka Malem Mabini, NPA spokesperson in North Central Mindanao. He said, as in previous shellings and bombings, its only purpose is to terrorize the people who persevere to support the people’s army.

“These fascists terrorist attacks are part of their focused military operation against the guerrilla fronts in Bukidnon to clear the way for the mines and expansion of multinational plantations in San Fernando, Quezon and Valencia City in Bukidnon and these provinces,” said Ka Malem.

This March, the AFP again announced a “deadline” to defeat NPA units in guerrilla areas by the end of March, all “vertical units” of the army by the end of June and the entire NPA by the end of 2024. The new time limit was announced two months after the last “deadline” of defeating the revolutionary movement at the end of 2023, and almost every year before that.

## Deportasyon sa aktibista mula Netherlands, kinundena

Marso 12, 2024

Arbitraryong ipiniit at sapilitang pinabalik sa The Netherlands ang Pilipinong aktibista na si Marikit Saturay nang bumisita siya sa Pilipinas noong Marso 7. Tatlong gabi siyang ipiniit ng Bureau of Immigration (BI) sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) bago sapilitang pinabalik sa The Netherlands. Hindi pinapasok sa bansa si Saturay dahil nasa “blacklist order” siyang BI dulot ng

kanyang paglahok sa mga “anti-gubyernong mga aktibidad.” Si Saturay ay kasapi ng Migrante-Netherlands at organisador ng kabataang migrante sa Europe. Kilala din siyang kompositor at mang-aawit sa komunidad ng local hip-hop sa The Netherlands.

Paglapag sa NAIA, tinanong siya ng upisyal sa immigration kung mayroon siyang kaugnayan sa mga “aktibista at komunista.” Inakusahan siyang sangkot sa mga “anti-gubyernong aktibidad.” Nang tumugon si Saturay na siya ay kasapi ng Migrante-Netherlands, hindi na siya pinahintulutang makalampas sa tsekpoynt ng imigrasyon.

Itinuring siyang kriminal at binantayan ng mga upisyal sa imigrasyon nang buong magdamag. Hindi rin siya pinahintulutang makausap ng kanyang mga abugado at maging kanyang mga kaanak. Nagpunta sa Pilipinas si Saturay para bisitahin ang kanyang mga kaanak at kaibigan, laluna ang kanyang lola na nagdiwang ng ika-100 kaarawan noong Marso 10.

Nanirahan sa the Netherlands si Saturay, kasama ang kanyang mga kapatid at ina noong 2006. Sinundan nila ang kanilang ama sa naturang bansa matapos humiling ng pampulitikang asylum doon noong 2003 dahil sa walang tigil na panggigipit ng noo’y rehimeng Arroyo. Ang ama ni Saturay ay aktibistang pangkalikasan at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Mindoro, noo’y pugad ng berdugong si Col. Jovito “The Butcher” Palparan.

Kinundena ng iba’t ibang mga grupong migrante at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao ang aksyong ito ng rehimeng Marcos. Ayon sa Migrante-Netherlands, ang panggigipit na ito ay kadugtong ng padron ng blacklisting at deportasyon ng ahensya sa imigrasyon ng Pilipinas laban sa mga progresibo at aktibista. Anang grupo, lubha itong “mapanganib, walang batayan at mapanupil.”

Matatandaan na katulad na insidente ang nangyari kay Edna Becher, isang Filipina-Swiss na aktibista at tagapangulo ng Anakbayan-Switzerland, nang ginipit at dineport siya nang bumibista sa Pilipinas noong Disyembre 7, 2023. Higit dalawang oras siyang ikinulong bago pinabalik sa Switzerland sa pagdadahilang “blacklisted” siya sa bansa dahil sa kanyang umano’y mga “anti-gubyernong mga aktibidad.”

**[English Translation]**

## Groups condemn deportation of activist from Netherlands

Marso 12, 2024

Filipino activist Marikit Saturay was arbitrarily detained and forcibly deported to The Netherlands when she visited the Philippines on March 7. The Bureau of Immigration (BI) detained her for three nights at the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) before forcibly deporting her to The Netherlands. Saturay was not allowed to enter the country because she was on the NBI’s “blacklist order” due to her participation in “anti-government activities.” Saturay is a member of

Migrante-Netherlands and organizer of migrant youth in Europe. She is also a well-known composer and singer in the local hip-hop community in The Netherlands.

Upon landing at NAIA, the immigration officer asked her if she had any ties to “activists and communists.” She was accused of being involved in “anti-government activities.” When Saturay replied that she was a member of Migrante-Netherlands, she was not allowed to pass the immigration checkpoint.

She was considered a criminal and was watched by immigration officials throughout the night. Her lawyers and even relatives were not allowed to talk to her. Saturay went to the Philippines to visit her relatives and friends, especially his grandmother who celebrated her 100th birthday on March 10.

Saturay settled in the Netherlands, along with her siblings and mother in 2006. They followed their father to that country after requesting political asylum there in 2003 due to relentless pressure from the then Arroyo regime. Saturay’s father was an environmental activist and human rights defender in Mindoro, then under the fascist Col. Jovito “The Butcher” Palparan.

Various migrant groups and human rights defenders have condemned this action by the Marcos regime. According to Migrante-Netherlands, this intimidation is in line with the Philippine immigration agency’s policy of blacklisting and deporting progressives and

activists. The group says this is extremely "dangerous, baseless and repressive."

It can be recalled that a similar incident happened to Edna Becher, a Filipina-Swiss activist and chairperson of Anakbayan-Switzerland, who was harassed and deported when visiting the Philippines on December 7, 2023. She was detained for more than two hours before being sent back to Switzerland on claims that she was "blacklisted" in the country because of her alleged "anti-government activities."

## Kasong arson laban sa direktor at 3 pa, ibinasura

Marso 12, 2024

Nakalaya na si Jade Castro, ang direktor ng independyenteng mga pelikula, at tatlo pa matapos ibasura ng Catanauan Regional Trial Court (RTC) Branch 96 ang kasong arson na isinampa laban sa kanila ng mga pulis. Lumabas sila ng kulungan kahapon nang gabi, Marso 11, matapos ang 40 araw ng di makatarungang pagkakabilanggo.

Sina Castro, kasama sina Ernesto Orcine, Noel Mariano, at Dominic Ramos, ay inakusahang nangsunog ng isang "modern jeep" sa Gumaca, Quezon sa Southern Tagalog noong Enero 31. Inaresto sila nang walang mandyamento noong Pebrero 1. Itinuloy ng ang pagkakaso sa kanila sa kabila ng maraming saksi na nagpatunay na nasa bayan sila ng Mulanay sa panahon ng panunuog.

Kinatigan ng korte ang isinampang mosyon ng mga abugado ni Castro na ibasura ang kaso sa batayang invalid o walambisa ang kanilang pagkaka-aresto.

Ayon sa abugado ng apat, hindi napatunayan ng mga pulis na may personal silang kaalaman na sina Castro ang gumawa ng krimen, at kulang din ang impormasyong ibinigay ng mga testigong nagturo sa kanila. Hindi rin naging kapani-paniwala ang pagdadahilan ng pulis na nasa "hot pursuit" sila sa mga "suspek" dahil walang ipinakitang kaduda-dudang kilos sina Castro at kanyang mga kasama nang sila ay arestuhin.

Ikinagalak ng mga kapamilya, kasama sa industriya ng pelikula, mga progresibong organisayon sa sining, at maraming tagasuporta ang paglaya ng apat.

Sa press conference na isinagawa nina Castro, kasama ang kanilang mga abugado, inilinaw nilang hindi "isolated case" ang ginawang iligal na pag-aresto, pagsampa ng gawa-gawang kaso at detensyon sa kanila, kundi bahagi ito ng kawalang pakundangan ng mga pwersa ng estado at inhustisya sa lipunan.

"Ang mga di makatarungang pang-aaresto at detensyon ng mga alagad ng sining, aktibista at iba pang mamamayan ay salamin sa tumitinding state of impunity at kawalang paggalang sa karapatang-tao sa ating bansa," pahayag ng Concerned Artists of the Philippines.

## [English Translation]
# Court dismisses arson case against director and 3 others

Marso 12, 2024

Jade Castro, director of independent films, and three others were released after the Catanauan Regional Trial Court (RTC) Branch 96 dismissed the arson case filed against them by the police. They came out of jail yesterday evening, March 11, after 40 days of unjust imprisonment.

Castro, along with Ernesto Orcine, Noel Mariano, and Dominic Ramos, were accused of setting a "modern jeep" on fire in Gumaca, Quezon in Southern Tagalog on January 31. They were arrested without a warrant on February 1. Charges against them were pursued despite a number of witnesses confirming they were in Mulanay town during the incident.

The court upheld the motion filed by Castro's lawyers to dismiss the case on the grounds that their arrest was invalid.

The lawyer of the four said the police failed to prove that they had personal knowledge about Castro committing the crime, and the information provided by the witnesses who identified them was also insufficient. The police's excuse that they were in "hot pursuit" of the "suspects" was also not credible because Castro and his companions did not show any suspicious behavior when they were arrested.

Family members, people in the film industry, progressive arts organizations, and many supporters cheered the release of the four.

In the press conference held by Castro with their lawyers, they made it clear that the illegal arrest, filing of fabricated charges and detention against them was not an "isolated case", but part of the coldbloodedness and social injustice of state forces.

"The unjust arrest and detention of artists, activists and other citizens are a reflection of the worsening state of impunity and utter disregard for human rights in our country," the Concerned Artists of the Philippines said.

## Naaksidenteng manggagawa ng Profood sa Mandaue City, hindi tinulungan ng kumpanya

Marso 12, 2024

"Kontrakwal siya," pagdadahilan ng kumpanyang Profood International Corporation kung bakit hindi nito tinutulungan ang naaksidenteng manggagawa sa Mandaue Plant nito sa Barangay Maguikay, Mandaue City, Cebu. Naaksidente si Isidro Rosell, 62, noon pang Pebrero 20. Kinundena ng grupong ALSA Kontraktwal-Cebu ang kasakiman ng kumpanya at ang paglabag nito sa Occupational Safety and Health Standards (OSHS).

Nahulog si Rosell sa trak na kanyang kinakargahan ng cocoshells na hinahakot mula sa

pabrika. Kaagad siyang tinulungan ng mga kapwa manggagawa at dinala sa ospital para gamutin. Matapos ang CT Scan, napag-alaman na mayroon siyang blood clot sa utak.

Ayon sa ALSA Kontraktwal-Cebu, tanging ang CT Scan ang sinagot na gastos ng kumpanya. “Mula nang maaksidente hanggang sa ngayon, nahihirapan siyang magsalita, bumangon, parating tulala, at walang ganang kumain,” ayon sa grupo.

Lantarang tinanggihan ng Profood na sagutin ang gastusin ni Rosell dahil kontraktwal lamang siya sa naturang pabrika sa kabila ng 18 taon na niyang pagtatrabaho bilang kargador nito. Hindi rin siya tinulungan ng ahensya na kumontrata sa kanya sa pagawaan dahil nagtatrabaho siya sa ilalim ng sistemang “pakyaw.”

Samantala, tanging “inspeksyon” sa kumpanya ang ipinangako ng Department of Labor and Employment-7 sa mga kaanak ni Rosell na dumulog sa ahensya noong Marso 1. Umaasa ang pamilya na kagyat na tugunan ng DOLE Region 7 at kilalanin ang istatus ni Rosell bilang manggagawa sa pabrika.

Si Rosell ay nagsimulang magtrabaho sa pabrika noong Oktubre 12, 2006. Ni minsan ay hindi siya nakatanggap ng benepisyong 13th month pay, service incentive leave, SSS, PAG-IBIG, at PhilHealth, bilang kontraktwal na manggagawa dito.

Ayon sa ALSA Kontraktwal-Cebu, inutusan at tinakot pa ang mga manggagawa ng pabrika na huwag ipagkalat at manahimik sila kaugnay ng aksidente. Hindi na bago ang ganitong insidente sa kanilang pabrika dahil marami nang katulad na pangyayari sa nakaraan, ayon sa mga manggagawa.

Ang Profood International Corporatyon ay kilalang gumagawa ng mga produktong pinatuyong pagkain tulad ng dried mango, coconut, pineapple at iba pa. Pag-aari ang kumpanya ni Justin S. Uy at kasalukuyang maroong 15 pabrika sa buong bansa.

“Dapat panagutin ang Profood International Corporation sa kanilang pagpapabaya at paglabag,” ayon sa ALSA Kontraktwal-Cebu. Giit nilang kilalanin bilang regular na manggagawa si Rosell at ang kapwa pa niyang mga kontraktwal na deka-dekada nang nagtatrabaho sa pabrika. Dapat ding ipagkaloob sa kanila, ayon sa grupo, ang seguridad sa trabaho, nakabubuhay na sahod, benepisyo, ligtas at makataong lugar sa paggawa, karapatang mag-unyon at iba pa.

### [English Translation]

## Profood refused help to injured worker in Mandaue City

Marso 12, 2024

“He is a contractual,” as company Profood International Corporation justifies its denial to help its injured worker at its Mandaue Plant in Barangay Maguikay, Mandaue City, Cebu. Isidro

Rosell, 62, had an accident on February 20. The ALSA Kontraktwal-Cebu group condemned the company’s greed and violation of Occupational Safety and Health Standards (OSHS).

Rosell fell off the truck when loading cocoshells from the factory. Fellow workers immediately helped and took him to a hospital for treatment. The CT Scan showed he had a blood clot in the brain.

According to ALSA Kontraktwal-Cebu, the company spent only for the CT Scan. “Since the accident, he has had difficulty in speaking, getting up, seems distant, and has no appetite,” according to the group.

Profood blatantly refused to cover Rosell’s expenses because he is only a contractual in the said factory despite having worked as its stevedore for 18 years. The agency that contracted him at the factory also refused help because he was working under the “pakyaw” system (paid by the workload).

Meanwhile, the Department of Labor and Employment-7’s “inspection” of the company was the only promise it made to Rosell’s relatives who came the agency on March 1. The family hopes that DOLE Region 7 will respond immediately and recognize Rosell’s status as a workers of the factory.

Rosell started working at the factory on October 12, 2006. As a contractual worker, he never once

received the benefits of 13th month pay, service incentive leave, SSS, PAG-IBIG, and PhilHealth.

According to ALSA Kontraktwal-Cebu, factory workers were ordered and even threatened not to spread word and to keep silent regarding the accident. This kind of incident is not the first in their factory since there have been many similar incidents in the past, according to workers.

Profood International Corporation is known for producing dried food products such as dried mango, coconut, pineapple and others. The company is owned by Justin S. Uy and currently has 15 factories nationwide.

"Profood International Corporation should be held accountable for their negligence and violation," according to ALSA Kontraktwal-Cebu. They demand that Rosell and his other contractual co-workers toiling at the factory for decades be recognized as regular workers. They should also be granted, according to the group, job security, living wages, benefits, safe and humane workplaces, the right to unionize and so on.

## Pito, nasugatan sa demolisyon sa Sityo Balubad

Marso 12, 2024

Pitong residente ng Sityo Balubad sa Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga ang nasugatan ngayong araw, Marso 12, sa walang-patumanggang pamamaril ng mga pulis kasabay ng pagbuwag sa barikada ng mga residente ng

may 500 pinagsanib na mga pulis at maton ng Clark Hills Properties Corporation. Apektado ng planong demolisyon ang mahigit 500 kabahayan sa 72-ektaryang lupang kinakamkam ng naturang kumpanya. Tinatayang 2,000 residente ang biktima ng pang-aagaw ng lupa.

Marahas na giniba ng mga pwersa ng estado at maton ang bahay na malapit sa barikada at sapilitang pinasok ang mga lagusan ng baryo kasabay ng pambabato ng demolition team sa mga nagbabarikadang residente. Sa harap ng pagtatanggol ng mga residente, nagpaputok ng baril ang mga pulis na nakasugat sa pitong residente sa kanilang mga dibdib at hita.

Kinundena ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson (AMGL) ang mga pwersa ng estado paggamit ng karahasan ng sa mga residente at ang demolisyon. “Ang pamamaril na ginawa ng mga pulis, SWAT at security guards ay manipestasyon na hindi nila ginagampanan ang makapagpanatili ng peace and order kundi mas pagtatanggol sa mayayamang nangangamkam ng lupa!” pahayag pa ng grupo.

Naiulat din ang panggigipit at panghaharas ng mga kabilang sa demolition team sa mga mamamahayag at midya na nasa lugar para ibalita ang insidente. Kabilang dito si Rowena “Weng” Quejada na tagapagbalita ng K5 News Olongapo FM na dinampot ng armadong lalaki at ipinailalim sa interogasyon. Ayon sa mga ulat, tinutukan siya ng baril at pinagbawalang magbidyo. Tinawag na “demonyo” ang midya na nasa lugar na nag-uulat sa nagaganap na pangangamkam ng lupa. Tinakot

din mga armadong pwersa ang tagapag-ulat ng Rappler na si Joann Manabat.

Kinundena ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang panggigipit at karahasang ito sa midya. Dagdag ito sa humahabang listahan ng pagtapak sa kalayaan sa pamamahayag sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Itinayo ng mga residente ng Sityo Balubad ang isang barikada laban sa demolisyong noong Oktubre 2023. Dalawang beses na binigo ng pagkakaisa at paglaban ng mga residente ang tangkang demolisyon noong Oktubre 2023 at Pebrero ngayong taon.

Ang lupa ay pag-aari ng mga residente at mayroon silang mga certificate of land ownership award (CLOA) at resibo ng buong kabayaran nito sa Landbank of the Philippines. Pinangangambahan ding maapektuhan ng pangangamkam at demolisyon ang katabing mga barangay ng Cuayan at Sapangbato.

Samantala, ayon sa AMGL, ang sitwasyon sa Sityo Balubad ay katulad sa iba pang bahagi ng rehiyon. Bahagi umano ito ng mga agresibong proyektong “pangkaunlaran” sa buong prubinsya ng Pampanga at maging sa Central Luzon na para lamang sa ganansya ng iilan. Bahagi ito ng grandyosong planong Greater Capital Region na inilalako ng mga negosyante at mayayaman, paliwanag ng grupo.

**[English Translation]**

# Police injures seven in violent Pampanga demolition

Marso 12, 2024

Seven residents of Sitio Balubad, Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga were injured today, March 12, as shots were indiscriminately fired as 500 police personnel along with thugs of Clark Hills Properties Corporation dismantled a barricade set up by local residents. More than 500 households are affected by the demolition plan in the 72-hectare land being seized by the said company. An estimated 2,000 residents are victims of land grabbing.

State forces and thugs violently demolished houses near the barricade and forced their way into the village entry as demolition teams threw stones at the resisting residents. Confronted by resistance, In the the police opened fire, hitting seven residents in their bodies and legs.

The Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson (AMGL) condemned the state forces' use of violence against residents and in the demolition. “The shooting done by the police, SWAT and security guards is a manifestation that they do not play the role of maintaining peace and order but instead defend the rich land grabbers!” the group stated.

It was also reported that members of the demolition team intimidated and harassed journalists and reporters covering the demolition.

Rowena “Weng” Quejada, a reporter of K5 News Olongapo FM was accosted by an armed man and subjected to interrogation. She was told not to take videos as a gun was pointed at her. Local media doing stories about the land grabbing were called “demons.” Armed men also threatened Rappler reporter Joann Manabat.

The National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) condemned this harassment and violence against the media. This adds to the long list of press freedom violations under the Marcos regime.

Residents of Sitio Balubad first set up their barricades in October 2023 amid threats of demolition. With unity and resistance, they successfully thwarted demolition attempts that month, and again in February this year.

Residents own the land and have certificates of land ownership award (CLOA) and receipts of full payment to the Landbank of the Philippines. Adjacent barangays of Cuayan and Sapangbato also fear that they will also become victims of landgrabbing and demolitions.

Meanwhile, AMGL says the situation in Sitio Balubad is similar to other parts of the region. They explained that this is part of the aggressive “development” projects in the entire province of Pampanga and even in Central Luzon where only a few benefit. The group said this is part of the grandiose Greater Capital Region plan being peddled by businessmen and the wealthy.

## Serye ng sunog sa Cavite, pinaiimbestigahan ng mga mamalakaya at maralitang-lunsod

Marso 12, 2024

Pinaiimbestigahan ng grupong Pamalakaya at Kadamay ang magkakasunod na sunog sa mga maralitang komunidad sa mga baybayin ng Cavite noong Pebrero. Naniniwala ang dalawang grupo na sadya ang mga panununog na ito at may kinalaman sa mga pagtatangka na palayasin ang mga maralita sa kanilang mga paninirahan.

Hindi bababa sa limang sunog sa apat na barangay sa Bacoor City at Kawit ang sumiklab mula Pebrero 8 hanggang 27. Ang mga sunog na ito ay naganap sa Barangay Aniban II (Pebrero 8), Barangay Pulvorista (Pebrero 9), Barangay Niog I (Pebrero 19 at Pebrero 17) at Barangay Talaba VII (Pebrero 17). Hindi bababa sa 313 pamilya ang nasunugan.

"Matagal nang napatunayan na ang pagsunog sa isang komunidad ang isa sa pinakamadali at epektibong paraan para idemolis ang isang buong komunidad para bigyan-daan ang mga proyektong para sa agresibong komersyo," pahayag ni Aries Solenad, pangkalahatang kalihim ng Pamalakaya-Cavite.

Ayon sa dalawang grupo, mayroong nakaambang mga proyektong imprastrukuta at reklamasyon sa mga komunidad na tinupok at maaaring taktika ang mga sunog para palayasin ang mga residente rito.

“Gusto naming paimbestigahan ang maitim na iskemang ito at papanagutin ang mastermind nito,” anila.

## [English Translation]
## Fisherfolk and urban poor demand investigation on series of fires in Cavite

Marso 12, 2024

The Pamalakaya and Kadamay groups called for an investigation into the consecutive fires that hit poor communities along the coasts of Cavite in February. Both groups believe that these blazes were deliberately set off and involves attempts to evict the poor from their settlements.

At least five fires in four barangays in Bacoor City and Kawit broke out from February 8 to 27. These occurred in Barangay Aniban II (February 8), Barangay Pulvorista (February 9), Barangay Niog I (February 19 and February 17) and Barangay Talaba VII (February 17). At least 313 families were affected.

“It has long been proven that burning down a community is one of the easiest and most effective ways to demolish an entire community to pave the way for aggressive commercial projects,” said Aries Solenad, Pamalakaya-Cavite general secretary.

The two groups say there are pending infrastructure and reclamation projects in the

communities that were burned and the fires may be a tactic to evict residents.

“We want this dark scheme to be investigation and its mastermind be held accountable,” they said.

## 2 tropa ng AFP sa Abra, napatay sa mga engkwentro laban sa BHB

Marso 13, 2024

Dalawang pasistang tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay sa dalawang magkahiwalay na engkwentro sa pagitan ng mga yunit nito at mga yunit ng Bagong Hubkbong Bayan (BHB)-Abra (Agustin Begnalen Command) noong huling linggo ng Pebrero.

Noong Pebrero 23, aktibong nagdepensa ang BHB-Abra laban sa nag-ooperasyong tropa ng 50th IB sa pagitan ng Barangay Naguilian, Sallapadan at Barangay Abang, Bucay. Isang sundalo ang napatay sa labanan.

Noong Pebrero 27, nakasagupa din ng BHB ang yunit ng 24th IB na nasa pagitan ng Barangay Bazar at Ud-uddiao, Sallapadan. Napaslang sa labanang ito ang isang sundalo.

Itinago ng mga sundalo sa parehong insidente ang kaswalti sa kanilang hanay. Malaon nang inirereklamo ng mga taga-Abra ang walang tigil na mga operasyong kombat ng AFP sa kanilang lugar na labis na nakapipinsala sa kanilang buhay at kabuhayan.

**[English Translation]**

## 2 AFP troops in Abra, killed in clashes with NPA

Marso 13, 2024

Two fascist troops of the Armed Forces of the Philippines (AFP) were killed in two separate encounters between its units and forces of the New People’s Army (NPA)-Abra (Agustin Begnalen Command) during the last week of February.

On February 23, NPA-Abra actively defended against 50th IB troops operating between Barangay Naguilian, Sallapadan and Barangay Abang, Bucay. A soldier was killed in the battle.

On February 27, the NPA also encountered a 24th IB unit between Barangay Bazar and Ud-uddiao, Sallapadan. A soldier was killed in this battle.

The AFP concealed their casualties in both both incidents. The people of Abra have long been complaining about the relentless combat operations of the AFP in their area, which cause great harm on their lives and livelihoods.

## Mga komunidad sa Abra, walang patumanggang binomba ng AFP

Marso 13, 2024

Hindi bababa sa 22 bomba ang inihulog ng mga drone at helikopter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga komunidad sa Abra sa loob lamang ng tatlong araw mula Pebrero 25 hanggang Pebrero 27. Sinundan ito ng

panganganyon at pang-iistraping ng mga sundalo na tumama malapit sa mga palaisdaan, pastuhan at taniman ng mga residente.

Ayon sa mga sundalo at pulis, isinagawa nito ang pambobomba kasunod ng sinasabi nitong isang engkwentro laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra. Binomba ng AFP ang hangganan ng Barangay Bazar, Sallapadan at Barangay Bulbulala, Licuan-Baay noong Pebrero 25 at 26.

Sa impormasyon ng BHB-Abra, gumamit ang AFP ng dalawang drone, dalawang attack helicopter at 105 howitzer. Sinimulan nito ang pambobomba noong madaling araw ng Pebrero 25 kung saan hindi bababa sa 10 bomba ang inihulog at libu-libong bala ng kalibre .50 ang inubos sa pagraratrat ng masinggan. Apat na bala ng kanyon din ang pinakawalan ng mga howitzer.

Noong Pebrero 27, 12 bomba ang inihulog ng mga attack helicopter ng AFP. Bukod dito, ilang gabing nagambala ang mamamayan sa tunog ng mga helikopter at drone na nagpaikut-ikot sa nasabing lugar.

Para pigilan ang mamamayan na isiwalat ang katotohanan sa pambobomba, pinagbawalan ng AFP na papasukin ang sinuman, kahit ang lokal na pulis sa erya na kanilang binomba.

Labis ang galit at reklamo ng mga residente sa kampanyang pambobomba ng AFP na kanilang ipinabatid sa mga mensaheng ipinadala sa lokal na istasyon ng radyo. Iginiit nila sa mga text na itigil na ang operasyon ng berdugong militar,

lalo’t hinahabol ng mamamayan ang pagtatanim ng palay.

Kakambal ang pinatinding operasyong militar ng ekplorasyon para sa pagmimina ng tanso sa Abra. Nakahimpil mula pa Enero ang AFP sa Barangay Ud-uddiao, Sallapadan na nagsisilbing pwersang panseguridad ng mga tauhan ng isang kumpanyang naghahanap ng miminahing tanso sa prubinsya. Umikot ang mga tauhan ng kumpanya sa mga ilog at bulubundukin ng Barangay Ud-uddiao at Bazar upang kumuha ng mga sampol ng lupa at tubig. Nagpalipad sila ng drone hanggang katabing bayan ng Daguioman.

**[English Translation]**

## AFP indiscriminately bombs Abra communities

Marso 13, 2024

Using drones and helicopters, the Armed Forces of the Philippines (AFP) dropped at least 22 bombs on Abra communities in just three days from February 25 to February 27. Soldiers then strafed and shelled the area hitting fishponds, grazing land and crops.

Soldiers and police say it carried out the bombing following what it claim was an encounter with the New People’s Army (NPA)-Abra. The AFP bombarded the area between Barangay Bazar, Sallapadan and Barangay Bulbulala, Licuan-Baay on February 25 and 26.

The NPA-Abra said the AFP used two drones, two attack helicopters and 105 howitzers. It started the bombing during the early hours of February 25 dropping at least 10 bombs and firing thousands of .50 caliber rounds. Howitzers were also used to fire four shells.

On February 27, AFP attack helicopters dropped 12 bombs. Helicopters and drones that circled above the area disturbed residents for several nights.

To prevent the residents from revealing the truth about the bombing, the AFP prohibited anyone, even the local police, from entering the bombed area.

Residents expressed their indignation and complaints about the AFP bombing campaign in messages sent to the local radio station. In their text messages, they called for a stop to the military operations, especially since the people are scheduled to plant rice.

The intensified military operation accompanies the exploration for copper mining in Abra. Since January, the AFP has been encamped in Barangay Ud-uddiao, Sallapadan serving as a security force for the personnel of a company exploring for copper in the province. Company personnel have been seen in rivers and mountain ranges of Barangay Ud-uddiao and Bazar, taking take soil and water samples. They flew a drone to the neighboring town of Daguioman.

## Ahenteng paniktik ng AFP, pinalalabas na naarestong Pulang mandirigma sa Negros Occidental

Marso 14, 2024

Inaresto ng pinagsanib na pwersa ng pulis at militar si Eliseo Velarmia Along sa Hacienda Tresing, Barangay Andres Bonifacio, Cadiz City, Negros Occidental noong hapon ng Marso 9 sa kasong pagpatay. Si Along ay isang ahenteng paniktik ng Armed Forces of the Philippines pero pinalalabas na siya'y myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Negros. Sangkot diumano siya sa isang ambus noong Marso 7, 2011 sa Sityo Aluyan, Barangay Caduhaan, Cadiz City.

Pinasinungalingan ni Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng BHB-North Negros, ang paratang ng militar na iskwad lider ng BHB si Along. Aniya, "hindi aktibong kasapi ng kahit anong yunit ng BHB sa Northern Neros si Along…dati siyang kasapi ng BHB ngunit nag-AWOL (absence without leave) nang halos dalawang taon na ang nakalilipas…at kalaunan ay sumuko sa AFP at nagsilbing ahenteng paniktik nito."

Ayon sa tagapagsalita, isang desperadong hakbang ng 79th IB ang pag-aresto kay Along at pagprisenta sa kanya sa publiko bilang iskwad lider. "Habol lang nila na palabasing nananalo sila."

Dagdag niya, "hindi na kagulat-gulat ang desperasyong ito dahil sa kabiguan nitong durugin

ang maliliit na yunit gerilya [ng BHB] gamit ang napakalaking superyor na pwersang militar na suportado ng mga air asset."

Tulad ng sa ibang pagkakataon, ang pag-aresto kay Along sa bisa ng mandamyentong inilabas ng isang korte sa Cadiz City, ay nagpapamalas ng kawalang katiyakan at kaligtasan para sa mga "nagpapagamit" at "sumurender" na sa militar. Kasalukuyan siyang nakakulong sa istasyon ng pulis sa Cadiz City.

Samantala, itinanggi rin ng BHB-Northern Negros na sa BHB ang mga armas na diumano'y nasamsam at nahukay ng 79th IB sa Barangay Washington, Escalante City noong Marso 11. "Panibagong drama lamang ito ng 79th IB," aniya.

Paliwanag pa niya, wala umanong imbakan ng armas ang yunit ng hukbo sa Northern Negros dahil lahat ng mga armas nito ay tangan ng mga Pulang mandirigma at lokal na pwersang milisya. "Sa katotohanan, kulang nga kami ng armas dahil sa dumaraming bilang ng mga magsasaka at kabataang sumasampa sa hukbo," ayon pa sa kanya.

Ang mga arbitraryong pang-aresto, gawa-gawang mga engkwentro, walang target na pambobomba at panganganyon ng mga yunit militar ay "pagsunod" ng mga ito sa panibagong "dedlayn" ng AFP na gapiin ang armadong kilusan sa katapusan ng Marso, ang mga bertikal na yunit nito sa katapusan ng Hunyo, at ang buong BHB sa katapusan ng 2024. Itinakda ang bagong

“dedlayn” matapos mabigo ang AFP na gapiin ang BHB sa katapusan ng 2023.

## [English Translation]
## State forces falsely claim AFP intelligence agent arrested in Negros Occidental is a Red fighter

Marso 14, 2024

Joint police and military forces arrested Eliseo Velarmia Along, charged with murder, in Hacienda Tresing, Barangay Andres Bonifacio, Cadiz City, Negros Occidental on the afternoon of March 9. Along is an intelligence agent of the Armed Forces of the Philippines but is falsely being presented as a member of the New People’s Army (NPA)-North Negros. He was allegedly involved in an ambush on March 7, 2011 in Sityo Aluyan, Barangay Caduhaan, Cadiz City.

NPA-North Negros spokesperson Ka Cecil Estrella denied the military’s allegation that Along is an NPA squad leader. She said, “Along is not an active member of any NPA unit in Northern Neros…he used to be an NPA member but went AWOL (absence without leave) almost two years ago…and later surrendered to the AFP and served as its intelligence agent.”

The spokesperson said it was a desperate move by the 79th IB to arrest Along and present him to the public as an NPA squad leader. “They’re just trying to make it look like they’re winning.”

She added, “this desperation is not surprising given its failure to crush [the NPA’s] small guerrilla units despite their massive superiority in military forces backed by air assets.”

As in other times, the arrest of Along by virtue of a warrant issued by a court in Cadiz City, shows uncertainty and safety for those who “allowed themselves be used” and “surrendered” to the military. He is currently detained at the police station in Cadiz City.

Meanwhile, NPA-Northern Negros also refuted owning the weapons allegedly seized and unearthed by the 79th IB in Barangay Washington, Escalante City last March 11. “The 79th IB is dreaming,” she said.

She explained that the people’s army unit in Northern Negros has no weapons stored because all its weapons are in the hands of Red fighters and local militia forces. “In fact, we lack weapons because of the increasing number of farmers and youth joining the army,” he said.

Arbitrary arrests, fabricated encounters, indiscriminate bombings and shelling by military units are being carried out to “comply” with the AFP’s new “deadline” to defeat the armed movement by the end of March, the vertical units by the end of June, and the entire NPA by the end of 2024. The new “deadline” was set after the AFP failed to defeat the NPA by the end of 2023.

## Mga Pilipino, nagprotesta sa pagbisita ni Marcos sa Germany

Marso 14, 2024

Sinalubong ng protesta ng mga migranteng Pilipino ang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr sa Berlin noong Marso 13.

Pinangunahan ng ALPAS Pilipinas at Gabriela-Germany ang naturang protesta. Dinaluhan din ito ng mga alyadong organisasyon, tulad ng Solidarity International, ARARAT Armenian Collective, MLPD, German Filipino Friendship, Kurdish Women, Resbak, Philippine Buro at Interburo.

Ayon sa BAYAN-Europe, ang pagbisita ni Marcos Jr sa Germany at iba pang mga bansa sa Europe mula Marso 11-15 ay dapat gawing okasyon ng lahat ng mga migranteng Pilipino at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao upang kundenahin ang brutal na rehimeng naghahasik ng masasahol na paglabag sa karapatang-tao at international humanitarian law (IHL).

“Hindi karapat-dapat na i-welkam si Marcos sa junket na ito, na ang pangunahing layunin ay pabanguhin ang umaalingasaw na imahe ni Marcos at kanyang pamilya sa internasyunal na komunidad,” ayon sa pahayag ng BAYAN-Europe.

Sa kasaysayan, ang mga kaisang organisasyon sa Germany ay kabilang sa mga pinakamasugid na tagasuporta ng kilusan laban sa pasistang diktadurang Marcos noong dekada ’70 at ’80.

Inaasahang seselyuhan ng pagbisita ni Marcos Jr sa Germany ang negosasyon para sa pagsuplay ng naturang bansa ng mga drone sa Pilipinas para diumano sa maritime security laban sa China. Igagawad ang ayudang militar sa gitna ng malulubhang paglabag ng rehimeng Marcos sa internasyunal na makataong batas at matinding militarisasyon at walang-habas na pambobomba sa kanayunan.

Nanawagan din ang mga nagprotesta sa European Union na tigilan ang pagsuporta sa rehimeng Marcos Jr sa pamamagitan ng pagtigil sa pagbibigay ng ayudang militar. Ang Germany at EU ay kapwa nakapirma sa Arms Trade Treaty (ATT) na nagsusuplay ng ayudang militar, mga armas at iba pang gamit-militar sa Pilipinas.

Matatandaang sa panahon ng rehimeng Duterte, mariing kinundena ng EU ang gera kontra-droga at mga paglabag sa karapatang-tao. Noong Pebrero 2022, naglabas ng resolusyon ang EU Parliament na nagbantang bawiin ang GSP+ at iba pang insentiba ng Pilipinas, tulad ng benepisyong zero tariff (walang patong na buwis) ng mga kalakal mula sa EU, kung hindi ititigil ng rehimeng Duterte ang mga paglabag. Ang Germany ang pinakamalaking partner ng Pilipinas sa kalakal sa Europe.

### [English Translation]

## Filipinos protest Marcos’ visit to Germany

Marso 14, 2024

Ferdinand Marcos Jr’s visit to Berlin on March 13 was met with protests by Filipino migrants.

ALPAS Pilipinas and Gabriela-Germany led the protests. It was also attended by allied organizations, such as Solidarity International, ARARAT Armenian Collective, MLPD, German Filipino Friendship, Kurdish Women, Resbak, Philippine Buro and Interburo.

According to BAYAN-Europe, Marcos Jr’s visit to Germany and other European countries from March 11-15 should serve as an occasion for all Filipino migrants and human rights defenders to condemn the brutal regime that commit gross violations of human rights and international humanitarian law (IHL).

“It is wrong to welcome this Marcos junket, the main purpose of which is to deodorize the stinking image of Marcos and his family in the international community,” according to the BAYAN-Europe statement.

Historically, the allied organizations in Germany have been among the most committed supporters of the movement against the Marcos fascist dictatorship in the 70s and 80s.

Marcos Jr’s visit is expected to seal negotiations for Germany to supply drones to the Philippines supposedly for maritime security against China. This Military aid will be awarded amid the gross violations of international humanitarian law and heavy militarization and indiscriminate bombing

of the countryside perpetrated by the Marcos regime.

The protesters also called on the European Union to stop supporting the Marcos Jr regime by ending military aid. Germany and the EU are both signatories to the Arms Trade Treaty (ATT) which supplies military aid, weapons and other military equipment to the Philippines.

It can be recalled that during the Duterte regime, the EU strongly condemned the war on drugs and human rights violations. In February 2022, the EU Parliament issued a resolution that threatened to withdraw the Philippines' GSP+ and other incentives, such as the benefit of zero tariff (no layer tax) on goods from the EU, if the Duterte regime did not stop the violations. Germany is the largest trading partner of the Philippines in Europe.

## Mga upisyal ng US sa ekonomya at militar, dumagsa sa bansa para itulak ang Indo-Pacific Security Strategy

Marso 14, 2024

Magkasabay na dumating sa Pilipinas ngayong Marso ang matataas na upisyal sa ekonomya at militar ng US para itulak ang Indo-Pacific Security Strategy, ang estratehiyang binalangkas para sa pakikipaggirian nito sa China. Layunin ng estratehiyang ito na limitahan ang pagpapalawak ng impluwensya ng China sa ekonomya, pulitika at militar ng Pilipinas sa pamamagitan ng

pagpapalakas ng US ng imperyalistang hegemonya sa buong Asia.

Pinangunahan Gina Raimondo, kalihim ng kagawaran sa komersyo ng US, ang delegasyon ng Presidential Trade and Investment Mission na ipinadala ng estado ng US para ilako ang Indo-Pacific Economic Framework, isang "susing" bahagi ng Indo-Pacific Security Strategy. Ipinagmalaki ang misyon ng US bilang "kauna-unahan" sa kasaysayan ng dalawang bansa, sa kabila nang katotohanang mahigit isang siglo nang dinadambong ng mga kumpanyang Amerikano ang mga rekurso ng Pilipinas, at sa aktwal ay nakakubabaw ito sa lokal na ekonomya.

Kasama sa delegasyon na ito ang 22 pinuno ng malalaking kumpanyang Amerikano na kumakatawan sa mga interes ng US sa "renewable" at nukleyar na enerhiya, serbisyong digital, serbisyong pampinansya, logistics at transportasyon, imprastruktura, pamumuhunan at iba pa. Sa kabila ng laki at lawak ng mga operasyon ng mga kumpanyang "bumisita" at pamamalimos ng mga upisyal ng rehimeng Marcos para sa dayuhang puhunan, nangako ang delegasyon na magpopondo ng mga proyekto at programa nang hanggang $1 bilyon lamang. Nagtagal ang delegasyon sa bansa mula Marso 11 hanggang Marso 14.

Halos kasabay ni Raimondo, dumating din sa Pilipinas noong Marso 10-14, si Adm. John C. Aquilino, kumander ng U.S. Indo-Pacific Command, para pulungin sina Ferdinand Marcos, DND Sec. Gilbert Teodoro at ang hepe ng AFP na

si Gen. Romeo Brawner Jr, kasama ang iba pang matataas na upisyal ng AFP. Tinakalay nila ang mga paghahanda para sa Balikatan 2024, na ipinagmamalaking magiging “pinakamalaki” sa kasaysayan nito, at iba pang mga wargames. Lalahukan ang wargames, na dati’y bilateral o dalawang panig lamang, ng mga pwersa ng ibang mga bansang alyado ng US.

Sa darating na Marso 18, ang kalihim ng US State Department na si Anthony Blinken naman ang darating sa Pilipinas para pulungin si Marcos at kanyang mga upisyal. Nakatakda ding pulungin ni Blinken sa bansa ang foreign minister ng Japan na si Yoko Kamikawa. Isa ang Japan sa kalahok sa Balikatan 2024.

**[English Translation]**

## US economic and military officials swarm the country to push the Indo-Pacific Security Strategy

Marso 14, 2024

High-ranking US economic and military officials arrived in the Philippines around the same time this March to push the Indo-Pacific Security Strategy, which was outlined for US plans to confront China. The purpose of this strategy is to limit the expansion of China’s economic, political and military influence in the Philippines by strengthening US imperialist hegemony throughout Asia.

Gina Raimondo, US department of commerce secretary, led the Presidential Trade and

Investment Mission sent by the US government to peddle the Indo-Pacific Economic Framework, a "key" part of the Indo-Pacific Security Strategy. The US mission was touted as a "first" in the history of the two countries, even though American companies had long been plundering the Philippines' resources for over a century, and were actually dominating the local economy.

The delegation included 22 heads of large American companies representing US interests in "renewable" and nuclear energy, digital services, financial services, logistics and transportation, infrastructure, investment and others. Despite the size and scope of operations of the "visiting" companies and the Marcos regime officials' panhandling for foreign investment, the delegation promised to fund projects and programs up to only $1 billion. The delegation was in the country from March 11 to March 14.

On March 10-14, around the same time of Raimondo's visit, Adm. John C. Aquilino, commander of the U.S. Indo-Pacific Command, was also in the Philippines to meet Ferdinand Marcos, Defense Sec. Gilbert Teodoro and AFP chief Gen. Romeo Brawner Jr, along with other senior AFP officers. They discussed preparations for Balikatan 2024, which is expected to be the "biggest" than past Balikatan exercises and other wargames. The Balikatan exercises, which were bilateral in the past, will now involve the forces of other countries allied to the US.

US State Department secretary Anthony Blinken is also expected to arrive in the Philippines on

March 18 to meet with Marcos and his officials. He is also scheduled to meet Japan’s foreign minister Yoko Kamikawa while in the country. Japan is one of the Balikatan 2024 participants.

## Pagtanggi ng AFP-PNP na makipagtulungan sa CHR-Negros, pagtatago sa katotohanan

Marso 14, 2024

Kinundena ng Karapatan, grupo sa karapatang-tao, ang pagtanggi ng mga pwersa at yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) na makipagtulungan sa Commission on Human Rights (CHR)-Negros para imbestigahan ang mga “engkwentro” na pumatay sa mga magsasakang binabansagang nitong mga “komunista.” Isiniwalat ni Vincent Parra, pinuno ng CHR-Negros, sa isang interbyu sa radyo noong Marso 8 ang pagtangging ito ng AFP at PNP.

Ayon kay Parra, tumanggi ang militar at pulis na ibigay sa CHR ang mga dokumentong kinakailangan at mahalaga sa kanilang mga kaso, laluna ang may kaugnayan sa mga “engkwentro” na pawang magsasaka ang biktima. Pahayag niya, “hindi bukas (transparent) ang AFP at PNP sa kanilang mga ulat tungkol sa mga pagkamatay…”

Naunang ipinahayag ng AFP-PNP na makikipagtulungan sila sa mga grupong magsasagawa ng “independyenteng imbestigasyon,” pero giit ni Parra, tila hanggang

sa papel lamang ang pagrespeto ng AFP-PNP sa mandato ng CHR.

Nagtataka siya kung bakit ipinagkakait sa kanila ang mga rekord kaugnay ng imbestigasyon. Aniya, kung lehitimo ang iniuulat na mga engkwentro, hindi dapat sila matakot. Hindi ibinibigay sa komisyon ang mga spot report, battle report at ang mga ulat sa imbestigasyon, na maituturing na mga pampublikong dokumentong.

"Pinapaypayan ng aksyong ito ng AFP-PNP ang… mga suspetsa na pilit nitong pinipigilang masiwalat ang katotohanan at may pananagutan sila sa pag-iral ng impunity na pumipigil sa hustisya at pagpapanagot," ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng grupong Karapatan.

Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 345 ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ng mga pwersang militar at pulis sa isla ng Negros mula Disyembre 2022 hanggang Disyembre 2023. Sa panahong ito, 35 ang pinaslang. Kabilang dito ang pagmasaker ng 94th IB sa pamilyang Fausto sa Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Hunyo 2023.

Sumulat din ang Karapatan sa pambansang upisina ng CHR at kay Richard Palpal-latoc, chairman ng CHR, para imbestigahan ang hindi pakikipagtulungan ng AFP-PNP sa lokal na ahensya nito sa Negros. Hinamon niya rin ang ahensya na ituloy ang mga imbestigasyon kaugnay

ng umano’y mga engkwentro at bigyang hustisya ang mga biktima nito.

### [English Translation]

## AFP-PNP hiding the truth by refusing to cooperate with CHR-Negros

Marso 14, 2024

Human rights group Karapatan condemned the Armed Forces of the Philippines (AFP) and the Philippine National Police (PNP) forces and units for refusing to cooperate with investigations being conducted by the Commission on Human Rights (CHR)-Negros into “encounters” that killed farmers it labeled “communists.” Vincent Parra, head of the CHR-Negros, disclosed this denial by the AFP and PNP in a radio interview on March 8.

According to Parra, the military and police have refused to provide the CHR the necessary and crucial documents in their cases, especially those related to the “encounters” where the victims were all farmers. He said, “the AFP and PNP are not transparent in their reports about the deaths…”

The AFP-PNP previously declared they will cooperate with groups that will conduct an “independent investigation,” but Parra insisted that the AFP-PNP’s respect for the CHR’s mandate seems to be only on paper.

He wonders why they were being denied records related to the investigation. He said, they should not be afraid if the reported encounters are

legitimate. Spot reports, battle reports and investigation reports, which are public documents, are not provided to the commission.

"This action of the AFP-PNP is fanning … suspicions that it is desperately trying to cover up the truth and they are responsible for the prevalence of impunity that prevents justice and accountability," according to Cristina Palabay, general secretary of the Karapatan.

In the records of Ang Bayan, there are at least 345 cases of violations of human rights and international humanitarian law by the military and police forces in Negros island from December 2022 to December 2023. During this period, 35 were summarily killed. This includes the massacre of the Fausto family by the 94th IB in Barangay Buenavista, Himamaylan City in June 2023.

Karapatan also wrote to the national office of the CHR and to its chairman, Richard Palpal-latoc, calling for an investigation into to the non-cooperation of the AFP-PNP with its local agency in Negros. He also challenged the agency to pursue investigations related to the alleged encounters and give justice to its victims.

## Pinaghirapang sahod ng mga OFW sinisante noong 2016 sa Saudi Arabia, ibigay na!

Marso 14, 2024

Taong 2016 pa nawalan ng trabaho ang daan-daang migranteng manggagawa sa Saudi Arabia

nang magdeklara ng pagkalugi at magsisara ang malalaking kumpanya dito, pero hanggang ngayon ay di pa nila natatanggap ang sahod at mga benepisyo kapalit ng kanilang pagtatrabaho. Sa kabila ito ng pangako ng reaksyunaryong estado sa ilalim ng noo'y rehimeng Duterte, at ngayon ng rehimen ni Ferdinand Marcos, na tutulungan nito ang mga migrante para mabawi ang nararapat sa kanila.

Walong taon matapos sila mawalan ng trabaho, wala pa rin silang natatanggap. Sa tala ng Department of Migrant Workers (DMW), umaabot na sa 9,000 ang bilang nila. Hanggang ngayon, wala pa ring katiyakan na makatatanggap sila ng kanilang pinaghirapang sahod at benepisyo. Bilyun-bilyong piso ang halaga ng sahod at benepisyong hindi naibigay sa kanila.

Naipanalo ng ilang mga manggagawa ang kanilang mga kaso sa korte ng Saudi Arabia pero hanggang ngayon ay hindi ipinatutupad ang mga desisyon. Kabilang sa mga manggagawang ito ang mga nasisante mula sa kumpanyang Mohammad Al-Mojil Group, Saudi Oger, Saudi Binladin, at Rajeh H. Al-Marri & Sons Co.

Wala ring natanggap na ayuda o tulong ang mga migrante mula sa estado ng Pilipinas para igiit ang kanilang mga lehitimong claim. Ang tanging ginawa noon ng estado, sa pamamagitan ng Department of Labor and Employment, ay ipagbawal ang pagpunta ng mga manggagawa sa Saudi Arabia. Hindi nagtagal, binawi rin ng DOLE ang pagbabawal na ito. Nagbigay rin ang

kagawaran ng ayuda, pero kakarampot at napakalimitado.

Sa harap nito, patuloy na iginigiit ng mga manggagawa sa ilalim ng Saudi OFWs United at Migrante, na tiyakin ng rehimeng Marcos, at ng mga upisyal sa DMW na mabibigay ang kabuuang halaga ng mga di nabayarang sahod at mga benepisyong end-of-service sa lahat ng mga "Saudi OFW" at para sa kagyat na pagpapatupad ng mga resolusyon ng mga korte ng Saudi Arabia kaugnay sa kanilang mga kaso. Panawagan nilang bigyan sila ng ligal na tulong para maitulak nila ang kaso sa Saudi Labor Ministry.

Gayundin, panawagan nila ang patuloy na pagsuporta ng rehimen sa lahat ng mga apektado ng maramihang tanggalan sa Saudi, pati ang mga na-stranded doon hanggang sa ngayon.

Mayroong 380,000 migranteng manggagawa sa Saudi Arabia noong 2023. Kabilang sila sa tinatayang 725,000 Pilipino na nakatigil o naninirahan na doon. Sila ang pangalawang pinakamalaking pinagkukunan ng remitans ng Pilipinas.

### [English Translation]

## OFWs in Saudi Arabia demand for their hard earned wages in 2016

Marso 14, 2024

Hundreds of migrant workers lost their jobs in Saudi Arabia when large companies declared bankruptcy and closed in 2016, but until now they

have not been paid their wages and benefits. This is despite promises by reactionary state under the then Duterte regime, and now the Ferdinand Marcos regime, to help them get back what they deserve.

Eight years after losing their jobs, they haven't received anything. According to the Department of Migrant Workers (DMW), their number has reached 9,000. Until now, there is still no guarantee they will receive their hard-earned wages and benefits. The amount of unpaid wages and benefits could reach billions of pesos.

Some workers won their cases in Saudi Arabian courts but so far the decisions have not been implemented. These include workers fired from the company Mohammad Al-Mojil Group, Saudi Oger, Saudi Binladin, and Rajeh H. Al-Marri & Sons Co.

The migrants also received no aid or assistance from the Philippine state to assert their legitimate claims. Through the Department of Labor and Employment, the state only banned workers from going to Saudi Arabia. This DOLE order was lifted not long after. The department also provided aid, but it was meager and very limited.

Amid all this, workers under the Saudi OFWs United and Migrante continue to demand that the Marcos regime, and DMW officials ensure that the full amount of unpaid wages and end-of-service benefits be provided to all Saudi OFWs and for the immediate implementation of the resolutions of the Saudi Arabian courts in relation to their cases.

They call for legal assistance so they can push the case to the Saudi Labor Ministry.

Also, they call on the regime to provide assistance to all those affected by the mass layoffs in Saudi, including those who remain stranded there.

There are 380,000 migrant workers in Saudi Arabia in 2023. They are among the estimated 725,000 Filipinos who are stationed or already living there. They are the Philippines’ second largest source of remittances.

## Araw kontra malalaking dam, ginunita sa protesta sa DENR

Marso 15, 2024

Nagprotesta ang mga grupo ng pambansang minorya at tagapagtanggol ng kalikasan sa upisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Visayas Avenue, Quezon City noong Marso 14 para tutulan ang pagtatayo ng malalaking dam sa bansa at igiit na protektahan ang mga ilog.

Isinagawa ang protesta kasabay ng paggunita sa buong mundo ng International Day of Action for Rivers and Against Large Dams. Dumalo sa pagkilos ang mga kasapi ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas at Kalikasan People’s Network for the Environment. Sinimulang gunitain ang araw laban sa malalaking dam noong 1997.

Ayon sa mga grupo, pinatitindi ng pagtatayo ng mapanirang mga proyektong dam ang

pagkawasak ng kalikasan, mga paglabag sa karapatang-tao, pagnanakaw sa kabuhayan, kultura at seguridad sa pagkain sa mga katutubong komunidad.

"Isinasapanganib ng mga mega dam ang kaayusan ng ekosistema at ang mismong kaligtasan ng mga komunidad na nakasalalay sa mga ilog na ito para sa kanilang kabuhayan," ayon kay Beverly Longid, pambansang kumbenor ng Katribu.

Kabilang dito ang banta na hatid ng GENED Hydroelectric Power Project na itatayo sa Apayao, isang prubinsyang maituturing na key biodiversity area (KBA). Isasapanganib ng dam ang mga komunidad ng Isnag at ang may 105 species ng halaman at 51 species ng ibon. Maaapektuhan naman ng Kaliwa Dam project sa Rizal at Quezon ang 5,000 Dumagat-Remontado at 100,000 indibidwal sa kalapit na mga komunidad, at isasapanganib ang 126 species sa Sierra Madre.

Ibinigay ding halimbawa ng Katribu ang planong pagtatayo ng Cabacanan Small Reservoir Irrigation Project sa Ilocos Norte na magsasapanganib sa mga komunidad dahil itatayo ito malapit sa mga fault line (biyak sa lupa na bulnerable sa mga lindol). Palalayasin din nito ang maraming komunidad ng Isnag. Kinahaharap naman ng mamamayang Tumandok sa Panay ang pagtatayo ng Jalaur Mega Dam Project na magpapalayas sa 17,000 Tumandok.

Naitala ng grupong Katribu ang operasyon ng 15 malaking dam sa bansa noong 2023. Liban dito, hindi bababa sa 117 proyektong dam ang itinulak

ng administrasyong Duterte. Marami dito ay ipinagpatuloy ng rehimeng Marcos.

Kakambal ng pagtatayo ng malalaking dam na ito, binubuhusan ng daan-daang pwersang militar at pulis ang mga komunidad na sasaklawin ng mapangwasak na mga prokeyto. Anang Katribu, may malaking pananagutan ang gubyerno ng Pilipinas at mga korporasyon sa militarisasyon ito na lumalabag sa karapatan ng mga katutubong minorya at maging sa proseso ng estado na Free, Prior and Informed Consent (FPIC) sa paggamit ng mga lupang ninuno.

"Nagiging kasangkapan pa ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) para labagin ang FPIC ng mga katutubong mamamayan. Iniraratsada ng komisyon ang paglalabas ng FPIC sa pamamagitan ng pagkuha ng pekeng mga pirma at bogus na konsultasyon," pagbabahagi ni Longid.

Sa harap ng mga pagsubok na ito, nanindigan ang Katribu sa pagtatanggol nila sa lupang ninuno at mga ilog. "Ang pakikibaka ng katutubong mga pamayanan sa Pilipinas ay bahagi ng pakikibaka para sa pambansang patrimonya at soberanya. Nananawagan kami na makiisa ang lahat sa pagtatanggol sa mga ilog, lupang ninuno at itaguyod ang karapatan ng mga katutubong komunidad," pagtatapos niya.

**[English Translation]**

## Indigenous and environmental groups mark day against big dams with DENR protest

Marso 15, 2024

National minority groups and environmentalists protested at the Department of Environment and Natural Resources (DENR) office in Visayas Avenue, Quezon City on March 14 to oppose the construction of large dams in the country and demand the protection of rivers.

The protest coincides with the worldwide commemoration of the International Day of Action for Rivers and Against Large Dams. Members of the Katribu or Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas and Kalikasan People’s Network for the Environment joined the protest. The Day against Large Dams was started in 1997.

The groups said the construction of destructive dam projects exacerbates environmental destruction, human rights violations, dispossession of indigenous people’s livelihoods, culture and food security.

“Mega dams threaten the ecosystem and the very safety of the communities that depend on these rivers for their livelihood,” according to Beverly Longid, national convener of the Katribu.

These include the threat posed by the GENED hydroelectric project to be built in Apayao, a province that can be considered a key biodiversity

area. The dam will threaten the Isnag communities and the 105 species of plants and 51 species of birds. The Kaliwa Dam project in Rizal and Quezon will affect 5,000 Dumagat-Remontado and 100,000 individuals in nearby communities, and will threaten 126 species in the Sierra Madre mountains.

Katribu also cited the planned Cabacanan Small Reservoir Irrigation Project in Ilocos Norte, which will endanger communities because it will built near fault lines. It will also displace many Isnag communities. The Tumandok people in Panay are facing the construction of the Jalaur Mega Dam Project, which will displace 17,000 Tumandok.

The Katribu identified 15 large dams in operation in the country in 2023. In addition, at least 117 dam projects were pushed by the Duterte administration. Many of these were continued by the Marcos regime.

Accompanying the construction of these massive dams is the deployment of hundreds of military and police forces into the communities to be covered by these devastating projects. Katribu said the Philippine government and corporations are directly responsible for this militarization, which violates the rights of indigenous minorities and even the state's Free, Prior and Informed Consent (FPIC) procedure in the use of ancestral lands.

"The National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) even serves as tool that violates the FPIC of indigenous peoples. The commission railroads

the release of FPIC by obtaining fake signatures and fake claims of consultations," Longid shared.

In the face of these challenges, Katribu stood firm in its defense of their ancestral land and rivers. "The struggle of indigenous communities in the Philippines is part of the struggle for national patrimony and sovereignty. We call on everyone to join hands in defending rivers, ancestral lands and upholding the rights of indigenous communities," it concluded.

## Bangkay ng nawawalang Pulang mandirigma sa Batangas, natagpuan na

Marso 15, 2024

Iniulat ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan na natagpuan na ang bangkay ng nawawalang Pulang mandirigma na si Baby Jane Orbe noong Pebrero matapos ang matagal na paghahanap ng mga kaanak at mga grupo sa karapatang-tao. Si Orbe ay naiulat na nawawala noong Disyembre 17, 2023 kasunod ng pag-atake ng pinagsanib na pwersang militar at pulis sa pansamantalang himpilan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas sa Barangay Malalay, Balayan, Batangas.

Ang katawan ni Orbe ay natagpuan sa isang tubuhan sa Barangay Malalay noong Pebrero 14. Sa araw na iyon, nakatanggap sila ng impormasyon kaugnay ng isang bangkay na natagpuan sa loob ng tubuhan. Sa kalagayan ng kalansay na ito, hindi na posible ang pagtukoy ng

identidad ng katawan maliban sa pamamaraan ng pagsailalim sa DNA testing. Gayunman, batay sa mga sirkumstansya–lugar kung saan natagpuan ang katawan, istatus ng dekomposisyon at tama ng mga bala, pisikal na katangian tulad ng taas (height), tinukoy ito ng grupo at mga kaanak bilang labi ng nawawalang si Orbe.

Sinimulan ng grupo ang serye ng paghahanap kay Orbe noong Enero 24. Hinalughog at sinuyod nila ang mga kampo ng militar, mga ospital, at ang lugar na pinangyarihan ng insidente ngunit hindi natagpuan ang Pulang mandirigma.

Noo'y pinaniniwalaang nasa kamay ng 59th IB si Orbe kasunod ng ulat ng BHB-Batangas na nasugatan siya sa pag-atake ng militar at pulis sa Barangay Malalay. Hindi siya natunton ng mga grupo sa karapatang-tao noong Disyembre 2023 dahil hindi kabilang ang kanyang bangkay sa ipinrisenta ng militar na mga pinaslang nito.

Mabibilang si Orbe sa mga martir ng Balayan. Kasama niyang namartir sina Maria Jetruth Jolongbayan (Ka Orya), Alyssa Lemoncito (Ka Ilaya), Precious Alyssa Anacta (Ka Komi), Joy Mercado (Ka Kyrie), at Leonardo Manahan (Ka Mendel). Napatay din sa pang-aatake ng militar ang mga sibilyang sina Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda na noo'y bumibisita sa kaanak nilang Pulang mandirigma.

Binatikos noon ng mga grupo sa karapatang-tao ang patung-patong na paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa pakikidigma ng 59th IB kaugnay sa ginawang

pambababoy at paglapastangan nito sa mga bangkay ng mga biktima.

## [English Translation]
## Groups find remains of missing Batangas Red fighter

Marso 15, 2024

Human rights group Tanggol Batangan reported that the body of missing Red fighter Baby Jane Orbe was found in February after a long search by relatives and human rights groups. Orbe was reported missing on December 17, 2023 following an attack by joint military and police forces on the temporary encampment of a New People's Army (NPA)-Batangas unit in Barangay Malalay, Balayan, Batangas.

Orbe's body was found in a sugarcane field in Barangay Malalay on February 14. On that day, they received information regarding a body found inside the sugarcane field. Given the skeletal remains, it is no longer possible to determine the identity of the body without DNA testing. However, based on the circumstances–place where the body was found, decomposition status and bullet wounds, physical characteristics such as height–the group and relatives identified it as the remains of the missing Orbe.

The group began a series of searches for Orbe on January 24. They searched and combed military camps, hospitals, and the scene of the incident but were unable to find the Red fighter.

At the time, Orbe was believed to be in the hands of the 59th IB following the NPA-Batangas report that she was injured in an attack by the military and police in Barangay Malalay. Human rights groups were unable to trace her as of December 2023 since her body was not among those the military presented.

Orbe is among the martyrs of Balayan. Martyred with her were Maria Jetruth Jolongbayan (Ka Orya), Alyssa Lemoncito (Ka Ilaya), Precious Alyssa Anacta (Ka Komi), Joy Mercado (Ka Kyrie), and Leonardo Manahan (Ka Mendel). Also killed in the military attack were civilians Pretty Sheine Anacta and Rose Jane Agda, who were visiting their Red fighter relatives.

Human rights groups then condemned the 59th IB for its repeated violation of international humanitarian law and the rules of war in relation to the mutilation and desecration of the victims' remains.

## Diskriminasyon sa mga transwoman sa EARIST, nilabanan

Marso 15, 2024

Naigiit ng mga estudyante at grupo ng mga LGBTQIA+ sa Eulogio Amang Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST) na kilalanin ang karapatan ng mga transgender na estudyante na panatilihin ang kanilang mahabang buhok bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan sa kasarian. Nagprotesta sila sa pangunguna ng Bahaghari-EARIST sa kampus nito sa Santa Mesa,

Manila noong Marso 15 sa harap ng pagbabawal sa mga transwoman na estudyante na makapag-enrol hangga't hindi nagpapagupit ng buhok.

"Ang edukasyon ay dapat para sa lahat—ano pa man ang sexual orientation, gender identity, at gender expression ng mga estudyante," ayon kay JP Brillantes, isang transwoman na lider-estudyante at kinatawan ng Bahaghari-EARIST. Noon pang Oktubre 2023 nagpahayag ng pagtutol ang mga estudyante sa naturang patakaran.

Ang pagbabawal ng EARIST na i-enroll ang ilang estudyante dahil sa pagiging "trans" ay labag sa karapatan na makapag-aral at isang malinaw na porma ng diskriminasyon dahil sa kasarian, aniya. Liban pa sa sapilitang pagpapagupit ng buhok para umayon sa patakaran ng EARIST, hindi rin sila pinapayagan na gumamit ng unipormeng sang-ayon sa kanilang kasarian.

"Dapat bigyan ng espasyo tayong mga LGBT sa mga pampublikong institusyon katulad ng EARIST at ibasura ang mga lipas nang polisiya hinggil sa uniform at grooming. Kahit kailan, hindi naging sagabal ang mahahabang buhok at pambabaeng unipormesa aming pag-aaral," dagdag ni Brillantes.

Ayon pa sa kanya, sa katunayan, "nakakamit ng mga kabataang LGBTQIA+ ang kanilang lubos na potensyal kapag nabibigyan ng pagkakataong maipahayag ang mga sarili." Sa kabila ng matagal na nilang panawagan, hindi ito kaagad tinugunan ng unibersidad at humantong pa sa pagpuputol ng

buhok ng mga transwoman na estudyante kahit labag ito sa kanilang kalooban.

Sa protestang inilunsad sa kampus, simbolikong sinunog ng mga dumalo ang isang malaking papel na katulad ng EARIST Student Hand Book bilang pagtututol sa anti-estudyanteng probisyon nitong hindi kumikilala sa gender expression ng transgender.

Nagpahayag din ng suporta ang iba't ibang mga grupo sa laban ng Bahaghari-Earist. "Mahigpit na kinukundena ng National Union of Students of the Philippines (NUSP) ang nangyaring pagtapak sa karapatan sa sariling pagkakakilanlan ng mga estudyante sa EARIST at sa lahat pa ng mga pamantasan at unibersidad na tinatali ang mga estudyante sa "corporate standards," ayon sa NUSP.

Kasunod ng pag-iingay at pangangalampag ng mga grupo, natulak ang Commission on Higher Education (Ched) na magpatawag ng pulong noong Marso 15 kasama ang kinatawan ng Bahaghari-Earist at pamunuan ng unibersidad.

Napagkasunduan sa pagpupulong na ito na pahihintulutan nang makapag-enrol ang lahat ng mga estudyante gaano man kahaba ang kanilang buhok at kung ano man ang kanilang nais na uniporme. Pansamantala ding sinuspinde ang mga seksyon sa EARIST Handbook kaugnay ng "grooming and uniform" habang binubuo pa ang isang inklusibong patakaran.

Kaugnay nito, ipinahayag ng pambansang upisina ng Bahaghari ang tuluy-tuloy nitong kampanya para tiyakin na inklusibo ang bagong mga patakarang bubuuin sa EARIST. Ayon sa grupo, patuloy silang makikipagdayalogo sa CHED para gawing pormal ang atas na lahat ng mga estudyante sa mga unibersidad at kampus na nasa ilalim ng ahensya ay dapat pahintulutang malayang ipahayag ang kanilang mga sarili at kasarian sa pamamagitan ng mga patakaran sa grooming at uniporme.

Panata ng Bahaghari, hindi ito titigil hangga't dumaranas ang mga estudyate sa bawat sulok ng Pilipinas ng diskriminasyon dulot ng kanilang kasarian.

### [English Translation]

## LGBTQIA+ students and groups oppose transwomen discrimination in EARIST

Marso 15, 2024

LGBTQIA+ students and groups at the Eulogio Amang Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST) demanded recognition of the right of transgender students to sport their long hair as part of their gender identity. They protested under the leadership of Bahaghari-EARIST at its campus in Santa Mesa, Manila on March 15 amid the ban on transwoman students from enrolling until they cut their hair.

"Education should be for everyone—regardless of students' sexual orientation, gender identity, and gender expression," according to JP Brillantes, a

transwoman student-leader and Bahaghari-EARIST representative. As early as October 2023, students expressed opposition to such a policy.

EARIST's ban on enrolling some students for being "trans" is against the right to education and is a clear form of gender discrimination, she said. In addition to being forced to cut their hair to conform to the EARIST policy, they are also not allowed to wear uniforms that match their gender.

"We LGBT people should be given space in public institutions like EARIST and demand the scrapping of outdated policies regarding uniforms and grooming. Long hair and female uniforms have never been an obstacle to our studies," added Brillantes.

According to her, in fact, "LGBTQIA+ youth achieve their full potential when given the opportunity to express themselves." Despite their long-standing appeal, the university did not respond immediately and even led to forcing transwomen students to cut their hair.

In the protest launched on campus, attendees burned a large paper symbolizing the EARIST Student Hand Book in protest of its anti-student provision that does not recognize transgender gender expression.

Various groups have also expressed support for the Bahaghari-Earist fight. "The National Union of Students of the Philippines (NUSP) strongly condemns the violation of students' right to self-identity in EARIST and all other colleges and

universities that bind students to ‘corporate standards’,” according to NUSP.

Amid the clamor of the groups, the Commission on Higher Education (Ched) was forced to call a meeting on March 15 with Bahaghari-Earist’s representative and university management.

It was agreed at this meeting that all students would be allowed to enroll no matter how long their hair was and what uniform they want to wear. Sections in the EARIST Handbook related to “grooming and uniform” have also been temporarily suspended while an inclusive policy is being developed.

In this regard, Bahaghari’s national office expressed its continuous campaign to ensure that the new policies to be developed in EARIST are inclusive. The group says it will continue to dialogue with CHED to formalize the mandate that all students in universities and campuses under the agency should be allowed to freely express themselves and their gender through grooming and uniform policies.

Bahaghari vowed not to stop as long as students in every corner of the Philippines suffer from discrimination due to their gender.

## Kasong ‘graft and corruption’ laban sa mga upisyal ng DOTr at LTFRB, pinamamadali

Marso 15, 2024

Nagpiket ang grupong Samahang Manibela Mananakay at Nagkaisang Terminal ng Transportasyon (Manibela) sa upisina ng Ombudsman sa Quezon City noong Marso 13 para itulak ang kasong graft and corruption na isinampa nila noong Pebrero 7 laban sa mga upisyal ng Department of Transportation (DOTr) at Office of Transport Cooperatives (OTC). Kasabay nito, nagsumite rin ang grupo ng isang liham sa Ombudsman para humingi ng impormasyon hinggil sa kaso.

Lubhang dismayado sila sa mabagal na pag-usad ng mga kasong isinampa nila noon pang nakaraang taon sa Korte Suprema at ngayon naman sa Ombudsman.

Sa limang-pahinang reklamo ng Manibela, pinangalanan nito sina DOTr Secretary Jaime J. Bautista, Office of Transport Cooperatives (OTC) Chairman Ferdinand Ortega, Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Chairman Teofilo Guadiz III at Solicitor General Menardo Guevarra bilang mga inaakusahang lumabag sa "Anti-Graft and Corrupt Practices Act dahil sa hindi pagbibigay ng wastong proseso para sa mga drayber at dyip nang isinagasa nito ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Nagsumite rin ng reklamo ang Manibela hinggil sa nangyaring pag-tsekpoynt at pagmamanman ng Land Transportation Office (LTO) at Philippine National Police (PNP) sa kasagsagan ng kanilang asembliya at selebrasyon na isinagawa sa Lemery, Batangas noong Pebrero 24 at 25.

“Ubos talaga diesel namin. Gutom, pagod. Yung mga bata iyakan nang iyakan. Kami lang po yong mismong hinaharang ng mga pulis,” pagbabahagi ni Michael Cabral, pangulo ng MANIBELA Novaliches-Blumentritt, sa panamayan sa Manila Today.

Sunud-sunod na siyam na tsekpoynt ang dinaanan ng mga dyip ng Manibela kung kaya tumagal nang halos 12 oras ang naging byahe nila mula Batangas tungong Maynila. Pitong jeep ng grupong Manibela ang walang batayang hinarang sa mga tsekpoynt.

“Hinold kami sa mga tsekpoynt. Pinikturan ang aming sasakyan, ang aming mga drayber, lisensya, mga Official Receipt (OR) and Certificate of Registration (CR) at ipinapadala through messenger sa kung sinu-sinong mga tao. Sobrang abusado at purong harassment ang ginawa sa amin,” ayon kay Mar Valbuena, presidente ng Manibela, sa panayam sa Manila Today.

Samantala, tuluy-tuloy pa rin ang pagpupulong at aktibidad ng Manibela at ng Piston (Pagkakaisa Ng Mga Samahan Ng Tsuper At Operator Nationwide) kaugnay ng kanilang paglaban sa nakaambang implementasyon pa rin ng PUVMP.

Noong Marso 9, nagsagawa ng konsultasyon sa mga opereytor ang Piston. Kinuha nila ang palagay at upinyon ng mga opereytor na napilitang magpakonsolida bunsod ng takot at pangamba sa pagkawala ng kanilang kabuhayan.

“Binabandera pa rin ng LTFRB na nagtatagumpay daw ang PUVMP pero ang di nila inaamin, maraming operator ang napilitan lang at pinilit lang mag-consolidate. Ang hindi sinasabi ng LTFRB, ang consolidation ay pang-aagaw sa indibidwal na prangkisa ng mga operator para ipasa sa mga malalaking kooperatiba at malalaking korporasyon,” pahayag ng PISTON.

### [English Translation]

## Transport sector demands expedition of ‘graft and corruption’ case against DOTr and LTFRB officials

Marso 15, 2024

The Samahang Manibela Mananakay and Nagkaisang Terminal ng Transportasyon (Manibela) group staged a picket before the Ombudsman’s office in Quezon City on March 13 to pursue their complaint of graft and corruption filed on February 7 against officials of the Department of Transportation (DOTr) and Office of Transport Cooperatives (OTC). At the same time, the group also submitted a letter to the Ombudsman asking for information regarding the case.

They expressed grave disappointment over the slow progress of the cases they filed last year before the Supreme Court and now before the Ombudsman.

Manibela’s five-page complaint accused DOTr Secretary Jaime J. Bautista, Office of Transport Cooperatives (OTC) Chairman Ferdinand Ortega,

Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Chairman Teofilo Guadiz III and Solicitor General Menardo Guevarra for violating the Anti-Graft and Corrupt Practices Act for denying due process to drivers and jeepneys when it implemented the Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Manibela also submitted a complaint regarding the setting up of checkpoints and surveillance by the Land Transportation Office (LTO) and the Philippine National Police (PNP) during the height of their assembly and celebration held in Lemery, Batangas on February 24 and 25.

"We were really low on diesel. Hungry, exhausted. The children were crying relentlessly. We are the only ones being blocked by the police," shared Michael Cabral, president of MANIBELA Novaliches-Blumentritt, in an interview with Manila Today.

Manibela jeeps passed through nine successive checkpoints, which extended their journey from Batangas to Manila to almost 12 hours. Seven jeeps belonging to the Manibela group were unreasonably blocked at the checkpoints.

"We were stopped at the checkpoints. Our vehicles, our drivers, license, Official Receipts (OR) and Certificate of Registration (CR) were photographed and sent through messenger to various unknown people. It was very oppressive and pure harassment," according to Mar Valbuena, president of Manibela.

Meanwhile, Manibela and Piston (Pagkakaisa Ng Mga Samahan Ng Tsuper At Operator Nationwide) meetings and activities in relation to their struggle against the pending implementation of the PUVMP are still ongoing.

On March 9, Piston consulted with operators. They took the suggestions and opinion of the operators who were forced to consolidate due to fear and anxiety over losing their livelihood.

"The LTFRB still flaunts the PUVMP's success but it doesn't admit that many operators were passively forced or deliberately coerced to consolidate. The LTFRB refuses to say that consolidation takes away individual franchises from operators to give to large cooperatives and large corporations," PISTON said.

## Mga mangingisda sa Navotas, tumutol sa pagbaklas sa kanilang mga tahungan at baklad

Marso 15, 2024

Nagrali ang mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) sa baybayin sa Navotas City noong Marso 15 para tutulan ang atas sa kanila ng lokal na gubyerno na baklasin ang kanilang mga tahungan at baklad para bigyang daan ang Navotas Bay Reclamation Project. Ang 650-ektaryang reklamasyon ay itinutulak ng lokal na gubyerno at kasosyo nitong Argonbay Construction Company, subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Ramon Ang.

Simula pa 2022, paulit-ulit nang ipinag-utos ng lokal na gubyerno ng Navotas na baklasin ang 200 tahungan at iba pang istrukturang pangisda sa naturang baybayin. Apektado rito ang hindi bababa sa 1,000 mangingisda, magtatahong at mga trabahante sa pangisdaan. Hindi na rin tumanggap ang lokal na gubyerno ng aplikasyon ng bagong permit para sa operasyon ng mga ito.

Ayon sa Pamalakaya, ang pinakahuling atas ay tiyak na makaaapekto sa mas marami pang mga mangingisda at kanilang pamilya na nakasalalay dito ang kabuhayan. Mula nang simulan ang mga reklamasyon sa kanilang baybayin noong nakaraang taon, bumagsak nang 80% ang kanilang arawang kita mula sa pangingisda.

Kinundena rin ng mga mangingisda sa protesta ang iniulat nilang tuluy-tuloy na operasyong pagtatambak sa erya na patagong isinasagawa tuwing gabi. Ang 650-ektaryang reklamasyong ito ay isa lamang sa 22 proyektong reklamasyon na aprubado sa Manila Bay. Sa datos ng Philippine Reclamation Authority (PRA) noong 2023, mayroong 187 kasalukuyang umiiral at aprubadong mga proyektong reklamasyon sa buong bansa.

“Ang kailangan ng mga mangingisda ay tunay na rehabilitasyon na magbabalik ng dating sigla ng Manila Bay, hindi mga proyekto na sisira sa kabuhayan ng libu-libong mangingisda at sa kapaligiran,” pahayag ni Ka Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng Pamalakaya.

[English Translation]
# Navotas fisherfolk object to the dismantling of their clam pens and crab traps

Marso 15, 2024

Fisherfolk belonging to the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) staged a protest rally along on the Navotas City coast on March 15 to oppose the local government’s order to dismantle their clam pens and crab traps to make way for the Navotas Bay Reclamation Project. The 650-hectare reclamation is being pushed by the local government and its partner Argonbay Construction Company, a subsidiary of San Miguel Corporation owned by Ramon Ang.

Since 2022, the Navotas local government has repeatedly ordered the removal of 200 fishing piers and other structures along the coast. At least 1,000 fisherfolk, mussel raisers and fishery workers are affected. The local government also no longer accepts applications for new permits to operate.

According to Pamalakaya, the latest order will definitely affect more fisherfolk and their families who depend on it for their livelihood. Since the reclamation of their coast began last year, their daily income from fishing has dropped by 80%.

The protesting fishermen also condemned continuous reclamation operations in the area, which they said were secretly being carried out

every night. This 650-hectare reclamation is one of only 22 reclamation projects approved in Manila Bay. According to data from the Philippine Reclamation Authority (PRA) in 2023, there are 187 existing and approved reclamation projects nationwide.

"What fisherfolks need is real rehabilitation that will bring back the former vitality of Manila Bay, not projects that will destroy the livelihood of thousands of fisherfolk and the environment," said Ka Fernando Hicap, Pamalakaya national chairperson.

## Pagmamanman sa lider-unyon sa Technol Eight Philippines, kinundena

Marso 15, 2024

Kinundena ng Technol Eight Philippines Workers Union (TEPWU)-OLALIA-KMU at Karapatan-Laguna ang ginagawang pagmamanman kay Mario Fernandez, lider ng TEPWU, noong Marso 9. Nakita na may kahina-hinalang mga indibidwal na sakay ng motorsiklo na sumusunod kay Fernandez. Hinala ng unyon, ang panggigipit na ito ay kaugnay ng nalalapit na pakikipagnegosasyon nila sa maneydsment ng kumpanya para sa panibagong Collective Bargaining Agreement (CBA).

"Ang…intimidasyon at harasment sa mga lider-unyonista ay malinaw na paglabag sa karapatang-tao," pahayag ng Karapatan-Laguna. Naniniwala rin ang grupo na posibleng pakana ito ng sabwatan ng kapitalista ng Technol Eight

Philippines at ng National Task Force-Elcac, na bantog sa mga kaso ng pagbabahay-bahay at panggigipit sa mga unyonista sa prubinsya.

Hindi ito ang unang pagkakataon na nakaranas ng sarbeylans at iba pang panggigipit si Fernandez. Sa kasagsagan ng negosasyon para sa kanilang CBA noong 2022, nakatanggap rin siya ng pagbabanta sa kanyang buhay.

Sa panahong ito, hinarap ng unyon ang napakatagal at paulit-ulit na negosasyon sa maneydsment para sa CBA dahil nagmatigas ang kumpanya sa pagbibigay ng benepisyo sa mga manggagawa. Tumagal ito nang ilang buwan at 16 na beses na nagharap sa antas-planta na usapan hanggang humantong sa paghaharap sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB).

"Nakikiisa kami kay Fernandez, sa TEPWU, at lahat ng mga unyonista na kumahaharap sa katulad na mga pagbabanta at pag-atake," dagdag ng Karapatan-Laguna. Giit nila na dapat nang ihinto at labanan ang ganitong taktika ng pagtarget sa mga unyonista.

Ang kumpanyang Technol Eight ay gumagawa ng body shell para sa mga sasakyang Innova at Vios.

### [English Translation]
## Workers condemn surveillance on Technol Eight Philippines union leader

Marso 15, 2024

The Technol Eight Philippines Workers Union (TEPWU)-OLALIA-KMU and Karapatan-Laguna

condemned the surveillance of Mario Fernandez, TEPWU leader, on March 9. Suspicious individuals aboard motorcycles were seen following Fernandez. The union believes that this intimidation is related to their upcoming negotiations with the company's management for a new collective bargaining agreement (CBA).

"The…intimidation and harassment of union leaders is a clear violation of human rights," Karapatan-Laguna said. They believe that this is a part of possible plot by the Technol Eight Philippines capitalists and the National Task Force-Elcac, which is notorious for cases of house "visits" and harassment of unionists in the province.

This is not the first time Fernandez experienced surveillance and other forms of intimidation. At the height of negotiations for their CBA in 2022, his life was also threatened.

During that time, the union faced long and several rounds of negotiations with management for the CBA due to the company's refusal to provide benefits for workers. It took several months and 16 plant-level talks before a complaint was filed before the National Conciliation and Mediation Board (NCMB).

"We stand in solidarity with Fernandez, the TEPWU, and all unionists who are facing similar threats and attacks," added Karapatan-Laguna. They demand that this tactic of targeting unionists be stopped and resisted.

Technol Eight company manufactures body shell for Innova and Vios vehicles.

## Hustisya sa pagkamatay ng estudyanteng si Kristel Tejada, muling ipinanawagan

Marso 16, 2024

Nagmartsa ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP)-Manila kahapon, Marso 15, mula sa kampus nito patungo sa Philippine General Hospital Oblation Plaza bilang bahagi ng kanilang panawagan ng hustisya para kay Kristel Tejada sa ika-11 anibersaryo ng kanyang pagkamatay. Nagtalumpati sa protesta ang iba't ibang mga grupo at nagtirik sila ng kandila sa pagtatapos ng programa.

Si Tejada ay dating estudyante ng UP Manila na nagpatiwakal noong 2013 nang mapilitang tumigil sa pag-aaral dahil sa kawalan ng pambayad ng matrikula.

“Labing-isang taon na ang nakalilipas nang mawala sa atin si Kristel Tejada matapos siyang kitilan ng buhay ng neoliberal na sistemang pang-edukasyon sa ating bansa,” pahayag ng UP Manila College of Arts and Sciences Student Council. Si Tejada ay estudyante sa kanilang kolehiyo na pumasok sa kursong BS Behavioral Science.

“Pumasok siya sa UP Manila na punung-puno ng pangarap subalit hindi niya ito nakamit sapagkat hirap siyang makabayad noon ng matrikula,” dagdag ng konseho. Anang konseho, tinalikuran

siya ng administrasyon ng UP Manila at isinadlak ng napakataas na matrikula ng UP sa ilalim ng Socialized Tuition and Financial Assistance Program (STFAP) nito.

Higit isang dekada na, “marami pa ring katulad ni Kristel ang patuloy na pinagkakaitan ng demokratikong karapatan,” pahayag ng Kabataan Partylist-National Capital Region. Malaki ang hamon sa mga kabataan na patuloy na makikibaka hanggang sa makapag-aral ang bawat kabataan at magkaroon ng magandang kinabukasan, anito.

Nagkaisa ang kabataan sa panawagan laban sa kolonyal, komersyalisado, at anti-demokratikong porma ng edukasyon. Kaugnay nito, kinundena rin nila ang pagratsada ng rehimeng US-Marcos sa charter change na anila ay higit na magpapatindi sa komersyalisadong edukasyon.

Naglunsad din ng iba’t ibang aktibidad ang mga estudyante at organisasyon sa iba pang kampus ng UP sa buong bansa. Nagsagawa ng candle lighting protest sa UP Los Baños at UP Cebu, habang nagtayo ng mga installation art sa UP Diliman at UP Mindanao.

### [English Translation]
## Students reiterate call for justice for Kristel Tejada

Marso 16, 2024

Students of the University of the Philippines (UP)-Manila marched from its campus to the Philippine General Hospital Oblation Plaza as part of their

call for justice for Kristel Tejada on her 11th death anniversary yesterday, March 15. Various groups gave speeches in protest and lit candles at the end of the program.

Tejada is a former student of UP Manila who committed suicide in 2013 when non-payment of tuition forced her to stop studying.

"Eleven years ago we lost Kristel Tejada after the neoliberal educational system in our country took her life," said the UP Manila College of Arts and Sciences Student Council. Tejada was a student in their college enrolled in BS Behavioral Science course.

"She entered UP Manila full of dreams but failed to achieve it due to difficulties in paying the tuition," added the council. The council says the UP Manila administration abandoned her and imposed on her the burden of high UP tuition fees under its Socialized Tuition and Financial Assistance Program (STFAP).

More than a decade on, "many people like Kristel are still being denied democratic rights," Kabataan Partylist-National Capital Region said. It is a big challenge for young people to continue the struggle until every youth can study and have a good future, it said.

The youth are united in fighting the colonial, commercialized, and anti-democratic educational system. In this regard, they also condemned the US-Marcos regime's railroading of charter change

which they said will further intensify commercialized education.

Students and organizations also launched various activities in other UP campuses across the country. A candle lighting protest was held in UP Los Baños and UP Cebu, while an installation art was set up in UP Diliman and UP Mindanao.

## Mga manggagagawang tinanggal ng Toyota noong 2001, naggigiit ng hustisya

Marso 16, 2024

Nagpiket noong Marso 16 sa harap ng Japanese Embassy sa Pasay City ang mga manggagawa ng Toyota Motors Philippines na tinanggal ng kumpanya mahigit dalawang dekada na ang nakalilipas. Nanawagan sila ng hustisya para sa mahigit 230 manggagawang myembro ng Toyota Motors Philippines Corp. Workers Association (TMPCWA-ZENZOSEN) na iligal na tinanggal ng Toyota noong 2001. Nagmula ang mga manggagawa sa mga syudad sa Metro Manila, Cavite, Batangas, at Laguna.

Kahit 23 taon ang nakalipas, patuloy pa rin na lumalaban ang TMPCWA at iginigiit ang kanilang karapatan bilang manggagawa sa kapitalista at Department of Labor and Employment (DOLE). Ayon sa mga manggagawa, hindi sila titigil hangga't hindi nakakamit ang hustisya na nararapat sa kanila at kanilang mga pamilya.

Liban dito, ipinagpapatuloy din ng mga manggagawa ang panawagan sa Toyota Santa Rosa para igiit sa bagong presidente ng Toyota Motors Philippines na si Masando Hashimoto na aksyunan ang kanilang matagal nang hinaing.

Tinanggal ang mga manggagawa ng Toyota noong 2001 kasunod ng paggigiit ng unyon ng negosasyon para sa kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA) sa kumpanya. Kasunod ng maramihang tanggalan, nagkasa ng welga ang unyon noong Marso 2001. Apat pang kasapi ng unyon ang tinanggal ng kumpanya noong Agosto sa taong iyun.

Ipinababatid ng TMPCWA sa gubyerno ng Japan na may pananagutan ito sa mga manggagawa at dapat irespeto ang mga rekomendasyon ng International Labor Organization (ILO) hinggil sa paggalang sa karapatan ng mga manggagawa sa bansa.

### [English Translation]
## Toyota workers fired in 2001 demand justice

Marso 16, 2024

Workers fired from Toyota Motors Philippines more than two decades ago staged a picket before the Japanese Embassy in Pasay City on March 16. They called for justice for more than 230 members of Toyota Motors Philippines Corporation Workers Association (TMPCWA-ZENZOSEN) illegally dismissed by Toyota in 2001. The workers came from Metro Manila, Cavite, Batangas, and Laguna.

Even after 23 years, TMPCWA continues to fight for and demand the capitalist and the Department of Labor and Employment (DOLE) to respect their rights as workers. They said they will not stop until they get the justice they and their families deserve.

Workers at the Toyota Santa Rosa also demanded the new Toyota Motors Philippines president, Masando Hashimoto, to act on these long-standing grievance.

Toyota workers were laid off in 2001 following the union's demand for collective bargaining negotiations with the company. Following mass layoffs, the union went on strike in March 2001. Four more union members were fired by the company in August of that year.

TMPCWA is informing the Japan government that it is accountable to the workers and must follow the recommendations of the International Labor Organization (ILO) to respect workers' rights in the country.

## Pamilya ng Bilar 5, tinatakot ng militar para iatras ang planong awtopsiya

Marso 16, 2024

Kinundena ng Karapatan-Central Visayas ang walang-tigil na intimidasyon at harasment ng mga pwersa ng estado sa pamilya ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na namartir sa Bilar, Bohol noong Pebrero 23. Paulit-ulit na pinuntahan ng upisyal ng pulis na

nagngangalang Misael Nicolas Asumbrado, mula sa Inabanga Town Police, ang pamilya ng namartir na si Perlito Historia para pilitin na umatras sa planong ipa-awtopsiya ang labi ng biktima.

Ayon sa Karapatan-Central Visayas, layunin ng mga “pagbisita” ng pulis na kumbinsihin ang pamilya na iatras ang kanilang paghingi sa Commission on Human Rights of the Philippines (CHR) na magsagawa ng independyenteng imbestigasyon at awtopsiya sa labi ni Historia. Sinubukan pa umanong suhulan ng pulis ang pamilya ni Historia at nangakong bibigyan ng scholarship at trabaho sa ilalim ng lokal na gubyerno, at makatatanggap ng ₱60,000 kung iaatras ang pakikipag-usap sa CHR.

Liban dito, nagbanta din ang pulis na hindi nila matitiyak ang kaligtasan ng pamilya kung itutuloy nila ang ugnayan sa CHR. Sinabi din nito sa pamilya na ang mga kaanak ng ibang namartir na rebolusyonaryo ay pumayag na sa alok na pera sa ngalan ng “pagpapanatili ng kapayapaan.”

Ang padron na ito ng harasment ay katulad ng kinaharap ng pamilya ni Hannah Cesista. Ang kanyang ama ay nilapitan ni Romeo Teruel, Excutive Assistant ng PTF-Elcac Cooperative Development Office, sa punerarya sa Tagbilaran City para pigilan siyang makipagtulungan sa mga progresibong grupo at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

“Hindi namin palalampasin ang ganitong mga hakbang ng AFP-PNP at ng lokal na gubyerno ng Bohol na nagpapatindi lamang sa mga hinala at

pumipigil sa pagbubunyag sa katotohanan," ayon pa sa Karapatan-Central Visayas. Giit ng grupo na kagyat na itigil ng mga pwersa ng estado ang panghaharas sa mga kaanak at pamilya ng Bilar 5 dahil naghahatid ito ng takot at lantarang pagpapatahimik sa kanila.

"Kung walang dapat ikatakot at itinatago ang mga upisyal ng militar at pulis, hayaan nilang patunayan ito ng mga awtopsiya at imbestigasyon kung tunay nga na armadong engkwentro ang naganap…o masaker at pagtortyur na malinaw na paglabag sa internasyunal na makataong batas," pagtatapos ng grupo.

**[English Translation]**

## Military threatens Bilar 5 families to withdraw autopsy plans

Marso 16, 2024

Karapatan-Central Visayas condemned state forces for its relentless intimidation and harassment against the families of New People's Army (NPA) Red fighters who were martyred in Bilar, Bohol on February 23. A police officer identified as Misael Nicolas Asumbrado, from the Inabanga Town Police, repeatedly "visited" the family of martyr Perlito Historia to force them to withdraw their planned autopsy of the victim's remains.

Karapatan-Central Visayas says the police "visits" aims to convince the family to withdraw their request before the Commission on Human Rights of the Philippines (CHR) to conduct an

independent investigation and autopsy on Historia's remains. They say the police even tried to bribe Historia's family and promised them a scholarship and a job under the local government, and to receive ₱60,000 upon withdrawal of their case before the CHR.

The police officer also issued threats by saying the family's safety cannot be assured if they continue to cooperate with the CHR. He also made claims that relatives of other martyred revolutionaries already agreed to the cash offer for the sake of "maintaining the peace."

This pattern of harassment is similar to the ordeal of Hannah Cesista's family. Her father was approached by Romeo Teruel, Executive Assistant of the PTF-Elcac Cooperative Development Office, at the funeral home in Tagbilaran City to prevent him from working with progressive groups and human rights defenders.

"We will not tolerate such measures by the AFP-PNP and the local government of Bohol that only heighten suspicions and prevent the truth from coming out," according to Karapatan-Central Visayas. The group demanded for the state forces to immediately stop harassing the relatives and families of the Bilar 5 because it terrorizes and openly silences them.

"If the military and police officers have nothing to fear or hide, let it be proven with autopsies and investigations if there was indeed an armed encounter…or if was a case of massacre and

torture which are clear violations of international humanitarian law," the group concluded.

## Pekeng engkwentro sa Masbate, layong itaboy ang mga magsasaka sa kanilang lupa

Marso 16, 2024

Isang pekeng engkwentro ang inilunsad ng 2nd IB ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Sityo Cayang, Barangay Liong, Cataingan, Masbate noong Marso 11. Nagdulot ng walang kapantay na takot at troma sa mga residente ang walang habas na pagpapaputok ng baril ng militar sa komunidad. Ito na ang panlimang pekeng labanan sa lugar simula noong Setyembre 2023 o halos isa kada buwan.

Ayon sa ulat, labis ang takot ng mga residente laluna ang matatanda. Sinindak at pinilit naman ng mga militar ang mga upisyal ng barangay na pumirma ng sertipikasyon na nagpapatotoong may naganap na labanan sa lugar. Nagpalabas pa ang 2nd IB na nakasamsam ito ng matataas at mababang kalibre ng armas, mga kagamitang pandigma at dokumento sa palabas na mga labanan.

Sa pahayag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate, iisa ang layunin ng pekeng engkwentro—ang itaboy at palayasin ang mga magsasakang residente sa kanilang mga komunidad para mas madaling kamkamin ang kanilang mga lupa.

“Dahil din sa kabiguang matugis ang NPA, nagpapakana na lamang ng mga pekeng labanan ang militar para makurakot ang pabuya at pondong nakalaan sa kada operasyon,” pahayag ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB sa prubinsya.

Ani Ka Luz, hindi malabong ulit-ulitin ng militar ang ganitong pakana para papaghariin ang takot sa masang Masbatenyo at palabasin na sila ay nagtatagumpay. “Nananawagan ang BHB-Masbate sa mga Masbatenyo na magtiwala sa sariling lakas at pagkakaisa. Hindi titigil ang pang-aalipusta at paglapastangan kung hindi kikilos at lalaban ang masa,” hamon ng tagapagsalita.

Nitong Marso, muling nag-anunsyo ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ng “dedlayn” para gapiin ang mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya sa katapusan ng buwan, ang lahat ng “bertikal na yunit” ng hukbo sa katapusan ng Hunyo at ang buong BHB sa katapusan ng 2024. Inianunsyo ang bagong taning na dalawang buwan matapos ang huling “dedlayn” ng paggapi sa rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2023, at halos taun-taon bago nito.

### [English Translation]

## 2nd IB stages fake encounter in Masbate to drive farmers off their land

Marso 16, 2024

The Armed Forces of the Philippines (AFP) 2nd IB staged a fake encounter in Sitio Cayang, Barangay Liong, Cataingan, Masbate on March 11. Soldiers

indiscriminately fired their guns bringing terror and trauma to the community. This is the fifth fake battle in the area since September 2023 or about one per month.

The report says the residents, especially the elderly are gravely terrified. The military in turn intimidated and forced barangay officials to sign a certification that a battle occured in the area. The 2nd IB even falsely declared that it seized high and low caliber weapons, war equipment and documents during the staged battles.

The statement of the New People's Army (NPA)-Masbate said that the fake encounter has no other purpose than to drive away and evict the peasant masses from their communities to pave the way for landgrabbing.

"Also due to its failure to hunt down the NPA, the military only stages fake battles to pocket the reward and funds allocated for each operation," said Ka Luz del Mar, NPA spokesperson in the province.

Ka Luz says the military will most likely repeat this scheme to make fear reign among the Masbatenyo masses to project their so-called success. "NPA-Masbate calls on the people of Masbate to trust in their own strength and unity. The oppression and atrocities will not stop if the masses do not take action and fight," the spokesperson challenged.

This March, the AFP again announced a "deadline" to defeat NPA units in guerrilla fronts

by the end of the month, all “vertical units” of the people’s army by the end of June and the entire NPA at the end of 2024. The new deadline was announced two months after the last “deadline” of defeating the revolutionary movement at the end of 2023, and almost every year before that.

## Labis na naantalang Covid-19 alawans para sa mga manggagawang pangkalusugan, nakamtan na

Marso 17, 2024

Dahil sa walang tigil na paggigiit, nakamtan na ng mga manggagawang pangkalusugan sa mga ospital na Government Owned and Controlled Corporations (GOCC), sa Philippine General Hospital (PGH) at mga hawak ng Department of Health (DOH) ang kanilang labis na naantalang Covid-19 alawans o Health Emergency Allowance. Natanggap nila ang alawans noong Marso 13 (GOCC), at noong Pebrero (PGH at iba pa) na para sana sa Enero hanggang Hulyo noong nakaraang taon.

“Ipinaaabot ng Alliance of Health Workers (AHW) ang pinakamainit na pagbati nito sa masigasig na mga unyon nito, mga manggagawang pangkalusugan at iba pang organisasyong pangkalusugan na nagsama-sama sa pakikibaka ng sektor para sa naantalang mga alawans,” pahayag ng pambansang upisina ng AHW.

Anang grupo, ang malakas na pagkakaisa, kolektibong pagkilos at walang pagod na paggigiit ng mga manggagawang pangkalusugan sa DOH,

Department of Budget and Management at gubyernong Marcos ang nagtulak para ibigay na ang alawans na ito. Sa nagdaang mga buwan, tuluy-tuloy na mga protesta at piket sa mga ospital at sa upisina ng DOH ang pinangunahan ng AHW bilang bahagi ng kampanya para igiit ang alawans.

"Ang pagbibigay ng HEA ay mahalagang tagumpay para sa ating mga manggagawang pangkalusugan na nasa unahan ng paglaban sa pandemyang Covid-19. Nagbigay sila ng kalinga at suporta sa mga pasyente, kahit pa madalas na isinasaalang-alang ang kanilang sariling kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga pamilya," ayon pa sa AHW.

Sa kabila nito, naniniwala ang mga manggagawang pangkalusugan na mahaba pa ang tatakbuhin ng kanilang laban para sa mga benepisyo dahil hanggang ngayon ay hindi pa natatanggap ng mga kapwa nila manggagawang pangkalusugan sa pribadong mga ospital at ospital ng lokal na gubyerno ang kanilang alawans.

Noong Marso 14, nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa pribadong ospital para singilin ang DOH sa kanilang alawans. Isinagawa ng United Private Hospital Unions of the Philippines (UPHUP) ang pagkilos sa upisina ng DoH-National Capital Region sa Mandaluyong City.

"Hawak ninyo [DoH] na ang pondo noon pang Enero. Anong rason bakit hindi pa rin ninyo ibinibigay ang HEA para sa mga nagtatrabaho sa

pribadong ospital?” bwelta ni Ronald Richie Ignacio, tagapagsalita ng UPHUP.

### [English Translation]

## Health workers win long-delayed Covid-19 allowance

Marso 17, 2024

Due to their persistent clamor, health workers in government-owned and -controlled corporations (GOCC), Philippine General Hospital (PGH) and Department of Health (DOH)-owned hospitals have finally acquired their much-delayed Covid-19 allowance or Health Emergency Allowance. They received the allowance on March 13 (GOCC), and in February (PGH and others), which originally was supposed to be released January to July last year.

“The Alliance of Health Workers (AHW) extends its warmest congratulations to its committed unions, health workers and other health organizations that have converged in the sector’s struggle for delayed allowances,” stated the AHW national office.

The group says the strong unity, collective action and tireless demand of the health workers before the DOH, Department of Budget and Management and the Marcos government pushed for this allowance to be given. In recent months, the AHW has led continuous protests and pickets at hospitals and before the DOH office as part of the campaign to demand the allowance.

“The awarding of the HEA is an important victory for our health workers who are at the forefront of the fight against the Covid-19 pandemic. They provided care and support to patients, even often risking their own health and the safety of their families,” according to AHW.

Conversely, health workers believe that their struggle for benefits still has a long way to go because until now their fellow health workers in private hospitals and local government hospitals have not received their allowance.

On March 14, private hospital health workers staged a protest to denounce the DOH for keeping their allowances. The United Private Hospital Unions of the Philippines (UPHUP) conducted the action at the DoH-National Capital Region office in Mandaluyong City.

“You [DoH] have been holding the funds since January. Why do you still not provide HEA for those working in private hospitals?” retorted Ronald Richie Ignacio, spokesperson of UPHUP.

## Naantalang mga benepisyo ng mga dyanitor sa PUP, iginiit

Marso 17, 2024

Nagpiket ang mga dyanitor at kasapi ng Samahan ng Janitorial (SJ), mga kasapi ng Anakbayan at mga estudyante sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Santa Mesa, Manila noong Marso 13 para igiit ang naantalang mga benepisyo ng mga dyanitor mula sa Starcom Manpower

Agency. Isinabay ang protesta sa dayalogo ng mga upisyal ng PUPSJ at kinatawan ng ahensya.

Noong nakaraang taon pa unang ipinabatid ng mga dyanitor ang kanilang hinaing sa mga upisyal ng PUP para iparating ng unibersidad ang kinakaharap nilang mga usapin sa ahensya ng paggawa. Hanggang ngayon, walang usad ang kanilang panawagan para sa naantalang benepisyo tulad ng insentibo, 13th month pay, retroactive pay, at kawalan ng transparency sa pagpapasahod sa kanila.

Sa ulat ng pahayagang The Catalyst, muling nabuksan ang dayalogo sa pagitan ng mga dyanitor at ahensya noong Enero 23. Gayunman, tatlong buwan makalipas ay pinapaikot-ikot lamang ang mga dyanitor sa mga pangako at sagot sa kanila na “ipaaabot” sa pamunuan ng ahensya ang kanilang hinaing.

Ayon kay Tatay Jun Jorda, tagapangulo ng unyong PUPSJ, dapat ay upisyal ng ahensya ang humarap sa kanila at hindi lamang kinatawan nito para magkaroon ng katiyakan at matuldukan ang dayalogo. “Palaging nabibitin kami sa sagot,” aniya.

Isa sa mga reklamo ng mga dyanitor ang hindi pare-pareho at hindi magkakatugmang pasahod sa kanila batay sa payslip na ibinibigay ng ahensya.

“Total payment lang kasi ang nakalagay. Hindi namin alam kung paano ipapaliwanag sa mga kasama namin kapag nagtatanong sila kung bakit ganito lamang ang nakukuha nila, kasi walang

breakdown. Kaya ang gusto namin ay transparency lang ng isang taon kung kailan kami pumasok at magkano," ayon kay Darwin Vista, SJPUP 2nd Vice President, sa panayam ng The Catalyst.

Sa paggigiit ng unyon, natulak ang StarcomM Agency na mangakong magbibigay ng breakdown ng retroactive pay na hinihingi ng mga manggagawa sa Marso 27. Lalamanin ito ang bilang ng araw na pinasok ng mga manggagawang janitorial at magkano ang eksaktong kita o bayad sa paggawa.

Samantala, ngayong Marso lamang ibinigay ang 13th month pay sa mga dyanitor matapos ang halos isang taong paggigiit. Gayunman, mayroong kapalit na kundisyon ang ahensya sa mga dyanitor na hindi sila magsasagawa ng kilos-protesta o anumang porma ng protesta gaya ng Oplan Paskilan.

Sa pagtatapos ng dayalogo, nangako ang StarcomM Agency na mabibigyang resolusyon lahat ng nailatag na kahingian ng mga dyanitor sa Marso. Kabilang dito ang usapin ng retroactive payslip, transparency at naantalang na mga benepisyo't insentibo. Pumirma rin sa isang kasunduan ang mga dumalo sa dayalogo bilang patunay ng kanilang pagkakasundo at pagtupad sa mga binitawang inisyal na resolusyon.

"Nakailang hintay na tayo, kaya kung wala pa rin talagang solusyon pagkatapos natin sa dialogue na ito, nakahanda na kaming pumunta…sa [Department of] Labor and Employment. Alam

niyo bang ma-delay lang ang bayad ng mga manggagawa namin, nangungutang na agad 'yan sila, kaya hirap talaga," pahayag ni Jorda.

Dumalo sa dayalogo ang kinatawan ng SJPUP, ilang upisyal ng PUP, mga upisyal ng StarcomM, kinatawan ng NAFLU-KMU, at mga kinatawan ng Anakbayan PUP at SAMASA PUP.

### [English Translation]
## PUP janitors demand delayed benefits

Marso 17, 2024

Janitors and members of the Samahan ng Janitorial (SJ), Anakbayan members and students picketed before the Polytechnic University of the Philippines (PUP) in Santa Mesa, Manila on March 13 to demand payment of delayed benefits of the janitors from Starcom Manpower Agency. The protest was held during a dialogue between PUPSJ officials and agency representatives.

The janitors first communicated their grievances last year to PUP officials so that the university would forward the issues they were facing to the labor agency. Until now, there has been no progress in their call for delayed benefits such as incentives, 13th month pay, retroactive pay, and lack of transparency in their wages.

The Catalyst newspaper reported that the dialogue between the janitors and the agency reopened on January 23. However, three months later the janitors were just deceived with promises

and were told their complaint would be “relayed” to the agency’s leadership.

According to Tatay Jun Jorda, president of the PUPSJ union, an official of the agency should faced them instead of a representative to promote certainty and conclude the dialogue. “Answers are always indeterminate,” he said.

One of the complaints of the janitors is that they are being paid inconsistently and the pay does not match what is on the payslip given by the agency.

“It only says total payment. We don’t know how to explain to our co-workers when they ask about the amount they get because there is no breakdown. So what we want is transparency since we started work last year and how much,” Darwin Vista, SJPUP 2nd Vice President, said in an interview with The Catalyst.

Faced with the union’s demand, the StarcomM Agency promised to provide a breakdown of the retroactive pay demanded by the workers on March 27. It will contain the number of days that the janitorial workers reported for work and the exact amount of wages.

Meanwhile, the 13th month pay was given only this March to the janitors after almost a year of insistence. However, the agency wants janitors not to carry out protest actions or any form of protest such as Oplan Paskilan, in exchange for payment.

At the end of the dialogue, StarcomM Agency promised to resolve all the demands of the janitors

by March. This includes the issue of retroactive payslip, transparency and delayed benefits and incentives. Those who attended the dialogue also signed as proof of their agreement and fulfillment of the initial resolutions.

"We have been waiting for a long time, so if there is still no solution after this dialogue, we are ready to go…to the [Department of] Labor and Employment. Do you know that even a slight delay in receiving wages, our workers immediately borrow money, so it is really difficult," said Jorda.

SJPUP representatives, some PUP officials, StarcomM officials, NAFLU-KMU representatives, and Anakbayan PUP and SAMASA PUP representatives attended the dialogue.

## Panibagong serye ng tanggalan sa Nexperia, kinundena ng unyon

Marso 17, 2024

Kinundena ng Nexperia Workers Philippines Inc. Workers Union (NWPIWU)-NAFLU-KMU ang panibagong serye ng tanggalan na ipatutupad ng Nexperia Philippines mula Abril hanggang Setyembre. Ipinabatid ng kumpanya sa unyon noong Marso 4 na magkakaroon ng halos dalawang linggong shutdown sa isang erya nito at magtatanggal ng 53 manggagawa. Banta ng kumpanya, una pa lamang ito sa serye ng posibleng tanggalan.

"Hindi pa nakakabangon ang mga manggagawa mula sa pinsala ng pagsasara ng Sensors

Department na may ilan lamang na na-absorb sa Power department, heto na naman ang panibagong bugso ng hagupit sa manggagawa," pahayag ng unyon. Matatandaang tinanggal ng kumpanya noong 2023 ang 495 manggagawa sa pabrika nito sa export processing zone sa Cabuyao, Laguna sa pagdadahilang nalulugi ang kumpanya. Tinanggal din ng kumpanya noong Setyembre 22, 2023 ang walo pang manggagawa, kabilang ang tatlong upisyal ng unyon.

Giit ng unyon, tila isang laro sa roleta para sa kapitalista ng Nexperia ang pagpili sa mga tatanggaling manggagawa sa kumpanya. "Parang roleta ng kapalaran na sa bawat pag-ikot ay may pamilyang magugutom," anito. "Nexperia Ganid sa tubo! Makina ang turing sa mga manggagawa na kapag hindi na kailangan ay itatapon na lamang," galit na pahayag ng unyon.

Ang malawakang tanggalang ipatutupad ng Nexperia ay paglabag sa mga nakasaad na kundisyon sa Collective Bargaining Agreement (CBA) nito sa unyon. Kasalukuyan pang nasa panibagong serye ng negosasyon ang kapitalista ng Nexperia at unyon para sa CBA 2024-2026. Nagsimula ito noong huling linggo ng Enero.

Hindi rin naniniwala ang unyon na nalulugi ang kumpanya, na ginagamit na dahilan para sa maramihang tanggalan. Katunayan, anila, "noong 2023 ay nabili ng Nexperia ang NOWI company, kaya't ibig sabihin nito ay lumalaki ang negosyo at tiyak na hindi nalulugi ang ating kumpanya."

Sa harap nito, hinimok ng unyon ang kapwa mga manggagawa sa Nexperia na magkaisa at manindidan laban sa maramihang tanggalan. Anito, pinatunayan na ng mahabang kasaysayan ng unyon na malaki ang kaya nilang maipagtagumpay kung magkakaisa, katulad ng kampanyang NXP 24 IBALIK noong 2014.

"Panawagan natin sa lahat ng mga manggagawa ng Nexperia, higpitan natin ang ating pagkakaisa, at militante nating labanan ang tanggalan," anang unyon. Giit nito sa kapitalista ng Nexperia, "Ibalik ang manggagawang tinanggal at paalala naming mga manggagawa na kami ang naglilikha ng inyong tubo, kung walang manggagawa ay hindi lalago ang Nexperia."

Ang Nexperia Philippines ay subsidyaryo ng kumpanyang Nexperia na nakabase sa The Netherlands. Nagmamanupaktura ito ng mga semiconductor sa mga pabrika nito sa Europe, Asia at US.

**[English Translation]**

## Union condemns another series of layoffs at Nexperia

Marso 17, 2024

Nexperia Workers Philippines Inc. Workers Union (NWPIWU)-NAFLU-KMU condemned Nexperia Philippines for the new series of layoffs planned for April to September. The company notified the union on March 4 of a nearly two-week shutdown in one of its areas and the retrenchment of 53

workers. The company said this is just the first in a series of possible layoffs.

“Not having yet recovered from the calamity of the Sensors Department closure when the Power department only absorbed a few, workers now suffered another blow,” the union said. It can be recalled that in 2023 the company fired 495 workers at its factory in the export processing zone in Cabuyao, Laguna on the pretext that the company was losing money. The company also fired on September 22, 2023 eight more workers, including three union officials.

The union said Nexperia’s capitalists seem to be playing a roulette game to choose which workers to fire. “It’s like a roulette of fate where a family goes hungry every time it spins,” he said. “Nexperia is greedy for profit! Workers are treated as machines that are discarded when no longer needed,” the union said angrily.

Nexperia’s planned mass layoff violates the conditions in its collective bargaining agreement (CBA) with the union. Currently, Nexperia’s capitalists and the union are in a new round of negotiations for the CBA 2024-2026. It started in the last week of January.

The union also does not believe the company is losing money, used as a pretext for mass layoffs. In fact, they said, “in 2023 Nexperia bought the NOWI company, indicating that the business is growing and our company is definitely not losing.”

Amid all this, the union urged fellow Nexperia workers to unite and fight against mass layoffs. It says the union's long history has proven that they can achieve a lot if united, like the NXP 24 IBALIC campaign in 2014.

"We call on all Nexperia workers to strengthen our unity, and militantly fight the layoff," said the union. Addressing the owners of Nexperia, they demanded, "Return the fired workers and we remind you that us workers create your profit, without workers Nexperia will not profit."

Nexperia Philippines is a subsidiary of the Nexperia company based in The Netherlands. It manufactures semiconductors at its factories in Europe, Asia and the US.

## Imprastrukturang pangmilitar, itatayo ng US sa Batanes

Marso 18, 2024

Patuloy na kinakaladkad ng imperyalismong US ang Pilipinas sa potensyal na armadong sigalot nito sa China. Noong Marso 11, inianunsyo ni Batanes Gov. Marilou Cayco ang nakatakdang konstruksyon ng mga sundalong Amerikano ng isang "sibilyang daungan." Hiwalay pa ito sa dati nang naval station sa Mavulis Island, na itinayo naman para "may mapupuntahan ang mga Pilipinong nasa Taiwan kung sakaling pumutok ang krisis."

Magsisimula ang konstruksyon ng daungan sa Abril, kasabay ng Balikatan 2024. Inilulusot ito ng

AFP, kakoro ang lokal na gubyerno, na para diumano ito sa gamit ng lokal na mga mangingisda, at ng AFP sa panahon ng mga sakuna. Nakatakdang isagawa ng US ang Balikatan sa Mavulis Island ngayong taon. Noong nakaraang taon, ginamit nitong palaruan ang Batan Island, ang mayor na isla ng Batanes, sa inilunsad nitong Balikatan.

"Kasinungalingan ang proklamasyon ng AFP na hindi gagamitin ng mga sundalong Amerikano ang gagawing imprastraktura oras na matapos ang konstruksyon," bwelta ni Guillermo Alcala, tagapagsalita ng Cagayan Valley Regional Operational Command ng BHB-Cagayan. "Maghihimpil nga sila sa mga EDCA site na pera ng taumbayan ang nagpondo, mas lalo na kapag nanggaling mismo sa sarili nilang bulsa."

Mapanganib ang paggamit ng US sa Batanes sa mamamayan, lalo na sa mga taga-Cagayan Valley, na nasa bungad ng China at Taiwan, ayon kay Alcala. "Paraan ito ng US upang hamunin at udyukan ang China," aniya. Nananawagan siya ng higit na pagkakaisa ng mamamayan, laluna ng mga taga-Cagayan, para tutulan at labanan ang militarisasyon ng US ng US sa rehiyon at buong bansa.

**[English Translation]**

## US builds military infrastructure in Batanes

Marso 18, 2024

US imperialism continues to drag the Philippines into its potential armed conflict with China. On March 11, Batanes Gov. Marilou Cayco announced the American soldiers' plan to construct a "civilian port." This is in addition to the naval station on Mavulis Island built for "Filipinos in Taiwan to go to in case of a crisis."

Construction of the port begins in April, in time for the Balikatan 2024 war exercises. The AFP, in unison with the local government, is using the pretext that these infrastructure can be used by local fishermen and by the AFP during disasters. The US is scheduled to conduct Balikatan on Mavulis Island this year. Last year, it used Batan Island, the major island of Batanes, as a playground for launching its Balikatan.

"The AFP's proclamation that American soldiers will not use the infrastructure once the construction is completed is an utter lie," said Guillermo Alcala, spokesperson of the Cagayan Valley Regional Operational Command of the NPA-Cagayan. "They use as bases the EDCA sites paid for by the people's money, what more these facilities which will be built using money from their own pockets."

The use of Batanes by the US poses a danger to the people, especially to the people of Cagayan Valley, which is right next to China and Taiwan, Alcala says. "It is a US ploy to challenge and provoke China," he said. He calls for greater unity of the people, especially the people of Cagayan Valley, to oppose and resist US militarization of the region and the entire country.

## Higit 100 manggagawa ng Dream Builders Pro Inc, nagwelga

Marso 20, 2024

Sinimulan ng higit 100 manggagawa ng Dream Builders Pro Inc (DPI) ang kanilang welga noong Marso 18 matapos di makatarungan at biglaang tinanggal ang mga lider at aktibong kasapi ng kanilang unyon. Ang kumpanya ay sangay sa konstruksyon ng real estate developer na Filinvest Land Inc, subsidyaryo ng kumpanyang Filinvest Development Corporation (FDC) na pag-aari ng pamilyang Gotianun. Itinirik ng unyon ang kanilang welga sa warehouse ng kumpanya sa Manna East, Barangay Dalig, Teresa, Rizal.

Ayon sa mga manggagawa, dating direktang nag-eempleyo ng mga manggagwa ang DPI. Nang matunugan nito ang napipintong pagkabuo ng unyon, bigla itong pumaloob sa kontrata ng "subcontracting" sa isang manpower agency.

Sa unang araw pa lamang ng welga, pinuntahan na ng mga pulis at pribadong gwardya ng DPI ang kubol ng mga manggagawa. Paglabag ito sa karapatan ng mga manggagawa at maging sa balangkas ng reaksyunaryong batas na nagbabawal sa pakikialam ng armadong mga pwersa sa usapin sa pagitan ng mga manggagawa at kapitalista. Nakasaad dito na ang tanging maaring pumagitna sa labor dispute tulad ng welga ay ang Department of Labor and Employment. Ipinagbabawal din ang presensya ng pulis at armadong pwersa nang 50 metro mula sa piketlayn.

Giit ng unyon, kumpleto ang mga rekisitong dokumento ng kanilang welga tulad ng notice of strike o NoS, strike result, minutes ng negotiation, at iba pang mga dokumento. Inihain nila ang kanilang NoS noong Pebrero sa upisina ng DOLE sa Intramuros.

Tumaas ang net income ng FLI nang 30% tungong ₱3.77 bilyon noong 2023. Umabot sa ₱22.55 bilyon o 13% paglaki naman ang naitala nito sa kanilang consolidated revenue para sa taong iyon mula sa ₱19.94 bilyon na rebenyu noong 2022.

May kontrata ang FLI ng mga proyektong pabahay na may halagang ₱8.7 bilyong halaga noong nakaraang taon sa Rizal, Laguna, Pangasinan, Cebu, Davao, South Cotabato, Zamboanga, at Iloilo.

### [English Translation]

## Over 100 Dream Builders Pro Inc workers go on strike

Marso 20, 2024

More than 100 workers of Dream Builders Pro Inc (DPI) began their strike on March 18 after union leaders and active members were unjustly and arbitrarily fired. The company is the construction arm of real estate developer Filinvest Land Inc, a subsidiary of the Gotianun family-owned company Filinvest Development Corporation (FDC). The union staged the strike at the company’s warehouse in Manna East, Barangay Dalig, Teresa, Rizal.

According to the workers, DPI used to employ workers directly. When it heard about the imminent formation of a union, it suddenly entered into a “subcontracting” contract with a manpower agency.

On the strike’s first day, police and DPI private guards went to the workers’ tent. This violates workers’ rights even under the reactionary law that bans the armed forces to interfere in matters between workers and capitalists. It states that only the Department of Labor and Employment can intervene in labor disputes such as strikes. It also prohibits the presence of police and armed forces within 50 meters of the picketline.

The union insists that they have complete documents required for their strike such as notice of strike or NoS, strike result, minutes of negotiation, and other documents. They filed their NoS last February at the DOLE office in Intramuros.

FLI’s net income increased by 30% to ₱3.77 billion in 2023. It recorded a ₱22.55 billion or 13% growth in its consolidated revenue for that year from ₱19.94 billion revenue in 2022.

FLI has contracts for housing projects worth ₱8.7 billion last year in Rizal, Laguna, Pangasinan, Cebu, Davao, South Cotabato, Zamboanga, and Iloilo.

# Mapangwasak na pagmimina sa Surigao del Norte, minamadaling simulan ng Philex

Marso 20, 2024

Mapangwasak na pagmimina sa Surigao del Norte, minamadaling simulan ng Philex

Inianunsyo kamakailan ni Manuel Pangilinan, pinuno ng Philex Mining Corporation, na matutuloy na ang pagbubukas ng kumpanya nitong Silangan Mindanao Mining Co. Inc. (SMMCI) sa dambuhalang minahan nito sa Surigao del Norte sa unang kwarto ng 2025. Minamadali na itong buksan ng Philex dahil sinasabing masasaid na ang pinakamalaking minahan nito (Padcal) sa Tuba, Benguet ngayong taon. Ang Philex ay pag-aari ng First Pacific Corporation Inc ng pamilyang Salim ng Indonesia.

Bago bilhin ng First Pacific Co Ltd ang Philex noong 2009, pinamunuan ito ni Walter Brown ng A. Brown Co. Inc.

Ginawa ang pag-aanunsyo matapos mabuo ang halos $2.2 bilyong kapital na gagamitin sa operasyong pagmimina. Nagmula ang $2 bilyon mula sa JP Morgan, isang dambuhalang kumpanya sa pinansya mula sa US, at Mizuho Financial Group Inc ng Japan. Ang $170 milyon naman ay inutang nito sa iba't ibang bangko, kabilang ang $70 milyon mula sa Philippine National Bank at dalawa pang lokal na bangko.

Noong pang 2017 target buksan ang Silangan Gold and Copper Project, pero inabot ito ng pakitang-taong moratoryum laban sa open-pit mining ng rehimeng Duterte. Noong 2019, nabigyan ito ng go-signal nang ibasura ni Duterte ang ganoong moratoryum. Muling tinarget na buksan ang mina noong 2022 pero kinapos ng kapital dahil sa “instabilidad” sa prubinsya. Kabilang sa mga “sagabal” sa pagbubukas ng mina ang malawakang pagtutol ng mga residente, laluna ang sa mga komunidad na iinda ng masamang epekto ng pagmimina. Kilala rin ang prubinsya sa puspusang armadong paglaban ng Bagong Hukbong Bayan, laluna kontra sa mapaminsalang pagmimina.

Ang Silangan Gold and Copper Project ay kabilang sa “Big Three” o tatlong pinakamalalaki at pinakamapangwasak na proyektong pagmimina na nakatakdang buksan sa susunod na mga taon. Ang dalawa pa ay ang Tampakan Gold Project sa South Cotabato at King-king Gold Project sa Compostela Valley (Davao de Oro).

Gaano kalawak ang Silangan Gold and Copper Project?

Saklaw ng Silangan Gold and Copper Project ang halos 8,000 ektaryang lupang agrikultural, kagubatan at kabundukan sa Placer, Tagana-an, Tubod, at Sison, lahat sa Surigao del Norte. Bahagi nito ang Maniayao Highlands, sa ibabaw ng Lake Mainit, na pinakamalalim at pang-apat na pinakamalaking lawa sa buong bansa. Malaki ang papel ng Maniayao Highlands sa pagsalag sa mga

bagyo at baha na regular na dinaranas ng prubinsya.

Binigyan ng reaksyunaryong gubyerno ang Philex Mining noong 1999 ng isang Minerals Production and Sharing Agreement (MPSA) na sumasaklaw sa tatlong mining tenement na may orihinal na lawak na 2,800 ektarya pero napaliit tungong 2,323 ektarya noong 2016. Noong 2002, binigyan ito exploration permit (EP) sa higit 11,000 ektarya, na pinaliit naman tungong 5,000 ektarya noon ring 2016. Kasosyo nito ang Anglo-American Exploration, isang kumpanya sa mina na nakabase sa United Kingdom, sa eksplorasyon. "Nadiskubre" ng mga ito ang Boyongan at Bayugo deposits, na parehong nasa Barangay Timamana sa Tubod, noong 2000. Liban dito, kasosyo rin ng Philex ang Manila Mining Corp (subsidyaryo ng Lepanto Mining Corp) sa pagmimina sa katabing Kalayaan deposits.

May bisa ang MPSA ng Philex sa mga deposito ginto at tanso sa Boyongan at Bayugo hanggang 2049. Sinasabing matatagpuan sa Boyongan ang isa sa pinakamalaking reserba ng tanso sa buong mundo. Mayroon din umano itong reserbang 9.6 milyong onse ng ginto. Ayon sa kumpanya, makahuhukay ito ng 571 milyong toneladang batong mineral, kung saan 0.63% ng bawat tonelada tanso, at maglalaman ng 1.2 gramo ng ginto. Oras na mabuksan, ito ang magiging pinakamalaking minahan ng Philex. Tinatayang aabot sa $7 bilyon ang maibebenta nitong batong mineral sa susunod na 28 taon.

Noong 2015, nagsumite ng aplikasyon ang Philex para sa open-pit mining dahil di umano angkop ang ibang metodo ng pagmimina, tulad ng block-caving, sa lugar. Pero noong 2019, sinubukan nitong ikutan ang pagbabawal sa open-pit mining sa pamamagitan ng pagsasabing gagamit ito ng metodong sub-cave mining (paghuhukay ng relatibong mabababaw na butas sa bundok). Sa isinumite nitong "independyenteng pagtatasa sa epekto sa kapaligiran" noong 2019, pinalabas ng Philex na "bahagyang mababawasan" ang masasamang epekto ng pagmimina gamit ang metodong ito kumpara sa open-pit mining at block-cave mining (paggawa ng malalalim na tunnel sa ilalim ng lupa).

Wala pang ECC (environment compliance certificate) ang kumpanya para sa metodong ito.

Pagkawasak sa kapaligiran, kabuhayan at buhay ng mamamayan

Hindi maitatanggi na magiging masaklaw at matagalan ang epekto ng pagmimina sa lugar. Sa sariling ulat ng Philex Mining noong 2019, nabanggit nito ang sumusunod:

1) Sasaklawin ng proyekto ang 532 ektaryang lupang agrikultural na mga niyugan at palayan. Produktibo ang lupa na ito at pinagkukunan ng kabuhayan ng di bababa 10 barangay. Nakakategorya bilang "critical area" ang kalupaang sakop ng proyekto dulot ng katangian ng mga dahilig nito at presensya ng pinagkukunan ng tubig (water resources).

Tinatawag na “geologically active area” ang lugar ng proyekto na mayroong hindi bababa sa limang trench at fault line (biyak sa lupa). Sa gayon, bulnerable ito sa lindol at pagguho ng lupa. Katulad ito ng pagkakategorya sa mga bayan ng Compostela Valley (Davao de Oro) na sinaklaw rin ng pagmimina ng Apex Mining Corp. Inc at nagresulta sa malakihang pagguho ng lupa noong Pebrero.

Magubat pa ang ilang bahagi na saklaw ng proyekto, laluna sa bandang mga barangay Marga at Motorpool sa Tubod, kahit pa lubha na itong “nadistorbo” dulot ng deka-dekadang pagtotroso at pagtatanim ng mga komersyal na falcatta.

2) Banta sa katubigan sa lugar ang posibleng pagtagas ng itatayong tailings storage facility (TSF) o imbakan ng nakalalasong basura ng mina. Bulnerable ang gayong pasilidad sa pagguho ng lupa at lindol. (Matatandaang naganap ang pinakamalalang pagtagas ng TSF sa Pilipinas sa minahan ng Philex sa Padcal noong 2012.)

3) Kakalbuhin at papatagin ang kalupaang target na minahin, gayundin ang mga erya na pagtatayuan ng mga gusali at pasilidad. Mawawalan ng tirahan ang natitirang ligaw na hayop sa lugar, at tiyak na bababa ang populasyon nito. Di bababa sa tatlong permit na ang iginawad ng DENR sa kumpanya para magputol ng libu-libong puno, na signipikate nang nagbawas ng kober sa lugar laban sa mga bagyo at ibang sakuna. Signipikante rin

nitong babaguhin ang katangian at porma ng kabundukan.

4) Ang pagbubutas ng mga tunnel ay banta sa underground water sources sa lugar na maaring marumihan o malason, mabawasan, kundiman tuluyang mawala. Banta rin ang maruming at nakalalasong tubig na manggagaling sa TSF na maaring magkontamina sa mga ilog na naghahatid ng tubig sa Lake Mainit. Pipinsalain nito ang siklo ng buhay ng hinuhuling isda sa mga ilog at lawa, na pinagkukunan ng hanapbuhay ng maraming Surigaonon.

5) Dagdag sa polusyon sa tubig, magdudulot ang minahan ng matinding polusyon sa hangin, tulad ng napakakapal na alikabok.

6) Magdudulot ito, kundiman nagdulot na, ng malawakang dislokasyon ng mga magsasaka at Lumad. Ang mga komunidad dito ay kabilang sa pinakamahihirap sa buong bansa. Sa karanasan sa ibang bahagi sa Caraga na inaagaw na ng malakihang mina, lalupang nalulubog sa kahirapan ang mga residente sa lugar.

Noong 2020, may 58,949 ang naninirahan sa Placer, Tubod at Sison pa lamang. Ang kaya lamang iempleyo ng Philex sa minahan dito ay 2,500, at hanggang 8,000 para sa mga temporaryo, kontraktwal at pansuportang trabaho. Sa kasalukuyan, mayroon lamang mahigit 200 empleyado ang kumpanya.

Kasaysayan ng paglaban

Noong Agosto 31, 2013, sinunog ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Surigao del Norte ang survey equipment, generator at iba pang gamit pangmina ng SMMCI sa Barangay Febra, Mainit. Tinayang nagkahalaga ang lahat ng gamit ng ₱1.14 milyon. Sinamsam din ng BHB ang dalawang shotgun ng mga gwardya ng kumpanya.

Sa Araw ng Kababaihan noong taong iyon, nagprotesta ang mga kababaihang magsasaka sa harap ng upisina ng SMMCI sa Timamana, Tubod para tutulan ang pagbubukas ng mina (na noo'y target sa 2013), dahil tatamaan nito ang kanilang mga palayan at pinagkukunan ng tubig. Batid ng mga magsasaka, na tulad ng katabi nitong minang Kalayaan, magreresulta ang pagmimina SMMCI ng siltation o pagbabanlik ng ilog, kasalatan ng tubig at pagkain.

Noong 2018, kinundena at pinananagot ng simbahang Katolika sa Caraga ang Philex at SMMCI matapos binaha ang mga bayan sa hangganan ng Agusan at Surigao del Norte dahil sa pagbara ng mga ilog dulot itinapong basura ng minahan nito sa lugar.

## [English Translation]
## Philex rushing to open destructive mining in Surigao del Norte

Marso 20, 2024

Manuel Pangilinan, head of Philex Mining Corporation, recently announced that the opening

his company Silangan Mindanao Mining Co. Inc. (SMMCI) in its gigantic mine in Surigao del Norte in the first quarter of 2025 is going ahead. Philex is in a hurry to open the said mine as its largest mine (Padcal) in Tuba, Benguet is about to be exhausted this year. Philex is owned by First Pacific Corporation Inc of the Salim family of Indonesia.

Philex was headed by Walter Brown of A. Brown Co. Inc. before First Pacific Co Ltd bought it in 2009.

The announcement was made after nearly $2.2 billion in capital was raised for the mining operation. The $2 billion came from JP Morgan, a giant financial company from the US, and Japan's Mizuho Financial Group Inc. The $170 million was borrowed from various banks, including $70 million from the Philippine National Bank and two other local banks.

The Silangan Gold and Copper Project was set to be opened on 2017, but was delayed by the Duterte regime's hypocritical moratorium against open-pit mining. In 2019, Duterte scrapped the moratorium and gave the mine its go-signal. The mine was again targeted to open in 2022 but it fell short of capital due to "instability" in the province. Among the "obstacles" to the opening of the mine is the widespread resistance of residents, especially in communities which will suffer the harmful effects of mining. The province is also known for vigorous armed resistance by the New People's Army, especially against harmful mining.

The Silangan Gold and Copper Project is among the "Big Three" or three largest and most destructive mining projects slated to open in the next few years. The other two are the Tampakan Gold Project in South Cotabato and King-king Gold Project in Compostela Valley (Davao de Oro).

How extensive is the Silangan Gold and Copper Project?

The Silangan Gold and Copper Project covers nearly 8,000 hectares of agricultural land, forests and mountains in Placer, Tagana-an, Tubod, and Sison, all in Surigao del Norte. It covers part of the Maniayao Highlands, above Lake Mainit, the Philippine's deepest and fourth largest lake. The Maniayao Highlands play a big role in shielding the province from typhoons and floods it regularly suffers.

The reactionary government granted Philex Mining in 1999 a Minerals Production and Sharing Agreement (MPSA) covering three mining tenements with an original area of 2,800 hectares but was reduced to 2,323 hectares in 2016. In 2002, it was granted an exploration permit (EP) to more than 11,000 hectares, but was reduced to 5,000 hectares in 2016. Its exploration partner is Anglo-American Exploration, a mining company based in the United Kingdom. They "discovered" the Boyongan and Bayugo deposits, both in Barangay Timamana in Tubod, in 2000. In addition, Philex is also a partner of Manila Mining Corp (subsidiary of Lepanto Mining Corp) in mining the adjacent Kalayaan deposits.

Philex’s MPSA has access to gold and copper deposits in Boyongan and Bayugo until 2049. Boyongan is said to be home to one of the largest copper reserves in the world. It also reportedly has a reserve of 9.6 million ounces of gold. According to the company, it will mine 571 million tons of ore, of each ton can yield 0.63% of copper, and 1.2 grams of gold. Once opened, it will be Philex’s largest mine. The mine’s sales is estimated to reach $7 billion in the next 28 years.

In 2015, Philex submitted an application for open-pit mining because other mining methods, such as block-caving, are allegedly not suitable for the area. But in 2019, it tried to circumvent the ban on open-pit mining by saying it would use the sub-cave mining method (digging relatively shallow holes in the mountain). In its “independent environmental impact assessment” submitted in 2019, Philex concluded that the harmful effects of mining using this method will be “slightly reduced” compared to open-pit mining and block-cave mining (building deep underground tunnels).

The company does not yet have an ECC (environment compliance certificate) for this method.

Destruction of the environment, livelihood and lives of the people

The extensive and long-term impact of mining on the area is undeniable. Philex Mining’s own report in 2019 noted the following:

1) The project will cover 532 hectares of agricultural land of coconut and rice fields. This land is productive and a source of livelihood for at least 10 barangays. The land covered by the project is categorized as a "critical area" due to the nature of its slopes and the presence of water resources.

The project area having at least five trenches and fault lines is called a "geologically active area". Thus, it is vulnerable to earthquakes and landslides. Compostela Valley (Davao de Oro) towns were similarly categorized, which were still mined by Apex Mining Corp. Inc's and has resulted in a massive landslide in February.

Some parts covered by the project are still forested, especially around barangays Marga and Motorpool in Tubod, despite being extremely "disturbed" due to decades of logging and the planting of commercial falcattas.

2) The possible leakage of the soon-to-be built tailings storage facility (TSF) threatens the water resources in the area. The facility is vulnerable to landslides and earthquakes. (It may be recalled that the worst TSF leak in the Philippines occurred at a Philex mine in Padcal in 2012.)

3) Mining will flatten the targeted land, as well as the areas where buildings and facilities will be built, and strip it with its vegetation. It will displace the remaining wildlife in the area, and will reduce their numbers. In fact, the DENR has already awarded the company at

least three permits to cut thousands of trees, which has already significantly reduced the area's cover against typhoons and other disasters. It will also drastically change the nature and landscape of the mountains.

4) The drilling of tunnels threatens the area's underground water sources that may be polluted or poisoned, reduced, or completely dried up. There is also the threat of polluted and poisonous water coming from the TSF that may contaminate rivers that deliver water to Lake Mainit. This will disrupt the life cycle of fish caught in the rivers and lakes, which are the source of livelihood for many Surigaonons.

5) In addition to water pollution, the mine will cause severe air pollution, such as very thick dust clouds.

6) It will cause, or has already caused, mass dislocation of farmers and Lumads. The communities here are among the poorest nationwide. In the experience of other parts of Caraga that have been grabbed by a large-scale mining, the residents of the area sink deeper into poverty.

As of 2020, there are 58,949 residents in Placer, Tubod and Sison alone. Philex can only employ 2,500 in the mine here, and up to 8,000 for temporary, contractual and support jobs. Currently, the company employs only over 200.

History of resistance

On August 31, 2013, Red fighters of the NPA-Surigao del Norte burned the survey equipment, generator and other mining equipment of SMMCI in Barangay Febra, Mainit. All items were estimated to cost ₱1.14 million. The NPA also seized two shotguns belonging to company guards.

On Women's Day that year, peasant women protested in front of the SMMCI office in Timamana, Tubod to oppose the opening of the mine (which was then targeted for 2013), as it would ravage their rice fields and water sources. Farmers are aware that, like the adjacent Kalayaan mine, SMMCI mining will result in river siltation or sedimentation, and water and food scarcity.

In 2018, the Catholic church in Caraga condemned and held Philex and SMMCI accountable after the border towns of Agusan and Surigao del Norte were flooded due to the blockage of rivers caused by the dumping of mine waste in the area.

## Mga manggagawa ng Robinsons Retail Holdings, Inc, wagi sa laban sa regularisasyon

Marso 20, 2024

Nagtagumpay ang mga kontraktwal na manggagawa ng Robinsons Retail Holdings, Inc. (RRHI), na mga kasapi ng Handyman Empowered Workers Union (HANEP), na igiit ang kanilang karapatan para maging regular matapos

ang tatlong taong sama-samang pakikibaka. Nakapaloob ang atas sa kumpanya na gawin silang regular sa naging desisyon ni Labor Arbiter Remedios Tirad-Capinig na inilabas kamakailan.

Ayon sa desisyon, naipakita sa isinumiteng reklamo ng mga manggagawa na pumaloob ang RRHI sa ipinagbabawal na kasunduang "labor-only contracting." Dahil dito, kinatigan niya ang inihaing kaso ng 83 manggagawa ng kumpanya at nag-atas ng regularisasyon, at pinatawan ang kumpanya ng moral and exemplary damages at pinagbabayad ng abugado para sa mga manggagawa.

Nagsimulang mag-unyon noong 2020 ang mga manggagawa ng RRHI, na nagtatrabaho sa warehouse ng mga business units nito na Handyman, True Value, at Robinsons Builders. Nagwelga sila noong Nobyembre ng taong iyon laban sa union busting. Humantong ang welga sa back-to-work sa loob ng warehouse, payroll reinstatement sa mga lider ng unyon, at pag-file ng kasong regularisasyon.

Ang kumpanyang RRHI ay pag-aari ng pamilyang Gokongwei. Naitala nito ang pinakamataas na netong benta noong 2022 na umabot sa ₱178.8 bilyon o 16.6% na mas mataas noong 2021. Sa taong iyon, mayroong kabuuang 2,310 tindahan ang kumpanya na kinabibilangan ng mga supermarket, department store, convenience store at iba pa. Mayroon din itong 2,151 prangkisa ng kanilang parmasya.

**[English Translation]**

## Workers of Robinsons Retail Holdings, Inc, win battle for regularization

Marso 20, 2024

The contractual workers of Robinsons Retail Holdings, Inc. (RRHI), who are members of the Handyman Empowered Workers Union (HANEP), succeeded in their demand for their right to be regularized after a three-year collective struggle. The recently released decision of Labor Arbiter Remedios Tirad-Capinig orders the company to employ them as regulars.

According to the decision, it was shown in the complaint submitted by the workers that RRHI entered into an illegal “labor-only contracting” agreement. Because of this, it sided with the case filed by 83 workers of the company and ordered regularization, and sentenced the company to pay moral and exemplary damages and fees for the workers’ lawyer.

RRHI workers, who work in the warehouse of its business units Handyman, True Value, and Robinsons Builders, began unionizing in 2020. They went on strike in November of that year against union busting. The strike led to back-to-work orders inside the warehouse, payroll reinstatement of union leaders, and the filing of a regularization case.

The RRHI company is owned by the Gokongwei family. It recorded the highest net sales in 2022 which reached ₱178.8 billion or 16.6% higher

than in 2021. That year, the company had a total of 2,310 stores which include supermarkets, department stores, convenience stores and others. It also has 2,151 franchises of their pharmacy.

## Mga migranteng manggagawa, nagprotesta sa Department of Migrant Workers

Marso 20, 2024

Nagprotesta ang Migrante kasama ang iba't-ibang organisasyon noong Marso 17 sa Department of Migrant Workers sa Mandaluyong City para manawagan ng hustisya sa lahat ng mga biktima ng sapilitang migrasyon o labor export program ng estado. Itinaon nila ang pagkilos sa ika-29 anibersaryo ng pagkamatay ni Flor Contemplacion, migranteng manggagawa sa Singapore na binitay noong 1995.

"Hindi na mabilang ang mga Pilipinong nasawi sa ibang bayan," pahayag ng Migrante Philippines. Kabilang dito sina Joana Demafelis, Bennylyn Aquino, Julleebee Ranara at napakarami pang iba. Samantala, nasa bingit pa rin ng kamatayan si Mary Jane Veloso, biktima ng human trafficking sa Indonesia, at iba pang mga migranteng manggagawa na nasa death row.

Dagdag ng grupo, daan-daang mga domestic helper na sinasamantala at inaabuso ng kanilang mga amo, mga seafarer na nakararanas ng hirap at rasismo sa kanilang mga pinagtatrabahuhan, at ang iba pang migranteng manggagwang Pilipino ay hindi nakatatanggap ng sahod na pantay sa

ibang mga lahi at hindi nakatanggap ng end-of service benefits, tulad ng mga biktima ng Saudi Crisis.

Samantala, ang kanilang mga pamilya sa Pilipino ay naghihigpit ng sinturon para lamang mapagkasya ang kanilang mga padala dahil sa tumataas na presyo ng mga bilihin.

Sa harap ng mga ito, giit nilang ideklara ang Marso 17 bilang “Pambansang Araw ng Pag-alala sa mga Migrante.” Anila, dapat itong gawin upang hindi malimutan ng sambayanang Pilipino ang mga hirap at sakripisyong kinailangang danasin ng mga Pilipinong itinutulak ng gubyerno palabas ng bansa.

Iginiit din ng Migrante na itigil ng Kongreso at rehimeng Marcos ang ppakanang charter change dahil ang pagbubukas ng ating yaman pabor sa ibang bansa ay mag-aalis sa proteksyon at magsasadlak sa mga Pilipino sa higit na pagsasamantala.

“Huwag tayong pumayag na madagdagan pa ang mga migranteng biktima na napilitan na iwan ang kanilang pamilya para sa kaginhawaan na hindi nila mahanap sa ating sariling bayan. Ipaglaban natin ang isang lipunang inaaruga at nirerespeto ang ating mga karapatan, may nakabubuhay na sahod at sapat na trabaho, at kapayapaan para sa ating mga pamilya,” pagtatapos ng grupo.

[English Translation]
# Migrant workers protest before Department of Migrant Workers

Marso 20, 2024

Migrante, along with various organizations, protested on March 17 before the Department of Migrant Workers in Mandaluyong City calling for justice for all victims of forced migration or the state's labor export program. They coincided their action on the 29th anniversary of the death of Flor Contemplacion, a migrant worker who was hanged in Singapore in 1995.

“We can no longer keep track of the number of Filipinos who lost their lives abroad,” said Migrante Philippines. They include Joana Demafelis, Bennylyn Aquino, Julleebee Ranara and many others. Meanwhile, Mary Jane Veloso, a victim of human trafficking in Indonesia, and other migrant workers remain on death row.

The group added that hundreds of domestic helpers who are exploited and abused by their employers, seafarers who experience hardship and racism in their workplaces, and other Filipino migrant workers do not receive wages equal to other races and did not receive end-of service benefits, such as the victims of the Saudi Crisis.

Meanwhile, their families in the Philippines are tightening their belts just to survive on their remittances due to rising commodity prices.

Amid all this, they demanded that March 17 be declared as "National Migrant Remembrance Day." They say this should be done so that the Filipino people will not forget the hardships and sacrifices suffered by Filipinos pushed out of the country by the government.

Migrante also demanded that Congress and the Marcos regime stop the charter change scheme because opening our resources to foreign ownership and plunder will remove protection and expose Filipinos to further exploitation.

"Let's not allow more migrant victims to be forced to leave their families for the decent life which they can't find in our homeland. Let's fight for a society that nurtures and respects our rights, with a living wage and enough jobs, and peace for our families," the group concluded.

## Pambubugbog ng mga heneral sa kanilang asawa't anak, kinundena ng Makibaka

Marso 20, 2024

Kinundena ng Makibaka, organisasyon ng mga rebolusyonaryong kababaihan, ang pambubugbog at pang-aabuso ng dalawang heneral sa kanilang mga asawa at anak.

Ayon kay Malaya Libertad, tagapagsalita ng Makibaka, "Sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema, nagpapatuloy ang kahayupan at kabulastugang ginagawa ng AFP sa kababaihan at mga bata. Isang patunay ito ng

macho-pasistang kultura na umiiral sa loob ng AFP."

Noong Marso 12, humarap sa Senado si Tessa Luz Reyes-Sevilla, asawa ni Gen. Ranulfo Sevilla, para ibunyag ang pambubugbog na dinanas niya at kanyang anak sa kamay ng heneral. Liban sa pambubugbog, nangangaliwa din umano itong si Sevilla. Kasalukuyang deputy commander Special Operations Command ng AFP si Sevilla. Dinidinig noon sa Senado ang promosyon ni Sevilla tungong brigadier general.

Sa Marso 19, isinapubliko naman ni Gemini Baladad sa isang press conference, ang pang-aabuso na dinanas niya at kanyang anak sa kamay ng kanyang asawa na si (Ret.) Major General Aurelio Baladad. Notoryus na tagalabag ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas si Baladad. Siya ang kumander na nag-utos ng pag-aresto, detensyon at tortyur sa Morong 43, ang grupo ng manggagawang pangkalusugan. Pinakamataas niyang naabot na katungkulan ang pagsilbing kumander ng Eastmincom noong noong 2014-2015. Sa panahong ito naganap ang maraming mga krimen ng yunit-militar sa ilalim ng kanyang kumand, kabilang ang sadyang pagpatay sa nadakip nang si Ka Parago (Leoncio Pitao). Nagretiro si Baladad noong 2015.

Ani Gemini, maraming beses niyang inireklamo sa AFP ang pang-aabuso ng kanyang asawa, pero hindi siya pinansin ng pamunuan ng militar. Aniya, wala siyang natanggap na aksyon, proteksyon at suporta, o kahit simpatya man lamang mula sa

AFP. Malala pa, sinipa siya sa kampong tinitirahan niya noong panahon na iyon.

Lumantad siya sa publiko para bigyan ng boses ang maraming mga asawa at pamilya na nagdurusa sa kamay ng kanilang mga asawang heneral at sundalo. Nasa 10 kababaihan kada araw ang naghahain ng reklamo sa AFP dahil sa kaso ng pang-aabuso ng kanilang mga asawa, aniya.

“Hindi na bago ang pang-aabuso ng AFP sa kababaihan at mga bata. Patuloy nila itong ginagawa sa ilalim ng mga kontra-insurhensyang operasyong militar sa kanayunan at pamamalagi nila sa mga baryo at komunidad. Maraming kaso ng pang-aabuso ng militar sa kanayunan ang hindi narereport o nababalita,” ani Ka Malaya.

Sa kanayunan, biktima ang kababaihan ng walang rendang panggagahasa, pananakit, pangdudukot at pagpatay ng mga pasistang militar. Di rin iilang ang sanggol at bata na pinaghihinalaang nitong mga “anak ng NPA” ang kinidnap at hinostage para pasukuin ang kanilang mga magulang.

Hinikayat ng Makibaka ang lahat ng biktima na tumindig, magsalita, at labanan ang pang-aabuso ng mga pulis at militar sa kababaihan at mga bata. “Liban sa mga organisasyong pangkababaihan at women’s desks, bukas din ang mga chapter ng MAKIBAKA sa larangang gerilya at sa mga base sa kalunsuran upang tumulong sa mga biktima ng karahasan,” ayon kay Ka Malaya.

[English Translation]
# Makibaka condemns generals who beat wives and children

Marso 20, 2024

Makibaka, an organization of revolutionary women, condemned two generals for beating and abusing their wives and children.

According to Malaya Libertad, Makibaka spokesperson, “Under the semi-colonial and semi-feudal system, the savagery and brutality that the AFP does to women and children continues. This is a proof of the macho-fascist culture prevailing within the AFP.”

Tessa Luz Reyes-Sevilla, wife of Gen. Ranulfo Sevilla, faced the Senate on March 12 to reveal the beating that she and her son suffered at the hands of the general. In addition to the beating, Sevilla also allegedly committed infidelity. Sevilla is currently the deputy commander of the AFP Special Operations Command. The Senate was then hearing Sevilla’s promotion to brigadier general.

On March 19, Gemini Baladad exposed in a press conference the abuse she and her son suffered at the hands of her husband, (Ret.) Major General Aurelio Baladad. Baladad is a notorious violator of human rights and international humanitarian law. As commander, he ordered the arrest, detention and torture of the Morong 43, the health worker group. The highest position he attained was serving as the commander of Eastmincom in 2014-

2015. The military unit under his command committed numerous crimes during this period, including the summary execution of the already captured Ka Parago (Leoncio Pitao). Baladad retired in 2015.

Gemini said she complained to the AFP many times about her husband's abuse, but the military leadership ignored her. She said she received no action, protection and support, nor even sympathy from the AFP. Even worse, she was evicted from the camp where she was living at the time.

She went public to give a voice to the many wives and families suffering at the hands of their general and soldier husbands. About 10 women every day file complaints with the AFP because of cases of abuse by their husbands, she said.

"The abuse of women and children by the AFP is not new. They continue to do it under counterinsurgency military operations in the countryside and while staying in villages and communities. There are many cases of military abuse in the countryside that is never filed or reported," said Ka Malaya.

In the countryside, women are victims of unbridled rape, assault, abduction and murder by the fascist military. Many infants and children suspected of being "children of the NPA" have been kidnapped and held hostage to force their parents to surrender.

Makibaka encouraged all victims to stand up, speak out, and fight against police and military

abuse of women and children. “In addition to women’s organizations and women’s desks, MAKIBAKA chapters are also open in the guerrilla fronts and in urban bases to help victims of violence,” according to Ka Malaya.

## Batas laban sa patakarang “no permit, no exam,” naigiit ng kabataang Pilipino

Marso 21, 2024

Naigiit ng kabataang Pilipino sa pamamagitan ng kinatawan nito sa Kabataan Partylist ang batas laban sa patakarang “no permit, no exam” sa mga eskwelahan sa bansa. Naging ganap nang batas ang “No Permit, No Exam Prohibition Act” o ang Republic Act 11984 noong Marso 11. Unang inihain ng Kabataan Partylist ang naturang panukala noon pang 2007.

“Matagal nang ipinanawagan ng mga estudyante at magulang ang pagpapatigil sa patakarang ito sa mga paaralan,” pahayag ni Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel. Ikinatuwa ng marami ang balita na naging batas ito, gayunman, tinawag niyang “killjoy” si Marcos Jr dahil pinalabnaw ang bersyon ng batas na pinirmahan nito.

Dismayado si Rep. Manuel dahil sa pinirmahang bersyon ay kailangan pang kumuha ang mga estudyante ng sertipikasyon sa Department of Social Welfare and Development para patunayan na hindi nila kayang magbayad bago ang panahon ng pagsusulit. Ibinaba rin ni Marcos Jr ang parusa sa mga paaralang lalabag sa batas.

“Lumilitaw na parang ayaw talaga ng administrasyong Marcos Jr na ipatigil ang patakaran, ngunit napilitan lang na pirmahan ang batas para masabing may ginagawa ito sa gitna ng krisis sa edukasyon,” patutsada pa ng kinatawan.

Nalalantad din umano ang pagkiling ng administrasyon sa mga pribadong unibersidad at eskwelahan sa pag-apruba nito sa taunang pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin. “Pinoprotektahan pa rin ng Malacañang ang limpak-limpak na kita ng mga dambuhalang negosyo na nagmamay-ari ng mga paaralan,” aniya.

Ganito rin ang pananaw ng League of Filipino Students (LFS). Sa pahayag ng grupo, binigyang diin nito na sa ilalim ng isang komersyalisado at anti-estudyanteng sistema ng edukasyon, kahit pa pinirmahan ang naturang batas, ay natutulak pa rin ang mga estudyante at kanilang pamilya na umutang, magbayad ng napakamamahal na bayarin at ang iba pa nga ay napipilitang tuluyang huminto sa pag-aaral.

“Ang nag-uumapaw na bilang ng mga manggagawang hindi natapos ang kanilang kurso sa kolehiyo ay humihila sa presyo ng paggawa (sahod), na lalong nagpapatindi sa kahirapan,” ayon sa grupo. Ang ganitong balangkas ay bahagi ng neoliberal na sistema ng edukasyon, hindi lamang sa bansa, kundi sa buong daigdig, anito.

Muling ipinanawgan ng LFS ang pagtataguyod sa isang makabayan, siyentipiko at makamasang edukasyon na anito ay mangangalaga sa

demokratikong karapatan ng mga estudyante at magtitiyak ng kalidad na edukasyon para sa lahat.

Samantala, nanawagan ang Kabataan Partylist na iulat sa upisina nito ang mga insidente ng pwersahang paniningil ng matrikula at iba pang bayarin kapag papalapit na ang panahon ng pagsusulit sa mga paaralan.

### [English Translation]

## Filipino youth wins law against the "no permit, no exam" policy

Marso 21, 2024

The Filipino youth, through its representative in the Kabataan Partylist, succeeded on having a law enacted against the "no permit, no exam" policy in schools in the country. The "No Permit, No Exam Prohibition Act" or Republic Act 11984 became a full law on March 11. Kabataan Partylist first filed such a proposal in 2007.

"Students and parents have been calling for and end to this policy in schools for a long time," said Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel. Many cheered the news of its enactment. However, he called Marcos Jr. a "killjoy" for diluting the version of the law he signed.

Rep. Manuel was disappointed because the signed version required students to obtain a certification from the Department of Social Welfare and Development proving they cannot afford to pay before the exam period. Marcos Jr. also lowered the punishment for schools that violate the law.

“It shows that the Marcos Jr. administration does not really want to stop the policy, but was forced to sign the law to make it appear it is doing something amid the education crisis,” snided the representative.

Government favoring private universities and schools is also exposed with its approval of annual increases in tuition and other fees. “Malacañang is still protecting the huge profits of the corporate giant owners of schools,” he said.

This is also the view of the League of Filipino Students (LFS). In the group’s statement, it emphasized that under a commercialized and anti-student education system, even after signing such a law, students and their families are still being forced to borrow, pay exorbitant fees and others are even forced to drop out of school altogether.

“The overflowing number of workers who have not completed their college course drags down the price of labor (wages), further intensifying poverty,” according to the group. This framework is part of the neoliberal education system, not only in the country, but worldwide, it said.

The LFS reiterated its advancement of a nationalist, scientific and mass-oriented education which is asserted would protect the democratic rights of students and ensure quality education for all.

Meanwhile, the Kabataan Partylist called on students to report to its office the incidents of

forced collection of tuition and other fees as the examination period in schools approaches.

## Kumpanyang Dutch, pinananagot sa pinsalang dala ng papel nito sa proyektong reklamasyon

Marso 23, 2024

Nagprotesta sa harap ng embahada ng The Netherlands kahapon, Marso 22, ang mga grupong maka-kalikasan, syentista, mangingisda at mga residente sa mga baybay ng Manila Bay para singilin ang Boskalis Westminster NV, isang kumpanyang Dutch, sa idinulot nitong pinsala dahil sa dredging para sa proyektong reklamasyon noong 2021-2023. Isang katulad na protesta ang isinagawa naman sa Papendrect, The Netherlands, kung saan naroon ang pangunahing upisina ng Boskalis.

Nagtipon ang mga raliyista na nakapailalim sa koalisyong Defend Manila Bay para papanagutin hindi lamang ang Boskalis kundi pati ang gubyerno ng The Netherlands sa papel nito sa proyekto ng San Miguel Corporation na New Manila International Airport (NMIA) sa Bulacan. Ang mapangwasak na proyektong ito ay naipilit dahil sa mga taktikang intimidasyon ng kumpanya, kakunsabo ang reaksyunaryong militar, ayon sa mga raliyista.

"Tumabo ng kita ang kumpanyang Boskalis Westminster NV sa itatayong mega-airport sa Pilipinas mula sa pinsalang dala nito sa lokal na mga mangingisda, sa kapaligaran sa karagatan at

baybay," pahayag ni Jonila Castro, upisyal ng Kalikasan People's Network para sa adbokasiya sa kapaligiran kaugnay ng reklamasyon at tubig.

Idiniin ng mga grupo ang pagbalewala ng SMC sa mga pag-aaral kaugnay ng mga pinsalang idudulot ng itatayong paliparan. Anila, pang-aabuso ng kumpanya ang paggamit nito ng militar para mapalayas ang mga residente sa sasaklawin na proyekto.

"Bagama't natapos na ang dredging ng Boskalis, ang pinsala namang idinulot nito sa aming pangisdaan ay nagpapatuloy at pangmatagalan," ayon sa grupong Pamalakaya. "Ramdam namin ito lalo kapag malakas ang hangin kung saan ang latak ng hinukay ng barko ay kumakalat pa rin sa dagat na nagreresulta ng paglabo nito at pagdalang ng mga isda."

Dahil dito, bumagsak ang huli ng mga mangingisda, hindi lamang sa Bulacan kung pati sa Cavite.

"(H)indi sapat na itinigil lamang nila ang operasyon at basta na lamang iniwan ang dagat matapos sirain at pagkakitaan," ayon pa sa grupo. "Kinakailangan ang pangmatagalang pananagutan sa porma ng kompensasyon sa mga mangingisda at rehabilitasyon ng nasirang dagat."

Liban sa Boskalis, siningil din ng mga raliyista ang Atradius DSB, isang ahensyang pautangan, na nagpondo ng 1.5 bilyong euro para sa operasyon ng Boskalis.

“Inaprubahan ng Atradius DSB at ng kalihim sa pinansya ng The Netherlands na si Marnix van Rij ang aplikasyon (ng Boskalis) sa kabila ng pagtutol sa proyekto ng mga lokal na komunidad at iba pang grupo pareho sa The Netherlands at Pilipinas,” ayon kay Castro.

Binwelatahan ng mga grupo ang mga kumpanyang Dutch sa pagkakasangkot nito sa reklamasyon gayong nakipagkaisa at nagpopondo pa ang mga ito sa programa para maging sustenable ang Manila Bay.

### [English Translation]

## Protesters demand accountability of Dutch company for environmental damages

Marso 23, 2024

Environmental groups, scientists, fishermen and residents along the shores of Manila Bay protested in front of the embassy of The Netherlands yesterday, March 22, to condemn Boskalis Westminster NV, a Dutch company, for the damage it caused due to dredging for the reclamation project in 2021-2023. A similar protest was held in Papendrect, The Netherlands, where the main office of Boskalis is located.

Rallyists under the Defend Manila Bay coalition gathered to demand accountability not only from Boskalis but also the government of The Netherlands for their role in the New Manila International Airport (NMIA) project of San Miguel Corporation in Bulacan. The company

rammed the destructive project using intimidation tactics, complicit with the reactionary military, rallyists said.

“The company Boskalis Westminster NV made huge profits from the planned mega-airport in the Philippines which caused harm to local fishermen, to the ocean and coastal environment,” said Jonila Castro, official of the Kalikasan People’s Network for environmental advocacy related to reclamation and water.

The groups stressed the SMC’s disregard of studies showing the damages the airport would cause. They said it was company abuse to use the military to evict residents from the areas covered by the project.

“Although the dredging of Boskalis is complete, the damage it caused to our fisheries is ongoing and long-term,” according to the Pamalakaya group. “We feel this especially when strong winds blow spreading the residue of dredging waste to the sea making the water murky and causing a decline in fish.”

As a result, the catch of fishermen has gone down, not only in Bulacan but also in Cavite.

“It was not enough that they simply stopped operations and wantonly left the sea after destroying and profitting from it,” the group says. “Long-term accountability is needed in the form of compensation to fishermen and rehabilitation of damaged seas.”

In addition to Boskalis, the rallyists also charged Atradius DSB, a credit agency, which financed 1.5 billion euros for Boskalis' operation.

"Atradius DSB and The Netherlands finance secretary, Marnix van Rij, approved the application (of Boskalis) despite opposition to the project by local communities and other groups both in The Netherlands and the Philippines," according to Castro.

The groups denounced Dutch companies for their involvement in reclamation while they joined and even funded the program to make Manila Bay sustainable.

## Pagpasa ng RBH7 sa House of Representatives, binatikos

Marso 23, 2024

Nagprotesta ang mga demokratiko at progresibong organisasyon sa pangunguna ng No to Cha-cha Network sa House of Representatives noong Marso 20. Sa araw na iyun, paspasang ipinasa ng Kongreso ang Resolution of Both Houses (RBH) 7 o charter change (chacha). Bumoto pabor sa panukala ang 287 kongresista habang walo ang kumontra dito, kabilang ang mga kinatawan ng blokeng Makabayan.

Sa loob lamang ng tatlong linggo, niratsada ng Kongreso ang mga deliberasyon para ilusot ang panukala na nagsimula noong Pebrero 27. Pinakamabilis ito sa kasaysayan ng mga

pagtatangka ng mga rehimen na magpasa ng panukalang charter change.

Katapat na panukala ang RBH7 ng inihapag sa Senado na RBH6. Ayon sa pamunuan ng Kongreso, walang binago ang mga kongresista at kopya lamang ng RBH6 ang RBH7, na ang pangunahing layunin ay baguhin ang mga probisyong naglilimita sa dayuhang pag-aari sa ilang sektor ng ekonomya.

Itinulak ng Senado ang RBH 6 para kontrahin ang people’s initiative na ipinaarangkada ng pamunuan ng Kongreso nitong simula ng taon. Nilayon ng inisyatibang ito na tanggalan ng papel ang senado sa anumang charter change. Sa pagpapanukala ng RBH6, nilayon ng senado na siyang manguna sa chacha at tiyakin ang sarili nitong adyenda.

Alinsunod sa resolusyon, tatlong probisyon lamang ang babaguhin oras na mabuo ang Mababa at Mataas na Kapulungan tungo sa isang constituent assembly na may hiwalay na botohan. Bibigyan na ng karapatan ang mga dayuhan na buong magmay-ari ng mga pampublikong utilidad (Artikulo XII, Seksyon 11); sektor ng edukasyon (Artikulo IX, Seksyon 4); at sa advertising o pagpapatalastas (Artikulo XVI, Seksyon 11). Alinsunod sa plano ng rehimen, ang mga pagbabago ay isasalang sa plebisito kasabay ng eleksyong 2025.

Ayon sa No to Chacha Network, naghahanda ang kanilang grupo para sa mga susunod at mas malalaki pang mga protesta laban sa chacha.

“Pumasa sa Mababang Kapulungan ang katulad na mga panukala para sa chacha sa nakaraan ngunit lahat ng mga ito ay nabigo ng malalaking rali at demonstrasyon. Hindi ito magiging kaiba sa kasalukuyan,” anila.

### [English Translation]

## Anti-Chacha groups denounce passage of RBH7 in the House of Representatives

Marso 23, 2024

Democratic and progressive organizations led by the No to Cha-cha Network protested at the House of Representatives last March 20. On that day, Congress passed the Resolution of Both Houses (RBH) 7 for charter change (chacha). The resolution was favored by 287 congressmen, while eight opposed it, including representatives of the Makabayan bloc.

In just three weeks, Congress railroaded deliberations to ram the proposal that began on February 27. This is the quickest in the history of attempts by regimes to pass a charter change proposal.

The RBH7 is a counterpart proposal to RBH6 filed in the Senate. The leadership of the lower house said congressmen did not change anything and the RBH7 is only a copy of RBH6, which aims to change the provisions limiting foreign ownership in some sectors of the economy.

The Senate pushed RBH 6 to counter the people’s initiative that was organized by the lower house leadership at the beginning of this year. This initiative aims to remove the role of the senate in any charter change. In proposing RBH6, the senate intends to lead the chacha and ensure its own agenda.

According to the resolution, only three provisions will be changed when the Lower and Upper Houses formed themselves into a constituent assembly with separate voting. Foreigners will be given the right to fully own public utilities (Article XII, Section 11); education sector (Article IX, Section 4); and advertising (Article XVI, Section 11). According to the regime’s plan, the changes will be included in the plebiscite coinciding with the 2025 election.

According to the No to Chacha Network, their group is preparing for the next and bigger protests against chacha. “Similar proposals for chacha were passed in the Lower House in the past but all of them thwarted by huge rallies and demonstrations. It will not be different now,” they said.

## Panukalang bawiin ang prangkisa ng maka-Duterteng SMNI, ipinasa ng Kongreso

Marso 23, 2024

Ipinasa na sa ikatlong pagdinig sa House of Representatives noong Marso 20 ang House Bill (HB) No. 9710 na layong bawiin ang prangkisa ng

Sonshine Media Network International (SMNI) dahil sa mga paglabag at kontrobersya nito. Sinuporatahan ang panukala ng 284 na mga kongresista, kabilang ang mga kinatawan ng blokeng Makabayan, habang apat ang tumutol at apat ang nag-abstain.

Ang SMNI ay pag-aari ni Apollo Quiboloy, pinuno ng isang sektang relihiyoso. Kasalukuyang iniimbestigahan si Quiboloy ng Senado sa mga alegasyon ng panggagahasa at pang-aabuso sa mga kasapi ng kanyang sekta. Mayroon din siyang kinakaharap na kaso ng pang-aabusong sekswal at human trafficking sa US.

Tinukoy sa naging imbestigasyon at mga pagdinig ng komite sa iginawad ng Kongreso na prangkisa nito ang mga paglabag na naging batayan para bawiin ang prangkisa. Kabilang dito ang kabiguan ng SMNI na magbigay ng "mahusay at balansyadong programa," hindi pag-uulat sa Kongreso kaugnay ng pagbebenta ng kumpanya sa ibang tagapagmay-ari, at kakulangan nitong maglaan ng 30% ng mga sapi nito para sa pagmamay-ari ng publiko.

Imbwelto ang SMNI at mga programa nito sa maraming kaso ng red-tagging at pambabanta sa mga aktibista at progresibong grupo. Tukoy na mga tauhan at tagapagbalita ng SMNI ang ilan sa mga tau-tauhan ng National Task Force-Elcac at pangkating Duterte tulad nina Lorraine Badoy at Eric Almendras (Eric Celiz). Naging tampok din sa istasyon ang pahayag ni Rodrigo Duterte na "gusto niyang patayin" si House Minority Deputy Leader at ACT Teachers Rep. France Castro at

mga katulad niya sa isa sa mga programa nto noong Oktubre 2023.

Bumoto kontra sa panukala sina Gloria Arroyo (Pampanga), Paolo Duterte (Davao City), Drixie Cardema (Duterte Youth party-list), at Ron Salo (Kabayan party-list).

**[English Translation]**

## Congress passes proposal to revoke franchise of the pro-Duterte SMNI

Marso 23, 2024

The third hearing in the House of Representatives on March 20 passed House Bill (HB) No. 9710 which seeks to revoke the franchise of Sonshine Media Network International (SMNI) due to its violations and controversies. The proposal was supported by 284 congressmen, including representatives of the Makabayan bloc, while four others opposed and four abstained.

SMNI is owned by Apollo Quiboloy, leader of a religious sect. Quiboloy is currently being investigated by the Senate for allegations of rape and abuse of members of his sect. He is also facing charges of sexual abuse and human trafficking in the US.

The committee's investigation and hearings on the franchise granted by Congress enumerated violations that were the basis for revoking the franchise. These include SMNI's failure to provide a "sound and balanced program," failure to report to Congress regarding the sale of the company to

other owners, and its failure to reserve 30% of its shares for public ownership.

SMNI and its programs have been embroiled in many cases of Red-tagging and threats against activists and progressive groups. Some of the personnel of the National Task Force-Elcac and the Duterte group such as Lorraine Badoy and Eric Almendras (Eric Celiz) are identified as staff and reporters of the SMNI. The station also featured Rodrigo Duterte stating he “wants to kill” House Minority Deputy Leader and ACT Teachers Rep. France Castro and others like her in one of the programs in October 2023.

Gloria Arroyo (Pampanga), Paolo Duterte (Davao City), Drixie Cardema (Duterte Youth party-list), and Ron Salo (Kabayan party-list) voted against the bill.

## Lider-unyonista ng mga kawani sa MMDA, ginigipit

Marso 24, 2024

Kinundena ng Confederation for Unity Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) ang pamunuan ng Metro Manila Development Authority (MMDA) sa panggigipit at pagsasampa ng kaso laban sa pangalawang pangulo ng Courage at lider unyonista ng mga kawani ng MMDA na si Theresa Gonzales. Ginigipit si Gonzales kasunod ng pagrereklamo niya sa naantalang mga insentiba at kabayaran para sa mga kawani.

Kamakailan, nagpaskil sa social media si Gonzales ng panawagang ibigay na ng pamunuan ng MMDA ang Special Recognition Incentive (SRI) at Gratuity Pay ng mga kawani na ipinaglaban at naipagwagi noong Disyembre 2023. Naghain din siya ng kahingian sa Malacañang na ibigay na ang Clothing Allowance na hindi nabigay noong 2023. Ipinanawagan din niya sa rehimen na tugunan ang isyu ng tanggalan sa trabaho at reklamo sa kapabayaan ng pamunuan ng MMDA noong Enero 2024.

Sa halip na tugunan ang hinaing ng unyon at makipagdayalogo sa mga lider nito, taksil na nagsampa ng kaso ang pamunuan ng MMDA laban kay Gonzales sa batayan ng "paglabag" sa MMDA Memoranum No. 17 na nagbabawal magpaskil sa social media ng makakasira sa integridad ng MMDA.

"Malinaw naman na ang manawagan para sa lehitimong kahingian o karaingan ay karapatan sa malayang pagpapahayag lalo pa't nanggagaling ito sa isang lider unyonista," sagot dito ng Courage. Paraan din umano ito ng mga unyonista para igiit ang kagalingan ng mga kawani sa panawagang ibigay ang mga ligal na benepisyong nararapat lang tanggapin ng mga kawani ng MMDA.

Anito, "Ang pagkaso sa kanya ay isa ring porma ng panghaharas sa isang unyonista at banta sa mga kawani na manahimik na lang at huwag magreklamo kahit na matuwid at legal ang kanilang ipinaglalaban."

Nanawagan ang Courage sa pamunuan ng MMDA na iatras ang isinampang kaso laban kay Gonzales at itama ang maling patakaran ng ahensya na naging batayan ng pagkaso dahil ito ay mapaniil, di makatao at iligal.

Nakamtan na ng mga kawani ng MMDA kamakailan ang kanilang SRI at Gratuity Pay para sa 2023, gayunman, ipinaabot ng Courage ang kanilang pakikiisa sa mga kawani ng ahensya para sa patuloy na pakikibaka para sa Clothing Allowance para sa 2023 at 2024. Binigyang diin ng unyon na makatarungan lamang na tuluy-tuloy na lumaban ang mga kawani ng MMDA para sa kanilang kagalingan at mga karapatan, kabilang ang paggigiit na gawing regular ang mga kontraktwal nitong empleyado.

### [English Translation]

## MMDA harasses employees union leader

Marso 24, 2024

The Confederation for Unity Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) condemned the leadership of the Metro Manila Development Authority (MMDA) for pressuring and filing a case against the vice president of Courage and leader of the MMDA employees union, Theresa Gonzales. Gonzales was harassed after she complained about delayed incentives and compensation for employees.

Recently, Gonzales posted on social media a call for the MMDA leadership to give the Special

Recognition Incentive (SRI) and Gratuity Pay to employees who fought and won in December 2023. She also filed a request to Malacañang to give the Clothing Allowance which was not given in 2023. She also called on the regime to address the issue of layoffs and complaints about MMDA leadership negligence in January 2024.

Instead of addressing the union's grievance and dialogue with its leaders, the MMDA leadership treacherously filed a case against Gonzales for "violating" MMDA Memoranum No. 17 that prohibits posting on social media anything that damages the integrity of the MMDA.

"It is clear that the call for a legitimate request or grievance is a right to free expression, especially since it comes from a unionist leader," Courage replied. It says this is also a way for unionists to defend the well-being of employees in the call to be given the benefits that rightfully belong to MMDA employees.

It said "(t)he case against her is also a form of harassment against a unionist and a warning against employees to remain silent and not complain despite the righteousness and legality of what they fight for."

Courage called on the MMDA leadership to withdraw the case filed against Gonzales and correct the wrong policy of the agency that was the basis of the case because it is oppressive, inhumane and illegal.

MMDA staff have recently received their SRI and Gratuity Pay for 2023. Nevertheless, Courage extended its solidarity with agency employees for the continued struggle for Clothing Allowance for 2023 and 2024. The union emphasized that it is only fair that MMDA employees continue to fight for their well-being and rights, including demanding the regularization of its contractuals.

## Mga nananaliksik kaugnay ng epekto ng El Niño sa Batangas, hinaras ng mga pwersa ng estado

Marso 24, 2024

Tinakot at hinaras ng pinagsanib na mga pwersa ng pulis, militar at upisyal ng barangay ang tim ng mga boluntir na nagsasagawa ng imbestigasyon ukol sa epekto ng El Niño sa mga magsasaka at residente ng Barangay Sampaga, Balayan, Batangas madaling araw ng Marso 24. Sinugod nila ang mga bahay sa barangay, nangalampag sa mga bintana at arbitraryong nanghingi ng "permit" ang mga upisyal ng barangay sa mga boluntir. Isinagawa ito sa kalaliman ng gabi at kalagitnaan ng pagpapahinga ng mga residente.

Ang mga boluntir ay mula sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) at mga estudyante ng University of the Philippines Los Banos College of Engineering and Agro-industrial Technology. Ayon sa tim, nagpunta sila sa barangay para mag-alam sa kalagayan ng mga magtutubo sa panahon ngayon

ng pananalanta ng El Niño at bunga nitong tagtuyot.

Sa pahayag ng isang kalahok mula sa KASAMA-TK, kinalampag ang kanilang tinutuluyang bahay at sapilitan silang pinalabas mula dito. Pinagbawalan pa umano silang humawak sa kanilang mga bag at sabay-sabay na sinigawan na kagyat na lumabas at ipaliwanag ang kanilang presensya sa lugar.

Pagbabahagi pa niya, sa paglabas nila sa bahay ay nakatutok sa kanila ang mga laser ng matataas na kalibre ng baril at pinalibutan ng apat hanggang limang armadong mga pulis. Aniya, marami pang mga armadong pwersa sa paligid ng bahay at hindi nila alam kung ano ang ginagawa ng mga ito.

Pagdadahilan ng mga upisyal, pinaghahahanap sila dahil kinakailangan umano ng “permit” para sa pananaliksik ng mga ito dahil mayroong ordinansa kaugnay ng mga taong pumapasok sa kanilang barangay. Nang komprontahin ng mga boluntir, walang maipresentang papel at katibayan ng ordinansa ang mga upisyal at pwersa ng estado.

Liban dito, malisyoso ding binanggit at ikinukunekta ng mga pwersa ng estado ang pananaliksik sa naganap na armadong engkwentro sa ibang barangay sa Balayan noong Disyembre 2023 sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at militar.

Tumagal nang isang oras ang panghaharas ng mga upisyal ng barangay, militar at pulis. Pinilit pa silang humarap sa barangay hall para ipresenta ang kanilang pagkakakilanlan.

Sa Region IV-A (Calabarzon), kung saan kabilang ang Batangas, umabot na sa ₱7 milyon ang danyos sa sektor ng agrikultura. Naitala naman sa buong bansa noong Marso 18 ang ₱1.75 bilyong pinsala sa agrikultura sa walong rehiyon. Apektado ng tagtuyot ang higit 32,000 ektaryang taniman.

**[English Translation]**

## State forces harass El Niño researchers in Batangas

Marso 24, 2024

Combined forces of the police, military and barangay officials threatened and harassed a team of volunteers conducting an investigation into the impact of El Niño on farmers and residents of Barangay Sampaga, Balayan, Batangas in the early morning of March 24. They stormed the houses in the barangay, banged on windows as barangay officials arbitrarily asked the volunteers for a “permit”. It was carried out deep into the night as residents were resting.

The volunteers are from the Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) and students of the University of the Philippines Los Baños College of Engineering and Agro-industrial Technology. The team said they went to the barangay to find out about the

conditions of the sugarcane field farmers amid El Niño and the resulting drought.

In the statement of a KASAMA-TK participant, the house where they were staying was pounded on forcing them to come out. They said they were forbidden to hold their bags, and made to come out and explain their presence in the area.

He further shared that when they came out of the house, lasers of high-caliber guns were aimed at them as they were surrounded by four to five armed policemen. He said, there were many other armed men around the house with unclear intentions.

Officials excuse, they are being searched since for a "permit" for their research required required by an ordinance related to people entering their barangay. When confronted by the volunteers, the officials and state forces could not present any papers or evidence of the ordinance.

In addition, the state forces maliciously mentioned and linked the research to the armed encounter that took place in another barangay in Balayan in December 2023 between the New People's Army and the military.

The harassment by barangay officials, military and police lasted for an hour. They were even forced to appear in the barangay hall to present their identity.

In Region IV-A (Calabarzon), which includes Batangas, the damage to the agricultural sector has reached ₱7 million. Nationwide, on March 18,

₱1.75 billion in agricultural damage was recorded in eight regions. The drought has drastically affected more than 32,000 hectares of plantations.

## Sundalong nagnanakaw sa mga katutubo, binigyang babala ng BHB-Mindoro

Marso 24, 2024

Binigyan ng babala ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) si Pvt. Oman Balitang Hagan dahil sa kanyang sagadsaring pagnanakaw ng mga alagang hayop ng mga katutubo sa saklaw ng mga barangay ng Naibuan at Monteclaro sa bayan ng San Jose, at Manoot sa bayan ng Rizal. Si Hagan ay mula sa katutubong grupong Buhid-Mangyan na naging sundalo siya sa ilalim ng "special enlistment" ng Philippine Army.

Inireklamo ng mga residente si Hagan at nagsampa ng kaso laban sa kanya sa Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) sa isla. Ayon sa ulat ng mga residente, mula nang pumwesto ang kampo militar ng 203rd IBde sa Sityo Mantay, Barangay Monteclaro, lumaganap ang nakawan at iba pang mga krimen na pinsala sa kabuhayan at kapayapaan ng mga residente.

Ginagamit ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police ang mga Buhid-Mangyan na isinailalim sa "special enlistment" sa mga krimeng ito para hatiin ang hanay ng mga katutubo. Ginagamit sila bilang

“pinakamasasaligang mga ahente” ng mga berdugong sundalo at pulis sa lugar.

Si Hagan ay kasapakat din ni Pvt. Mayuay Unaw na napaslang sa aksyong pamarusa noong Abril 2023 dahil sa papel nito sa sapilitang pagpapasuko, pagbabanta, intimidasyon at iba pang pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA sa hanay ng mga katutubong Buhid-Mangyan sa naturang mga barangay.

“Pinatutunayan ng mga kaso ni Unaw at Hagan ang pagiging sagad-saring anti-mamamamayang mga kriminal at tagapaglabag sa karapatang-tao ng berdugong AFP at PNP na naghahasik ng ligalig at terror saan man sila naroon,” ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro.

Sa ilalim ng noo’y rehimeng US-Duterte, itinulak ng AFP at ng National Task Force-Elcac ang kampanyang “indigenous people centric” o pagtutuon ng pansin sa mga katutubo para hati-hatiin sila at basagin ang kanilang pagkakaisa. Ipinasa ng rehimen noong 2021 ang batas (Republic Act 11549) na nagpapababa ng rekisitong taas (height) para makapasok sa mga yunit ng armadong pwersa nito ang mga katutubo at gamitin sila laban sa kanilang mga kababaryo.

### [English Translation]

## NPA-Mindoro warns soldier stealing from national minority communities

Marso 24, 2024

The New People's Army (NPA)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) issued a warning to Pvt. Oman Balitang Hagan because of his brazen theft of domestic animals in the barangays of Naibuan and Monteclaro in the town of San Jose, and Manoot in the town of Rizal. Hagan is from the indigenous Buhid-Mangyan group who became a soldier under the "special enlistment" of the Philippine Army.

The residents complained of Hagan and filed a complaint against him before the Democratic People's Government (DGB) on the island. According to the report of residents, since the military encampment of the 203rd IBde in Sitio Mantay, Barangay Monteclaro, robbery and other crimes disrupting the livelihood and peace of the residents have become rampant.

The Armed Forces of the Philippines and the Philippine National Police use the Buhid-Mangyans and recruit them under "special enlistment" for these crimes to divide the ranks of the minorities. They are used as the "most trusted agents" of the butcher soldiers and police in the area.

Hagan also colluded with Pvt. Mayuay Unaw who was killed in a punitive action in April 2023 due to his role in forced surrender, threats, intimidation and other abuses and violations of human rights by the 203rd Bde and PNP MIMAROPA against the native Buhid-Mangyan in said barangay.

"The cases of Unaw and Hagan prove that AFP and PNP butchers are vicious anti-people

criminals and human rights violators who sow unrest and terror wherever they are," according to Ka Madaay Gasic, spokesperson of the NPA-Mindoro.

Under the then US-Duterte regime, the AFP and the National Task Force-Elcac pushed the "indigenous people-centric" campaign or focusing on the national minorities to divide them and break their unity. The regime in 2021 passed a law (Republic Act 11549) that lowers the height requirement for indigenous people to enlist in its armed forces units and use them against their fellow villagers.

## 2 aktibistang pangkalikasan sa Pangasinan, dinukot

Marso 25, 2024

Nagsagawa ng protesta ang mga grupo sa karapatang-tao ngayong araw, Marso 25, sa Quezon City para kundenahin ang pagdukot ng mga ahente ng AFP at PNP kina Axielle "Jak" Tiong at Francisco "Eco" Dangla III, mga aktibistang pangkalikasan at organisador, sa Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan noong Marso 24 ng alas-8 ng gabi. Giit nila sa rehimeng Marcos at armadong pwersa nito, kagyat na ligtas na ilitaw ang dalawa.

Ayon sa mga saksi, dinukot ang mga biktima matapos harangin ng isang SUV ang traysikel na sinasakyan nila. Dalawa hanggang tatlong tao mula sa SUV at isa pang sakay ng isang motorsiklo ang nambugbog at nagsakay sa kanila

sa sasakyan, ayon sa mga saksi. Naiwan pa umano sa lugar na pinangyarihan ang piraso ng tela na napunit mula sa damit ng mga biktima. Narinig din ang pagsigaw ni Tiong ng tulong.

Si Dangla, 39, ay dating estudyante ng University of the Philippines at kasalukuyang tumatayong tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) -Pangasinan. Habang si Tiong, 29, gradweyt ng Universidad de Dagupan ay koordineytor ng Kabataan Partylist sa prubinsya. Pareho silang tagapagtipon ng Pangasinan People’s Strike for the Environment, grupong naninindigan laban sa planong black sand mining at pagtatayo ng nuclear power plant sa prubinsya.

Bago pa man ang insidente, sina Tiong at Dangla ay ipinailalim ng mga pwersa ng estado sa walang tigil na Red-tagging, pagmamanman, intimidasyon at iba pang porma ng panggigipit. Katulad ito ng karaniwang padron ng panggigipit at kasunod na pagdukot sa mga aktibista at progresibo.

“Ito na ang ika-8 kaso ng pagdukot sa mga aktibista at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao sa Central Luzon at Pangasinan. Sinasalamin nito ang lumulubhang estado ng karapatang-tao sa ilalim ng gubyerno ni Marcos Jr, na patuloy na nagpapatahimik sa mga kritisismo laban sa anti-mamamayang mga programa at patakaran nito,” ayon sa pambansang upisina ng Bayan.

Anang grupo, papapanagutin nila ang gubyerno sa anumang kapahamakan na mangyayari sa mga biktima. “Dapat ligtas na maibalik sa kanilang

pamilya at mga kasama ang dalawa," dagdag pa ng grupo.

Kabi-kabila ngayon ang panawagan ng mga kaibigan, kaanak, mga dating kaklase at kasama ng dalawang biktima para ilitaw sila. Maraming mga grupong pangkalikasan na rin ang nananawagan para ibalik ng ligtas sina Tiong at Dangla.

**[English Translation]**

## Suspected state forces abduct 2 environmental activists in Pangasinan

Marso 25, 2024

Human rights groups staged a protest today, March 25, in Quezon City to condemn the abduction of Axielle "Jak" Tiong and Francisco "Eco" Dangla III, environmental activists/organizers, in Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan on March 24 at 8 p.m. by AFP and PNP agents. They demand the Marcos regime and its armed forces surface the two immediately.

Witnesses say the victims were abducted after an SUV blocked the tricycle they were riding. Two to three people from the SUV and another on a motorcycle mauled them and forced them into the vehicle, according to witnesses. Pieces of cloth torn from the victims' clothings were said to have been left at the scene. Tiong was also heard shouting for help.

Dangla, 39, is a former student of the University of the Philippines and the current Bagong

Alyansang Makabayan (Bayan)-Pangasinan spokesperson. While Tiong, 29, a graduate of Universidad de Dagupan, is the Kabataan Partylist coordinator in the province. They are both conveners of the Pangasinan People's Strike for the Environment, a group that stands against the black sand mining plan and the construction of a nuclear power plant in the province.

Even before the incident, state forces subjected Tiong and Dangla to relentless Red-tagging, surveillance, intimidation and other forms of harassment. This is similar to the usual pattern of harassment and subsequent abduction of activists and progressives.

"This is the 8th case of abduction of activists and human rights defenders in Central Luzon and Pangasinan. This reflects the worsening state of human rights under the Marcos Jr. government, which continues to silence critics against its anti-people programs and policies," according to Bayan national office.

The group says they will hold the government accountable for any harm that happens to the victims. "The two should be safely returned to their families and friends," the group added.

Friends, relatives, former classmates and comrades of the two victims issued widespread calls for the state to surface them. Many environmental groups are also calling for their safe return.

## Paggunita sa anibersaryo ng BHB, sinimulan sa mga eskwelahan

Marso 25, 2024

Sinimulan nang gunitain ng mga rebolusyonaryong kabataan sa Polytechnic University of the Philippines, University of the Philippines-Visayas (Miag-ao), at UP Los Baños (UPLB) ang ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa pangunguna ng Kabataang Makabayan (KM)-Kira Mindoro, isinulat sa mga pader ng PUP campus sa Sta. Mesa at ilang establisimyento malapit dito kahapon, Marso 24, ang mga panawagan para sa pagbubunyi ng BHB, panawagan para sa pagpapatuloy ng digmang bayan at pambansa-demokratikong pakikibaka. Mayroon din panawagan para sa pagpupugay sa mga rebolusyonaryong martir, tulad ni Ka Kira.

Namataan din ang panawagang Free Palestine sa billboard ng kumpanyang McDonalds, isa sa mga kumpanyang sumusuporta sa henosidyo ng US-Israel sa Gaza.

Sa UP-Visayas, namataan naman noong Marso 23 ang isang balatengga na nagpahayag ng suporta sa BHB. “Sabat sa Kaimulon, Inaway Banwa! Mabuhay ang Bag-ong Hangaway sang Banwa @55 VIVA CPP-NPA-NDF,” anito. Isinabit ang balatengga ng balangay ng Kabataang Makabayan sa unibersidad.

Noong nakaraang linggo rin, nagdikit ng mga sticker ang KM-Balangay Rizalina Ilagan sa kampus ng UPLB. Namahagi rin ang balangay ng mga kopya ng Kalayaan-Timog Katagalugan, pahayagan nito sa rehiyon. Nilaman nito ang panawagan sa mga kabataang lumahok sa digmang bayan at sumapi sa BHB.

Gugunitain ang anibersaryo ng BHB sa darating na Marso 29.

### [English Translation]

## Students start commemorating NPA anniversary in schools

Marso 25, 2024

Revolutionary youths at the Polytechnic University of the Philippines, University of the Philippines-Visayas (Miag-ao), and UP Los Baños (UPLB) began commemorating the 55th anniversary of the New People’s Army.

Members of Kabataang Makabayan (KM)-Kira Mindoro yesterday, March 24, painted slogans on walls inside campus and in nearby establishments calling to celebrate the NPA anniversary, for the continuation of the people’s war and national-democratic struggle . There is also a call for paying tribute to revolutionary martyrs, like Ka Kira.

The slogan Free Palestine was also seen on the billboard of the McDonalds company, one of the companies supporting the US-Israeli genocide in Gaza.

In UP-Visayas, on March 23, a streamer expressing support for the NPA was seen. “Sabat sa Kaimulon, Inaway Banwa! Mabuhay ang Bag-ong Hangaway sang Banwa @55 VIVA CPP-NPA-NDF,” it said. The banner of a Kabataang Makabayan chapter was hung in the university.

Also last week, KM-Balangay Rizalina Ilagan posted stickers on the UPLB campus. The chapter also distributed copies of Kalayaan-Timog Katagalugan, its newspaper in the region. It contained a call to the youth to participate in the people’s war and join the NPA.

The anniversary of the NPA will be commemorated on March 29.

## 2 tropa ng 3rd SFB, napatay sa operasyong haras ng BHB-Agusan del Sur

Marso 26, 2024

Sa ulat kamakailan ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Agusan del Sur, nagsagawa ito ng operasyong haras laban sa nag-ooperasyong tropa ng 3rd Special Forces Batallion (3rd SFB) sa Barangay Mabuhay, Prosperidad noong Enero 19. Dalawang pasista ang napatay sa pag-atake ng mga Pulang mandirigma, kabilang ang isang upisyal ng mga mersenaryo. Ligtas na nakapagmaniobra ang yunit ng BHB.

“Tugon ang armadong aksyon sa walang-tigil na focused military operation na sumasaklaw sa kabundukang nasa hangganan ng Agusan del Sur

at Surigao del Sur,” ayon sa BHB-Agusan del Sur. Simula pa umano 2020 ang naturang mga operasyong militar na lubhang nakapipinsala sa kabuhayan ng mga lumad at masang magsasaka.

Militarisado ang kulumpon ng mga komunidad para bigyang daan ang pagpasok ng mga iligal na pagtotroso ng mga malalaking kahoy tulad ng Magkuno, Lawaan, Yakal at iba pa na pinangangasiwaan ng retiradong upisyal ng Armed Forces of the Philippines sa 3rd SFB na si Captain Aranas.

Liban dito, nagsisilbing protektor ng malalaking minahan sa rehiyon ng Caraga (kung saan kabilang ang Agusan del Sur at Surigao del Sur) ang mga focused military operations ng AFP. Sa rehiyon, mayroong dalawang minahan ng ginto, isang chromite, 18 nickel, isang hydrometallurgical processing plant, at isang gold processing plant. Lahat ng ito ay para sa pag-eeksport.

### [English Translation]

## NPA-Agusan del Sur harassment operations kill 2 3rd SFB troopers

Marso 26, 2024

A unit of the New People’s Army (NPA) in Agusan del Sur recently reported a harrassment operation against 3rd Special Forces Batallion (3rd SFB) operating troops in Barangay Mabuhay, Prosperidad on January 19. Two fascists were killed in the attack, including a mercenary officer. The NPA unit was able to withdraw safely.

“The armed action is a response to the relentless focused military operation that covers the mountains bordering Agusan del Sur and Surigao del Sur,” according to the NPA-Agusan del Sur. It said military operations have disrupted the livelihood of the indigenous people and peasant masses since 2022.

Clusters of communities are militarized to allow the entry of illegal logging of large trees such as Magkuno, Lawaan, Yakal and others. The operations are supervised by retired officer Captain Aranas of the Armed Forces of the Philippines in the 3rd SFB.

In addition, AFP focused military operations serve to protect large mines in the Caraga region (which includes Agusan del Sur and Surigao del Sur). The region contains two gold mines, one chromite mine, 18 nickel, one hydrometallurgical processing plant, and one gold processing plant. All mines are geared for export.

## 85th IB, inambus ng BHB-Quezon

Marso 26, 2024

Mapangahas na tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon (Apolonio Mendozaa Command) ang 30-kataong yunit ng 85th IB na nag-ooperasyon sa Barangay Doña Aurora, Calauag kahapon, Marso 25, alas-6 ng gabi. Tatlo ang naiulat na nasugatan sa mga berdugong sundalo.

Ayon sa pahayag ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng yunit ng BHB sa prubinsya, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ng command detonated explosive (CDX) ang 85th IB at tumagal ang sagupaan ng 10 minuto. Ligtas naman ang yunit ng BHB, aniya.

Naganap ang ambus ilang araw bago magtapos ang buwan ng Marso, na inianunsyo ng pamunuan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na panibagong "dedlayn" para gapiin ang mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya. Samantala, tinarget nito na durugin ang lahat ng "bertikal na yunit" ng hukbo sa katapusan ng Hunyo at ang buong BHB sa katapusan ng 2024. Iniusod ang "dedlayn" matapos ang huling "dedlayn" ng paggapi sa rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2023, at halos taun-taon bago nito.

Binati ni Ka Cleo ang mga Pulang mandirigma na nagsagawa ng operasyon laban 85th IB. "Patunay ang aksyong militar ng BHB na pangangarap nang gising ang hangarin ni Gen. Romeo Brawner ng AFP at ng commander in chief nitong si Marcos na paglipol sa rebolusyunaryong kilusan," ayon sa tagapagsalita.

Matatandaang idineklara na rin ang Quezon bilang "insurgency-free" noong Hunyo 2023 at ipinailalim sa kategoryang "Stable Internal Peace and Security."

Para panindigan ang kanilang kasinungalingan at pagtakpan ang kabiguan, pinalalabas ngayon ng 85th IB na mula sa Bicol ang mga umatakeng Pulang mandirigma. Nagpakana pa ito ng pagsuko

ng isang nagngangalang Randy Reota alyas "Bibo" na napahiwalay umano sa yunit ng BHB at "sumuko" sa kanila sa Barangay Abad, Calauag.

Nagpakana din ito ng pagkasamsam ng isang ripleng M16, mga bala at magasin, at mga CDX at iba pang mga kagamitan sa pinangyarihan ng ambus. Karaniwan itong taktika ng AFP para pagmukhain na sila ang nasa bentaheng sitwasyon sa mga armadong opensibang ito ng hukbong bayan.

### [English Translation]

## NPA-Quezon mounts ambush against 85th IB

Marso 26, 2024

Red fighters of the New People's Army (NPA)-Quezon (Apolonio Mendozaa Command) carried out a daring ambush against a 30-strong unit of the 85th IB operating in Barangay Doña Aurora, Calauag yesterday, March 25, at 6 pm. Three of the fascist soldiers were reported injured.

According to the statement of Ka Cleo del Mundo, spokesperson of the NPA unit in the province, Red fighters blew up a command detonated explosive (CDX) at the 85th IB, with the clash lasting for 10 minutes. The NPA unit is safe, she said.

The ambush took place a few days before the end of March, which the Armed Forces of the Philippines (AFP) leadership declared as another "deadline" to defeat the NPA units in the guerilla fronts. It also declared plans to crush all "vertical

units” of the NPA by the end of June and the entire NPA by the end of 2024. The “deadline” was rescheduled after the last “deadline” of defeating the revolutionary movement by the end of 2023, and almost every year before that.

Ka Cleo congratulated the Red fighters who conducted the operation against 85th IB. “The military action of the NPA is proof that the aim of Gen. Romeo Brawner of the AFP and its commander in chief Marcos to destroy the revolutionary movement is a pipedream,” the spokesperson says.

It can be recalled that Quezon was also declared “insurgency-free” in June 2023 and categorized under “Stable Internal Peace and Security.”

To stand by their lie and cover up their failure, the 85th IB now falsely claims the attacking Red fighters were from Bicol. It even claimed that a certain Randy Reota alias “Bibo,” who was allegedly separated from the NPA unit, had “surrendered” to them in Barangay Abad, Calauag.

It also claimed of having seized an M16 rifle, ammunition and magazines, and CDX and other equipment at the scene of the ambush. This is a common tactic of the AFP to make it appear that they had the advantage in these armed offensives by the people’s army.

# Kalbaryo ng Masang Anakpawis, isinagawa ng mga maralita sa Metro Manila

Marso 26, 2024

Inilunsad ng mga organisasyon ng masang anakpawis ngayong araw, Marso 26, sa Isetann, Recto Avenue sa lungsod ng Maynila, ang taunang Kalbaryo ng Masang Anakpawis. Kabilang sa mga usaping iniharap ng mga kalahok sa Kalbaryo ang tumitinding krisis sa kabuhayan, reklamasyon sa Manila Bay at demolisyon sa Navotas at pang-reredtag sa mga lider aktibista at kanilang mga komunidad. Dumalo sa programa ang Kadamay, Defend CAMANAVA, Defend Jobs NCR, Gabriela, Anakbayan at marami pang iba. Naroon din ang mga drayber at tsuper na apektado ng jeepney phaseout, at mga lider ng iba't ibang maralitang komunidad sa Maynila.

"Sa National Capital Region (NCR), ₱610 lamang ang minimum na pasahod kada araw sa mga manggagawa ngunit kulang pa rin ito upang buhayin ang kanilang mga pamilya," pahayag ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-NCR. Dagdag nilang problema ang kontraktwalisasyon, pagbubuwag ng mga unyon, at panggigipit sa mga manggagawa. Sa gitna ng lahat ng ito ang malawakang disempleyo sa pambasang kabisera.

Dagdag dito ang malulubhang epekto ng naglalakihang proyektong imprastruktura at reklamasyon na tumatama sa mga maralitang

komunidad sa rehiyon na humahantong sa mararahas na ebiksyon at demolisyon.

"Walang malinaw na plano ang gubyerno hinggil sa pabahay ng mga maralita at dinadala na lamang sila sa malalayong relocation sitesa labas ng Metro Manila na kung saan malalayo sila sa kani-kanilang trabaho at kabuhayan at walang access sa maayos na linya ng kuryente at tubig," ayon sa Kadamay. Sa gitna ng matinding krisis at disgusto ng mamamayan, militarisasyon ng mga komunidad sa NCR ang naging tugon ng estado. Pinakawalan nito ang Joint Task Force-NCR na nanguna sa pangreredtag, panggigipit at intimidasyon sa mga aktibista at organiasyon sa mga maralitang komunidad. Pinangunahan ito ng 11th at 12th CMO ng AFP.

Binatikos ng Gabriela-NCR ang gubyernong Marcos sa pagpapahirap sa mamamayan. Anito, ginagamit ng mga tauhan ni Marcos "ang kapangyarihan para sa kanilang sariling interes, mas pagpapataba pa ng kanilang bulsa at pagpapanatili ng kanilang kapangyarihan."

Ngayong araw din, tumungo sa upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE)ang delegasyon ng Kalbaryo ng Masang Anakpawis mula sa Timog Katagalugan. Pagkatapos nito ay tumungo sila sa upisina ng Committee on Higher Education para itambol at labanan ang kolonyal, komersyalisado, at pasistang sistema ng edukasyon sa Pilipinas na siyang kalbaryong pasan ng kabataan. Bago nito, nagtungo rin sila sa upisina ng Department of Environment and Natural Resources.

Inilunsad naman ang Kalbaryo ng Timog Katagalugan kahapon, Marso 24, sa rehiyon. Dala-dala nila ang temang “Wakasan ang Kalbaryo ng Masang Anakpawis ng Timog Katagalugan! Buong-lakas na Tutulan ang Charter Change ng Rehimeng US-Marcos! Isulong ang Tunay na Repormang Agraryo, Nakabubuhay na Sahod, Pambansang Soberanya, at Makatarungang Kapayapaan!”

### [English Translation]

## Toiling masses launch Kalbaryo ng Masang Anakpawis in Metro Manila

Marso 26, 2024

Organizations of the toiling masses launched the annual Kalbaryo ng Masang Anakpawis (The Cross the Toiling Masses Bear) today, March 26, at Isetann, Recto Avenue in the city of Manila. Among the issues presented by the participants in the Kalbaryo are the intensifying economic crisis, reclamation in Manila Bay and demolition in Navotas, and the red-tagging of activist leaders and their communities. Kadamay, Defend CAMANAVA, Defend Jobs NCR, Gabriela, Anakbayan and many others attended the program. Drivers and operators affected by the jeepney phaseout, and leaders of various urban poor communities in Manila, were also present.

“In the National Capital Region (NCR), the minimum wage for workers is only ₱610 per day and it is still not enough to support their families,” said Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-NCR. Their additional problems are

contractualization, union busting, and intimidation of workers. Amid all this is widespread unemployment in the national capital.

In addition to these are the serious effects of massive infrastructure and reclamation projects that adversely affect poor communities, leading to violent evictions and demolitions.

“The government does not have a clear plan regarding housing for the urban poor and they are dumped to remote relocation sites outside of Metro Manila which are far from their jobs and livelihoods and without access to proper electricity and water services,” according to Kadamay. In the midst of a severe crisis and public discontent, the state responded by militarizing communities in the NCR. It unleashed the Joint Task Force-NCR that led the redtagging, pressure and intimidation of activists and organizations in urban poor communities. This task force is led by the 11th and 12th CMOs of the AFP.

Gabriela-NCR condemned the Marcos government for oppressing the people. They say Marcos’ minions “use power for their own interests, further fattening their pockets and maintaining their hold on power.”

Also today, the Kalbaryo Masang Anakpawis delegation from Southern Tagalog marched to the Department of Labor and Employment (DOLE) office. After that, they went to the office of the Committee on Higher Education to drumbeat and oppose the colonial, commercialized, and fascist

education system in the Philippines which is a burden of the youth. Before this, they also went to the office of the Department of Environment and Natural Resources.

The Kalbaryo of Timog Katagalugan was launched yesterday, March 24, in the region. The protest carry the theme “End the Kalbaryo ng Masang Anakpawis of Southern Tagalog! Oppose the US-Marcos Regime’s Charter Change! Promote Real Agrarian Reform, Living Wage, National Sovereignty, and Just Peace!”

## Mga magsasaka, kinundena ang kawalang-ayuda sa panahon ng El Niño

Marso 26, 2024

Wala o halos walang matatanggap na ayuda ang mga apektadong magsasaka, mangingisda at mga manggagawang bukid sa panahon ng El Niño. Ito ang resulta ng mga pagsisiyasat ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

Sa Negros Occidental, pagkatapos pa ng el El Niño makatatamasa ang mga apektadong magsasaka. Ito ang napag-alaman nila nang makipagdayalogo sila sa lokal na upisina ng Department of Agriculture noong Marso 20. Palusot ng DA, walang probisyon o guidelines ang ahensya para sa anumang cash assistance at ayudang bigas para sa mga magsasaka, mangingisda at manggagawang bukid na lubos na apektado ng tagtuyot. Ang tanging ipinangako ng

DA ay papalitan ang mga punla, pataba at mga alagang hayop ng mga nasalanta.

Ayon sa pambansang upisina ng KMP, ganito rin ang kalagayan ng mga magsasaka sa Isabela at Bicol. “Napakaunti sa halos walang tunog ang nakukuha (nila) sa gubyerno,” ayon sa grupo sa kanilang pahayag noong Marso 25. Ganito rin ang ulat ng mga magsasaka sa mga lalawigan ng CALABARZON.

“Walang lumalapag na tulong sa mga magsasaka sa kabila ng mga engrandeng pahayag mula sa Task Force El Niño, DA at kay Secretary Francis Tiu-Laurel na nagbigay na ang gobyerno ng Php379.06 milyong tulong para sa mga magsasaka at mangingisda na apektado ng El Niño,” ayon sa KMP. Ang panlilinlang na ito ay dagdag sa walang katapusang pagdurusa ng mga magsasaka, ayon sa pangkalahating kalihim ng grupo na si Ronnie Manalo.

Ipinagmalaki ng DA na magbibigay ito ng PHP500 milyong credit assistance sa mga magsasaka at mangingisda, Php1.8 bilyon insurance claims — o hindi bababa sa PHP25,000 credit assistance sa bawat apektadong magsasaka at mangingisda at maximum na PHP20,000 na insurance claim.

“(A)ng mga credit assistance at insurance claim na ito ay maaari lamang ma-access ng mga magsasaka at mangingisda na kasama sa RSBSA o rehistro ng gobyerno,” ayon sa KMP. “Pinapalabas ng DA na tulong sa mga biktima ng El Niño ang dati nang mga programang pinopondohan gaya ng Rice Farmers Financial Assistance at fuel subsidy

programs. Pero lalabas talaga na walang anumang tulong o ayuda para sa mga biktima ng El Niño, lalo na sa mga magsasaka at mangingisda."

## [English Translation]
## Farmers condemn government for zero support during El Niño

Marso 26, 2024

Affected farmers, fishermen and farm workers are receiving little or no aid during El Niño. This is the result of investigations conducted by the Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) in different parts of the country.

In Negros Occidental, farmers will receive aid only after El Niño. They found this out after a dialogue with the local office of the Department of Agriculture on March 20. The DA claims it has no provision or guidelines for any cash assistance and rice aid for farmers, fishermen and farm workers who are gravely affected by drought. The DA only promised to replace the seedlings, fertilizers and livestock of the affected farmers.

According to the KMP national office, farmers in Isabela and Bicol are suffering from the same fate. "(They) get very little, not even a sound from the government," the group expressed in their statement on March 25. This is also the report of farmers in the provinces of CALABARZON.

"No aid comes to farmers despite grand pronouncements from the Task Force El Niño, DA and Secretary Francis Tiu-Laurel that the

government has already given ₱379.06 million in aid for farmers and fishermen affected by El Niño," KMP says. This deception adds to the endless suffering of the farmers, according to the group's secretary general, Ronnie Manalo.

The DA boasted it will provide PHP500 million credit assistance to farmers and fishermen, Php1.8 billion insurance claims — or at least PHP25,000 credit assistance to each affected farmer and fisherman and a maximum PHP20,000 insurance claim.

"These credit assistance and insurance claims can only be accessed by farmers and fishermen who are included in the RSBSA or government registry," according to the KMP. "The DA is releasing assistance to the victims of El Niño with previously funded programs such as the Rice Farmers Financial Assistance and fuel subsidy programs. But it appears that there is no assistance or aid for the victims of El Niño, especially farmers and fishermen."

## Mga manggagawa sa Nexperia, nagprotesta laban sa bagong serye ng tanggalan

Marso 26, 2024

Nagprotesta noong Marso 22 sa loob ng Laguna Industrial Science Park ang mga manggagawa ng Nexperia Philippines, kasama ang kanilang mga tagasuporta, para tutulan ang nakatakdang pagtatanggal ng 54 na manggagawa sa Abril. Ang

tanggalang ito ay pangalawa na sa loob ng walong buwan.

Matatandaang walong manggagawa, kung saan tatlo ang upisyal ng unyon, ang tinanggal ng kumpanya noong Setyembre 2023. Pagdadahilan ng kumpanya, “nagsobra” diumano ang bilang ng mga manggagawang in-absorb nito matapos isara ang isa sa mga departamento ng pabrika.

“Napakasahol ng ginawa ng maneydsment,” pagkundena ng tagapangulo ng unyon ng Nexperia. “Sa Abril, 54 pamilya ang magugutom, 54 na manggagawa ang matatanggalan ng trabaho.”

Tutol ang unyon sa panibagong serye ng tanggalan ng aabot sa 72 manggagawa. Batid nito na ang serye ng mga tanggalan ay para buwagin ang unyon na nagkamit na ng mga tagumpay dulot ng sama-samang pagkilos ng mga manggagawa sa nakaraan. Kasalukuyang nasa negosasyona ng unyon at maneydsment para buuin ang panibagong collective bargaining agreement sa pagitan nito atng kumpanya.

“Malinaw na ang ginagawang tanggalan ng kapitalistang Nexperia sa gitna ng negosasyon sa CBA ay pagkitil sa karapatan ng mga manggagawa,” ayon sa Bayan-Laguna.

Nakiisa sa pagkilos ang mga manggagawa sa NutriAsia, Philfoods at iba pang unyong dumanas ng katulad na panggigipit at kabataang aktibista mula sa UP Los Banos.

“Wala tayong maasahan kundi ang lumabas sa pagawaan at tumungo sa kalsada upang isigaw ang karapatan nating mga manggagawa,” anila.

Habang nagaganap ang mapayapang protesta, nakabantay ang isang sasakyan ng pulis sa tarangkahan ng Nexperia.

**[English Translation]**

## Nexperia workers protest against the new series of layoffs

Marso 26, 2024

Nexperia Philippines workers, along with their supporters, protested on March 22 inside the Laguna Industrial Science Park to oppose the planned layoff of 54 workers in April. This is the company’s second termination in eight months.

Last September 2023, the company fired eight workers, three of whom were union officials. The company’s pretext was that it “exceeded” the number of workers it absorbed after closing one of the factory’s departments.

“The management’s action was very malicious,” Nexperia’s union president said. “In April, 54 families will starve, 54 workers will be jobless.”

The union is against the new series of layoffs of up to 72 workers. They know that these aim to dismantle the union that has achieved successes due to the collective action of workers in the past. The union and management are currently in negotiations for a new collective bargaining agreement.

“It is clear that the capitalist Nexperia is laying off workers amid the CBA negotiations to deprive workers of their rights,” according to Bayan-Laguna.

Workers at NutriAsia, Philfoods and other unions that suffered similar pressures and youth activists from UP Los Banos joined the action.

“There is nothing we can do but to go out of the factory and march to the streets to shout for the rights of us workers,” they said.

While the peaceful protest was taking place, a police car stood guard at the gate of Nexperia.

## Raling iglap para sa ika-55 anibersaryo ng BHB, isinagawa sa Maynila

Marso 26, 2024

Naglunsad ng raling-iglap ang iba’t ibang rebolusyonaryong organisasyon sa National Capital Region (NCR) noong Marso 25 sa Recto Avenue, Manila para ipagdiwang ang ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pinangunahan ang pagkilos ng National Democratic Front (NDF)-NCR na nilahukan pangunahin ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) at Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas).

Pinagpugayan nila ang 55 taon ng paglulunsad ng armadong pakikibaka ng BHB, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), sa harap ng paulit-ulit na pagtatangkang durugin ito at ngayo’y pinatindi pang kampanyang kontra-

insurhensya ng reaksyunaryong rehimen. Anang mga grupo, ito ang tanging armas ng sambayanan at ang pangunahing solusyon sa lumalalang krisis sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

"Danas na danas ng mamamayan ng National Capital Region ang busabos na pamumuhay ng mga manggagawa dulot ng mababang pasahod, kontraktwalisasyon at mataas na implasyon, ang 'di makamtan na karapatan sa edukasyon para sa lahat ng kabataan at ang patuloy na panghaharas sa mga maralitang komunidad at pagpapalayas sa kanilang mga tirahan," pahayag ng NDF-NCR.

Ang mga dahilan at kalagayang ito ang nagtutulak sa lahat ng sektor sa lipunan—mga manggagawa, kabataan, kababaihan at maralitang lungsod—na lumahok sa armadong pakikibaka ng hukbong baan para kamtin ang hustisyang panlipunan at pambansang kalayaan, ayon sa mga grupo.

Binigyang diin din ng NDF-NCR sa talumpati nito ang pangangailangang "lagumin ang mga karanasan sa lahat ng larangan" ng gawian sa rehiyon kaugnay na rin ng panawagan ng Komite Sentral ng PKP noong Disyemre 26, 2023 para ilunsad ang isang kilusang pagwawasto.

"Magbalik-aral at isabuhay ang ating kilusang pagwawasto. Gamiting gabay ang mga aral at prinsipyo ng Partido upang pangingibawan ang mga kontradiksyon at kahinaan na sagka sa pagsulong ng rebolusyon. Pagtibayin ang paninindigan ng bawat manggagawa at kabataan na itaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at

batayang mga prinsipyo ng Partido," ayon pa sa grupo.

Anila, dapat patampukin at itanghal sa bawat sulok ng rehiyon ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka at ipayakap ito sa sambayanan.

Pinarangalan din nila sa raling iglap ang mga martir ng rebolusyong Pilipino kabilang si Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido, mga martir noong batas militar, at mga nabuwal na mga Pulang mandirigma sa nagdaang mga taon. Hinimok nila ang mga mamamayan na sundan ang yapak ng mga rebolusyonaryong martir at ialay ang kanilang buhay para sa pambansa at demokratikong mithiin ng bayan.

### [English Translation]

## Revolutionary organizations stage lightning rally in Manila for NPA 55th anniversary

Marso 26, 2024

Various revolutionary organizations in the National Capital Region (NCR) launched a lightning rally on March 25 at Recto Avenue, Manila to celebrate the 55th anniversary of the New People's Army (NPA). The action was led by the National Democratic Front (NDF)-NCR, participated in mainly by members of Kabataang Makabayan (KM) and Artists and Writers of the People (Armas).

They paid tribute to the 55 years of the armed struggle of the NPA, under the leadership of the Communist Party of the Philippines (CPP), in the face of repeated attempts to crush it through a now intensified counterinsurgency campaign of the reactionary regime. The groups said the NPA is the only weapon of the people and the main solution to the worsening crisis in the semicolonial and semifeudal system.

"The people of the National Capital Region deeply feel the oppressed living conditions of workers due to low wages, contractualization and high inflation, the unattainable right to education for all young people and the continued harassment of urban poor communities and eviction from their homes," the NDF-NCR stated.

These reasons and conditions drive all sectors of society—workers, youth, women and the urban poor—to participate in the armed struggle of the people's army to achieve social justice and national sovereignty, according to the groups.

The NDF-NCR also emphasized in its speech the need to "sum up experiences in all fronts" of the practice in the region in relation to the call of the Central Committee of the CPP on December 26, 2023 to launch a rectification movement.

"Re-study and practice our rectification movement. Use the teachings and principles of the Party as a guide to get rid of the contradictions and weaknesses in the advancement of the revolution. Strengthen the commitment of every worker and youth to uphold Marxism-Leninism-

Maoism and basic principles of the Party," said to the group.

According to them, armed struggle should be promoted and advanced in every corner of the region as the main form of struggle and make the people embrace it.

They also honored in the rally the martyrs of the Philippine revolution including Ka Jose Maria Sison, founding chairman of the Party, martyrs during martial law, and fallen Red fighters in recent years. They urged the people to follow the footsteps of the revolutionary martyrs who sacrificed their lives for the national and democratic aspirations of the people.

## 100% pag-aari ng dayuhan sa mga eskwelahan at taas-matrikula, binatikos ng kabataan

Marso 27, 2024

Nagprotesta ang kabataang estudyante sa harap ng upisina ng Commission on Higher Education (CHED) sa Quezon City noong Marso 22 para batikusin ang pagtataguyod ng rehimeng US-Marcos sa charter change na magpapahintulot sa 100% pag-aari ng dayuhan sa mga eskwelahan sa bansa. Kinundena rin nila ang nagbabadyang pagtaas ng matrikula sa mga pribadong unibersidad na anila ay tiyak na aaprubahan ng CHED bilang "rubber stamp" ng mga eskwelahang ito.

Ayon sa Anakbayan, ang taunang pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin ay "pagbusabos sa karapatan ng kabataan sa edukasyon." Giit ng mga estudyante, tanging mga kapitalistang nagmamay-ari ng mga eskwelahan at unibersidad ang makikinabang dito dahil hindi naman nito itataas ang kalidad ng edukasyon. "Hirap at pagkawala ng kinabukasan ng maraming estudyante," ito umano ang dulot sa mga kabataan.

Kabilang sa mga unibersidad na magtataas ng matrikula ang De La Salle University, Ateneo de Manila University, National University, at University of the East. Kabi-kabila ngayon ang pagsisikap ng mga konseho at organisasyon ng mag-aaral para pigilan ang pagtaas ng matrikula at iba pang mga bayarin. Tinatayang 5% hanggang 10% ang itataas ng matrikula.

Liban dito, muli nilang kinundena ang nirararatsadang charter change ng rehimeng Marcos. "[W]ala [itong] ibang gagawin kundi palalain ang komersyalisado, makadayuhan, at mapanupil na sistema ng edukasyon," giit ng grupo sa bantang pagbibigay daan ng charter change sa 100% pag-aari ng dayuhan sa mga eskwelahan.

"Ang hinihingi ng kabataan ay solusyon sa krisis ng edukasyon, (hindi) ang Charter Change ni Marcos Jr na magpapalala rito. Pinapatunayan lamang nito na kailanman, hindi natin makakamit ang isang makabayan, siyentipiko, at makamasang sistema ng edukasyon hangga't nanaig ang interes ng iilan," pagdidiin ng Anakbayan.

## [English Translation]
## Youths denounce 100% foreign ownership of schools and tuition fee increase

Marso 27, 2024

Young students protested before the office of the Commission on Higher Education (CHED) in Quezon City on March 22 to condemn the US-Marcos regime’s push for charter change that would allow 100% foreign ownership of schools in the country. They also condemned the imminent tuition increase in private universities which they said will surely be approved by CHED which has always served as “rubber stamp” to these schools.

Anakbayan says the annual increase in tuition and other fees is in “utter contempt for the youth’s right to education.” Students assert this will only benefit capitalists who own schools and universities because it will not improve the quality of education. They say this will bring “poverty and loss of future for many students.”

Among the universities that will raise tuition are De La Salle University, Ateneo de Manila University, National University, and University of the East. Efforts by student councils and organizations to block the increase in tuition and other fees are now rife. Tuition will increase by approximately 5% to 10%.

Apart from this, they reiterated their condemnation of charter change railroaded by the Marcos regime. “[This] will do nothing but worsen

the commercialized, colonial, and repressive education system," the group argued against charter change threatening to allow 100% foreign ownership of schools.

"The youths ask for a solution to the education crisis, (not) Marcos Jr's Charter Change that will worsen it. It only proves that we will never, ever achieve a patriotic, scientific, and mass-oriented education system as long as the interest of the few prevails," Anakbayan emphasized.

## Deklaradong "gera kontra-droga" ng mga Duterte sa Davao City, iimbestigahan

Marso 27, 2024

Nagbukas ng imbestigasyon ang Commission on Human Rights (CHR) noong Marso 25 sa "gera kontra-droga" idineklara ni Sebastian Duterte, anak ni Rodrigo Duterte at kasalukuyang meyor ng Davao City. Ito ay matapos nabalitaang limang "suspek" ang napatay sa loob ng 24 oras, dalawang araw matapos idineklara ni Duterte ang kanyang "gera." Bago ang lima, dalawa na ang ekstrahudisyal na pinaslang ng mga pulis.

Idineklara ng nakababatang Duterte ang kanyang intensyon sa isang pagtitipon, kung saan binantaan niya ang mga "drug pusher" na "umalis" sa "kanyang syudad" at kung hindi ay "papatayin" niya ang mga ito. Ang ganitong pagbabanta at ang kasunod na mga pananalbeyds ay kopyang-kopya sa estilo ng kanyang ama.

Kinundena ng CHR ang “nakaaalarmang mga insidente ng mga ekstra-hudisyal na pamamaslang” na nakaugnay sa “gera kontra-droga.” Ang gera na ito ay ilang dekada nang ipinatutupad ng dinastiyang Duterte sa Davao, at sa buong bansa, noong panahon ng panunungkulan ni Rodrigo Duterte bilang presidente ng Pilipinas.

Sinampahan ang nakatatandang Duterte, kasama ang kanyang mga kasapakat, ng krimen laban sa sangkatauhan dulot ng malawakan at sistematikong pamamaslang na isinagawa nila sa ngalan ng “gera kontra-droga.” Sa pagdedeklara ng anak na Duterte ng “muling pagsisimula” nito sa Davao City, animo’y kinukutya at minamaliit niya ang bigat ng mga krimen na ginawa ng kanyang ama.

Gayundin, hindi totoong “magsisimula muli” ang batang Duterte sa kanyang “gera kontra-droga.” Bago pa man ang kanyang kopya-sa-amang pagbabanta, nangunguna na ang Davao City sa may pinakamaraming bilang ng mga napatay na mga pinaghihinalaang sangkot sa bentahan ng iligal na droga. Sa ulat ng Dahas Project, nagtala ang Davao City ng pinakamataas na bilang ng mga pagpatay na may kaugnayan sa droga mula nang maupo ang rehimeng Marcos, at kasabay niya, ang batang Duterte sa poder. Mula Hulyo 1, 2022 hanggang Marso 15, 2024, umabot na sa 97 ang “drug-related killing” sa syudad. Lahat ng mga ito, pwera sa isa, ay kagagawan ng mga pulis. Binubuo nito ang 16% ng lahat ng mga “drug-

related killing" sa buong bansa na umabot na sa 582.

Kinundena rin ng Bayan-Southern Mindanao Region ang mga pagpaslang. "Like father, like son," ayon sa grupo.

**[English Translation]**

## CHR to investigate Duterte's declared "war on drugs" in Davao City

Marso 27, 2024

The Commission on Human Rights (CHR) opened an investigation on March 25 in the "war on drugs" declared by Sebastian Duterte, son of Rodrigo Duterte and current Davao City mayor. This is after it was reported that five "suspects" were killed within 24 hours, two days after Duterte declared his "war." Before the five, two were extrajudicially killed by the police.

The younger Duterte declared his intention at a gathering, where he threatened "drug pushers" to "leave" "his city" or he would "kill" them. This threat and the subsequent attacks were a copy of his father's style.

The CHR condemned the "alarming incidents of extrajudicial killings" linked to the "war on drugs." This war has been implemented for several decades by the Duterte dynasty in Davao, and throughout the country, during the tenure of Rodrigo Duterte as Philippine president.

The elder Duterte, along with his accomplices, were charged with crimes against humanity due to

the widespread and systematic killings which they carried out in the name of the “war on drugs.” Duterte’s son declaration of his “fresh start” in Davao City, mocks and makes little of the crimes committed by his father.

Also, it is not true that young Duterte will “start over” in his “war on drugs.” Even before his copycat threat, Davao City was already leading the number of people killed suspected to be involved in the sale of illegal drugs. In a report by the Dahas Project, Davao City recorded the highest number of drug-related murders since the Marcos regime took office, alongside the assumption of the young Duterte as city mayor. From July 1, 2022 to March 15, 2024, “drug-related killings” in the city reached 97. Police forces bcommitted all of these killings, except one. This constitutes 16% of all “drug-related killings” in the entire country which has reached 582.

The Bayan-Southern Mindanao Region also condemned the killings. “Like father, like son,” said the group.

## Suspensyon sa 139 kawani ng NFA, hindi makatarungan—unyon

Marso 27, 2024

Ilang linggo matapos ang suspensyon sa 139 kawani at empleyado ng National Food Authority (NFA), binatikos ng Confederation for Unity Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) ang Office of the Ombudsman sa anito’y “hindi makatarungan at

walang batayan” na desisyon ng suspensyon. Ang mga kawani ay ipinailalim sa anim na buwang suspensyon kasunod ng alegasyon ng pagkakasangkot nila sa maanomalyang bentahan ng imbak na bigas ng NFA.

Ayon sa Courage, napag-alaman ng kanilang upisina ang maanomalyang mga suspensyon. Isa sa mga pinatawan nito ay patay na, habang dalawa ang retirado, isa ang naka-study leave, at marami ay maling pinangalanan. Nangangahulugan ito na hindi nagsagawa ng masusing imbestigasyon ang Ombudsman at hindi makatarungan ang arbitraryong mga suspensyon.

“Inilaan ng mga karaniwang empleyado at upisyal ng NFA ang kanilang panahon sa…pagpapatupad sa mandato ng ahensya. Subalit, mali silang inakusahan, na labag sa kanilang pundamental na mga karapatan habang nagpapatupad lamang sila ng mga “ministerial duty,” ayon kay Manuel Baclagon, pangkalahatang kalihim ng Courage.

Giit ng grupo na kaagad na bawiin ng Ombudsman ang suspensyon sa mga kawani dahil naparalisa nito ang ahensya. Nawalang trabaho at sweldo ang mga empleyado dulot ng suspensyong di dumaan sa maayos na proseso. Noong Marso 15, binaglitad na ng Ombudsman ang suspensyon sa 23 empleyado.

“Naniniwala kami na lahat ng 139 empleyado at upisyal ay dapat nang pabalikin sa kani-kanilang mga upisina,” ayon kay Baclagon. Naghain na rin ang nalalabi pang suspendidong mga kawani ng

NFA ng 26-pahinang motion for reconsideration sa upisina ng Ombudsman.

Sa harap nito, ipinabatid ni Baclagon ang suporta ng Courage sa paglulunsad ng "masusing imbestigasyon sa sinasabing korapsyon na nangyayari sa loob ng ahensya."

Liban dito, binanggit din ng Courage na malaki ang pananagutan ng Rice Liberalization Law's (RLL) na isinabatas ng rehimeng Duterte sa malawakang tanggalan at inhustisyang naranasan ng mga kawani ng NFA sa nagdaang mga taon.

"Nagdulot ang implementasyon ng RLL ng serye ng maramihang tanggalan sa mga kontraktwal na kawani ng gubyerno," pahayag ni Santiago Dasmariñas Jr, pambansang pangulo ng Courage. Ipinanawagan niya ang pagbasura sa naturang batas at pagbibigay hustisya sa mga tinanggal na kawani.

**[English Translation]**

## Union denounces unfair suspension of 139 NFA employees

Marso 27, 2024

A few weeks after the suspension of 139 staff and employees of the National Food Authority (NFA), the Confederation for Unity Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) condemned the Office of the Ombudsman for what it called an "unjust and baseless" decision of suspension. The employees were subjected to a six-month suspension

following allegations of their involvement in the anomalous sale of NFA stored rice.

Courage says their office was aware of the anomalous suspensions. One of those listed is dead, while two are retired, one is on study leave, and many are wrongly identified. This means that the Ombudsman did not conduct a thorough investigation and the arbitrary suspensions were unjust.

“The ordinary employees and officers of the NFA have devoted their time to…implementing the mandate of the agency. However, they have been falsely accused, which is against their fundamental rights while they are only executing “ministerial duties,” according to Manuel Baclagon, general secretary of Courage.

The group demanded that the Ombudsman immediately revoke the suspension of the employees because it has paralyzed the agency. The employees lost their jobs and wages due to the suspension that did not pass proper processes. On March 15, the Ombudsman overturned the suspension of 23 employees.

“We believe that all 139 employees and officials should be reinstated to their respective offices,” Baclagon said. The rest of the suspended NFA employees have also filed a 26-page motion for reconsideration before the Office of the Ombudsman.

In the face of this, Baclagon announced Courage’s support in launching a “thorough investigation

into the alleged corruption going on within the agency."

Apart from this, Courage also mentioned that the Rice Liberalization Law's (RLL) enacted by the Duterte regime is largely responsible for the massive layoffs and injustice experienced by NFA employees in recent years.

"The implementation of the RLL has caused a series of mass layoffs among government contractual employees," said Santiago Dasmariñas Jr, national president of Courage. He called for the repeal of such law and justice for the dismissed employees.

## 2 dinukot na mga aktibistang pangkalikasan sa Pangasinan, inilitaw na

Marso 28, 2024

Tatlong araw kasunod ng tuluy-tuloy na paghahanap ng mga kaanak, kaibigan at kasama nina Francisco "Eco" Dangla III at Joxelle "Jak" Tiong, natulak ang mga pwersa ng estado na ilitaw ang dalawa. Iniulat ng Surface Eco & Jak Network kahapon, Marso 27, na "wala na sa kamay ng mga dumukot sa kanila ang dalawa, may mga pasa, pero buhay." Dinukot sina Tiong at Dangla sa Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan noong Marso 24 nang alas-8 ng gabi.

Sa pahayag ng network, sinabi nitong bumabawi pa ang dalawa mula sa napakasakit na karanasan, gayunman, magagawa nilang "buong isalaysay

ang detalye ng pagdukot sa kanila at ang pagpapakawala sa kanila.” Nagbanta rin ang mga grupo sa karapatang-tao na dapat nang “tumigil sa kahit anong tangka ng ibayong paghaharas ang mga dumukot sa kanila.”

Sa salaysay ng mga saksi, dinukot ang dalawa matapos harangin ng isang SUV ang traysikel na sinasakyan nila. Dalawa hanggang tatlong tao mula sa SUV at isa pang sakay ng isang motorsiklo ang nambugbog at nagsakay sa kanila sa sasakyan, ayon sa mga saksi. Naiwan pa umano sa lugar na pinangyarihan ang piraso ng tela na napunit mula sa damit ng mga biktima. Narinig din ang pagsigaw ni Tiong na humihingi ng tulong.

Si Dangla, 39, ay dating estudyante ng University of the Philippines at kasalukuyang tumatayong tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) -Pangasinan. Habang si Tiong, 29, gradweyt ng Universidad de Dagupan ay koordineytor ng Kabataan Partylist sa prubinsya. Pareho silang tagapagtipon ng Pangasinan People’s Strike for the Environment, grupong naninindigan laban sa planong black sand mining at pagtatayo ng nuclear power plant sa prubinsya.

Bago pa man ang insidente, sina Tiong at Dangla ay ipinailalim ng mga pwersa ng estado sa walang tigil na Red-tagging, pagmamanman, intimidasyon at iba pang porma ng panggigipit. Katulad ito ng karaniwang padron ng panggigipit at kasunod na pagdukot sa mga aktibista at progresibo.

“Ipinapaabot namin ang aming pasasalamat sa lahat ng mga sumuporta sa panawagang ilitaw

[ang dalawa]. Napakahalaga ng mabilis at desididong pagkilos ninyo sa pagharap sa mapanghamong panahon na ito," ayon pa sa network.

Nanawagan sila ng hustisya sa nangyari sa mga biktima at giit na papanagutin ang mga sangkot at nanguna sa pagdukot kina Dangla at Tiong. "Ang padron ng mga pag-atakeng ito sa mga tagapagtanggol ng kalikasan, tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga komunidad…ay nagsisiwalat sa kakila-kilabot na kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas sa ilalim ng administrasyong Marcos," pagtatapos ng network.

### [English Translation]
## State forces surface 2 abducted environmental activists in Pangasinan

Marso 28, 2024

State forces were forced to surface Francisco "Eco" Dangla III and Joxelle "Jak" Tiong, three days after a relentless search by relatives, friends and associates. Surface Eco & Jak Network reported yesterday, March 27, that the two are "no longer in the hands of their abductors, bruised, but alive." Tiong and Dangla were abducted in Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan on March 24 at 8 p.m.

The two are still recovering from the harrowing experience, however, they will be able to "fully recount the details of their abduction and their release," the group said. Human rights groups

also warned that their abductors should “stop any further harassment.”

Witnesses say the two were abducted after an SUV blocked the tricycle they were riding. Two to three people from the SUV and another on a motorcycle mauled them and forced them into the vehicle, according to witnesses. Pieces of cloth torn from the victims’ clothings were said to have been left at the scene. Tiong was also heard shouting for help.

Dangla, 39, is a former student of the University of the Philippines and is currently the spokesperson of the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) -Pangasinan. Tiong, 29 and a graduate of Universidad de Dagupan, is the coordinator of Kabataan Partylist in the province. They are both convenors of the Pangasinan People’s Strike for the Environment, a group that stands against the black sand mining and the construction of a nuclear power plant in the province.

Prior to the incident, state forces have subjected Tiong and Dangla to relentless Red-tagging, surveillance, intimidation and other forms of harassment. This is similar to the usual pattern of harassment and subsequent abduction of activists and progressives.

“We extend our gratitude to all those who supported calls to surface Eco and Jak. Your swift and resolute actions have been invaluable confronting this challenging time,” according to the network.

They called for justice and demanded that those involved and who led the abduction of Dangla and Tiong be held accountable. “The pattern of these attacks on environmentalists, human rights defenders and whole communities…shows that the rights situation in the Philippines remains dire under the Marcos Jr. administration,” the network concluded.

## Ikatlong taon ng pagkamatay ng lider-unyonista sa Southern Tagalog, ginunita

Marso 28, 2024

Sa pangunguna ng Lakas ng Manggagawa ng Fuji Electrics Philippines (LNMFEP-OLALIA-KMU), nagtipon-tipon ang mga manggagawa mula sa iba’t ibang pagawaan sa Calamba, Laguna ngayong araw, Marso 28, upang gunitain ang ikatlong taon ng pagpaslang kay Pangulong Dandy Miguel. Kilalang lider-unyonista si Miguel, hindi lamang sa Laguna kundi sa buong Southern Tagalog.

Pinagbababaril siya noong Marso 28, 2021 sa Barangay Canlubang, Cabuyao, Laguna habang pauwi mula sa pagawaan. Walong bala ang kumitil sa kanyang buhay. Tagapangulo siya noon ng LNMFEP-OLALIA-KMU at Vice-chairperson ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK-KMU).

Bilang pangulo ng unyong LMNFEP, matagumpay niyang pinamunuan at pinangunahan ang mga negosasyon para sa collective bargaining

agreement (CBA) ng unyon at maneydsment noong kasagsagan ng pandemya.

Pinangunahan din niya ang pagsusulong ng kampanya ng manggagawa para sa pagkakamit ng makabuluhang dagdag-sahod, regularisasyon at laban sa kontraktwalisasyon, at laban sa ipinatutupad na neoliberal na mga patakarang mapaminsala sa kabuhayan ng masang manggagawa at mamamayan. Naging katuwang siya ng mga manggagawa ng Tanduay, Nexperia, Nestle, at NutriAsia sa kanilang mga pakikibaka.

“Tatlong taon na ang lumipas ngunit hindi pa rin nananagot si Duterte at ang mga pumaslang kay Pangulong Dandy,” pahayag ng Defend Southern Tagalog. Patuloy na nagsisilbing inspirasyon para sa mga manggagawa ng Southern Tagalog at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa rehiyon ang kanyang diwang palaban at ang kanyang tapang, ayon sa grupo.

“Ipagpapatuloy natin ang kanyang labang nasimulan. Magpapatuloy din ang ating panawagan para sa hustisya,” anito.

**[English Translation]**

## Workers commemorate third death anniversary of unionist leader in Southern Tagalog

Marso 28, 2024

Led by the Labor Force of Fuji Electrics Philippines (LNMFEP-OLALIA-KMU), workers from various factories gathered in Calamba,

Laguna today, March 28, to commemorate the third anniversary of the assassination of President Dandy Miguel. Miguel is a well-known unionist leader, not only in Laguna but throughout Southern Tagalog.

He was shot and killed on March 28, 2021 in Barangay Canlubang, Cabuyao, Laguna while returning home from work. Eight bullets took his life. At that time, he was the chairman of LNMFEP-OLALIA-KMU and Vice-chairperson of the Workers' Union in South Tagalog (PAMANTIK-KMU).

As president of the LMNFEP union, he successfully led and spearheaded the negotiations for the collective bargaining agreement (CBA) between the union and management during the height of the pandemic.

He also led the promotion of the workers' campaign for significant wage increases, regularization and against contractualization, and against the prevailing neoliberal policies that are detrimental to the livelihood of the working masses and the people. He supported the workers of Tanduay, Nexperia, Nestle, and NutriAsia in their struggles.

"Three years have passed but Duterte and the killers of Pres Dandy have yet to be held accountable," Defend Southern Tagalog said. His fighting spirit and his courage continue to inspire Southern Tagalog workers and human rights defenders in the region, the group says.

“We will continue the fight he started. We will also persist in our call for justice,” the group concluded.

## Karapatan-Southern Tagalog, nag-aalam sa kalagayan ng “sumuko” sa 85th IB sa Quezon

Marso 28, 2024

Nagpadala ng isang tim ang Karapatan-Southern Tagalog ngayong araw sa kampo ng 201st Infantry Brigade sa Calauag, Quezon para alamin ang kinaroroonan at kalagayan ni Randy Reota. Si Reota ay iniulat ng militar na sumukong kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kasunod ng ambus ng isang yunit ng BHB-Quezon sa Barangay Doña Aurora, Calauag noong Marso 25.

Sa pahayag ng Karapatan-Southern Tagalog, iniulat ng tim nito na nakapanayam nila si Col. Romero ng 201st IBde. Ayon sa upisyal militar, si Reota ay wala sa kanilang kampo at nasa kustodiya ng 85th IB na sumasaklaw sa Lopez, Quezon at sumailalim sa “debriefing”.

Layunin ng tim ng Karapatan na magsagawa ng imbestigasyon upang masiguro na iginagalang ang karapatang-tao ni Reota kahit na siya ay pinaghihinalaang myembro ng BHB. Anila, “nananatili ang kanyang batayang karapatan ayon sa pandaigdigang batas pandigma.”

Ayon sa internasyunal na makataong batas, kung makadadakip ng katunggaling armadong pwersa ang isang panig, dapat kilalanin ang kanyang mga

karapatan at hindi ipailalim sa tortyur, pananakit o anumang paglabag ng kanyang karapatan. Samantala, lubhang ipinagbabawal sa mga alituntunin ang arbitraryong pagdakip sa mga sibilyan.

Patuloy ang pagsisiyasat ng tim kaugnay ng kalagayan ni Reota at pagsisiguro na siya ay nakatatanggap ng patas at makatarungang pagtrato ayon sa batas at kaukulang mga proteksyon.

**[English Translation]**

## Karapatan-Southern Tagalog, investigating the condition of “surrenderers” to the 85th IB in Quezon

Marso 28, 2024

Karapatan-Southern Tagalog sent a team today to the camp of the 201st Infantry Brigade in Calauag, Quezon to investigate the whereabouts and condition of Randy Reota. The military reported Reota as a New People’s Army (NPA) member who surrendered after an ambush by an NPA-Quezon unit in Barangay Doña Aurora, Calauag on March 25.

In the statement of Karapatan-Southern Tagalog, its team reported having interviewed Col. Romero of the 201st IBde. The military official says Reota is not inside the camp but is under the custody of the 85th IB covering Lopez, Quezon and was undergoing “debriefing”.

The Karapatan team aimed to conduct an investigation to ensure that Reota’s human rights are respected even as a suspected member of the NPA. “His basic rights prevail in accordance to the international law of war,” it said.

According to international humanitarian law, if a party is captured by a rival armed force, their rights must be recognized and they must not be subjected to torture, harm or any other violation. Meanwhile, the rules strictly prohibit the arbitrary arrest of civilians.

The team continues to investigate Reota’s condition and ensure that he receives fair and just treatment according to the law and corresponding protections.

## Mga estudyante at organisasyon ng UST, nagkaisa kontra represyon sa kampus

Marso 28, 2024

Naglunsad ng kilos-protesta ang mga estudyante ng University of Sto. Tomas (UST) sa harap ng kampus nito sa Padre Noval Street, Sampaloc, Manila noong Marso 22 para kundenahin ang mga mapaniil na patakaran ng unibersidad. Kasunod ang sama-samang pagkilos ng pagpagpapahayag ng pagkakaisa at pagpirma sa nagkakaisang pahayag ng mga konseho ng mag-aaral, mga pahayagan, at iba pang organisasyon sa kampus noong Marso 20 laban sa Office of Student Affairs (OSA) at buong administrasyon ng UST.

Pinangunahan ang mga aktibidad ng Rise for Education Alliance (R4E)-España.

Sa isang bukas na liham ng R4E Alliance-España kay Rev. Richard G. Ang, O.P., punong administrador ng UST, ipinabatid ng mga pumirmang organisasyon ang kanilang pagkadismaya sa kasalukuyang kalakaran na lumiligalig sa kabataang estudyante sa unibersidad. Pinatutungkulan nila ang deka-dekadang panunupil at kawalang hustisya sa loob ng unibersidad na tuluyang nagpadilim sa kanilang pag-asang mababago pa ito.

“Naranasan namin ang panunupil at pagbalewala sa aming demokratikong mga karapatan sa kamay ng institusyon, sa halip na gabayan kami sa sosyo-ekonomikong pagkamulat at paghubog sa aming kakayahan at katangian bilang mga estudyante,” ayon pa sa pahayag. Giit ng mga kabataang Tomasino, matagal silang nagpupunyagi at nagsusumikap na maabot ang kasalukuyan nilang katayuan, gayunman, “tama na, dapat nang wakasan ang pang-aabuso sa kapangyarihan.”

Naging usap-usapan muli ang panunupil at pagpapatahimik sa loob ng UST kasunod ng naging isyu ng censorship ng UST-OSA sa organisasyong pangmidya na TomasinoWeb noong Pebrero. Sapilitang ipinatanggal ng UST-OSA ang isang larawan na inilabas sa social media ng TomasinoWeb dahil naging katatawanan umano ito. Nagresulta ito sa pansamantalang pagkatigil ng operasyon ng organisasyon at pagresayn ng tagapayong guro nito.

Giit ng R4E-España, hindi lamang TomasinoWeb ang nakararanas ng ganitong tipo ng panunupil at pagpapatahimik. Isinalaysay nila ang pagkokontrol ng UST-OSA sa mga aktibidad kahit ng UST Central Student Council. "Anong maaasahan natin sa isang UST-OSA na tinatanaw, nais mangyari, at pinipilit ang ating konseho ng mag-aaral at mga organisasyon na maging taga-organisa lamang ng mga aktibidad sa halip na maging ganap na lider-estudyante?" ayon pa sa grupo.

Nanindigan sila na walang aktwal na pagkatawan ng mga estudyante at pamumuno ang mangyayari kung mananatili ang "tiraniya" ng UST-OSA. Ang naging sagot ng UST-OSA sa mga pagtatangka ng mga organisasyon na kumawala sa ganitong kalakaran ay pananakot, intimidasyon, at malulupit na hakbang.

Sa harap nito, ipinanawagan ng mga Tomasino ang isang tunay at progresibong pagkatawan sa mga estudyante sa pamamagitan ng mas makabuluhang mga reporma sa patakaran kaugnay ng akreditasyon ng mga organisasyon, pag-abruba sa UST Student Code at pagpapatuloy sa UST Student Government Constitutional Revision.

Malakas din ang kanilang panawagan para sa pananagutan sa ginawang panunupil at pagpapatahimik sa pamamagitan ng tuluyang pagtanggal sa pusisyon ng dirketor at katuwang na direktor ng UST-OSA.

“Naninidigan kami para sa karapatan ng mga estudyante. Hindi na kami magpapatahimik muli,” pagatatapos ng kanilang pahayag.

## [English Translation]
## UST students and organizations unite against campus repression

Marso 28, 2024

Students from the University of Sto. Tomas (UST) protested in front of the university campus in Padre Noval Street, Sampaloc, Manila on March 22 to condemn the university’s repressive policies. This was after student councils, newspapers, and other campus organizations banded together on March 20 and signed a petition against the Office of Student Affairs (OSA) and the entire UST administration. Rise for Education Alliance (R4E)-España Led the activities.

In an open letter of the R4E Alliance-España to Rev. Richard G. Ang, O.P., UST chief administrator, the signatory organizations expressed their dismay at the status quo that plagues the young university students. They addressed decades of repression and injustice within the university that have completely dimmed their hope for change.

“We have endured reppression and neglect of our democratic rights at the hands of the institution, instead of guiding us with socio-political consciousness and honing our capabilities and character as a student,” according to the statement. The young Tomasinos assert they have

persevered and persisted to come this far; however, “enough is enough, the abuse of power must come to an end.”

Repression and silencing within UST has once again become a topic of discussion following the UST-OSA censorship of the media organization TomasinoWeb in February. UST-OSA forcibly deleted a photo released on social media by TomasinoWeb because it allegedly stirred ridicule. This resulted in the temporary suspension of the organization’s operations and the resignation of its faculty advisor.

R4E-España asserts, TomasinoWeb is not the only entity which has experienced this kind of suppression and silencing. It recounted the UST-OSA’s control over the activities of even the UST Central Student Council. “What can we expect from a UST-OSA that views, envisions, and forces our student council and organizations to be mere event-makers instead of actually being our student leaders?” the group asked.

They maintained that no actual student representation and leadership can exist if the “tyranny” of UST-OSA prevails. The UST-OSA has replied with threats, intimidation, and heavy-handed measures to the organizations’ attempts to break free from this situation.

In the face of this, the Tomasinos call for a genuine and progressive representation of students through more significant policy reforms related to organization accreditation, approval of

the UST Student's Code and continuance of the UST Student Government Constitutional Revision.

They also strongly call for accountability for the repression and silencing by terminating the director and associate director of UST-OSA from their positions.

"We stand for students' rights… We will never be silenced again," their statement concluded.

## Seguridad sa trabaho at benepisyo, giit ng mga manggagawa ng Universal Weavers Corporation

Marso 28, 2024

Suportado ng Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) at Workers Alliance in Region III (WAR 3)-Kilusang Mayo Uno (KMU) ang laban para sa seguridad sa trabaho at karampatang benepisyo ng mga manggagawa ng Universal Weavers Corporation (UWC), isang pagawaan sa Freeport Area of Bataan, Mariveles, Bataan. Halos isang taon nang nakakategoryang "force leave" ang naturang mga manggagawa. Noon pang maagang bahagi ng 2023 sila pinatigil sa trabaho.

Pagdadahilan ng kumpanya, wala nang "pinagagawa at order" sa kanila kaya hindi na sila pinapasok sa pabrika. "Hindi na bago at lumang tugtugin na ang lahat ng ito ng mga kapitalista. Dati nang sinasabi ng manggagawa ang lahat ng iyan para magbigay katwiran sa "force leave," ayon sa NMFAB.

Naniniwala ang NMFAB na mayroong pumapasok na order sa kumpanya pero mas pinipili nito na dalhin sa Cambodia ang produksyon dahil mas mura ang pasahod doon. Umiiwas din ang kumpanya sa kanyang pananagutan sa mga manggagawa, giit ng grupo. “Maraming pagdadahilan (na ibinibigay) ang maneydsment para isalba ang tubo nito at takasan ang responsibilidad sa mga manggagawa sa sahod at benepisyo,” anila.

Dahil sa malawakang at matagalang “force leave,” napilitan ang maraming manggagawa na tuluyan na lamang mag-resign. Nangangamba silang tuluyang isara ng kapitalista ang kumpanya.

Nagpapapirma rin ang maneydsment sa mga manggagawa ng isang waiver na naglalaman na sumasang-ayon sila na maghanap ng ibang trabaho kahit naka-force leave sila. Malaki ang posibilidad na isa itong panlilinlang sa kanila sapagkat ayon sa batas hindi pwedeng magtrabaho ang isang manggagawa sa ibang kumpanya sa panahon na naka-force leave dahil kinakaltasan pa rin ng SSS ang kanilang sahod.

“Maaari rin magbigay daan ito sa kapitalista para lusawin ang years of service ng mga manggagawa at ligal na tanggalin sila sa pabrika nang hindi nakakakuha ng separation pay,” paliwanag pa nito. Paglabag ang mga ito sa karapatan ng mga manggagawa sa sahod, trabaho at karapatan, giit ng NMFAB.

Sa harap nito, naniniwala ang NMFAB na higit na dapat magkaisa at labanan ng mga manggagawa

ang mga pakana ng kapitalista. Hinamon ng grupo ang Universal Weavers Corp. Workers Association-Confederation of Filipino Workers (UWCWA-CFW), unyon sa pagawaan, na pangunahan ang laban at maging boses ng mga manggagawa. May karapatan ang mga manggagawa na sampahan ng kaso at sama-samang panagutin ang kumpanya sa iligal na tanggalan, anito.

“Dapat ipakita ng manggagawa sa pangunguna ng unyon na handang ilaban ang karapatan kahit pa umabot pa ito sa pagdadaos ng welga. Ito ang tamang panahon para ipakita na handa ang unyon na tiyakin ang seguridad sa trabaho ng kanyang mga kasapi at asikasuhin sila,” ayon pa sa grupo.

“Ang ganitong kalagayan ng mga manggagawa sa bansa ay sintomas ng isang malubhang sakit ng sistema kung saan ang mga manggagawa ay hindi natatamasa ang nakabubuhay na sahod, karapatan, at seguridad sa trabaho,” ayon naman sa WAR 3-KMU.

Ang UWC ay nagmamanupaktura ng mga medikal at thermal na kumot, gown, uniporme, at iba pang mga tela na may gamit medikal. Pinakamalaki itong kumpanyang nagmamanupaktura ng medical bath blanket at linen sa buong Asya.

**[English Translation]**

## Universal Weavers Corporation workers demand job security and benefits

Marso 28, 2024

The United Workers of the Freeport Area of Bataan (NMFAB) and Workers Alliance in Region III (WAR 3)-Kilusang Mayo Uno (KMU) supported the fight for job security and rightful benefits by workers of the Universal Weavers Corporation (UWC), a factory in the Freeport Area of Bataan, Mariveles, Bataan. These workers have been on “forced leave” for almost a year. They have been prevented from working since early 2023.

The company’s excuse is that it no longer receives “production requests and orders,” thus it no longer needs workers in the factory. “This is not new and is already an old tune by the capitalists. Workers have long known this will be used to justify putting them on “forced leave,” according to NMFAB.

NMFAB believes the company receives new orders but prefers to bring production to Cambodia since wages are even lower there. The company also evades its responsibility to workers, the group asserts. “Management has numerous excuses to salvage its profit and escape its responsibility of giving wages and benefits to the workers,” they said.

Because of the widespread and prolonged “force leave,” many workers were forced to resign altogether. They fear that the capitalist will eventually close down the company.

The management also pushed workers to sign a waiver stipulating that they agree to look for another job even if they are on forced leave. This is most possibly a deceptive move which runs

counter to the law prohibiting a worker from working in another company when on forced leave since their SSS contributions still being deducted from their salary.

“It can also give the capitalist leverage to invalidate the workers’ years of service and to legally fire them from the factory without providing separation pay,” they further explained. These violate workers’ rights to wages, jobs and rights, NMFAB insists.

Facing this, the NMFAB believes that workers must unite and resist capitalists’ schemes. The group challenged Universal Weavers Corp. Workers Association-Confederation of Filipino Workers (UWCWA-CFW), the factory union, to lead the fight and be the workers’ voice. Workers have the right to file a lawsuit and jointly hold the company responsible for the illegal dismissal, it said.

“Workers must show that they are ready to fight for their rights even if it leads to a strike. This is the right time to show that the union is ready to ensure the job security of its members and take care of them,” according to the group.

“This condition of workers in the country is a symptom of a serious disease of the system where workers do not enjoy living wages, rights, and job security,” according to WAR 3-KMU.

UWC manufactures medical and thermal blankets, gowns, uniforms, and other garments for medical

use. It is the largest medical bath blanket and linen manufacturing company in Asia.

## NDF-Rizal, namahagi ng polyeto para sa ika-55 anibersaryo ng BHB

Marso 29, 2024

Namahagi ng polyeto ang mga kasapi ng National Democratic Front (NDF)-Rizal sa mga dumalo at nakiisa sa Alay Lakad sa Antipolo City noong Marso 28. Ang tradisyunal na aktibidad na ito ng pananampalataya ng mga Katoliko tuwing Semana Santa, kung saan milyun-milyong deboto ang nakikiisa, ay ginawang okasyon ng NDF-Rizal para ipabatid ang pagdiriwang ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ipinamahagi nila ang polyetong naglalaman ng ’10 Dahilan Bakit Mahal ng Mamamayan ang NPA,’ materyal na inilabas ng BHB-Southern Tagalog (Melito Glor Command). Ipinaliwanag dito na ang BHB ang tunay na hukbo ng mamamayan na nagtatanggol sa kanilang demokratikong interes at magpapalaya sa bansa sa neokolonyal na paghahari ng imperyalistang US.

Inililinaw rin dito kung ano mga tungkulin at ginagawa ng mga Pulang mandirigma para sa mamamayang anakpawis taliwas sa kasinungalingang ipinakakalat ng armadong pwersa ng reaksyunaryong estado na AFP-PNP-CAFGU, National Task Force-Elcac.

Ayon kay Ka Arman Guerrero, tagapagsalita ng NDF-Rizal, isang bahagi pa lamang ang

pamomolyeto ng gagawing serye ng mga aktibidad ng pagdiriwang para itanghal at pagpugayan ang kabayanihan ng mga Pulang mandirigma ng hukbong bayan.

Ani Guerrero ang mga rebolusyonaryo sa prubinsya ng Rizal ay nakahandang paigtingin ang mga pakikibaka ng iba't-ibang batayan at pinagsasamantalahang mga uri at mag-ambag sa pagpapalakas ng itinatayong mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan.

Nitong Marso, muling nag-anunsyo ang AFP ng "dedlayn" para gapiin ang mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya sa katapusan ng Marso, ang lahat ng "bertikal na yunit" ng hukbo sa katapusan ng Hunyo at ang buong BHB sa katapusan ng 2024. Inianunsyo ang bagong taning na dalawang buwan matapos ang huling "dedlayn" ng paggapi sa rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2023, at halos taun-taon bago nito.

**[English Translation]**

## NDF-Rizal distributes pamphlets for the NPA's 55th anniversary

Marso 29, 2024

Members of the National Democratic Front (NDF)-Rizal distributed pamphlets to attendees of the Alay Lakad in Antipolo City on March 28. The NDF-Rizal took the occasion to amplify the celebration of the 55th anniversary of the New People's Army (NPA). Alay Lakad is a Catholic traditional activity during Holy Week, with millions of devotees joining in.

They distributed pamphlets containing ’10 Reasons Why the People Love the NPA,’ released by the NPA-Southern Tagalog (Melito Glor Command). The pamphlet extols the NPA as the true army of the people that defends their democratic interests and will liberate the country from the neocolonial rule of the US imperialist.

It also clarifies what duties and what the Red fighters do for the toiling masses, refuting the lies spread by the armed forces of the reactionary state AFP-PNP-CAFGU, National Task Force-Elcac.

According to Ka Arman Guerrero, spokesperson of the NDF-Rizal, the distribution is just one of a series of celebration activities showcasing and honoring the heroism of the Red fighters of the people’s army.

Guerrero said the revolutionaries in the province of Rizal are ready to intensify the struggles of various basic and exploited classes and contribute to the strengthening of the organs of political power in the countryside.

This March, the AFP once again announced a “deadline” to defeat NPA units in guerrilla fronts by the end of March, all “vertical units” of the army by the end of June and the entire NPA by the end of 2024. The new two-month deadline was announced after the last “deadline” of defeating the revolutionary movement passed at the end of 2023, and almost every year before that.

## Mamamatay-tao at intel ng 62nd IB, napatay sa armadong aksyon ng BHB-Central Negros

Marso 30, 2024

Napatay ng mga Pulang mandrigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) sa armadong aksyon nito sa Crossing Bon-bon, Barangay Hinakpan Guihulngan City, Negros Oriental si Gamay Taganeli, berdugo at mamamatay-tao, at Jovanie Dela Cruz, ahente sa paniktik ng 62nd IB, noong Marso 20. Isinagawa ang armadong aksyon laban sa mga kontra-rebolusyonaryo sa kasagsagan ng focus military operation ng Armed Forces of the Philippines sa syudad.

Si Taganeli ang sangkot sa pagpatay kay Egling Carreon sa Sityo Bonbon sa parehong syudad noong 2023. Habang si Dela Cruz ay kilalang magnanakaw sa kanilang komunidad at masugid na ahenteng paniktik ng 62nd IB. Regular siyang nag-uulat sa 62nd IB sa Barangay Hinakpan-Guihulngan Patrol Base at hedkwarters ng batalyon sa Barangay Libas, Isabela, Negros Occidental.

Ikinagalak ng mga masa sa lugar ang naturang armadong aksyon dahil nakamit nila ang rebolusyonaryong hustisya, laluna para sa mga naging biktima ng dalawa. Samantala, pinasalamatan naman ng BHB-Central Negros ang naging tulong at suporta na ibinigay ng masa ng Guihulngan City para maisakatuparan ang armadong aksyon.

**[English Translation]**

## NPA-Central Negros kills murderer and 62nd IB intelligence agent in armed action

Marso 30, 2024

Red fighters of the New People's Army (NPA)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) killed Gamay Taganeli, a fascist butcher and murderer, and Jovanie Dela Cruz, intelligence agent of the 62nd IB, in an armed action in Crossing Bon-bon, Barangay Hinakpan Guihulngan City, Negros Oriental last March 20. The armed action against the counter-revolutionaries was carried out at the midst of the focus military operation of the Armed Forces of the Philippines in the city.

Taganeli was involved in the killing of Egling Carreon in Sityo Bonbon in the same city in 2023. Meanwhile, de la Cruz is a notorious thief in their community and an active intelligence agent of the 62nd IB. He regularly reports to the 62nd IB in Barangay Hinakpan-Guihulngan Patrol Base and battalion headquarters in Barangay Libas, Isabela, Negros Occidental.

The masses in the area rejoiced because revolutionary justice has been served, especially for the victims of the two. The NPA-Central Negros thanked the masses of Guihulngan City for their help and support in carrying out the armed action.

## Oplan Sabit, inilunsad ng NDF-Rizal sa Taytay para sa ika-55 anibersaryo ng BHB

Marso 30, 2024

Matagumpay ang mabilisang pagsasabit ng mga pwersa ng National Democratic Front (NDF)-Rizal at Kabataang Makabayan (KM)-Rizal ng kanilang inihandang likhang-sining na balatengga sa matataong lugar sa bayan ng Taytay noong Marso 29, sa araw mismo ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Naglaan ng tatlong araw ang mga pwersa ng NDF at KM-Rizal para kolektibong ipinta ang kanilang alay na likhang-sining para gunitain ang anibersaryo ng BHB. Mahusay at masigasig na nakilahok ang mga kabataang artista at magsasaka para sa paggawa ng kanilang obra.

Isinabit ang balatengga sa isang tulay malapit sa Manila East Road at sa isang tulay sa tabi ng Rosario Ocampo Elementary School (ROES) dahil maraming tao at mga sasakyan ang dumaraan dito. Inaasahan na ang kanilang matingkad na likhang-sining ay makaagaw-pansin sa maraming mamamayan at ipaabot ang pagdiriwang ng anibersaryo ng hukbong bayan at ang panghihikayat sa mga kabataan na lumahok sa armadong pakikibaka.

Ayon sa NDF-Rizal, “kitang-kita ang masikhay na paggampan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kanilang tungkulin para sa pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusang propaganda.” Noong

Marso 28 lamang, inilunsad din ng NDF-Rizal ang pamamahagi ng polyeto sa Alay Lakad sa Antipolo. Nakatakda din ito ang iba't ibang aktibidad upang itanghal at ipagdiwang ang anibersaryo ng BHB.

Pahayag ng KM-Rizal, hindi balakid sa kanila ang pananakot at pasismo na isinasagawa ng 80th IB at 2nd ID para patuloy na paigtingin ang pakikibaka ng kabataan at mamamayan. "Araw-araw kaming kumbinsido na pumanig sa rebolusyonaryong kilusan at ialay ang buong oras para ipakilala sa maraming bilang ng kabataan ang armadong pakikibaka upang kanilang lahukan," pagdidiin ng grupo ng kabataan.

**[English Translation]**

## NDF-Rizal launches Oplan Sabit in Taytay for the 55th anniversary of the NPA

Marso 30, 2024

Forces of the National Democratic Front (NDF)-Rizal and Kabataang Makabayan (KM)-Rizal successfully hung their artful streamer in the populated areas of Taytay town on the day of the 55th anniversary of the New People's Army (NPA) last March 29.

The NDF and KM-Rizal forces took three days to collectively paint their tribute artwork to commemorate the anniversary of the NPA. The young artists and farmers poured their talent and commitment for the creation of their work.

They hang the streamer near Manila East Road and next to Rosario Ocampo Elementary School (ROES) as many people and vehicles pass by there. The vivid artwork aims to catch the attention of passers-by, amplify the celebration of the NPA anniversary and encourage the youth to participate in the armed struggle.

The NDF-Rizal says the "revolutionary forces carry out their specific roles in reinvigorating the revolutionary propaganda movement." On March 28, NDF-Rizal also conducted the distribution of pamphlets in the Alay Lakad in Antipolo. It also scheduled various activities to perform and celebrate the anniversary of the NPA.

According to KM-Rizal, the 80th IB and 2nd ID's intimidation and fascism is not an abstacle for the youth and the people to continue intensifying their struggle. "Every day we are convinced to side with the revolutionary movement and dedicate our full time to introduce the armed struggle to a large number of young people to enjoin them to participate," the youth group emphasized.

## Mga martir ng Rosario, Batangas, pinarangalan

Marso 31, 2024

Binigyang parangal at pagpupugay ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa Southern Tagalog ang mga nabuwal na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas (Eduardo Dagli Command) sa pag-atake ng 59th IB noong Marso 26 sa Barangay Elvita

(Tubahan), Rosario, Batangas. Kabilang sa mga namartir ang namumunong kadre ng kilusang rebolusyonaryo sa Batangas na si Junalice Arante-Isita (Ka Arya), na gumagampan rin bilang kagawad ng komite ng Partido sa rehiyon. Napaslang din sa labanan sina Bernardo Bagaas (Ka Mamay/ Mike) at Erickson Cueto (Ka Ricky/Vale).

Si Ka Arya ay mula sa Lipa City, Batangas at naunang naorganisa sa kanyang kabataan noong 2004 sa Metro Manila. Muli siyang naugnayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Batangas mula sa pansamantalang pagpapahinga at dito na nagtuluy-tuloy ang paggampan niya sa susing mga tungkulin sa prubinsya. Kabilang na dito ang paglalabas ng rebolusyonaryong pahayagan na Lagablab ng Batangan at paggampan ng mga tungkuling pangkultura.

Noong 2020, gumampan siya ng mahalagang papel sa muling pagbabalik sa malawak na erya ng Silangang Batangas bilang kalihim ng binuong komite ng Partido at yunit ng hukbong bayan. Dahil sa taglay na husay at dedikasyong ipinamalas sa pagtupad sa mga tungkulin sa Partido, nahalal siya bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon noong Enero 2022.

"Bilang batang kadre ng Partido at upisyal ng Hukbong bayan, masigasig na tumupad sa atas si Ka Arya. Lagi siyang nagsisikap na tupdin ang mga ito at ibinibigay ang ganang kaya para mahusay itong magampanan," pahayag ng Komiteng Rehiyon.

Pinangibabawan niya ang kanyang mga limitasyong pisikal. Naging matiyaga siya sa mga lakaran kahit mabigat ang dala, pagbabahagi pa ng mga kasama.

"Hindi malilimutan ng masang Batangueño at mamamayan ng Southern Tagalog ang dakilang ambag ni Ka Arya laluna sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Batangas," pahayag ng Komiteng Rehiyon. Kabilang siya, at sina Ka Mamay/Mike at Ka Ricky/Vale, sa di mabilang na mabubuting anak ng Batangas na pinanindigan ang opensibang postura at di napatinag sa anumang panggigipit at paniniil ng estado't armadong galamay nito.

Pagbawi sa mga bangkay

Iniulat ng Karapatan-Southern Tagalog at Tanggol Batangan ang pagsisikap nito sa nagdaang linggo na bawiin ang mga bangkay ng mga napaslang na mandirigma. Anang grupo, nakikipag-ugnayan sila sa lokalidad para tulungan ang pamilya ng mga napaslang at para alamin kung may naitala bang mga paglabag sa karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas.

Binatikos ng grupo ang pag-antala at panggigipit ng 59th IB at PNP Rosario. Sa ulat ng tim na ipinadala ng Karapatan-Southern Tagalog, inantala ang proseso sa mabilis na pagkuha ng labi ng mga nasawi na labis na nakaapekto sa mga pamilya.

Isiniwalat din ng grupo sa karapatang-tao ang "pagdikit" at patagong pakikipag-usap ng mga

upisyal ng 59th IB sa mga kaanak ng napaslang. Ipinagtataka ito ng grupo at sinabing tila katulad ito ng taktika ng militar noong Disyembre 2023 kung saan ginipit ang pamilya para maitago ang mga bakas ng paglabag sa internasyunal na makataong batas.

"Naninindigan ang Karapatan Southern Tagalog na kailangang managot ang 59th IB sa mga paglabag nito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL, at ibigay na ang mga labi sa pamilya nito," ayon pa sa grupo.

### [English Translation]

## CPP honors martyrs of Rosario, Batangas

Marso 31, 2024

The Regional Committee of the Communist Party of the Philippines (CPP) in Southern Tagalog paid tribute to the fighters of the New People's Army (NPA) -Batangas (Eduardo Dagli Command) who fell in the attack of the 59th IB on March 26 in Barangay Elvita (Tubahan), Rosario, Batangas. Among the martyrs is Junalice Arante-Isita (Ka Arya), leading cadre of the revolutionary movement in Batangas who also served as a member of the Party committee in the region. Bernardo Bagaas (Ka Mamay/Mike) and Erickson Cueto (Ka Ricky/Vale) were also killed in action.

Ka Arya is from Lipa City, Batangas and was first organized in the youth sector in Metro Manila in 2004. After leaving the movement temporarily,

she touched base with the revolutionary movement in Batangas and performed key duties in the province. This included publishing the revolutionary newspaper Lagablab ng Batangan and cultural duties.

In 2020, she played a vital role in recovering vast areas of Eastern Batangas as secretary of the Party committee and people's army unit. She displayed skill and dedication in fulfilling her duties in the Party, and was elected as a member of the Regional Committee in January 2022.

"As a young cadre of the Party and an officer of the people's army, Ka Arya diligently fulfilled her tasks. She strived to fulfill them and gave her it her all," according to the regional committee.

She overcame her physical limitations. She persevered in walks even while carrying heavy loads, her comrades shared.

"The masses of Batangas and Southern Tagalog people will never forget the great contribution of Ka Arya especially in advancing the revolutionary movement in Batangas," the regional committee of the Party declared. Together Ka Mamay/Mike and Ka Ricky/Vale, she is among Batangas' countless good sons and daughters who stood firm and maintained the offensive posture and was not intimidated by the intimidation and repression of the state and its armed agencies.

Recovering the remains

Karapatan-Southern Tagalog and Tanggol Batangan reported its efforts to recover the bodies

of the slain fighters last week. The group says they are in contact with the local authorities to help the families and to find out if there have been violations of human rights and international humanitarian laws recorded.

The group condemned the 59th IB and PNP Rosario for the delay and intimidation. In the report sent by the team of Karapatan-Southern Tagalog, the process of retrieving the remains of the victims was delayed which adversely affected the families.

The human rights group also revealed that officers from the 59th IB were harrasing and were secretly in touch with the relatives of the slain martyrs. The group was suspicious of this as it seemed like the militar is pressuring the family to hide traces of violations of international humanitarian law as they did to a similar case in December 2023.

"Karapatan Southern Tagalog demands that the 59th IB be held accountable for its violations of the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law or CARHRIHL, and give the remains to its family," according to the group.

## Panibagong pakete ng libu-libong bomba at mga eroplanong pambomba, ipinadala ng US sa Israel para sa kampanyang henosidyo sa Gaza

Marso 31, 2024

Ibinalita ng isang pahayagan sa US noong Marso 29 na tahimik na nagpadala ang gubyernong Biden ng US ng libu-libong bomba sa Israel. Sa kabila ito ng pakitang-taong “resolusyon” ng US sa United Nations na kunwa’y nananawagan ng tigil-putukan (na sa aktwal ay hindi). Sa gitna rin ito ng matinding kundenasyon ng lahat ng bansa, liban sa US, sa pamboboma at pananalakay ng Israel sa Rafah, kung saan nakasukob ang mahigit isang milyong sibilyang Palestino, sa panahon ng Ramadan.

Ayon sa ulat, kasama sa huling “pakete” ng ayudang militar ang mahigit 1,800 MK84 2,000-libreng bomba at 500 MK82 500-libreng bomba. Ginagamit ng Israel ang mga 2,000-libreng bomba na ito sa maramihang pamamaslang at pangmamasaker ng Israel sa Gaza. Isa sa mga naiulat na ginamitan nito ang pagboma sa Jabalia refugee camp sa Gaza, kung saan 100 ang napatay, at sa paligid ng Al-Shati refugee camp noong nakaraang taon.

Dagdag dito, ibinigay din ng US ang 25 F-35A aircraft at mga makinang nagkakahalaga ng $2.5 bilyon na dati nang inawtorisa ng Kongreso ng US sa nakaraang mga taon. Bahagi ito ng $3-bilyong taunang ayuda na ibinubuhos ng US sa Israel sa nakaraang dekada.

Ang mga bombang ito ang dahilan ng walang awat na pagtaas ng bilang ng namamatay sa Gaza. Noong Marso 29, umaabot na sa 32,552 Palestino ang napatay at 74,980 ang nasugatan. Sa loob lamang ng 24-oras noong Marso 28, anim na masaker ang ginawa ng pambobomba ng mga

pwersa ng US-Israel, kung sa 62 ang napatay at 91 ang nasugatan.

### [English Translation]

## US sends thousands of bombs, as well as bomber planes, to Israel for its genocidal campaign in Gaza

Marso 31, 2024

A US newspaper reported on March 29 that the US Biden administration has quietly sent thousands of bombs to Israel. This is despite the sham “resolution” of the US at the United Nations that ostensibly calls for a ceasefire (which in reality is not). This is also in the midst of widespread condemnation by all countries, except the US, against Israel’s bombing and attack on Rafah, where more than a million Palestinian civilians have sought refuge, during Ramadan.

According to the report, the latest military aid “package” included more than 1,800 MK84 2,000-pound bombs and 500 MK82 500-pound bombs. Israel uses these 2,000-pound bombs for their mass killings and massacres in Gaza. Among its reported uses was the bombing of the Jabalia refugee camp in Gaza, where 100 people were killed, and around the Al-Shati refugee camp last year.

In addition, the US also provided 25 F-35A aircraft and engines worth $2.5 billion which has been authorized by the US Congress in the previous past years. This is part of the $3-billion annual aid

the US has poured into Israel over the past decade.

These bombs are the cause of the inexorable increase in the death toll in Gaza. As of March 29, 32,552 Palestinians have been killed and 74,980 wounded. In just 24-hours on March 28, six massacres were committed by the bombing of the US-Israeli forces, of which 62 were killed and 91 were wounded.

## Pekeng engkwentro at karahasang militar, pasakit sa mamamayan ng Negros Oriental

Marso 31, 2024

Takot at ligalig sa buhay at kabuhayan ang naging epekto ng pagpapaulan ng bala ng mga sundalo ng 62nd IB sa bahay ng pamilyang Pecore sa Barangay Tala-on, La Libertad, Negros Oriental noong Marso 15. Ganito rin ang dinanas ng pamilyang Cantela nang salakayin ng mga sundalo ang kanilang bahay sa Sityo Pitik-pitik, Barangay Luz, Guihulngan City noong Marso 20.

Pinaputukan ng mga sundalo ang bahay ng mga Pecore alas-9:18 ng gabi. Kinabukasan, pinalabas ng 62nd IB na nagkaroon ng armadong engkwentro sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros. Pinasinungalinan ito ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng yunit.

"Ang katotohanan, walang yunit ng BHB sa lugar. Wala ding katotohanan ang pagkakumpiska ng isang shotgun ng mga sundalo. Isa itong

kasinungalingan na gustong ipakalat ng 62nd IB para pagtakpan ang kanilang palpak na operasyon," ayon kay Ka JB.

Samantala, sapilitang pinasok, hinalughog at winasak ang mga kagamitan sa bahay ng pamilyang Cantela. Pinalalabas ng mga sundalo sa ulat nito na mayroong nakumpiskang kalibre .357 pistola at isa pang baril sa bahay. Dinakip din nila ang magsasakang si Ronald Cantela.

"Ang karahasang ginagawa ng 62nd IB sa mamamayan ng Central Negros ay hindi na bago kundi tatak na mismo ng batalyon," ayon kay Ka JB. Sa buong isla ng Negros, 56 sa 67 naitalang kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao mula Enero hanggang Marso 15 ay isinagawa ng naturang batalyon. Apat ang mga magsasakang pinaslang nito ngayong taon pa lamang.

### [English Translation]

## Fake encounters and military violence, a bane to the people of Negros Oriental

Marso 31, 2024

The 62nd IB soldiers' indiscriminate firing on the house of the Pecore family in Barangay Tala-on, La Libertad, Negros Oriental on March 15 brought fear and disruption to their lives and livelihood. The Cantela family suffered the same ordeal when soldiers raided their house in Sitio Pitik-Pitik, Barangay Luz, Guihulngan City on March 20.

Soldiers opened fire on the Pecores' house at 9:18 p.m. The next day, the 62nd IB falsely claimed it encountered a unit of the New People's Army (NPA)-Central Negros. Ka JB Regalado, spokesperson of the unit, refuted this.

"The truth is, no NPA unit was in the area. That soldiers confiscated a shotgun is also not true. The 62nd IB spread this lie to cover up their botched operation," said Ka JB.

Meanwhile, soldiers forcibly entered, ransacked and destroyed the house of the Cantela family in Sitio Pitik-Pitik. They falsely reported having confiscated a .357 caliber pistol and another gun from the house. They also arrested farmer Ronald Cantela.

"The violence perpetrated by the 62nd IB against the people of Central Negros is not new but is a characteristic of the battalion itself," according to Ka JB. Across the island of Negros, this battalion carried out 56 of the 67 recorded cases of human rights violations from January to March 15. It has killed four farmers this year alone.

## Tuluy-tuloy na panggigipit sa kaanak at pamilya ng mga namartir sa Quezon, binatikos

Marso 31, 2024

Kinundena ng Karapatan-Southern Tagalog ang nagpapatuloy pa ring intimidasyon at panggigipit ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga kaanak nina Divine

Sureta (Ka Zoe) at Paul Cruz (Ka Isko), mga namartir sa engkwentro sa Guinayangan, Quezon noong Marso 28. Labis din na pinatagal at inantala ng mga sundalo at pulis ang pagbibigay ng mga bangkay sa kanilang mga pamilya.

Sa ulat ng Karapatan-Southern Tagalog, naihatid na sa komunidad ng mga Manide sa Barangay Tabas, Paracale, Camarines Norte ang labi ni Sureta para mabigyan ng maayos na burol ng kanyang pamilya at tribo. Pagdating pa lamang sa komunidad, nakaabang na ang 9th IB at 2nd Police Mobile Force Company ng PNP Camarines Norte. “Ayaw talagang bigyan ng tahimik at payapang burol ang pamilya at tribo ni Divine,” galit na pahayag ng grupo.

Ilang araw bago nito, matinding pananakot, harasment at intimidasyon ang dinanas ng tim at pamilya ni Sureta. Ginagawang kampo ng mga sundalo ang punerarya na pansamantalang pinaglagakan ng labi ng mga martir.

“Inaasahan na mas lalo pang titindi ang harasment sa tim ng Karapatan-Southern Tagalog at pamilya ni Sureta,” ayon sa grupo. Sa harap nito, matapang na naninindigan at nakikipagkaisa ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao sa pamilya ni Sureta.

Samantala, nabendisyunan na rin ang labi ni dela Cruz at nakuha na ng pamilya.

Pagpupugay at parangal

Binigyang pugay at parangal ng Komite ng Partido sa Quezon ang dalawang namartir ng Pulang

mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon. “Nakatanghal ang mga sandata, sumasaludo at kuyom ang mga kamao ng bawat Pulang mandirigma at kumander ng BHB at lahat ng rebolusyunaryong mamamayan sa kadakilaan nina Ka Zoe at Ka Isko,” ayon sa pahayag ng komite. Giit nila, hindi nasayang ang mga buhay nina Ka Zoe at Ka Isko.

Si Ka Zoe ay pinanganak noong Mayo 14, 1990 sa Paracale, Camarines Norte. Kabilang siya sa tribung Manide, isang pamayanan ng katutubong mamamayan na matatagpuan sa Camarines Norte at ilang bayan ng Quezon. Naging pultaym siyang mandirigma ng BHB noong 2016.

Nakalahok si Ka Zoe sa pagpapasigla ng mga kampanyang masa para sa pagpapataas ng presyo ng kopra at buong niyog sa mga bayan ng Santa Elena at Capalonga ng Camarines Norte. Nakilala rin siyang Ka Joy sa Quezon-Bicol Zone at Ka Jervin sa Quezon.

“Naging malaking karangalan ng tribung Manide si Ka Zoe. Ipinagmamalaki nila ang kanilang kapwa katutubo na kanila ring mahal na titser sa pag-aaral na magsulat, magbasa at magbilang,” ayon pa sa parangal ng Komite.

Samantala, mataas na pagkilala rin ang inialay ng Komite para kay Ka Isko, kagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido nang namartir. “Napakamakabuluhan ang ginugol ni Ka Isko na mahigit isang taon sa mga larangan ng BHB-Quezon,” anila.

“Hindi naging madali kay Ka Isko ang kinakailangang pag-angkop ng isang kabataang lumaki sa lungsod sa buhay gerilya. Pero mataas ang determinasyon niya kaya kasabay ng kanyang papel bilang isa sa mga upisyal pampulitika ng yunit, nagpanibagong-hubog siya kapiling ang mandirigmang magsasaka at iba pang inaaping mamamayan,” ayon pa sa pahayag.

Nanawagan ang Komite sa lahat ng mga kasapi ng Partido sa prubisnya at mga rebolusyonaryong organisasyon dito na itanghal at dakilain ang buhay at halimbawa nina Ka Zoe at Isko.

**[English Translation]**

## Rights groups denounce continuous pressure on the relatives and families of the martyrs in Quezon

Marso 31, 2024

Karapatan-Southern Tagalog condemned the Armed Forces of the Philippines (AFP) for their persistent intimidation and harassment against the relatives of Divine Sureta (Ka Zoe) and Paul Cruz (Ka Isko), who were martyred in the encounter in Guinayangan, Quezon on March 28. Soldiers and police also greatly delayed and obstructed the delivery of the bodies to their families.

Karapatan-Southern Tagalog report says Sureta’s remains have been delivered to the Manide community in Barangay Tabas, Paracale, Camarines Norte to allow her family and tribe give a proper burial. When it arrived in the community,

the 9th IB and PNP Camarines Norte 2nd Police Mobile Force Company were already waiting. “They really don’t want Divine’s family and tribe to hold a quiet and peaceful burial for her,” the group said angrily.

A few days before, Sureta’s team and family suffered severe threats, harassment and intimidation. Soldiers encamp in the funeral home where the remains of the martyrs are interred.

“The harassment of the Karapatan-Southern Tagalog team and Sureta’s family is expected to intensify,” according to the group. In the face of this, human rights defenders stand bravely and unite with Sureta’s family.

Meanwhile, dela Cruz’s remains have been blessed and obtained by the family.

Tribute and honor

The Party Committee in Quezon paid tribute and honor to the two martyred New People’s Army (NPA)-Quezon Red fighters. “With their arms raised in salute, every Red fighter and NPA commander and all revolutionary citizens salute and clench their fists to the greatness of Ka Zoe and Ka Isko,” according to the committee statement. They assert that the lives of Ka Zoe and Ka Isko were not wasted.

Ka Zoe was born on May 14, 1990 in Paracale, Camarines Norte. She belongs to the Manide tribe, a community of indigenous people found in Camarines Norte and some towns of Quezon. She became a full-time NPA fighter in 2016.

Ka Zoe participated in the mobilization of mass campaigns for increasing the price of copra and coconuts in the towns of Santa Elena and Capalonga of Camarines Norte. She is also known as Ka Joy in Quezon-Bicol Zone and Ka Jervin in Quezon.

"Ka Zoe has become a great honor for the Manide tribe. They are proud of their fellow minority who is also their beloved teacher in writing, reading and counting," according to the Committee's tribute.

Meanwhile, the Committee also offered high recognition for Ka Isko, a member of the Provincial Committee of the Party when martyred. "The more than a year that Ka Isko spent in various NPA-Quezon fronts has been worthwhile," they said.

"The necessary adaptation to guerrilla life was not easy for young Ka Isko who grew up in the city. But his determination was high he remolded himself alongside the peasant warrior and other oppressed people, along with his role among the unit's political officers," according to the statement.

The Committee called on all members of the Party in the province and revolutionary organizations here to present and exalt the life and example of Ka Zoe and Isko.

## 2 bata, inabuso ng lasing na sundalo ng 59th IB

Marso 31, 2024

Kinundena ng Mothers and Children for Protection of Human Rights (MCPHR) ang panghihipo at sekswal na pagsasamantala ng isang lasing na elemento ng 59th IB sa isang dalagita sa Sityo Sales, Barangay Pook, Balayan, Batangas noong Marso 28. Liban dito, walang kadahi-dahilan ding binugbog ng sundalo ang kasamang 14-anyos na lalaki ng dalagita.

Ayon sa ulat ng mga grupo sa karapatang-tao, naliligo sa ilog sa hangganan ng bayan ng Calaca at Balayan ang mga bata at kabataan nang dumating ang lasing na sundalo. Walang-dahilan silang pinaahon sa ilog at saka hinipuan sa hita ang dalagita at sinuntok ang binata.

"Ang ganitong pangyayari ay sumasalamin sa patuloy na paglabag ng 59th IB sa mga karapatan ng kabataan," pahayag ng MCPHR. Giit ng grupo, hindi ito ang unang pagkakataon na nilabag ng yunit militar ang karapatan ng mamamayan ng Batangas, laluna ng mga bata at kabataan. Kabilang sa mga kasong ito ang pagpatay sa 9-anyos na si Kyllene Casao at sekswal na pang-aabuso kay "Belle".

Giit ng grupo na dapat papanagutin ang sundalong sangkot sa pang-aabuso sa mga kabataan. "Ang ating kolektibong pagkakaisa at pagkilos ay mahalaga upang maprotektahan ang

ating mga kabataan mula sa karahasan at pang-aabuso," ayon pa sa MCPHR.

### [English Translation]
## 59th IB drunken soldier abuses 2 minors

Marso 31, 2024

Mothers and Children for Protection of Human Rights (MCPHR) condemned a drunken element of the 59th IB for molesting and sexually exploiting a young girl in Sityo Sales, Barangay Pook, Balayan, Batangas on March 28. Apart from this, this soldier also arbitrarily mauled the girl's 14-year-old boy companion.

Human rights groups reports say the children and teens were bathing in the river at the border of Calaca and Balayan towns when the drunken soldier arrived. The soldier randomly ordered them out of the river and then touched the girl's thigh and punched the young man.

"This incident reflects the 59th IB's continued violation of youth rights," MCPHR said. The group asserts this is not the first time that this military unit has violated the rights of the people of Batangas, especially children and youth. These cases include the murder of 9-year-old Kyllene Casao and the sexual abuse of "Belle".

The group demands that the soldier involved in abusing the teen-agers be held accountable. "Our collective unity and action is essential to protect our youth from violence and abuse," MCPHR said.